

GENESIS



INTRODUKSYON SA GENESIS

Mga Simula ang kahulugan ng **Genesis**. Hindi ibig sabi'y ito ang pinakamatandang aklat ng Biblia, kundi sa aklat na ito inilalahad sa atin ang tungkol sa mga ninuno ng bayang Israel: kabanata 12-50. Binibigyan din tayo ng panimulang pananaw sa gawang pagliligtas ng Diyos sa mundo: kabanata 1-11.

Kabanata 12-50

Sa kabanata 12 nagsisimula ang pag-alaala sa mga **Patriyarka** o mga ninuno ng Israel. Nasa simula ng Banal na Kasaysayang ito na magpapabago sa mundo ang pamilyang sumasamalataya: si Abraham at ang kanyang mga anak. Mga nomad sila o mga taong walang sariling lupa at sa mga tolda lamang nakatira. Kasama nila ang kanilang mga tupa at mga asno, at laging naghahanap ng balon at pastulan para sa kanilang mga kawan. Ang mga nomad na ito na hinahamak ng mga tagalunsod at taganayon ang tumanggap sa pangakong Lupa at Pagpapala para sa lahat ng tao sa daigdig.

Kabanata 1-11

Ininulat ang mga unang kabanata ng Genesis para ituro sa atin ang kahulugan ng kasaysayan at ng mundong ating ginagalawan. Para saan ang sanlibutan? Ano ang tao? Para saan ang kamatayan? Hindi ito naglalahad ng **kasaysayan** ayon sa modernong pagkaunawa dahil hindi ito paglalarawan ng mga pangyayari at bagay-bagay na pangkasaysayan. Gayunpaman, ipinahihiwatig ng mga kuwentong ito na ang sangkatauhan ay saklaw ng iisang karanasan sa pagdanas nila ng presensya ng Diyos. Sina Adan, Eva, Noe ay ang sangkatauhan ng kahapon at ngayon: patuloy pa nating isinasabuhay ang kanilang dula.

Sino ang sumulat ng Genesis?

Hindi lamang isang manunulat kundi marami. Sa panahon ni Haring Solomon (ikasampung dantaon bago dumating si Kristo), isang di-kilalang manunulat na tinawag na **Yawista** ang sumulat ng unang kasaysayan ng Bayan ng Diyos na nagsimula sa kuwento ng Paraiso. Maaaring siya rin ang sumulat sa malaking bahagi ng kasaysayan ni David sa mga aklat ni Samuel.

Para makasulat tungkol kay Abraham, ginamit niya ang maraming alaala at mga alamat na bukambibig na ipinapasa ng mga Israelita sa mga sali't salinlahi. Para sa unang bahagi ng Genesis na hindi naman talagang naglalahad ng kasaysayan, ginamit niya ang literatura ng Babilonia. Maraming dantaon nang may mga tula ang mga ito tungkol sa unang mag-asawa, nawalang paraiso, ang baha... Ginamit niya ang ilan sa mga ito pero kanya ring lubos na binago upang maipahayag ng mga istoryang ito bilang paghahambing ang mga plano ng Diyos sa kanyang sangnilikha.

Sa ika-9 na dantaon bago dumating si Kristo, isa pang manunulat na tinatawag namang **Eloista** ang sumulat sa mga alaala ng mga Patriyarka at ni Moises. Madalas niyang inuulit ang isinalaysay na ng Yawista sa naiibang paraan. Pagkatapos ay pinag-isa ang dalawang istoryang ito; may mga pagkakataong pinaghalo ang mga pangungusap mula sa dalawang awtor kapag parehong pangyayari ang kanilang ikinukuwento.

Nang bumalik ang mga Judio mula sa Pagkatapon sa Babilonia pagkaraan ng mahabang panahon (ika-5 dantaon bago dumating si Kristo), maraming talata ang idinagdag ng kanilang mga **pari** na inilalagay naman natin dito nang pahilig. Sila ang sumulat sa tula ng *pitong araw na paglikha*, na siyang simula ng Genesis at ng buong Biblia.

1 ¹ Nang simulang likhain ng Diyos ang langit at lupa, ² ang lupa ay walang anyo at walang nabubuhay. Nababalot ng kadiliman ang kailaliman at aali-aligid ang espiritu ng Diyos sa ibabaw ng mga tubig.

³ Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. ⁴ Minasdan ng Diyos ang liwanag – at iyon nga ay mabuti – at inihawalay niya ang liwanag sa kadiliman. ⁵ Tinawag ng Diyos na “Araw” ang liwanag, at “Gabi” ang kadiliman. Gumabi at umumaga: ang Unang Araw.

⁶ Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng matibay na sahig sa pagitan ng mga tubig upang paghiwalayin ang mga tubig sa kapwa-tubig.” ⁷ Sa gayon, ginawa ng Diyos ang sahig na naghihiwalay sa tubig na nasa silong nito at sa tubig na nasa ibabaw nito. At gayon nga ang nangyari. ⁸ Tinawag ng Diyos na “Langit” ang matibay na sahig. Gumabi at umumaga: ang Ikalawang Araw.

⁹ Sinabi ng Diyos: “Magsama-sama ang

mga tubig sa silong ng langit sa isang dako, at limitaw ang tuyong lupa.” At gayon nga ang nangyari.

¹⁰ Tinawag ng Diyos na “Lupa” ang dakong tuyo, at “Dagat” ang mga tubig na pinagsama-sama. Minasdan iyon ng Diyos – at iyon nga ay mabuti.

¹¹ Sinabi ng Diyos: “Magbinhi ang lupa ng mga damo at mga halamang nagbabunga ng buto, at mga puno sa lupa na namumunga ng mga prutas na may buto sa loob, ang bawat isa ayon sa sariling uri.” Gayon nga ang nangyari. ¹² Nagbinhi ang lupa ng mga damo at mga halamang nagbabunga ng buto at mga punong namumunga ng mga prutas na may buto, ayon sa uri ng bawat isa. Minasdan iyon ng Diyos – at iyon nga ay mabuti. ¹³ Gumabi at umumaga: ang Ikatlong Araw.

¹⁴ Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng mga ilaw sa sahig sa itaas upang ibukod ang araw sa gabi, at magsilbing mga palatandaan ng mga panahon, araw at taon. ¹⁵ At magningning ang mga ito sa sahig sa

• **1.1** Salicang aral ang itinuro ng mga tanyag na talatang ito. Ngunit hindi ito dapat basahin bilang “ang” pangwakas na salita sa pag-unawa sa sanlibutan. May kanya-kanyang kuwento ng simula ng mundo ang matatandang relihiyon at gayundin naman ang Biblia. Pero may sasabihin pa ang Biblia, at ito’y sinasabi sa hindi tinitingnan ng marami: sa Bagong Tipan.

Para mahayag ang misteryo ng Diyos na Maylalang, kailangang hintayin ang pagdating ni Kristo: tingnan ang Jn 1 at Ef 1.

ILANG MALINAW NA SAGOT TUNGKOL SA SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

Nang simulang... Hindi tahasang sinasagot ng salaysay ang katanungan ng kasalukuyan: May Diyos bang lumikha sa daigdig? Ipinalalagay na nito na meron nga. Pero gusto muna nitong ituro na binigyan ng Diyos ng kaayusan ang kanyang nilikha.

Mahalaga ito sa atin. Sandaang taong mahigit nang ninais paniwalaan ng marami – pati na ng mga may kaalaman sa siyensiya – na nalikha ang daigdig sa “tamba” o di-sinasadyang pagkakataon. (Walang katuturan ito.) O nalikha ito ng mga batas ng kalikasan, na pangang mga diwatang nahulog mula sa langit para ipaliwanag ang di-maipaliwanag: ang katuturan, kaayusan at kagandahan sa sanlibutan. Ngunit nakita ng mga tao ang sarili nila na kaharap ang isang sanlibutang walang-saysay, at doon ang tao ay isa lamang

tsongong nagkadiperensiya. Tatarukin ng buong Biblia ang kahulugan ng sanlibutan at ng kasaysayan. Minasdan iyon ng Diyos at iyon nga ay mabuti. Kung sa mundo’y may masama man sa tingin natin, bunga marahil ito ng hindi natin pagkaintindi rito. At kung talaga nga itong masama, ang dahila’y may ibang nakialam – ang tao o ang demonyo kaya (Kar 1:14, 11:20; Sir 13:1; Jaime 1:17).

Sinabi ng Diyos: ‘Magkaroon ng liwanag.’ Isinasayos ng Diyos ang daigdig at ang ating buhay. Pagmasdan kung paano inilagay ang araw at buwan hindi lamang para magbigay ng liwanag: nagsisilbi ring panukat ng panahon ang mga ito at nagiging batayan ng kalendaryo. Walang buhay ng tao o pamilya na walang mga kapistahan, disiplina at takdang oras ng pagbangon at pagtulog, paggawa at pagkain. Hinati ng mga Hebreo ang daigdig sa tatlong rehiyon: langit, lupa at mga tubig. Nadidiskubre natin ang ganitong kaayusan: mga araw 1 at 4, 2 at 5, 3 at 6. May kanya-kanyang takdang oras ang lahat: sinusundan ng mas mataas na uring mga nilalang ang mga mas mababa, at ang tao ang pinakahuli.

Lalangin natin ang tao na ating larawan. Sa piling ng mga hayop na nakatungo sa lupa, ang tao’y lumalakad nang tuwid at nakatunguhay sa langit. Tanging siya lamang ang nag-aaral, naakaalam at nagmamahal. Siya lamang ang may kamalayan: tingnan ang magandang paliwanag sa Sir 17:1-13. Igini-

itaas para tanglawan ang lupa." At gayon nga ang nangyari.

¹⁶ Kaya dalawang malaking ilaw ang ginawa ng Diyos: ang mas malaking ilaw upang pamahalaan ang maghapon, at ang maliit na ilaw para pamahalaan ang magdamag. At ginawa rin ng Diyos ang mga bituin. ¹⁷ Inilagay ng Diyos ang mga iyon sa sahig sa itaas upang tanglawan ang lupa, ¹⁸ at pamahalaan ang maghapon at magdamag, at ihiwalay ang liwanag sa kadiliman. Minasdan iyon ng Diyos – at iyon nga ay mabuti. ¹⁹ Gumabi at umumaga: ang Ikapat na Araw.

²⁰ Sinabi ng Diyos: "Mapuno ng mga buhay na nilalang ang mga tubig at magliparan ang mga ibon sa ibabaw ng lupa sa silong ng matibay na sahig." ²¹ Nilikha ng Diyos ang malalaking dambuhala sa karagatan, at lahat ng nabubuhay at lumalangoy sa mga tubig sa dagat, at

lahat ng ibong lumilipad, ayon sa sariling uri ng bawat isa. Minasdan iyon ng Diyos – at iyon nga ay mabuti. ²² Pinagpala ng Diyos ang mga ito at sinabi: "Lumago kayo at magparami, punuin ninyo ang tubig ng mga dagat, at magparami rin ang mga ibon sa ibabaw ng lupa." ²³ Gumabi at umumaga: ang Ikalimang Araw.

²⁴ Sinabi ng Diyos: "Magsupling ang lupa ng mga buhay na hayop ayon sa sariling uri ng mga ito: mga mababangis na hayop at iba pang mga hayop, at mga hayop na gumagapang sa lupa, ayon sa sariling uri ng bawat isa." At gayon nga ang nangyari. ²⁵ Nilikha ng Diyos ang iba't ibang uri ng mga hayop: ang mababangis na mga hayop, ang iba pang mga hayop, at lahat ng gumagapang sa lupa ayon sa sariling uri ng mga ito. Minasdan iyon ng Diyos – at iyon nga ay mabuti.

giit ng Biblia na ginawa ng Diyos ang tao na ating larawan at kahawig. Gusto niya ng isang makikipag-mahalalan at makikipag-usap sa kanya. At sinasabi ng Biblia kung paano inilaan ng Diyos ang kanyang sarili sa sangkatauhan.

Nilikha niya silang lalaki at babae. Kapag sinasabi ng Biblia na nilikha ng Diyos ang tao, hindi nito sinasabing ang lalaki o ang babae, mag-isa, kundi ang mag-asawa.

Dito natin kailangang iwasang muli ang mga pinasimpleng larawan ng mga materyalistang haka-haka: ang pagkakaiba ng kasarian ay hindi na hihigit pa sa resulta ng "tsamba" o di-sinasadyang pagkakataon sa pagbabago ng chromosomes, at nagkataon din lamang na nagkaroon ng pag-ibig pagkatapos ng pagkakaiba ng kasarian. Ngunit nasa unang lugar ang pag-ibig ayon sa plano ng Diyos, at paghahanda para rito ang mahabang ebolusyon ng seksualidad.

Bilang larawan ng Diyos, ang tao ay kanyang lingkod at katiwala sa pamamahala sa mundo: *Sila ang makapangyari* (Sir 17:4).

Magparami at punuin ang lupa. Ibinibigay sa kanila ng Diyos ang kanyang pagpapala. Parang parehong mga salita ang kanyang ginagamit pero magiging iba ang kaso nila. Bagamat pagpapala ng Diyos ang pagkakaroon ng maraming inap, hindi ibig sabihin'y paramihin ang lahi sa irresponsableng paraan: tingnan ang Sir 4:11, kung saan pinupuri ang mga pamilyang may mga anak na edukado, kapaki-pakinabang at mabuti sa mata ng Diyos.

Siyempre, hindi dapat magsilang ng mga anak ang mga magulang nang hindi pinag-iisipan kung paano ang mga ito tatanggapin at papagpap-aralin at nang sa gayon ay madiskubre nila, sa pamamagitan ng kani-

lang mga magulang, ang pagmamahal ng Ama. Sanlibong beses na ipagugunita sa atin ng Biblia na ang bansang wala nang mga anak ay naligaw ng landas ng pagpapala ng Diyos.

Ang maniwala naman na ang kailangan munang isipin ay ang pagbabadyet ay di pagsaalang-alang sa ebanghelyo.

Sa ikapitong Araw, nagpahinga ang Diyos. Tina-tawag ng mga Israelita ang araw na ito na "Sabbat" na ibig sabihin'y "pahinga". Ang pagtupad nito ay isa sa mga haligi ng kailangang relihiyon. Ang pahingang ito ng Diyos ay hindi nangangahulugang mula sa araw na iyon, titingnan na lamang ng Diyos ang kanyang likha mula sa malayo (Jn 5:17). Kundi, ang sangnilikha ng Diyos pati ang gawa ng tao ay patungo sa walang-katapusang araw ng ating pahinga sa Diyos at pakikibahagi sa kanyang kaligayahan. Tingnan ang Heb 4:1-10 at ang paliwanag sa Ex 20:8.

Hindi lamang pinagpapala ang Sabbat kundi ginagawang banal din ito. Ang ugat ng salitang Hebreo na ito ay: putulin, ibukod. Ang ikapitong araw ang araw na nakabukod sa iba, itinabi, iba. Iba para sa mga tao na hindi obligadong magtrabaho: May panahon sila para makita, makatagpo ang iba at ang kanilang sarili. Ang sinumang magsasaalang-alang sa Sabbat ng Diyos ay makiniknabang nito ayon sa mga pangako ng Diyos (Is 56:4; 58:13).

HUWAG GAWING LITERAL ANG PAKAHULUGAN

May mga taong naniniwala na idinikta ng Diyos ang mga linyang ito at walang ginawa ang banal na awtor kundi isulat lamang ito nang walang binabago ni isang

Ang Kataas-taasang Kalangitan



Kailaliman (o Sheel, o Impiyerno)

Sa pananaw ng mga tao noong unang panahon, parang mesang bilog ang mundo at may mga haligi itong nakatukod sa ilalim ng dagat. Nasa pinakamataas na bahagi ang Langit ng mga Langit, o *ang Kataas-taasang Kalangitan*, ang tahanan ng Diyos. Nakabitin sa kulangong na tinatawag na *kisame* ang araw, buwan at mga bituin. Nanggagaling ang ulan sa *mga tubig sa itaas*, sa ibabaw ng kisame. Nasa ilalim ng lupa naman ang pook ng mga patay, o *impiyerno*, at ikinakabit ito sa ating mundo ng libu-libong butas – ang mga libingan ng mga patay.

letra man sa sinabi ng Diyos. Ngunit hindi ganito ang pagkasulat sa Biblia. Tinulungan siyempre ng Diyos ang manunulat para mabuo ang tula ayon sa gusto ng Diyos at makapagturo sa mga tao sa lahat ng panahon. Ngunit hindi nito hinahadlangan ang pagsulat ng awtor para sa mga tao ng kanyang panahon at ang pakikipag-usap niya sa kanila sa paggamit ng mga larawan at ekspresyong ayon sa kanilang kultura. Para naman sa atin na nagbabasa ngayon ng Biblia, kailangang pumasok tayo nang kaunti sa kulturang iyon at mga ekspresyong iyon, kung gusto nating maintindihang mabuti ang mensahe ng awtor.

Unang Araw, Ikalawang Araw... Dapat ba nating isipin na katulad ng mga araw ngayon ang *anim* na araw na ito – samantalang hindi pa nililikha ang araw?

Sa totoo'y isang dula ang gustong ipakita ng awtor tungkol sa paglikha kung saan ilang ulit na bumababa ang telon at nagpapalit ng mga tauhan. Itinatayo ng Diyos ang sanlibutan na magiging Templo niya at solemne ang ginagawa niyang pagtatayo nito, isa-isa, gaya ng isang maayong sa seremonya. Binibigyan ng kanyang papel ang bawat bagay at bawat nilalang.

Inayos ng may-akda ang seremonyang ito sa loob ng anim na araw para mapatapat ang Sabado na ikapitong araw sa Araw ng Pahingang nakatalaga sa Diyos para sa mga Judio. Kayat makapagpapahinga ang Diyos na pinupuri ng kanyang nilikha. Ito ang layuning ng sanlibutan at ng sangkatauhan. Tinawag na *Sabado* o *Pahingang* ng mga Israelita ang araw na iyon at itinuring na pinakahaligi ng kanilang relihiyon ang pagsunod dito.

Magkaroon ng matibay na sahih sa pagitan ng mga tubig (6). Noong panahong iyon, hindi pa alam ng mga tao na ang mundo ay isang planetang umiikot

sa araw. Akala nila'y lapad ang mundo, gaya ng isang plaka, na nakapatong sa mga haligi. At nakatayo naman ang mga haliging ito sa *mga tubig sa ibaba* na nakapalibot din sa mundo at bumubuo sa mga dagat (tingnan Job 38:4-10). Sa itaas nama'y may malawak na sahih o kisameng asul, ang langit, kung saan nakabitin ang araw at mga bituin. At ayon sa paniwala nila, nasa ibabaw ng sahih na ito ang *mga tubig sa itaas* na pinagmumulan ng ulan.

Sa katunayan ang langit na ito'y palapag lamang para sa kanila ng isa pang mundo na tirahan ng Diyos at ng mga anghel. Ang lahat ng umiiral ang ibig sabihin ng *langit* at *lupa* sa Biblia: ang daigdig ng mga bagay na nakikita at ang mas mainam na daigdig, na siyang pinagmumulan ng mga pangunguna: "Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit."

Minasdan iyon ng Diyos at iyon nga ay mabuti. Hindi ikinakaila ng awtor ang pag-iral ng kasamaan sa mundo. Para sa mga Israelita, ang dagat at kadiliman ang simbolo ng masasamang puwersa sa mundo. Subalit may kaayusan at hangganan ang mga puwersang ito: may hangganan ang dagat, at nagbibigay-daan ang gabi sa liwanag sa paglipas ng bawat araw.

Sinabi ng Diyos: Purong espiritu ng Diyos, wala siyang bibig at di nangungusap sa pamamagitan ng tunog. Ang ekspresyong ito na *Sinabi ng Diyos* ay nagpapaalaala sa atin na ang Maykapal ang siya ring nagbigay sa atin ng kanyang Salita at Batas.

Ibinibigay ko sa inyo ang lahat ng halaman at punong namumunga. Sa mga salitang ito ipinahahayag ng sumulat ang huwaran ng isang mundong di marahas, na ni mga hayop man ay di papatayin. Ayaw ng Diyos na mamatay ang kanyang mga nilikha. Ngunit hahayaan din ito (Gen 9:3) sa pagsasaalang-

²⁶ Sinabi ng Diyos: “Lalangin natin ang tao na ating larawan at kahawig. Sila ang makapangyari sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa langit, sa lahat ng mababangis na hayop at sa iba pang mga hayop, at sa lahat ng gumagapang sa lupa.”

²⁷ Kaya nilikha ng Diyos ang tao na kanyang larawan; larawan ng Diyos, siya ay kanyang nilikha; nilikha niya silang lalaki at babae.

alang ng Diyos sa tunay na kalagayan ng taong masakalanan.

ANG PAGLIKHA AT ANG TAO SA KASALUKUYAN

Marami ang nagsasabing may “kontradiksiyon” ang sinasabi ng Biblia sa natutuklasan ng siyensiya. Sa katunayan nga’y parami nang parami ang sinasabi ng modernong siyensiya tungkol sa simula ng sanlibutan (tingnan *Ang Panahon ng Paglikha*, p. 7) ngunit hindi niyon ito maipaliwanag. Pero hindi na nito isinasaisantabi ang paglikha.

Nasabi na natin ang kahulugan ng *anim na araw*: hindi ito “kontradiksiyon” sa palagay na ang sanlibutan ay nabuo sa loob ng milyong-milyong dantaon. Sa nakalipas na siglo, inakala ng mga tao na kawatna ang pagtukoy ng Biblia sa liwanag gayong hindi pa naba-banggit ang araw at mga bituin, – ngayon, namamangha tayo na umaayon ito sa modernong teoriya ng sanlibutan. Pero bakit tayo magtatagal sa ganitong mga diskusyon? At kung may magtataka at ang istorya ay hindi siyentipikong pagpapaliwanag, masasabi nating ang Biblia ay Salita ng Diyos para ituro ang ating pananampalataya at hindi para ipalit sa siyentipikong pagsisiyasat.

Kadalasa’y may isa pang pagsalungat na ibinibigay: sa paglalalahad sa Diyos bilang siyang lumikha sa mundo at sa tao bilang isang nilalang, kinukundisyon tayo ng relihiyona na mabuhay na surud-sunuran at nasa ilalim ng tadhana. Ngunit naiiba ang katotohanan: sa pagsasabi ng Biblia na ang Diyos ang Maykapal sa lahat at una sa lahat, dinadakila nito ang tao na hindi natsambahan lamang kundi galing mismo sa Diyos.

Pinalalaya ng Biblia ang espiritu ng tao. Naniniwala ang mga tao noong unang panahon na depende sa mga kapristo ng kanilang mga diyos ang kapalaran ng tao. Maging ang mga Griyego na labis ang pagmamalaki sa kanilang kalayaan ay yumuko sa talaga ng tadhana na di matatakanan ninuman. Sa mga pamayanang iyon, ang mga pagsisikap ng tao para paunlarin ang kanyang kapangyarihan ay naparalisa ng takot na baka masaktan nila ang mga diyos na iyon na may hawak sa mga puwersa ng kalikasan. Alam ng marami ang alamat ni Prometeo: pinarusahan siya sa pagkaka-diskubre o “pagnanakaw” niya sa apoy na pag-aari ng mga diyos at sa pagkakabigay niya nito sa mga tao na mga kapatid niya.

Ngunit isang taong hindi nangingingin sa natatagong lakas ng mga bituin (ang mga ilawang naglilingkod sa

²⁸ Pinagpala niya ang mga ito at sinabi: “Maging mabunga kayo at magparami, punuin niyong ang lupa at kayo ang makapangyari rito. Kayo ang makapangyari sa mga isda sa dagat at mga ibon sa langit, sa bawat buhay na hayop na gumagalaw sa lupa.”

²⁹ Sinabi ng Diyos: “Ibinibigay ko sa inyo ang lahat ng halaman sa balat ng lupa na nagbubunga ng buto, at lahat ng

Diyos!) ang hinhuhubog ng Biblia, at wala siyang takot sa anumang sumpa ng kapalaran sa pagsisiyasat niya sa mga hiwaga ng sanlibutan. Di ba’t Kristiyanong unang taong lumakad sa buwan?

Sinasabi ng Biblia na galing sa Diyos ang tao. Hindi lamang ang unang tao kundi *lahat ng taong* isinilang sa mundong ito: hindi tayo tsambang produkto ng mga pawang batas ng kalikasan. Inayos ng Diyos ang mga pangyayari at mga pagtatagpo na huhubog sa ating pagkatalo: kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng lahat ng taong gumising sa ating espiritu.

Lumulitaw ang tao sa *Ikanim na Araw*. Mula sa sandaling iyon, para bang ibinibigay na ng Diyos ang papel sa paborito niyang nilikha, ang tao. Patuloy na nililikha ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng mga kamay, utak at puso ng tao. At habang gumagawa at lumilikha ang tao, nalilikha rin naman mismo ang kanyang sarili. Itinatayo ang sangkatauhan sapagkat – huwag nating kalimutan – ang “tao” ay nangangahulugan sa Biblia ng hindi lamang mga indibidwal, na bawat isa’y kilala ng Diyos, kundi pati ng buong sangkatauhan na tinawag para maging iisang katawan.

ISANG MENSAHENG PROPETIKO

Bigyang-pansin ang pagkakatulad ng unang pahina ng Biblia sa ebanghelyo ni Juan. Dalawang dantaon ang naghihiwalay sa dalawang tekstong ito, pero parehong salita ng Diyos at nagbibigay-liwanag sa isa’t-isa. Sinasabi ng Genesis: *Sa simula* sa pagtukoy sa paglikha na war’y nasa panahon at bukod sa Diyos, pero gayundin ang sasabihin ni Juan: *Sa simula* sa pagtukoy sa buhay na nasa kaalo-looban ng Diyos na di saklaw ng panahon kundi nabuhay sa kapus-pusang walang pagbabago na tinatawag nating kawalang-hanggan niya. Doon ay walang bago pa man o pagkatapos, walang panahong itinatagal, walang pagkapagod o pagkabagot.

Sa simula isinilang mula sa Diyos ang Anak ng Diyos, at nagmula naman ang Espiritu sa Ama at sa Anak. Ngunit alam natin na patuloy pa ang simulang ito at hindi lumilipas; sa pagbabalik ng Anak at Espiritu sa kaisahan sa Diyos-Ama para magkasamang tamsahin ang kataas-taasang pagpapala, walang paglipas ng panahon.

Sa simula ay isinalamim ng Diyos ang kanyang sarili sa kanyang Anak na kanyang Larawan at Ningning (Col 1:15 at Heb 1:3); *sa simula* rin ipinamamahagi sa sanlibutan ang mga yaman na nakita ng Ama sa

punong namumunga ng mga prutas na may buto. Ang mga ito ang inyong pagkain. ³⁰ At ibinibigay ko naman sa lahat ng mababangis na hayop, sa lahat ng ibon sa langit, sa lahat ng hayop na gumagapang sa lupa – sa lahat ng may hininga ng buhay – ang lahat ng luntiang halaman pagkain nila.” At gayon nga ang nangyari. ³¹ Pinagmasdan ng Diyos ang lahat ng kanyang ginawa, at tunay ngang napakabuti ng mga iyon. Gumabi at umumaga: ang Ikanim na Araw.

2 ¹ Sa gayon nilikha ang langit at lupa, at lahat ng nakakabit sa mga

kanyang Anak. Kaya isang pagpapahayag ng malalim na misteryo ng Diyos itong sanlibutang ang sukat at edad ay hindi mailarawan ng ating isip. Doon gagapin ang buong kasaysayan ng sangkatauhan ang sagradong kasaysayan kung saan tutuparin ng Diyos ang isang walang-hanggan pagmagnais: ang kanyang kalooban na mahalini tayu, akayin sa kaganapan at pag-isahin kay Kristo.

Sasabihan tayu ng Ebanghelyo tungkol sa isang bagong pagsilang ‘sa tubig at sa Espiritu’, ngunit ngayon pa ma’y nagtatrabaho na ang Espiritu. Sinabi natin sa talata 2 na maaaring sabihing hangin sa halip na Espiritu. Puwedeng isinasalaala ng salaysay na ito ang isang matandang tradisyong kung saan ang hininga ng Diyos ay lumilibot sa ibabaw ng nagngangalit na dagat, at mula rito lilitaw ang daigdig. Sa katunayan, isinulat ito ng mga paring Judio, matapos magpahayag sa loob ng maraming taon ang mga propetang kinasihan ng Diyos: kaya alam na noon pa na ang hininga ng Diyos ay ang kanyang Espiritu. Naroon na sa simula pa ang Espiritu at ang Salita, at sinasabi na ang mangyayari pa; pag dumating na ang anak ng Diyos, na kanyang Salita, ibibigay ang Espiritu upang tayo’y likhain o likhain nang panibago sa larawan ng Diyos (Ef 2:15; 4:24).

Kaya nilikha ng Diyos ang tao na kanyang larawan at kahawig. Ito ang taong nabubuhay sa grasya ng Diyos (Ef 2:15, 4:24). Ngunit binubura ng ating mga kasalanan ang larawan ng Diyos sa bawat tao at sa lipunang ating itinatayo, isang lipunang kasakiman at karahasan ang nakapangyayari. Kaya dumating ang Anak sa sarili niyang tahanan (Jn 1:11) para ibalik ang pagkakahawig na ito.

Kanyang larawan at kahawig. Isa ito sa mga pangunahing pahayag ng Biblia. Walang makakaisip maghanap ng isang personal na relasyon sa Diyos kung ang kanyang kadakilaan lamang o lahat ng pagkakaiba niya sa atin ang tanging pag-uukulan natin ng pansin. Bakit nga ba pagkakaabalahan ng Walang Hanggan ang mga langgam na gaya natin sa napakalawak na sanlibutan? Subalit *pagkakahawig* ang sina-

ito. ² At sa Ikapitong Araw, natapos ng Diyos ang kanyang trabaho, at nagpahinga sa araw na iyon sa lahat niyang gawain. ³ Pinagpala ng Diyos ang Ikapitong Araw at pinabanal iyon, sapagkat sa araw na iyon siya nagpahinga sa lahat niyang gawain sa paglikha. ⁴ Ganito nilikha ang langit at lupa.

Pangalawang paglalahad ng paglikha

• Nang gawin ni Yawe-Diyos ang lupa at mga langit, ⁵ wala pang anumang palumpong ni halamang-ligaw na sumisibol sapagkat hindi pa nagpapaulan sa lupa si Yawe-Diyos, at wala pang taong magbubungkal ng lupa. ⁶ Ngunit may

sabi ng Biblia. Nangangahulugan ito na inaakay tao ng mga landas ng Katotohanan, Kagandahan, Katapatan tungo sa Diyos na Walang-Hanggan. Ibinibigay ng Diyos ang kanyang Salita at nakakaunawa tayu nang kaunti.

Sa gayon, natatakasan natin ang mga walang pag-asang kongklusyon ng modernong pilosopiya: nawalan ito ng Diyos kaya wala nang katotohanang masasandigan. Samantalang marami sa mga kapanahon natin ay nag-aakalang sila’y malaya sapagkat nawalan na sila ng dahilan para mabuhay at umasa, ang Biblia naman ay nagbibigay ng kabuluhan sa buhay.

Titutulungan tayong makibahagi sa misteryo ng Diyos sa dulo ng landas kung saan tayo’y nagiging “katulad niya”: sinasabi ng Bagong Tipan na ang landas na ito ay ang pag-ibig.

Kayo ang makapangyari. Sa kabila ng kahinaan ng tao, pinili ito ng Diyos para maging tagapag-ugnay sa kanya at sa sanlibutan. Sa unang sandali pa lamang ng paglikha, plano na ng Diyos na maging tao ang kanyang Anak (Ef 1:1-14). Siya ang tinutukoy ng mga salita sa Salmo 8: *Sino ang tao na sukat mong alalahanin? Pinutungan mo siya ng luwalhati at karangalan at ibinigay sa kanya ang gawa ng iyong mga kamay.* (Tingnan 1 Cor 15:24.)

Nagpahinga ang Diyos sa Ikapitong Araw at pinabanal iyon. Hindi nagtatapos ang paglikha sa paglitaw ng taong nagtatrabaho kundi sa Pahingang inihanda ng Diyos para sa kanya (Heb 4:3). Pina-sinayaan ni Jesus ang Pahingang ito sa pagkabuhay niya sa araw na kasundong ng Araw ng Pahinga. Ito ang dahilan kung bakit pinili ng mga apostol ang Linggo para sa lingguhang pagtitipon ng mga Kristiyano, at inianing ang Araw ng Pahinga sa mga Judiong hindi naniwala kay Kristo.

• **2.4** Pagkatapos ng solemneng awit tungkol sa paglikha sa sanlibutan na nasa unang kabanata ng Genesis, isa namang mas matanda pang salaysay ang ibinibigay sa atin ngayon ng Biblia: si Lalaki at si Babae sa hardin ng Eden.

tubig na bumukal mula sa lupa at dinilig iyon.

⁷ Pagkatapos ay hinubog ni Yawe-Diyos ang Tao mula sa alabok ng lupa, at ini-hinga sa ilong nito ang hininga ng buhay, at nabuhay ang Tao. ⁸ Nagtanim ang Diyos ng isang hardin sa Eden, sa silangan; at doon niya inilagay ang Taong kanyang

hinubog. ⁹ Pinasibol ni Yawe-Diyos sa lupa ang lahat ng punongkahoy na maganda sa tingin at mabuting kainin. At inilagay niya sa gitna ng hardin ang Puno ng Buhay at ang Puno ng Kaalaman tungkol sa Mabuti at Masama.

¹⁰ Umagos ang isang ilog mula sa Eden na dumilig sa hardin, at mula roo'y

Maihahambing ang kuwentong ito sa mga talinhaga ni Jesus, lalo na sa talinhaga ng amang naghihintay sa pagbabalik ng waldas na anak at sa talinhaga ng haring nangumbida sa kanyang handaan. Inilalarawan si Yaweng Diyos na Banal, bilang may-ari ng isang napakagandang halamanan (*Lugod* ang ibig sabihin ng *Eden*) kung saan niya gustong maglakad-lakad paglamig ng init ng araw (3:8). Hindi na kailangang mag-isip pa ng napakalaking entablado: dalawang puno lamang ang naroon, si Lalaki at ang kanyang kasamang babae. Pinadaraan lamang ang mga hayop para mapasailalim kay Tao (ito ang kahulugan ng pagbibigay niya ng pangalan sa kanila sa 2:20). At hindi naman nangangailangan ng masyadong lugat ang *ahas-Demonyo* sapagkat sa puso ni Tao ito nakakanlong. Pero napakaliit man ang Eden ng mag-asawa, ang nangyayari roon ang sa dakong huli'y magtatakda sa kapalaran ng sangkalupaan. Kaya sa simula pa'y sinasabi nang ang maliit na bukal ng Eden ang nagbibigay ng tubig sa malalaking ilog ng daigdig, lalo na sa *Eufrates* at *Gihon* na libu-libong kilometro ang agwat sa isa't isa.

Adan ba o Tao ang dapat nating sabihin? Sa Hebreo, ang sinumang tao ang ibig sabihin ng *Adan*. Kapag ginagamit ang salita bilang pangangalang pantangi at walang pantukoy (halimbawa'y sa 5:1 at 5:3), sinasabi nating *Adan*. Subalit "*ang*" *Adan* ang sinasabi rito ng Biblia, na ibig sabihin'y *ang Tao*. Alalahanin natin tungkol dito ang salita ng magaling na biblistang si Origenes na nabuhay sa ikatlong dantaon. Isinulat niya: "Tungkol naman kay Adan at sa kanyang kasalanan, ang mga nakaalam lamang na *ang tao* ang kahulugan ng Adan sa wikang Hebreo ang siya lamang makaunawa sa malalim na kahulugan ng istoryang ito! Sa mga talatang ito na inilalahad bilang istorya ng isang nagngangalang Adan, ibinigay ni Moises ang kanyang aral tungkol sa kalikasan ng tao." Kaya si Adan ang kumakatawan para sa buong sangkatauhan: ikaw rin si Adan.

Ang simple at walang pasikot-sikot na kuwentong ito ay puno ng malalalim na salita at makadiyos na aral. Bigyang-pansin ang paghubog ni Yawe sa putik sa sarili niyang mga kamay. Magaling siyang manililok at mahusay sa sining. Minamasdan ang hindi pa nakakikilala sa kanya at inihahanda ito para matanggap mula sa kanyang *pag-hip* ang hininga at buhay. Tungkol sa *hininga ng buhay o kaluluwa* ng tao, tingnan ang talata 83 sa *Index* ng *Biblia*.

Putik na pula, "adama" sa Hebreo, ang ipinagugunita ng pangalang Adan: alabok ang tao, ngunit kailangang tumugon siya sa Diyos gaya ng putik sa kamay ng magpapalayo.

Ang pagkakatugma ng tao sa sanlibutan ay ipinahihiwatig din ng makalupang paraiso. Para siyang nasa isang oasis doon, sa gitna ng diyerto, at dapat mamuhay nang walang takot sa kamatayan. Sinaasagisag naman ng pagkakaisa ng mag-asawa ang pagkakaisa ng buong sangkatauhan.

Buhay ang tao ngunit kung kaugnay ng Diyos lamang. Ang hininga ng Diyos ang lagim gumigising sa tao upang hindi ito makatutol o mabuwal sa kanyang pinagmulan. At siya ang naging pinakamatalino, pinakamalupit at lubhang di mapalagay sa lahat ng hayop. Iisang salita lamang sa wikang Hebreo ang *hininga* at *kaluluwa*: ang Espiritu ng Diyos na nagpapanatiling nakatayo sa tao. Sa oras na iwan ng Espiritu ang tao, mga ilang minuto lamang o ilang salinlahi't balik ang Tao sa alabok. Ang Tao, ibig sabihin'y ikaw at ako, o ang pamilya o lipunan. Kaya binibigyang-pansin ng mga pilosopo na pagkatapos ng ika-19 na dantaon na saksi sa matitinding pahayag na patay na ang Diyos, ang ika-20 dantaon naman ang sa kamatayan ng tao, pati na ang kaguluhian at kawalang-pag-asa, ang mga digmaan at pandaigdigang gutom.

Kailangang ibalik ng tao sa Diyos ang lahat ng tinanggap niya mula sa Diyos, lalo na ang kanyang hininga. Nangangahulugan din ito ng kamatayan at pagsa-Diyos ng Tao: tingnan ang halimbawa sa Mt 27:50. Nang likhain tayo ng Diyos, ang ginusto niya ay hindi ang kamatayang nalalaman at nauunawaan natin kundi ang pinto lamang ng kanyang hardin na doon ay siya ang lahat.

Inilagay ang Tao sa hardin para *bungkalin iyon*: Uunlad ang sangkatauhan sa pagtatrabaho nito sa mundo. At kinalingan siyang magtatrabaho nang daangang dantaon para lumago at mamunga, at malaman kung ano ito at ano ang puwede rito. Umalis muna si Yawe at naiwan ang Tao sa pagitan ng dalawang puno. Nasa isang tabi ang *puno ng Buhay* na puwedeng tirman ng Tao habang nasa hardin siya. At habang nararanasan niya ang buhay, alam niyang nasa katothanan siya. Ngunit naroon din ang *puno ng Kaalaman tungkol sa Mabuti at Masama*; binubuksan ng Diyos ang landas ng karunungan para sa tao, ngunit malaya ang tao; tatanggapin ba niya na huwag maging panginoon na nakakaalam at nagpapasya kung ano ang "mabuti para sa kanya" sa paglupig sa mundo at sa kanyang sarili?

Hindi mabuti na mag-isa ang Tao (2:18). Hindi alam ng Diyos ang pangungulila, at lumilikha siya ng babae at lalaki hindi dahil ito lamang ang paraang mapiplili niya para sa pagsasalin ng buhay kundi upang itaguyod ang pagmamahalan, ang pagsusuko ng sarili sa isa't isa at ang pagsasalas sa kasiyahan.

nagsanga ito sa apat. ¹¹Pison ang pangalan ng unang ilog. Umaagos ito sa buong lupain ng Evila na kinaroroonan ng ginto, ¹²ng lantay na ginto, mga mamahaling hiyas at mababangong dagta ng puno. ¹³Gihon naman ang pangalan ng ikalawang ilog. Ito ang umaagos sa buong lupain ng Kus. ¹⁴Ang pangalan ng ikatlong ilog ay Tigris. Umaagos naman ito sa silangan ng Asiria. At ang Eufrates ang ikapat na ilog.

¹⁵Kinuha ni Yawe-Diyos ang Tao at

Ngunit ang Tao'y walang natagpuang katulong na katulad niya sa mga iyon (2:20). Inihahanda tayong pagdaraan ng mga hayop para madiskubre ang walang-katumbas na kahalagahan ng Babae. Dapat manawaan ng lalaki, na akala'y siya ang sentro ng lahat, na ang babae ay kasama at hindi alila.

Pnatulog ang Tao (2:21) para magawa sa kanya ng Diyos ang ikalawang yugto ng kanyang paglikha. Isang bagay ang mabuhay bilang isang tao pero isang klase ng muling pagsilang ng mag-asawa ang hinihingi ng pamumuhay bilang mag-asawa.

Pareho ang unang pantig ng mga salitang *lalaki* at *babae* sa Hebreo. Kinukuha ng Diyos ang babae mula sa tagaliran ni Adan; magiging katabi siya (sa tagaliran) ng lalaki, iba pero kapantay. Ngunit tulad natin, nalimutan ng mga Israelita ang aral na ibinigay sa kanila ng Diyos. Tingnan ang tungkol sa paksang ito; Mt 2:15; Lk 8:11; 1 Cor 7:4; 7:10; Ef 5:31.

'Dahil dito, iitwan ng lalaki ang kanyang ama at ina.' Sa ugaling Judio, iniitwan ng asawang babae ang kanyang pamilya para sumama sa pamilya ng kanyang asawa. Dito namá'y nais ng sumulat ng Biblia na ang babae at lalaki ay kapwa humiwalay sa kanya-kanyang pamilya para magtatag ng isang bagong panlipunang pagkakaisa.

At sila'y magiging isang laman: nangangahulugan ang ekspresyong ito sa Hebreo na magiging isa sila. Para sa Biblia, ang pinag-usapan ay isang maka-Diyos na misyon. Hindi magsisimula ang mag-asawa sa pagpapasarap sa buhay, ligtas at matiwasay, o bilang dalawang makasariling tao; ang kanilang pagkakaisa ay sa pamilya na kinatatagpuan ng pagbabahaginan at paglilingkod, ang pamilya na pundasyon ng bawat lipunan: kung wala ito, mamamatay na lamang nang walang silbi ang mga tao at mga bansa.

Gayunpaman, gunitatin natin na, noong unang panahon, kabaligtaran iyon: ang lalaki ang sumasama sa pamilya ng kanyang asawa. Sa katunayan, kapwa nila iniitwan ang bahay ng kanilang mga magulang.

Para sa nakararami, ang kasal ang siyang balangkas ng pinagpalang buhay na itinaas ni Kristo sa karangalan ng isang sakramento na tumutulong sa kanilang maghanda para sa pangwakas na pagharap sa Diyos. Isa itong daan na puno ng mga patibong, kinukulong at inililigaw ng sanlibong maling kuru-kuro ng mga kulturang lubhang magkakaiba, maging noong pana-

inilagay sa hardin ng Eden upang bungkalin at alagaan iyon. ¹⁶Pagkatapos ay inutusan ng Diyos ang Tao: "Kanin mo ang bunga ng lahat ng puno sa hardin, ¹⁷ngunit huwag mong kakanin ang bunga ng Puno ng Kaalaman tungkol sa Mabuti at Masama, sapagkat sa oras na kanin mo ang bunga niyon ay tiyak na mamamatay ka."

¹⁸Sinabi ni Yawe-Diyos: "Hindi mabuti na mag-isa ang Tao; igagawa ko siya ng katulong na tulad niya."

hon ng mga barbaro na kalimita'y inaalipin ang babae, o sa mas sibilisadong mga panahon, na pumapangalawa siya sa lalaki, mahal pero mas bababa, pinagpipitaganang ina pero asawang pinababayaan. Ang mga salita ni Jesus tungkol sa kasal ay kabilang sa mga pinaka-di-maintindihan (Mt 19:10).

Gayunpaman, maliwanag ang kalooban ng Diyos sa matandang tekstong iyon: ang mga taon ng pagsasama sa buhay, ang mga pagsisikap na makinig sa isa't-isa, magkasamang umunawa at magpasya, ang kakayahang magtatawad at manatiling tapat, ang pagbabahaginan ng panganin sa panganganak at pagpapalaral sa pamilya; ito ang mga paraan na unti-unting nagbabago sa lalaki at sa babae, at nagbibigay-kakayahang sa kanilang magkaroon ng kaganapan at responsabilidad. At ito mismo ang nais ng Diyos na makita sa kanila sa katapusan ng kanilang buhay kung kailan magiging lahat siya para sa lahat.

Hubad sila ngunit hindi sila nahihiya, ibig sabihin'y kasundo nila ang kalikasan at ang kanilang katawan. Hindi nila nadarama ang pagrerebelde ng likas na hilig ng katawan at hindi sila asiwa sa harap ng Diyos. Tinanggap ng lalaki at babae kung ano sila nang hindi pinagsasamantalahan ang mga kahinaan ng isa't-isa.

ANG BIBLIA AT ANG EBOLUSYON

Paanon natin mapagkakasundo ang paglikhang ito sa tao mula sa putik ng lupa sa sinasabi ng siyensiya tungkol sa ebolusyon ng lahat ng nabubuhay sa mundo at sa paniualang sa hayop nagmula ang tao?

Nasagot na natin ito sa paliwanag sa nagdaang kabanata. Idagdag natin ang mga sumusunod.

Pag inaakala ng mga Kristiyano na may nakikita silang di-pagkakatuig sa pananampalataya at sa pananaw tungkol sa ebolusyon ng mundo, ito'y dahil napapagkamtalan nila ang tatlong magkakaibang katanungan:

1. May ebolusyon ba ng buong sanlibutan at, sa partikular, ng mga may buhay na nilalang? Masasabi ba natin na ang lahat ng narito pa at naglaho nang mga uri ay bahagi ng iisang pamilya at nagsimula sa isa't-isa? Sa ngayon, oo ang sagot ng lahat ng sumuri sa mga katunayan.

2. Ano ang mga sanhi ng gayong ebolusyon? Alam na ang mga sanhi ng ilang maliili na ebolusyon, pero

¹⁹Kaya hinubog ni Yawe-Diyos mula sa lupa ang lahat ng hayop sa parang at lahat ng ibon sa langit, at iniharap sa Tao ang mga iyon upang ito ang magpangalan sa kanila. At anuman ang itawag ng Tao ay iyon ang naging pangalan ng mga ito.

²⁰Kaya pinangalanan ng Tao ang lahat ng hayop, ang mga ibon sa langit, at mga mababangis na hayop. Ngunit ang Tao'y walang natagpuang katulong na katulad niya sa mga iyon. ²¹Kaya pinatulog nang mahimbing ni Yawe-Diyos ang Tao. Kinuha niya ang isa sa mga tadyang nito, at saka tinapalan ng laman ang pinag-

kunan niyon. ²²Mula sa tadyang na kinuha sa Tao, hinubog ni Yawe-Diyos ang isang babae, at iniharap ito sa Tao.

²³Pagkatapos ay sinabi ng Tao: "Ito ngayon ang buto ng aking buto, at laman ng aking laman; at tatawagin siyang Babae: oo, galing nga siya sa Lalaki."

²⁴Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at pipisan sa kanyang maybahay, at sila'y magiging isang laman.

²⁵Hubad kapwa ang lalaki at ang kanyang asawa ngunit hindi sila nahihiya.

hanggang ngayon, talagang imposibleng ipaliwanag ang pinakaimportante: ang ebolusyon ng mga buhay na nilalang. At mula roo'y hininuha ang sagot sa ikatlong katanungan.

3. Salungat ba sa pananampalataya ang mga teoriya ng ebolusyon? Hindi siyensiya ang mga hakakang ito kundi pilosopiya o imahinasyon, kahit na mga kilalang siyentipiko ang bumabalangkas nito. Ang mananampalataya o materyalista ay magiging malaya sa paniniwala sa magkasalungat na pananaw.

Ngunit itanong natin ngayon: Sino ba ang sumulat sa pahinang ito ng Biblia tungkol sa unang mag-asawa? Isa sa mga pantas ni Haring Solomon ang sumulat nito. Panahon noon na babagong tagag layang ang bansang Israel. Ang mga manunulat ng Israel na tinipon ni Solomon ang sumulat sa unang mga sagra-dong aklat; naimpluwensiyahan sila ng kanilang panahon at kapaligiran.

Liwanagin natin: sila ang sumulat sa mga unang aklat ng *bayang Israel*. Labinlima o dalawampung dantaon nang may sariling literatura ang Ehipto at Babilonia na malalaking kalapit-bansa nila: mga alamat, mga tulang panrelihiyon at mga kasabihan. Hindi nagsimula sa wala ang mga pantas ng Israel, kundi ginamit ang matatandang panitikang ito.

Dito isinasalaysay kung paano nilikha ng mga diyos ang mundo, kung paanong nainggig ang mga diyos sa kaligayahan ng mga tao at kung paano nilang pinadalan ng baha ang mga ito at kung paanong ninakaw sa tao ng isang tusong ahas ang halaman ng kawalang-kamatayan. Ginamit ng mga pantas ni Solomon ang mga kuwentong ito bilang halimbawa. Ngunit binago nila ang mga alamat na ito upang makapagpahayag nang tama tungkol sa Diyos at sa tao. Pero kung itatanong natin ngayon gaya ng ginagawa ng siyensiya: paano ba nabuo ang sangkatauhan at ano naman ang kaugnayan nito sa mga hayop? Walang sinasabi ang Salita ng Diyos tungkol dito. Ipinaubaya ng Diyos sa ating talino ang pag-siyasat sa mga ito at ito nga ang ginagawa ng mga siyentipiko.

Isang panghuling obserbasyon. Ito ang kahanga-hanga para sa atin: tinatanggap ng bawat isa mula sa Diyos ang espiritung ginagawa ang ating pagka-Ako sa larawan ng Diyos. Hindi na mahalaga kung utang man natin sa ating mga magulang ang ating katawan samantalang minana naman ng mga unang tao ang kanila sa mga hayop na ninuno nila. Ang Diyos ang nagtutulak at nagbibigay-direksyon sa lahat ng ebolusyon ng mga maybuhay upang lumitaw ang Tao sa huli. Ang Tao na sa totoo'y una sa plano ng Diyos.

MENSAHE NG PROPESIYA

Hinding-hindi tayo matatapos sa pagpapaliwanag sa mga talatang ito. Gayunma'y hindi natin mauunawaan nang mabuti ang mga ito hanggang hindi natin nakikita na parang mga propesiya pala ang mga ito na naghahanda sa pagpapahayag ni Kristo.

Kung si Adan ang kumakatawan sa buong sangkatauhan na iisa ang pinagmulan at iisa rin ang hantungan, si Kristo kung gayon ang tunay na Adan. Mula sa simula ng paglikha, nasa isip na ng Diyos si Kristo.

"Kay Kristo" pinagpala ng Diyos ang sangkatauhan ito kung saan lumilitaw na walang kamukha ang bawat isa sa atin ngunit hindi naman maihihiwalay sa kabuuan (Ef 1:1). "Kay Kristo" at mula sa simula, iniligtas na ng Diyos ang ating buong kasaysayan. Marapat nga lamang na alalahanin natin ang una nating ninuno sa laman, pero iba ang siyang mahalaga, ang "Tao", ang nagbibigay sa atin ng Espiritu at nagtatayo sa atin sa harap ng Diyos (tingnan 1 Cor 15:45-49).

Ibinibigay sa atin ang mag-asawa bilang tunay na larawan ng Diyos na siya mismong walang-hanggang pakikipagkaisa. Ipinahihiwag din ng paglikha ng Diyos sa mag-asawa ang misteryo ni Kristo at ang kanyang pagdating sa mga tao bilang *asawa* ng sangkatauhan (Mc 2:19). Mula sa tagiliran ng natutulog na Adan isinilang si Eva; mula naman sa tagiliran ng Kristong namatay sa krus umagos ang dugo at tubig (Jn 19:34) na nangangahulugan ng pagsilang ng Ilesyang inilinis sa tubig ng binyag at sa dugo ni Kristo (Ef 5:26 at 31).

Ang tukso at ang pagkakasala

3 ¹Pinakatuso ang ahas sa lahat ng mababangis na hayop na ginawa ni Yawe-Diyos. Sinabi nito sa babae: “Sinabi ba talaga ng Diyos – Hindi kayo dapat kumain ng bunga ng alinmang puno sa hardin?” ²Sinabi ng babae sa ahas: “Makakain namin ang mga bunga ng mga puno sa hardin, ³ngunit para sa bunga ng punong nasa gitna ng hardin sinabi ng Diyos – Huwag ninyong kakanin iyon ni hipuin man lang, kung hindi’y mamamatay kayo.”

⁴Sinabi ng ahas sa babae: “Hindi kayo mamamatay, ⁵ngunit alam ng Diyos na sa

• **3.1** Ipinakikita ng ikalawang bahagi ng kuwentong Eden ang ikalawang mukha ng tadhana ng tao. Pagkatapos ng Kabanata 2 na nagpahayag ng plano ng Diyos, ang nais niya para sa atin, ibinibigay naman ng Kabanata 3 ang tunay at aktuwal na kalagayan ng tao, at itinatanong dito: Kaninong kasalanan?

Pinakatuso ang ahas... Hindi sa Diyos galing ang kasamaan, ni sa iba pang diyos na karibal niya, kundi sa isang naiinggit, kaibigan ng kamatayan (Kar 2:24; Jn 8:44). At gagamitin ng kaaway ang mismong regalo ng Diyos, ang *Puno ng Kaalaman tungkol sa Mabuti at Masama*.

Magugunita natin na ang salitang “kain” ang ginagamit ng mga Hebreo para tukuyin ang pagsasaulo ng mga salita ng mga pantas sa pamamagitan ng pagsasabi nang paulit-ulit: “kinakain ang bunga ng karunungan” (Kas 9:5; Sir 24:26). Ang puno ng kaalaman ay parehong “karunungan” at kalayaan: karunungan na sa Hebreo ay masining na sistema ng pamumuhay at pagtatagumpay (tingnan ang 1 H 3:11), at kalayaan ng tao na nagbubukas sa kanya ng kabutihan at kasamaan, ng buhay at kamatayan (Dt 30:15).

Inilagay ng Diyos ang tao sa isang sitwasyong may salungatan. Iniaalok sa kanya ang karunungan samantalang sinasabi sa kanya: *Huwag mong kainin*. Hindi makakamtan ng tao ang karunungan maliban kung magpipigil siyang agawin ito. Maraming magsasabi: gustong hamakin ng Diyos ang kanyang nilalang, at ipinamamalay niya na ito’y asang-asa sa kanya. Sa isang banda, tama sila. Ang salaysay na ito ay bahagi ng Matandang Tipan kung saan dala-dala ng mga mananampalataya ang bigat ng isang relihiyong mahigpit at sumasakalaw sa lahat: hindi maalis sa kanila na makaramdam kahit paminsan-minsan na sila’y pinipilit. Ngunit kung talagang susuriin mo ang mga bagay-bagay, ang pinakamataas na karunungan, na dumadag sa lahat pang iba, ay ang kaalaman sa mahiwagang pag-ibig ng Diyos (Ef 3:19): walang makaagaw nito, ito’y purong grasya, kaloob ng Diyos.

Tatlong iba’t ibang yugto ang inilalahad ng salaysay: ang tukso, ang kasalanan at ang hatol. Tukso. Inuulit

oras na kainin ninyo iyon, mamumulat ang inyong mga mata at matutulad kayo sa mga diyos na alam ang mabuti at masama.”

⁶Sa tingin ng babae ay katakam-takam ang bunga ng puno at masarap kainin – at tunay na magandang paraan upang magtamo ng kaalaman. Kaya pumitas siya ng mga bunga niyon at kumain, at inabutan niya kaagad ang kanyang asawa na kasama niya. At kumain din iyon.

⁷Namulat sila kapwa at nalaman nilang sila ay hubad. Kaya pinagtagni-tagni nila ang mga dahon ng igos at ginawa nilang tapi.

ng ahas sa tao kung ano ang totoo at ang nararamdaman niya sa kanyang kalooban: walang napakadakila para sa kanya. Pero pinapag-aalinlangan din niya ang tao sa Diyos.

At dumarating ang kasalanan. Katakwa itong usapan ng tatlo! Ang babae ang humingi, at ang lalaki ang talagang nagkasala. Ang babaeng manunukso, di ba’t ito nga ang katotohanan, lalo na sa isang daigdig kung saan nakapako siya sa mas mababang kalagayan? Posibleng nasaksihan ng may-akda sa malayong panahong ito ang pagsasamantala sa kababaihan at ang masining na paraan ng mga taong pinagasasamantalahan na kontrolin ang kanilang mga panginoon. Nakita niya na hindi pantay ang paghahati sa kahirapan kaya inisip niyang ang babae ang unang naging ditapat. Hindi tatanggapin ng Diyos ang pagdadahilan ng lalaki pero inaakala ng lalaki na pinagpapamanhinan siya dahil may nasisi siya: hindi naman niya ginusto ang nangyari!

Laging nalililang ang makasalanan. Dalawang detalye ang nagsasaad sa kabaligtaran ng kasinungalingan ng demonyo:

– *Mamumulat ang inyong mga mata*: akala ng tao’y masasakop niya ang Katotohanan: nagiging siya at nakikitang hindi siya naging Diyos kundi nadaramang siya pala’y hubad.

– *Alam ang mabuti at masama*, ibig sabihin’y sila lamang ang magpapasya kung ano ang bagay sa kanila. Sa totoo’y ang mapait na karanasan lamang ng pagkakasala ang tangi nilang mapapala.

Nalaman nilang sila’y hubad. Hindi palagay ang pakiramdam ng taong makasalanan sa kanyang sarili. Ang tapi o ano pa mang damit na gagamitin nila para bigyang-dangal ang sarili ay hindi sapat upang maipagkasundo siya sa sarili. Hindi niya kayang tagalan ang tingin ng Diyos.

Nagtago upang hindi sila makita ni Yawe-Diyos. Bunga ng kasalanan ang takot sa Diyos. Umiimbento ng huwad na larawan ng Diyos ang taong makasalanan, at ipinapalagay na naiinggit ito sa kanyang kalayaan.

Maraming may gustong ituring ang bunga (ang tanyag na “mansanas”) na sagisag ng isang kasalanan

⁸Narinig nila ang yabag ni Yawe-Diyos na namamasyal sa hardin sa malamig na hangin ng hapon. At nagtago sa likod ng mga puno sa hardin ang lalaki at ang babaeng asawa nito upang hindi sila makita ni Yawe-Diyos. ⁹Tinawag ng Diyos ang lalaki, at sinabi: “Nasaan ka?” ¹⁰Sumagot siya: “Narinig ko ang iyong tinig sa hardin at natakot ako dahil ako’y hubad, kaya ako nagtago.” ¹¹Sinabi ng Diyos: “Sino ang nagsabi sa iyong hubad ka? Kumain ka ba ng bunga ng puno na iniutos kong huwag ninyong kanin?” ¹²Sumagot ang lalaki: “Ang babaeng

isinama mo sa akin – siya ang nag-abot sa akin ng bunga mula sa puno, kaya kumain ako.”

¹³Sinabi ng Diyos sa babae: “Ano ang ginawa mo?” Sumagot ang babae: “Ninilang ako ng ahas, kaya ako kumain.”

Ang hatol ng Diyos

• ¹⁴Sinabi ni Yawe-Diyos sa ahas:

“Dahil sa ginawa mong ito, ikaw ang susumpain sa lahat ng mababangis na hayop at iba pang mga hayop! Gagapang ka at kakain ng alikabok sa lahat ng araw ng iyong buhay!

sekswal. Hindi ito ang kaisipan ng Biblia. Ang kasalanan ni Adan ay ang kanyang kagustuhang pagpasyahan sa kanyang sarili ang kanyang tadhana. Ang pinakamabigat na uri ng kasalanan (posibleng iniisip ito ng sagradong manunulat) ay ang mahikang gustong humawak ng kapangyarihan ng Diyos. Ito ang layunin kalimitan ng mga pormulario ng mahika, na naglalaman ng lahat ng kanilang kasamaan: “Sundin ang loob ko!”

Nasabi na natin na si Adan ang kumakatawan sa buong sangkatauhan. Kasalanan din ng kasalukuyan nating sibilisasyon ang kasalanan ni Adan na gustong pagpasyahan nang mag-isa ang kanyang hantungan. Nitong mga huling dantaon, ang pagsandig sa kakayahan ng tao sa paglutas sa lahat niyang problema ang nagpasulong sa Kanluraning sibilisasyon: ang di kapani-paniwalang pagsulong ng siyensiya, teknolohiya at maunlad na industriyalisasyon. Hindi masama ang lahat ng ito ngunit pinasama ang kulturang ito dahil sa ilusyong wala nang anumang pangangailangan ang tao.

Hindi na kilala ng tao kung sino siya o kung ano ang kahulugan ng kanyang buhay. At wala siyang naitayo kundi isang mundong mapaniil. Ipinaaalala sa atin ng kabiguang ito na ginawa tayo ng Diyos para maging mga anak niya at sa sandaling talikuran natin ang ating bokasyon, nagiging Adan tayo na patungo sa kamatayan.

Iba pang mga teksto sa Biblia tungkol sa mga paksang ito:

Ang matandang ahas: Kar 2:24; Jn 8:44; 2 Cor 11:3; Pag 12:9.

Ang maling akala na naiinggit ang Diyos: Mik 6:7; Job 10:13; Mt 25:24.

Paghihimagsik sa Diyos: Is 14:14; Ez 28:2; Dan 11:36; Lk 15:11; 2 Tes 2:4.

Ang tukso: Mt 4; 6:25; Sir 15:11; Rom 7:8; 1 Cor 10:13; Jaime 1:13.

SI ADAN AT ANG WALDAS NA ANAK

Dapat basahin ang Biblia bilang isang buong teksto. Ang kasalanan ito ni Adan sa simula ng kasaysayan ng pagliligtas, na maaipat sa ating panlasa, ay kailangang muling bigyang-kahulugan sa liwanag ng

Ebanghelyo, kaya dumidiretso tayo sa talinhaga ng “waldas na anak” (Lc 15:11). Ang parabulang ito ay higit pa sa isang alaala ng walang-hanggang awa ng Diyos sa makasalanang bumabaling sa kanya: sinasabi nito sa atin kung ano ang pambihirang karanasan ng tao sa mata ng Diyos, ang pambihirang karanasan ng isang waldas na anak. Ngunit kung sa Genesis ay nadidiskubre ni Adan ang kanyang kasalanan, sa parabula nama’y nadidiskubre niyang siya’y anak.

Hindi alam ni Adan kung ano siya para sa Diyos: kaya iniisip niyang makipagpagalingan sa Diyos. Ngunit tinuturuan tayo ni Jesus na maging mga anak at tinutularan ng mga anak ang Ama (Jn 15:19). Si Jesus ang Anak at ginagawa niya tayong mga anak: ito ang pagpapalaya niya sa atin.

• 14. Ang hatol ng Diyos ay isang paraan ng pagpasabi kung ano ang ating kalagayan.... Namuhay si Adan na di kasama ang Diyos, sa dusa at salungatan. Ang tao ang nilalang na meron ng lahat para mapaligaya ang sarili at inaaksaya ang kanyang mga posibilidad. Madudungisan ng kanyang kahihayan ang mas maiging bahagi ng kanyang buhay:

– ang panganganak at pagpapalaki sa mga anak;

– ang relasyon ng mag-asawa, ang mas malakula sa dalawa ang siyang nakapagayayari. Dito nagmumula ang pagsasamantala sa kababaihan na mula pa sa simula’y siya nang “pinakamalaki sa inaabusong hanay ng mga manggagawa”;

– ang trabaho bilang sanhi ng kawalang-kasiyahan. Kayaanan ang hatid nito sa ilan pero hindi ang tunay na kaganapan ng kanilang pagkatao. Para sa iba, ang trabaho ay isang pansin.

‘Pakgagalitit ko kayo, ikaw at ang babae.’ Isinumpa ng Diyos ang ahas pero hindi ang tao. Hindi maaaring pumalya ang plano: nasa katapusan ang kaligayahan at kapayapaan, pero makakamant lamang ito ng tao sa nakalilito at malimit ay parang bigong kasaysayan (1 Cor 1:21): ito’y magiging pagliligtas kasama at sa pamamagitan ni Jesus.

‘Dudurugin nito ang ulo mo.’ Iniisip ng sumulat ng Biblia ang mabagal na tagumpay ng bayan ng Diyos laban sa kasamaan: Laging sugatan ang mga inapog ng babae pero inaakay ng Diyos tungo sa bagong pag-asa.

¹⁵ Pagkakagalitin ko kayo, ikaw at ang babae, ang iyong supling at ang kanyang supling – dudurugin nito ang ulo mo, at tutuklawin mo ang kanyang sakong.”

¹⁶ Sinabi naman niya sa babae:

“Daragdagan ko ang iyong paghihirap sa pagdadalantao, at manganganak ka sa sakit. Kailanganin mo ang iyong asawa, at siya ang makapangyari sa iyo.”

¹⁷ Sa lalaki ay sinabi niya:

“Dahil nakinig ka sa babaeng asawa mo, at kinain mo ang bunga ng puno na

ipinagbawal ko sa iyong kanin, sumpain ang lupa dahil sa iyo! Paghihirapan mo ang iyong kakanin sa buong buhay mo. ¹⁸ Sa paghahanap mo ng gulay sa parang, mga tinik at dawag ang isisibol ng lupa para sa iyo. ¹⁹ Sa pawis ng noo mo manggagaling ang tinapay na iyong kakanin hanggang magbalik ka sa putik yamang doon ka kinuha, sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka babalik.”

²⁰ Pinangalanang “Eva” ng lalaki ang babaeng asawa niya, sapagkat siya ang

Ang pag-asa sa tiyakang pananagumpay sa kasamaan ang nagbibigay-buhay sa buong kasaysayan ng Biblia at pinanatili nito tayong listo sa mundo ngayon kung saan inihanda ang lahat para lasingin tayo ng sanlibong ilusyon ng lipunang konsumerista hanggang sa araw na pumunta tayong walang kamalay-malay sa bahay-katayan.

Pinangangalanan ni Adan ang kanyang asawa – pangako ng bagong pagpagsimula. Inaakay naman siya ng Diyos. Ipinagkunita sa atin ng pagkilos ng Diyos sa “pagdadamit kay Adan at Eva” na sinasamahan niya sa kanyang awa ang sangkatauhan sa mga kasawimpalad na dinala nito sa kanyang sarili bunga ng kasalanan.

“*Hindi niya dapat abutin*”.... Minsan pang kailangang baligtarin ang waring pagkakasunud-sunod ng salaysay. Unang ipinakit sa Adan na di sakop ng kamatayan, pero ito ang mithiin, ang wakas na daratnan natin. Pagkatapos ipinakit sa Adan na may kamatayan, pero ito ang tunay na kalagayan, ang ating pinagpagsimulan. Ang kahinaan at kamatayan ni Adan ay bahagi ng planong pagliligtas ng Diyos. Ang kabuluhan ng ating buhay ang patuloy na paglago mula sa ating kalikasang makahayop at may kamatayan – ganito si Adan – tungo sa kabanalan at kawalang-kabulukan ng isa pang Adan, si Kristo (1 Cor 15:45).

HUWAG INTINDIHING NANG LITERAL

Nabanggit na natin na kinuha ng sumulat ng mga pahinang ito ang ilan sa mga tauhan ng salaysay mula sa matatandang kuwento, tulad halimbawa ng ahas. Pinanatili rin niya ang ilang kakaibang ekspresyon gaya nito: *Naging tulad na ng isa sa atin ang tao...* na para bang natatakot ang Diyos sa pakikipagkompetensiya ng tao. Sa palagay ng sumulat ay hindi na kailangang pawiin ang mga may kalabuang ekspresyong ito na galing sa isang paganong alamat. Gayundin naman, ang mga *kerubim* at *sumisiklab na tabak na nag-aapoy* ay tumutukoy sa ilang rebultong nasa may bukana ng mga siyudad para itaboy ang masasamang espiritu. Ipinahahayag ng mga paghahambing na ito na ang makasalanang sangkatauhan ay nasa *ilalm* ng *galit* ng Diyos (Ef 2:3). Nangangahulugan ito na hindi makakatagpo ng kaligayahan ang mga tao o matatapangan ang Diyos hanggang hindi nila buong kababaang-loob na tinatanggap ang nagpalaya sa atin at siyang daan tungo sa buhay, si Jesucristo.

KASALANANG ORIHINAL

Maaaring magkaroon tayo ng mga pag-aalinlangan kung naituro sa atin na dahil sa pagkakasala ni Adan kaya tayo isinumpang mabuhay nang malayo sa Diyos at mamatay. Kinokontra kaya ng Diyos ang kanyang sarili, siya na nagsasabi sa atin na huwag parusahan ang sinuman dahil sa mga kasalanan ng kanyang mga magulang (Dt 24:16)? Kung inilad ang pahinang ito bilang tunay na pangyayaring pangkasaysayan o bilang kasaysayan ng pagkakasala ng unang tao, maaari pa tayong malito dahil sa ipinahahayag ngayon ng siyensiya tungkol sa pinagmulan ng tao. Paano natin maipalalagay na gawa ng unang taong babago pa lamang nakalalampas sa pagkahayop ang isang kasalananang may napakabigat na kinahinatnan?

Ngunit nasabi na natin na si Adan ay kumakatawan sa Sangkatauhan. Kayat pag pinag-uusapan natin ang kasalananang orihinal, hindi ito kasalanan na idinadagdag sa mga nagawa na natin: Ito’y isa pang paraan ng pagtingin sa kasalananang nasa sangkatauhan. Nangangahulugan ito na:

1) hindi pagkakasala ng hiwa-hiwalay na mga tao ang ating mga kasalanan: ang pagkakasala ng ating mga ninuno at ng ating kultura ang kumukundisyon at lumilimita sa ating kalayaan mula pa sa simula;

2) mas malakas ang paghingi ng ating katawan at damdamin kaysa ating budhi at nauuna itong kumilos, kaya karaniwan nang ipinakitita ng tao ang kanyang pagkatao sa pagtanggap at pagrerebelde sa harap ng Batas ng Diyos;

3) kalakip sa kalayaan ng tao ang isang hiwagang nakapagpapagulo sa ating isipan.

Sa simula’y naranasan natin na may kapangyarihan at nakapangyari sa atin ang Diyos, kaya ikinubli ng ating pagsamba ang mga damdaming mapanghi-magsik. Ang Diyos na ito (ang Diyos na pinakikitunghanan ni Adan) ay hindi ang tunay na mapagmahal at maaaring Ama.

Pinagtititibay ng Ebanghelyo, lalo na ng kay Juan, na inaalis ni Jesus kay Satanas ang kamkam nitong kapangyarihan sa buong sangkatauhan. Ang kapangyarihang ito ay hindi niya nakuha nang walang pakikipagsabwatan sa parte natin, at naroon, tiyak ang isang sangkap ng misteryo ng tinatawag na “pagkadapang orihinal”; hindi natin masabi kung ang

ina ng lahat ng nabubuhay.²¹ Gumawa si Yawe-Diyos ng mga damit na katad para sa lakali at sa babaeng asawa nito, at dinamitan niya sila.²² At sinabi ni Yawe-Diyos: "Naging tulad na ng isa sa atin ang Tao, na marunong kumilala sa mabuti at sa masama. Hindi niya dapat abutin at pitasin pati ang bunga ng Puno ng Buhay, at kainin iyon at mabuhay habang panahon."

²³ Kaya pinalayas siya ni Yawe-Diyos sa

hardin ng Eden upang maglinang sa lupang pinagmulan niya.²⁴ At nang mapalayas na ang Tao, naglagay ang Diyos ng mga kerubin at ng isang sumisiklab na tabak na nag-aapoy sa silangan ng hardin ng Eden upang bantayan ang daang patungo sa Puno ng Buhay.

Cain at Abel

4 * Nakipagtalik ang Tao sa kanyang asawang si Eva; naglihi si Eva at

kasalanan ito ay bukod sa lahat ng iba pa o isa pa itong mukha ng kasalanan ng sangkatauhan na ginawa sa kahabaan ng panahon, na lumalaking parang bolang niyebe mula sa simulang nalilingid sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Kaya bago pa man lumitaw ang mga unang pagaaiinlangan tungkol sa ating kapalaran, binigyang-katwiran na ang mga ito ng ating mga unang karanasan: ang pagkabata ay sinugatan na ng karahasan at mga pagkakanulo sa paligid nito at ng pagpapaulan ng mga maling pagpapahalaga.

(Tingnan tungkol sa paksang ito ang aklat ni Job, at bigyang-pakahulugan ito gaya ng ginawa ng tradisyong sa kabuuan, hindi bilang aklat tungkol sa pagdurusa kundi bilang pahayag ng pagkasiphayo ng nakakakilala sa Diyos pero hindi siya makatagpo.)

SI KRISTO AT ANG KASALANAN NG MUNDO

Para marating ang tunay na pananampalataya at pagpapabaya sa Ama, kailangang maihanda tayo ng Diyos na personal na dumarating sa atin sa pamamagitan ng kanyang bugtong na Anak, si Kristo. Hinding-hindi tayo ang unang nagmahal sa Diyos (1 Jn 4:10).

Ang misteryong ito ang sinisikap ipaliwanag ni Pablo sa mga kabanata 1-8 ng sulat sa taga-Roma. Doon niya tinatalakay nang buong lakas ang kasalanan ni Adan, hindi para ipaliwanag ang pangkalahatan ng kasalanan sa kasalukuyan dahil sa kasalanan ng unang tao, kundi para bigyang-diin ang pagliglitang ni Kristo. Si Jesus lamang ang tunay na ulo ng sangkatauhan at siyang makapagbubuklod dito. Sa pagsasalita tungkol kay Adan, gusto ni Pablo na bigyang-katauhan kay Adan ang buong makasalanan ng sangkatauhan sa harap ng kanyang Tagapaghalaga.

Si Jesus ang "nagbabayad sa kasalanan ni Adan". Ibig sabihin'y naparito siya hindi lamang para pagbayaran ang kalahatan ng mga kasalanan ng bawat isa, kundi sinisimulan ng kanyang krus at muling pagkabuhay ang daloy ng grasya sa mundo at ang pagkabuklod sa kabutihang maghahatid sa sangkatauhan sa paglago at pamumungang dapat nitong marating.

Sinasabi nating "binubura" ng binyang ang kasalanan orihinal: nangangahulugan ito na ang relasyon natin sa Diyos bilang kanyang mga anak na nagsimula sa binyang ay ang pagtatakwil at pinakalunas sa maling pagsasarili na nagkukulong sa tao sa kasalanan at kamatayan.

ANG BABAE – ANG IMAKULADA KONSEPSIYON

Sa pagsasalita tungkol sa *supling ng Babae*, iniisip ng sumulat ang pakikibaka ng sangkatauhan sa kasamaan, na laging sugatan ngunit matagumpay sa huli.

Ngunit sa paglipas ng panahon, ang mukha ng isang mananakop, ang Anak ng Tao na siyang bida sa pinakaimportanteng labanan ang lalong binibigyang-diin at tinutukoy rito ng mga sumusunod na manunulat sa Biblia.

Ang Babae ang sangkatauhan, na siyang nagsilang sa Tagapagligtas, sa Tagapagligtas nito na bunga ng kagandahang-loob ng Diyos (Is 45:8). Tungkol sa Babae rin ang sasabihin sa Pagbubunyag 12. Si Maria at ang Iglesia ang tinutukoy ng larawang ito dahil kapwa pumasok sa pakikipag-isang-dibdi sa Diyos si Maria at ang Iglesia. Ipinanganak ni Maria si Jesus; ang Iglesia naman ang ina ng lahat ng ipinanganakanak sa tubig at Espiritu at nagiging pinakakatawan ni Kristo, na unti-unting sumasakop sa lahat ng tao.

Inilalarawan natin si Maria na dumudurog sa ulo ng ahas para ipahayag na iningatan siya ng Diyos mula sa kasamaang umaapekto sa ating lahi. Higit pa rito, hindi nais ng Diyos na ang panahon ng bulag na kalayaan ng tao ay mapalagay sa pagitan ng unang sandali ng paglihihi kay Maria at sa unang paghahayag ng Diyos Ama. Kaya mula sa simula'y inihanda na siya ng Diyos na puspos ng grasya upang ang buong buhay niya ay matatag, lumago at mamunga ayon sa kaganapan ng diwa ng pagiging anak ng Ama. Ng biblihiyong ito ni Maria ang tinatawag nating *Imakulada Konsepsiyon* o ang paglihi sa kanya nang walang anumang dungis.

Si Maria ang ganap na nilalang, na di maihihiwalay sa Anak ng Babae, si Jesucristo. Inilagay siya ng Diyos sa gitna ng maraming makasalanan na dapat naman niyang tulongan. Isang Babae (Jn 2:4, 19:26) ang modelo ng lahat ng maliligtas. Si Maria ang *bagong Eva* at *Ina* ng mga alagad ni Jesus (Jn 19:26).

• **4.1** Ang istorya ni Cain, tulad ng Paraiso sa lupa ay hindi pangyayaring *pangkasaysayan* kundi isang *kuwentong* panrelihiyon na itinuturo sa atin ang kaibuturan ng kundisyon ng tao sa paggamit ng paghahambing. Ipinakikita nito sa atin ang karahasan bilang mahalagang bahagi ng ating kasaysayan. Nasa

ipinanganak niya si Cain – sapagkat sinabi niyang “*Nagkamit* ako ng isang lalaki sa tulong ni Yawe.”

²Pagkatapos, isinilang niya si Abel na kapatid ni Cain. Isang pastol ng mga tupa si Abel, at magsasaka naman si Cain.

³Pagkaraan ng ilang panahon, nag-handog si Cain kay Yawe ng mga ani ng lupa. ⁴At naghandog din si Abel: inilang niya ang mga unang anak ng kanyang kawan at sinunog ang mga taba niyon.

Nasiyahan si Yawe kay Abel at sa handog nito, ⁵pero hindi siya nasiyahan kay Cain at sa handog nito. Ikinagalit na lubha ito ni Cain at siya’y nalungkot. ⁶At sinabi ni Yawe kay Cain: “Bakit ka galit at malungkot? ⁷Kung gagawa ka ng mabuti, ika’y mamabutin. Ngunit kung hindi ka gagawa ng mabuti, nag-aabang sa pintuan ang kasalanan. Handa siyang sugur-in ka, ngunit ikaw ang dapat makapang-yari sa kanya.”

⁸Sinabi ni Cain sa kanyang kapatid na si Abel: “Lumabas tayo sa bukid.” Nang naroon na sila, sinugod ni Cain ang kanyang kapatid na si Abel at pinatay.

⁹Sinabi ni Yawe kay Cain: “Nasaan ang kapatid mong si Abel?” Sumagot siya: “Hindi ko alam. Ako ba ang tagapag-alaga ng aking kapatid?”

¹⁰Sinabi ni Yawe: “Ano ang ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid. ¹¹Kaya sumpain ka at lumayas ka sa lupang ito na bumuka upang tanggapin ang dugo ng iyong

kapatid na pinadanak ng iyong kamay. ¹²Bungkalin mo man ang lupa, hindi na ito magbubunga pa para sa iyo. Magiging lagalag ka na lumalaboy sa balat ng lupa.”

¹³Sinabi ni Cain kay Yawe: “Hindi ko kaya ang parusa sa akin! ¹⁴Pinalalayas mo ako ngayon sa lupang ito, matatago ako sa iyong harapan. Magiging palaboy ako at maglalaglag sa balat ng lupa, at papatayin ako ng sinumang makakita sa akin.” ¹⁵Sinabi ni Yawe sa kanya: “Kung gayon, kapag may pumatay kay Cain, makapitong beses na ipaghihiganti si Cain.” At tinatakan ni Yawe si Cain upang hindi siya patayin ng sinumang makakita sa kanya.

¹⁶Lumayo si Cain mula sa harap ni Yawe, at nanirahan sa lupain ng Nod sa silangan ng Eden.

Ang mga anak nina Cain at Set

^{•17}Nakipagtalik si Cain sa kanyang asawa; naglihi iyon at ipinanganak si Enoc. Nagtatayo noon si Cain ng isang siyudad kaya tinawag niya iyong Enoc mula sa pangalan ng kanyang anak. ¹⁸Nagkaanak naman ng lalaki si Enoc, si Irad. Si Irad ang naging ama ni Mavael, at si Mavael ang ama ni Metusael, at si Metusael ang ama ni Lamec.

¹⁹Nagkaroon ng dalawang asawa si Lamec, sina Ada at Sella. ²⁰Isinilang ni Ada si Yabel na naging ama ng mga naninirahan sa mga tolda at nag-aalaga ng mga kawan. ²¹Kapatid niya si Yubal: siya naman ang naging ama ng lahat ng tumutugtog ng lira at plauta.

²²Nagkaanak din si Sella – si Tubal-Cain na siyang panday ng lahat ng kasangkapan tanso

puso ng tao ang mga ugat nito (4:7) at ang mga kalugad-lugod sa Diyos gaya ni Abel (4:4) ay ang unang biktima nito. Sumisigaw sa Diyos ang dumanak na dugo (4:10), at siya ang naggagawad ng katarungan ngunit hindi tulad natin na mapaghiganti at marahas (4:15).

Sa simula’y walang kaugnayan ang istorya ni Cain sa kuwento nina Adan at Eba at ng kanilang mga anak. Ang manunulat ng Biblia ang kumuha nito at siya ring naglagay nito sa lugar na ito. Iniugnay niya ang istoryang ito sa naunang kuwento sa pagsasabing anak ni Adan si Cain. (Kayat walang lugar para sa walang-saysay na mga tanong tungkol sa kung sino nga ba ang napangasawa nina Cain at Abel: hindi layunin ng Biblia na isalaysay ang mga unang yugto ng lahi ng tao.)

Tulad ito ng pambansang kasaysayan ng tribu ng mga *Cainita* (o *Kenita*: Hkm 1:16; 4:17) na naging bahagi ng Israel. Ayon sa nasasaad sa maraming matandang alamat, si Cain ang nagtatag ng tribu. Pinatay niya ang kanyang kapatid na puwedeng maging karibal pa niya, dahil ito ang kondisyon noon sa pagkakaroon ng kapangyarihan sa pulitika. At isinilang ang isang lipunang may iba’t ibang tungkulin (4:19-22); at si Lamec naman ang naging tagapagsalita ng pagpapahalaga sa sarili ng bansa (4:23); matutuhan ng sambayanan ang pagganti sa mga umaapi sa kanila.

Sa paghiram ng manunulat sa Biblia sa alamat na ito, binigyan niya ito ng ibang kahulugan at inilagay ang pakikipag-usap ng Diyos kay Cain bilang hatol sa

at bakal. Kapatid na babae ni Tubal-Cain si Noema.

²³ Sinabi ni Lamec sa kanyang dalawang asawa:

“Ada at Sella, pakinggan ninyo ako, mga asawa ni Lamec, dinggin ang aking mga salita:

sinugatan ako ng isang lalaki at pinatay ko siya,

at sinuntok ako ng isang kabataang lalaki at pinatay ko rin siya.

²⁴ Kung pitong ulit ngang ipaghihiganti si Cain,

si Lamec nama'y pitumpu't pitong beses.”

²⁵ Muling nakipagtalik si Adan sa kanyang asawa at nagsilang ito ng isang lalaki, at pina-ngalanang Set, sapagkat sinabi niya Binigyan ako ng Diyos ng lalaking kahalili ni Abel na pinatay ni Cain.”

²⁶ Nagkaroon din ng anak na lalaki si Set na pinangalanan niyang Enos: siya ang unang tumawag kay Yawe sa ngalan niya.

Ang lahi ni Adan

5 ¹ Ito ang salaysay ng lahi ni Adan. Nang likhain ng Diyos si Adan, ginawa niya siyang kahawig ng Diyos. ² Nilikha niya silang lalaki at babae, pinagpala at tinawag na Adan (na ibig sabih'y Tao).

³ Isandaa't tatlumpung taong gulang si Adan nang maging ama ng isang anak na lalaki na kahawig niya, na kanyang larawan. Pinangalanan niya itong Set. ⁴ Pagkapanganak kay Set, nabuhay pa si Adan nang walundaang taon at nagkaroon ng marami pang anak na lalaki at babae. ⁵ Sa kabuuan ay nabuhay si Adan nang siyamnaraa't tatlumpung taon. At namatay siya.

⁶ Isandaa't limang taong gulang si Set nang maging ama ni Enos. ⁷ Pagkasilang kay Enos, nabuhay si Set nang walunda't pitong taon. Nagkaroon din siya ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

karahasang ito: “Sa akala mo'y makatarungan ka: Mali! Nakagawa ka ng krimen.” Tulad ito ng pagsasabi nating: “Kayong mga nagkukunwaring naglingkod sa mga sagradong interes ng bansa, hanggang kailan ninyo liligpit at patatalsikin ang mga di ayon sa inyo?”

Sa Biblia, si Abel ang halimbawa at siya ring pina-kauna sa mga walang-salang pinatay. Ipinahihwatig dito at sa iba pang talata sa Biblia na iniligpit sila dahil sa pagiging matuwid nila (Mt 23:35; Heb 11:4; Jn 8:44; 1 Jn 3:12).

• 17. Isinama ng mga banal na awtor sa pagitan ng simula ng mundo at ng simula ng kanilang kasaysayan

⁸ Sa kabuuan, nabuhay si Set nang siyamnaraa't labindalawang taon. At namatay siya.

⁹ Siyamnapung taong gulang si Enos nang maging ama ni Cainan. ¹⁰ Pagkapanganak kay Cainan, nabuhay si Enos nang walunda't labinlimang taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae. ¹¹ Sa kabuuan, nabuhay si Enos nang siyamnaraa't limang taon. At namatay siya.

¹² Pitumpung taong gulang si Cainan nang maging ama ni Malael. ¹³ Pagkapanganak kay Malael, nabuhay si Cainan nang walunda't apatnapung taon, at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae. ¹⁴ Sa kabuuan, nabuhay si Cainan nang siyamnaraa't sampung taon. At namatay siya.

¹⁵ Animnapu't limang taong gulang si Malael nang maging ama ni Yared. ¹⁶ Pagkapanganak kay Yared, nabuhay si Malael nang walunda't tatlumpung taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae. ¹⁷ Sa kabuuan, nabuhay si Malael nang walunda't siyamnapu't limang taon. At namatay siya.

¹⁸ Isandaa't animnapu't dalawang taon si Yared nang maging ama ni Enoc. ¹⁹ Pagkapanganak kay Enoc, nabuhay si Yared nang walundaang taon, at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae. ²⁰ Sa kabuuan, nabuhay si Yared nang siyamnaraa't animnapu't dalawang taon. At namatay siya.

²¹ Animnapu't limang taon si Enoc nang maging ama ni Matusalem. ²² Pagkapanganak kay Matusalem, lumakad si Enoc na kasama ang Diyos sa loob ng tatlundaang taon, at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae. ²³ Sa kabuuan, nabuhay si Enoc nang tatlunda't animnapu't limang taon. ²⁴ Nabuhay si Enoc sa piling ng Diyos, at wala na siya rito sapagkat kinuha siya ng Diyos.

• ²⁵ Isandaa't walumpu't pitong taon si Matusalem nang maging ama ni Lamec. ²⁶ Pagkapanganak kay Lamec, nabuhay si Matusalem nang pitunda't walumpu't dala-

(ang pagtawag kay Abraham) ang kanilang nalalaman tungkol sa nakaraan ng sangkatauhan. Nalaman nila ang mga ito sa sarili nilang paraan sa pamamagitan ng mga tradisyon at mga alamat.

• 5.25 Nabuhay si Matusalem nang siyamnaraan animnapu't siyam na taon! Kailangang-kailangang ipasok ang idea na napakahaba ng panahon mula sa simula ng mundo hanggang sa mga ninuno ng bayan ng Diyos, at hindi maparami ang mga pangalan. Gaya ng mga taga-Babilonia bago dumating ang baha, na naglagay ng labing-isang hari na hindi kapani-paniwalang ang baha ng buhay, kinailangan din ng mga Israelita

wang taon, at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

²⁷ Sa kabuuan, nabuhay si Matusalem nang siyamnaraa't animnapu't siyam na taon. At namatay siya. ²⁸ Isandaa't walumpu't dalawang taon si Lamec nang maging ama ng isang anak na lalaki, ²⁹ at pinangalanan itong Noe, at sinabi niyang "Aaliwin niya tayo sa mabigat at mahirap na pagpapagal ng ating mga kamay dahil isinumpa ni Yawe ang lupa." ³⁰ Pagkapanangan kay Noe, nabuhay si Lamec nang limandaa't siyamnapu't limang taon, at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

³¹ Sa kabuuan, nabuhay si Lamec nang pitundaa't pitumpu't pitong taon. At namatay siya.

³² Limandaang taon si Noe nang maging ama siya nina Sem, Kam, at Yafet.

Mga anak ng Diyos at mga anak ng tao

6 ¹ Nang magsimulang dumami ang tao sa lupa at nagkaroon sila ng mga anak na babae. ² Napansin ng mga anak na lalaki ng Diyos na magaganda ang mga anak na babae ng tao. At kinuha nila bilang asawa ang sinumang mapusuan nila. ³ Sinabi ni Yawe: "Hindi habang panahong mananatili ang aking espiritu sa tao sapagkat siya ngayo'y laman na lamang. Hanggang isandaa't dalawampung taon lamang aabot ang kanyang buhay." ⁴ May mga higante sa lupa nang panahong iyon at maging pagkaraan noon, nang makipisan ang mga anak ng Diyos sa mga anak na babae ng tao at nagkaanak sa mga ito. Sila ang mga bayani ng nagdaang panahon, ang mga tanyag na tao.

Ang baha

⁵ Nakita ni Yawe na labis na ang kalapastanganan ng mga tao sa lupa at wala

nang laman ang puso kundi kasamaan sa lahat ng araw. ⁶ Pinagsisihan ni Yawe kung bakit nilikha pa niya ang tao sa daigdig at nasaktan ang kanyang kalooban. ⁷ At sinabi niya: "Lilipulin ko sa balat ng lupa ang taong nilikha ko, mula sa tao hanggang sa mga hayop, sa mga gumagapang sa lupa at sa mga ibon sa langit. Pinagsisihan ko ang pagkalalang sa kanila."

⁸ Ngunit kasiya-siya si Noe sa mata ni Yawe.

⁹ Ito ang kasaysayan ni Noe. Sa kanyang kapanahunan, matuwid ni Noe, at walang kapintasan – at kapiling niya ang Diyos. ¹⁰ May tatlong anak na lalaki si Noe: sina Sem, Kam at Yafet.

¹¹ Labis na ang sama ng daigdig sa paningin ng Diyos at laganap ang karahasan. ¹² Nakita ng Diyos ang kasamaan ng daigdig dahil nagpakasama-sama na ang mga tao sa lupa. ¹³ Sinabi ng Diyos kay Noe: "Naipasya ko nang lipulin ang lahat ng tao sapagkat napuno ng karahasan ang lupa dahil sa kanila. Kaya papawiin ko sila pati na ang lupa.

¹⁴ At ikaw, gumawa ka ng daong na yari sa kahoy na sipres. Gumawa ka ng mga silid sa daong at pintahan ng alkitrang loob at labas. ¹⁵ Ganito ang iyong gagawin: apatnaraa't limampung talampakan ang haba ng daong, pitumpu't limang talampakan naman ang lapad, at apatnapu't limang talampakan ang taas. ¹⁶ Bubungan mo iyon at mag-iwan ka ng labingwalong pulgadang pagitan mula sa daong. Lagyan mo ng pinto sa tabi at gumawa ka ng tatlong palapag.

¹⁷ Pababahain ko ang tubig sa lupa para

ang ilang Matusalem. Inisip ng mga nananampalatayang Israelita na sumulat ng tekstong ito na mas magaling kaysa kanila ang kanilang mga ninuno. Inakala rin nila na dahil mas magaling nga ito kaya naman ginantimpalaan sila ng napakahabang buhay.

Sa maalamat na listahang ito ng mga ninuno ng sangkatauhan, lumilitaw ang pangalan ni Enoc, ang matuwid, na dinala ng Diyos sa langit tulad ng nangyari kay Elias (2 Mga Hari 2).

• **6.1** Matutunghayan natin sa 6:1 ang isang populur na paniwala ng mga Israelita. Ang mga "Anak ng Diyos" sa simula ay mga diyos, at naging mga makalangit na lingkod ng Diyos. Sa mga unang pahinang ito ng Biblia, natatagpuan natin ang tradisyong isang pagsubok sa mga makalangit na nilalang sa simula ng mundo, at ang pagbagsak ng marami sa kanila (Mt 25:41; Pag 12:4; 12:7).

Huwag nating kalimutan na samantalang naniniwala tayo sa pag-unlad ng sangkatauhan, inisip naman ng mga bayan noong unang panahon na mas malakas at mas maraming alam ang kanilang mga ninuno kaysa kanila. Sa pagsasalita nila tungkol sa pagmamataas ng taong nais makipagpagalingan sa Diyos, inisip nila na iyon ang kasalanan ng kanilang mga ninuno. Ngunit para sa atin, ang pagmamalaking ito ay parang mas bagay sa mga kapanahunan natin na naging palalo sa pag-unlad ng teknolohiya. Subalit maliwanag ang aral: hindi matatagpuan ng "superman", maging siya man ang maghari sa langit, ang mga daan ng Diyos.

• **5.** Balisa tayo lalo sa kasalukuyan pag nakikita natin ang paglaganap ng ilang kasamaan, maging ito'y ang mga bawal na gamot o ang lubos na kawalan ng paghugob na moral sa napakaraming kabataan na di tinuruan ng anumang mga nakatatanda sa kanila

lipulin ang lahat ng humihinga at nabubuhay sa silong ng langit. Mamamatay ang lahat sa balat ng lupa.¹⁸ Ngunit sa iyo pagtlibayin ang aking pakikipagtipan. Ikaw at ang iyong mga anak kasama ang iyong asawa at ang kaniknilang mga asawa ay papasok sa daong.¹⁹ At papasok na kasama mo sa daong ang dalawa ng bawat buhay na nilalang, tig-isang lalaki at babae, at panatilihin silang buhay kasama mo.²⁰ Mula sa bawat uri ng mga ibon at mga hayop at mga gumagapang sa lupa, tig-iisang pares ng mga ito ang kasama mong papasok sa daong, at panatilihin buhay na kasama mo.²¹ Kumuha ka ng lahat ng uri ng pagkain at iimbak ang mga ito para sa iyo at sa kanila.²² At ginawa nga ni Noe ang lahat ng iniutos sa kanya ng Diyos.

7¹ Sinabi ni Yawe kay Noe: “Pumasok ka sa daong, ikaw at ang iyong pamilya, sapagkat ikaw lamang ang nakita kong matuwid sa salinlahing ito.² Magsama ka ng pitong pares mula sa bawat uri ng malilinis na hayop, tig-isang

lalaki at babae, at tigdadalawa mula sa bawat uri ng di-malilinis na hayop, tig-isang barako at inahin.³ Gayundin sa mga ibon sa langit, tigpigitong pares mula sa bawat uri upang magkaroon ng bagong buhay sa daigdig.⁴ Sapagkat sa loob ng pitong araw, apatnapung araw at apatnapung gabi kong pabubuhusin ang ulan sa lupa. Papawiin ko sa balat ng lupa ang lahat ng maybuhay na nilikha ko.”

⁵ At ginawa ni Noe ang lahat ng iniutos sa kanya ni Yawe.⁶ Aninnaraang taon si Noe nang dumating ang Malaking Baha sa lupa.

⁷ Kaya pumasok si Noe sa daong, kasama ang kanyang mga anak, ang kanyang asawa, ang asa-asawa ng kanyang mga anak upang maligtas sa tubig ng baha.

⁸ Pumunta naman kay Noe ang malilinis na hayop pati ang di-malilinis, ang

maliban sa magpasarap sa buhay. Nakikita sa kasaysayan na nangyayari ang mga krisis kung minsan para maglinis sa pamamagitan ng pagwasak o pagliligpit. Huwag matakot. May nalalabi na laging tatakas sa bagyo at muling magtatayo. Lulubog naman nang buo ang mga bahagi ng ating kultura na madungis. Para magsimula uli, kailangang mawala ang pag-asa sa sarili lamang na nakatatak sa ating pagkato: kailangan nating tanggapin ang pangangailangan sa isang tagapagligtas.

Ayon sa istorya ni Noe, ito ang balak ng Diyos sa Malaking Baha. Pero hindi niya winsasak ang lahat kundi iniligtas ang Matuwid na si Noe upang umusbong mula sa kanya ang isang lahing banal. Sa banal na kasaysayan, ipapatay ng Diyos sa taksil na bayan niya ang pinakamabigat na kapahamakan ngunit lagi siyang magtitira ng *Malalabi* (Is 4:2-6; 6:13).

Ganito pinili ng Diyos si Noe mula sa lahat ng inapo ni Adan; ganito rin pipiliin si Abraham mula sa lahat ng inapo ni Noe. At si David mula sa mga anak ni Abraham at sa dakong huli’y si Kristo, isa sa mga anak ni David na kinatawan at Tagapagligtas ng buong sangkatauhan. Ipinakikita ng Biblia ang pagkakaibang ito: nagkaroon ng epekto sa buong sangkatauhan ang kasalanan ng isang taong si Adan, at winalang-saysay ang pag-unlad ng sibilisasyon. Kabaligtaran naman nito ang pagtutuhan ng pansin ng Diyos sa isang bayan, isang angkan, isang tao na magliligtas sa lahat (Rom 5).

Tulad ni Noe ang may pananampalataya. Payag siyang pumasok sa mga plano ng Diyos at nakikipag-tulungan sa kaligtasan ng mundo. Hindi sapat na sabihing “May pananampalataya ako.” Maihahatid ba ako ng pananampalataya ito na maisakripisyo ang aking sarili para baguhin ang mundo? Sa harap ng mga pabaya, ng mga tamad at mga bulok, ang taong

may pananampalatayang si Noe, ay nagsimulang gumawa. At hindi siya nag-alinlangan ni pinanghinaan ng loob habang itinatayo niya ang kakatwa at paraang walang-silbing barko.

At sumapit ang oras na iniligtig ng Diyos ang mga hindi handa na mas ginustong agad na magpapasarap sa buhay kaysa gumawa para sa kinabukasang itinuro sa kanila ng Diyos (Mik 3:9-12; Sof 2:1-3; Mt 24:38).

Malaki ang impluwensiya ng matatandang alamat sa istorya ni Noe. Isinulat ito sa unang pagkakataon sa panahon ng Haring Solomon. Nang sumunod na mga panahon naman, idinagdag ng mga paring Judio ang mga talatang nasusulat sa mas maliit na mga pahilig na titik.

Maraming beses na binabanggit sa Bagong Tipan ang istorya ng Baha (tingnan I P 3:20 at 2 P 2:5). Itinuturo nito sa atin na gustong baguhin ng Diyos ang ating makasalanang daigdig. Kaya kailangan ang isang paraan ng paglilinis at pagsusuri hindi lamang sa masasamang kaugalian kundi maging sa pinakaugat ng ating kultura. Bilang pasimula, kailangang iwasin natin ang ating pagmamataas at aminin na nanganailangan tayo ng isang Tagapagligtas.

Para bang ang Iglesya ang Barkong ito na pinapasukan natin sa pamamagitan ng pananampalataya at binyag, at tinatanggap tayo ni Kristo, ang bagong Noe. Tiyak na magiging isang pagkakamali kung magkukulong tayo sa loob ng Iglesya na kublilian ng ligtas na at mula rito’y kondenahin ang lahat ng nangyayari sa daigdig at malimutan ang misyon nating iligtas ang mundo (Jn 3:17). Ngunit huwag nating kalimutan na ang Iglesya ang tanging pag-asa ng mundo at walang anumang gawa ng tao ang makapapasok sa Kaharian ng hindi dumaraan sa mga tubig na dumadalisay at pumupuka.

mga ibon at lahat ng gumagapang sa lupa; ⁹pares-pares silang pumasok sa daong, lalaki at babae, gaya ng iniutos ng Diyos kay Noe. ¹⁰At pagkaraan ng pitong araw, nakalubog na ang lupa sa baha.

¹¹Sa ikalabimpitong araw ng ikalawang buwan sa ikaanimnaraang taon ng buhay ni Noe, bumulwak ang lahat ng bukal sa kailalim-ilaliman at nabuksan ang mga bintang na langit. ¹²At apatnapung araw at apatnapung gabing bumuhos ang ulan sa lupa. ¹³Nang araw ding iyon, pumasok sa daong si Noe, kasama ang kanyang mga anak na lalaking sina Sem, Kam at Yafet, ang kanyang asawa at mga manugang. ¹⁴Kasama rin nilang pumasok sa daong ang lahat ng uri ng mababangis na hayop, lahat ng iba pang hayop, ng mga gumagapang sa lupa at lahat ng uri ng mga ibon, at lahat ng kulisap na may pakpak. ¹⁵Pares-pares na sumama kay Noe sa loob ng daong ang lahat ng may hininga at maybuhay. ¹⁶At sumama ang mga ito, lalaki at babae mula sa bawat uri, ayon sa iniutos ng Diyos.

Pagkatapos ay isinara ni Yawe ang pinto sa likod ni Noe. ¹⁷Apatnapung araw na bumaha sa lupa. Tumaas ang tubig at itinaas nito ang daong sa ibabaw ng lupa.

¹⁸Patuloy na tumaas ang tubig sa lupa at lumutang ang daong sa ibabaw ng tubig. ¹⁹Tumaas pa nang tumaas ang tubig at lumubog ang lahat ng mataaas na bundok sa buong silong ng langit. ²⁰Tumaas ang tubig at inilubog ang mga bundok sa lalim na higit sa dalawampung talampakan. ²¹Namatay ang lahat ng maybuhay na gumagalaw sa lupa: mga ibon, mga mababangis na hayop at iba pang mga hayop, lahat ng gumagala sa lupa, at lahat ng Tao.

• **8.20** *Kailanma'y di ko na muling isusumpa ang lupa dahil sa tao.* Sa mga salitang ito, tinitiyak sa atin ng Biblia na hindi madadala ng mga kamalian at krimen ng tao ang kasaysayan sa ganap na kaguluhan. Hindi lamang patuloy na magbibigay-init ang araw, ng tinapay ang lupa, kundi sa bawat dantao'y makakataupo ng solusyon ang sangkatauhan sa mga problema nito.

• **9.1** Ang bendisyon ng Diyos kay Noe at sa kanyang mga anak (o sa buong sangkatauhan) ay nagsisilbing paliwanag sa naunang pangako. Bigyang-pansin natin ang mga sumusunod:

Pinagtatibay ang tungkulin ng tao sa pagiging katiwala ng sangnilikha (b. 2).

Makakain ng tao ang kame ng mga hayop (b. 3) pero

²²Namatay ang lahat ng mayhininga sa ibabaw ng lupa. ²³Nalipol ang lahat ng nabubuhay sa balat ng lupa – tao at hayop, mga gumagapang sa lupa, at mga ibon sa langit – ang lahat ay napawi sa balat ng lupa. Si Noe lamang at lahat ng kasama niya sa daong ang natira. ²⁴Isandaa't limampung araw na bumaha ang tubig sa lupa.

8 ¹*Nag-alala ang Diyos kay Noe at sa lahat ng mababangis na hayop at iba pang mga hayop na kasama niya sa daong. Kaya pinaihip niya ang hangin ibabaw ng lupa at humupa ang lahat ng tubig.*

²At sinarhan niya ang mga bukal mula sa kailalim-ilaliman at ang mga bintang ng baha sa langit, at tumila ang ulan.

³Humupa nang humupa ang tubig sa lupa at tuluyang bumaba makaraan ang isandaa't limampung araw. ⁴Sa ikalabimpitong araw sa ikapitong taon, sumadsad ang daong sa kabundukan ng Ararat. ⁵Patuloy na humupa ang tubig hanggang sa ikasampung buwan. Sa unang araw ng ikasampung buwan, lumitaw na ang tuktok ng mga bundok.

⁶Pagkalipas ng apatnapung araw, binuksan ni Noe ang bintangang inilagay niya sa daong ⁷at pinawalan ang isang uwak. Lumipad ito at lumigid-ligid hanggang matuyo ang tubig sa lupa. ⁸Pagkatapos ay pinalipad ni Noe ang kalapati upang tingnan kung humupa na nga ang mga tubig sa lupa.

⁹Ngunit walang makitang madadapuan ang kalapati dahil nakalubog pa ang lupa

hindi ang dugo (ihambing sa 1:29). Para sa kulturang Hebreo, nasa dugo ang *kaluluwa*, o ang buhay mismo ng isang nilalang. Kaya ang kumain ng kame ng hayop nang hindi inalisan ng dugo ay parang paglapastangan na sa pagkasagrado ng buhay (tingnan Lev 17:10-14).

Nangangahulagan ang *pakikipagtipan ng Diyos* sa sangkatauhan (b. 8) at sa lahat ng galing sa Barko na may malasakit ang Diyos sa lahat ng ginagawa ng mga tao: ang kanilang kultura, mga imbensyon, at matuwid na mga ambisyon. Hindi lamang Diyos ng mga sumampalataya ang Diyos kundi Diyos siya ng lahat. Hindi lamang ang kailigtasan ng mga kaluluwa ang hangad ng Diyos: sa pamamagitan ng mapanlikhang gawa ng sangkatauhan, bibibigyang-kakayahayan niya ang mga tao na umunlad sa kamalayan at respon-

sa tubig, kaya nagbalik ito kay Noe sa daong. Iniunat ni Noe ang kanyang kamay, hinuli ang kalapati at ibinalik sa daong.

¹⁰ Nagpalipas siya ng ilan pang araw bago muling pinalabas sa daong ang kalapati.

¹¹ Sa pagkakataong ito, bumalik sa kanya kinagabihan ang kalapati at may nakaipit na isang sariwang sanga ng olibo sa tukla!

Kaya nalaman ni Noe na tuyo na ang lupa. ¹² Pinalipas niya ang pitong araw pa at saka pinawalan uli ang kalapati, ngunit hindi na iyon bumalik sa kanya. Inalis na ni Noe ang takip ng daong at tumanaw sa labas, at nakita niyang tuyo na ang lupa.

¹³ Sa unang araw ng unang buwan ng ikaanimnaraa't isang taon ni Noe, natuyo na ang tubig sa lupa.

¹⁴ Sa ikadalawampu't pitong araw ng ikalawang buwan, tuyung-tuyo na ang lupa. ¹⁵ At sinabi ng Diyos kay Noe: ¹⁶ "Lumabas ka na sa daong, ikaw at ang iyong asawa, ang iyong mga anak at ang kani-kanilang asawa. ¹⁷ Palabasin mo rin ang lahat ng maybuhay na kasama mo – lahat ng uri ng hayop: mga ibon at mga hayop at lahat ng gumagapang sa lupa – upang sila'y dumami sa lupa, maging mabunga at kumalat." ¹⁸ At lumabas si Noe kasama ang kanyang mga anak, ang kanyang asawa at ang kanyang mga manugang. ¹⁹ Lahat ng hayop, lahat ng ibon at lahat ng gumagapang sa lupa – ang lahat ng gumagalaw sa lupa – bawat uri ng mga ito'y sunud-sunod na lumabas sa daong.

²⁰ Gumawa si Noe ng altar kay Yawe, at kumuha ng ilan sa lahat ng malinis na hayop at sa lahat ng malinis na ibon, at inialay bilang mga sinunog na handog sa altar. ²¹ Nalanghap ni Yawe ang masarap na amoy at sinabi niya sa kanyang ka-looban: "Kailanma'y di ko na muling isusumpa ang lupa dahil sa tao dahil alam kong sapul pagkabata'y nag-iisip na siya ng masama. Kailanma'y di ko na lilipulin pa ang lahat ng nabubuhay na nilalang gaya ng ginawa ko.

sabilidad at inihahanda sila sa pakikiisa sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Hindi nagpakilala ang Diyos sa lahat ng grupo ng tao, di-tulad sa Israel at pagkatapos ay sa mga Kristiyano. Ngunit sa bawat tao sa bawat bansa.

²² Hanggang ang daigdig ay daigdig: paghahasik at pag-aani, taglamig at tag-init, tag-araw at tag-ulan, ang araw at ang gabi ay di mapapatid."

Ang bagong kaayusan ng daigdig

9 ¹ Pinagpala ng Diyos si Noe at ang kanyang mga anak at sinabi sa mga ito: "Maging mabunga kayo, magparami at punuin ang daigdig. ² Matatakot sa inyo ang lahat ng hayop sa lupa at lahat ng ibon sa langit, lahat ng gumagapang sa lupa at lahat ng isda sa dagat. Ibigay ko sa inyo ang mga hayop sa lupa at ang mga isda sa dagat. ³ Magiging pagkain ninyo ang lahat ng gumagalaw at nabubuhay; kung paano kong ibinigay sa inyo ang mga luntiang halaman, ibinibigay ko naman sa inyo ngayon ang lahat-lahat. ⁴ Huwag lamang nin-yong kainin ang karne kasama ang buhay nito na nasa dugo.

⁵ Isasaalang-alang ko ang buhay ninyo at sisingilin ko ang alinmang hayop at sinumang tao para sa inyong dugo. Papatayin ang sinu-mang papatay sa inyo, maging tao o hayop. Sisingilin ko mula sa sinumang tao ang buhay ng kanyang kapwa.

⁶ Sinumang magpadanak sa dugo ng tao, padananakin din ng tao ang kanyang dugo; pagkat sa larawan ng Diyos nilikha ang tao.

⁷ Maging mabunga kayo at magparami, at kumalat sa daigdig, at makapangyari rito."

⁸ Nagsalita ang Diyos kay Noe at sa kanyang mga anak: ⁹ "Pinagtitibay ko nga ang aking pakikipagtipan sa inyo at sa inyong mga ina-pong kasunod ninyo ¹⁰ at sa bawat buhay na nilalang na kasama ninyo: sa mga ibon, sa mababangis na hayop at sa iba pang mga hayop at sa lahat ng kasama ninyong lumabas mula sa daong. ¹¹ Nakikipagtipan ako sa inyo: kailanma'y hindi na lilipulin ng tubig ng baha ang buhay at hindi na magkakaroon muli ng baha na wawasak sa daigdig."

¹² Sinabi ng Diyos: "Ito ang palatandaan ng pakikipagtipan ko sa inyo at sa lahat ng buhay na hayop na kasama ninyo at sa lahat ng darating na salinlahi. ¹³ Isaisasantabi ko sa mga ulap ang aking pana bilang palatandaan ng

nagbibigay siya ng mga tanda ng kanyang kalinga at kabutihang-loob sa mga pangyayari sa araw-araw. Ito ang ibig sabihin ng kanyang paanyaya sa kanilang tingnan ang bahaghari para maalaala ang kanyang pakikipagtipan (b. 12).

aking pakikipagtipan sa buong sangkalupaan. ¹⁴ Kapag pinalitaw ko sa mga ulap sa ibabaw ng lupa ang bahaghari, ¹⁵ aalalahanin ko ang aking tipan sa iyo at sa lahat ng hayop upang hindi na gunawin ng tubig-baha ang lahat ng buhay. ¹⁶ Kapag may bahaghari sa ulap, titingnan ko iyon at aalalahanin ang walang hanggang tipanan ng Diyos at ng lahat ng uri ng buhay na nilalang na nasa ibabaw ng lupa.” ¹⁷ Sinabi ng Diyos kay Noe: “Ito ang palatandaan ng aking pakikipagtipan sa lahat ng maybuhay sa ibabaw ng lupa.”

Si Noe at ang kanyang mga anak

¹⁸ Sina Sem, Kam at Yafet ang mga anak na lalaki ni Noe na lumabas sa daong. Si Kam ang ninuno ni Kanaan. ¹⁹ Sila ang tatlong anak na lalaki ni Noe at sila ang pinagmulan ng lahat ng tao sa buong daigdig.

²⁰ Sinimulan ni Noeng magsasaka ang pagtatanim ng ubasan. ²¹ Uminom siya ng alak at nalasing at nakatulong nang hubo't hubad sa loob ng kanyang tolda. ²² Nang makita ni Kam na ninuno ni Kanaan na hubo't hubad ang kanyang ama, ibinalita niya iyon sa dalawa niyang kapatid na nasa labas.

²³ Ngunit kumuha sina Sem at Yafet ng kapa at ibinalabal sa balikat nilang dalawa, patalikod na pumasok at tinakpan ang hubo't hubad na katawan ng kanilang ama. Humarap sila sa kabila upang hindi nila makita ang pagiging hubo't hubad ng kanilang ama. ²⁴ Nang mahimasmasan si Noe mula sa kanyang kalasingan, nalaman niya ang ginawa sa kanya ng kanyang bunsong anak. ²⁵ At sinabi niya: “Sumpain ka, Kanaan, maging alipin siya ng mga alipin ng kanyang mga kapatid!” ²⁶ At ipinagpatuloy niya: “Purihin si Yaweng Diyos ni Sem. Maging alipin niya si Kanaan!” ²⁷ Palawakin naman ng Diyos ang ari-arian ni Yafet, at tumira ang kanyang lahi

• 18. Sa mga primitibong kultura, sa paghahanap ng mga tao sa mga karanasang supernatural, ginawa nilang sagradong seremonya ang paglalasing. Naniniwala sila na nasa alang ang mga buhay na puwersang makapagpapatakas sa kanila sa paglipas ng panahon. Isinaalang-alang ng Biblia ang mga kabalisahang ito at mas ginugustong parangalan si Noe kaysa sumpain.

• 10.1 Ang tatlong anak ni Noe ang mga gagsag na kumakatawan sa tatlong grupo ng tao na bumubuo sa sangkatauhan ayon sa mga Israelita:

– Ang kanilang grupo, ang mga Semita (kabilang dito ang mga Arabo). Tinawag nilang Sem ang kanilang ninuno na ibig sabihin’y “Ang Pangalan”, na siyang nakakakilala at nag-iingat sa Pangalan o ang Presensiya ng Diyos.

sa mga tolda ni Sem! At maging alipin nila si Kanaan!”

²⁸ Nabuhay si Noe nang tatlundaa't limampung taon pagkatapos ng baha. ²⁹ Sa kabuuan, nabuhay si Noe nang siyamnaraa't limampung taon. At namatay siya.

Ang talaan ng mga bansa

10 • ¹ Ito ang naging lahi nina Sem, Kam at Yafet na mga anak ni Noe. Ito ang kani-kanilang naging mga anak pagkatapos ng baha:

² Ang mga anak na lalaki ni Yafet: Gomer, Magog, Madai, Yavan, Tubal, Mosoc at Tiras.

³ Ang mga anak na lalaki ni Gomer: Askenez, Rifat at Togorma.

⁴ Ang mga anak na lalaki ni Yavan: Elisa, Tarsis, Kittim at Dodanim.

⁵ Kumalat sila't dumami sa mga pulo ng mga bansa at sa iba't ibang rehiyon, bawat isa ayon sa sariling wika, angkan at bansa.

⁶ Ang mga anak na lalaki ni Kam: Kus, Misraim, Put, Kanaan.

⁷ Ang mga anak na lalaki ni Kus: Saba, Evila, Sabata, Regma, Sabataca. Ang mga anak na lalaki ni Regma: Saba, Dedan.

⁸ Si Kus ang ama ni Nimrod na naging unang makapangyarihang pinuno sa daigdig. ⁹ Napakahusay niyang mangangaso sa paningin ni Yawe, at dito nagmula ang kasabihang “Mahusay na mangangasong tulad ni Nimrod sa paningin ni Yawe.” ¹⁰ Nagsimula ang kanyang kaharian sa Babilonia, at sa Arac, Akad at Calane na pawang mga siyudad sa Senaar. ¹¹ Mula sa bansang iyon, nagpunta siya sa Asur at itinayo niya roon ang Ninive, Rejobot-Ir, Calaj ¹² at Rese na nasa pagitan ng Ninive at Calaj (ang Malaking Siyudad). ¹³ Si Misraim naman ang ama ng mga taga-Lud, Anam, Lehab, Naftu, ¹⁴ Patros, Casluj at Caftor na pinagmulan naman ng mga Pilisteo.

– Ang isa pang grupo, si Jafet na binubuo ng mga bayang Europeo, sila ang bubuo sa imperyo ng mga Griyego at mga Romano.

– Ang isa pang grupo'y ang mga bayan ng Africa. Ilo na ang Misraim o Ehipto, at ang Kus o Etiopia. Gayundin ang mga Kananeo na nasa Lupang Banal bago iyon sinakop ng mga Israelita. At dahil laganap noon sa mga Kananeo ang imoralidad sa sex, pinalalabas sa salaysay na kulang sa pagiging disente si Kam na ninuno ng mga ito.

Sa listahang ito ng mga ninuno, magkakahalo ang mga pangalan ng mga bayani sa mga alamat sa listahang ng mga bayan at mga lunsod bilang “mga anak” ng ganito o gayong lahi. Halimbawa: lahat ng nabanggit sa mga bersikulo 2-6 ay mga bayan at tribu, at hindi mga tao.

¹⁵Si Kanaan ang ama ni Sidon, ang pangana-
yay, at ng mga Heteo, ¹⁶Yebuseo, Amorreo,
Gergeseo, ¹⁷Heveo, Araceo, Sineo, ¹⁸Aradio,
Samareo, Amateo. At kumalat ang mga lipi ng
mga Kananeo. ¹⁹At umabot ang hangganan ng
Kanaan mula Sidon hanggang Gaza papuntang
Gerar, at patungong Sodom, Gomorra, Adma at
Seboim hanggang Lesa. ²⁰Ito ang mga anak na
lalaki ni Kam ayon sa kanilang lipi at wika sa
kanilang mga lupain at bansa.

²¹Nagkaroon din ng mga anak si Sem na
kuya ni Yafet at ninuno ng lahat ng anak ni Heber
at ng mga Hebreo.

²²Ang mga anak na lalaki ni Sem: Elam,
Asur, Arfaxad, Lud at Aram.

²³Ang mga anak na lalaki ni Aram: Uz, Yul,
Gueter at Mas.

²⁴Si Arfaxad ang ama ni Selaj, at si Selaj ang
ama ni Heber. ²⁵Nagkaroon ng dalawang anak
na lalaki si Heber: pinangalanang Peleg ang una
sapagkat sa kanyang kapanahunan pinagparte-
parte ang lupa, at pinangalanang namang Yectan
ang kanyang kapatid.

²⁶Si Yectan ang ama nina Elmodad, Salef,
Asarmot, Yare, ²⁷Aduram, Uzal, Decla, ²⁸Ebal,
Abimael, Saba, ²⁹Ofir, Evila at Hobob. Mga anak
silang lahat ni Yectan. ³⁰Saklaw nila ang lupaing
mula sa Mesa hanggang Sefar, ang kabundukan
sa silangan.

³¹Ito ang mga lipi at mga wika ng mga anak
na lalaki ni Sem sa kanilang mga lupain at mga
bansa.

³²Ito ang mga lahi ng mga angkan ng mga
anak na lalaki ni Noe. Sa mga ito nagsimula ang
pagkalat ng mga bansa sa daigdig, pagkatapos
ng baha.

Ang tore ng Babel

11 ¹Ang buong daigdig ay may isang
wika at isang paraan ng pagsasa-
lita. ²Galing sa silangan ang mga tao at
nakatagpo sila ng isang kapatagan sa
lupain ng Sinear at doon nanirahan.

³At sinabi nila sa isa't isa: "Gumawa
tayo ng mga tisa at lutuin sa apoy." Tisa
ang ginagamit nilang pinakabato at alki-
tran naman ang semento. ⁴Sinabi rin nila:
"Halikayo, magtayo tayo ng isang siyu-
dad para sa atin, at ng isang toreng abot
hanggang langit ang tuktok upang tuman-
yag tayo at hindi kakalat-kalat sa balat ng
lupa!"

⁵Bumaba si Yawe upang tingnan ang
siyudad at ang toreng itinatayo ng mga
tao. ⁶At sinabi ni Yawe: "Iisang bayan
lamang silang may iisang wika. Simula
lamang ito, at ngayo'y nagagawa nila ang
anumang planuhin nila. ⁷Halikayo, ma-
naog tayo at guluhin ang kanilang wika
upang hindi sila magkaunawaan."

• **11.1** Madaling maipakikita na inuulit lamang ng
salaysay na ito tungkol sa Tore ng Babel ang ilang
bahagi ng mga alamat tungkol sa Babel o Babilonia na
pinakatanyag na kabisera nang panahong iyon, na may
mga tising gusali at kakaibang mga tore na parang di-
tapos. Sa 11:7, pinanatili ng manunulat ng Biblia ang
isang malabong ekspresyon mula sa mga panganon
alamat na ito: kung saan natakot ang mga diyos sa
kapaluan ng mga taong nagbabanta sa kanila hang-
gang sa mga bahay nila sa langit.

Maliwanag na kinokodena ng istoryang ng
mga tunay na krimeng ginagawa sa lahat ng panahon,
ngunit tulad ng Baha, paghahambing lamang ito o
isang talinhaga at hindi tunay na pangyayari.

Ibinigay ng Diyos sa mga tao ang misyong okupahan
ang lupa at pabungahin ito. Ngunit mas ginusto ng mga
tao ang kanilang seguridad kaysa maging malikhain. At
paraan ng pagbibigay-kasiyahan sa kanilang kayabang
ang tingin nila sa pambansang kapangyarihan. Sa
halip na lutasin ang mga problema ng kawalang-
katarungan at di-pagkakaunawaan na nasa bawat lipu-
nan, mas ginusto nilang iukol ang kanilang mga pagsisi-
kap sa mga proyektong makapagpapatanyag sa kanila.

Basta na lamang isinakripisyon ang mga lehitimong
karapatan ng milyun-milyong alipin para sa naglalaki-
hang mga proyektong ngunit nananatili pa ring di tapos
ang mga ito. Ang galit at pang-aapi ang nagbibigay-

daan sa mga pagkakahating di malulunasan para sa
salinlahing susunod o dantaong darating.

Diyos lamang ang makapagbubuklod sa atin: ang
unang pangako kay Abraham ay ang gagawing pagbu-
buklod ng Diyos sa lahat ng bansa sa supling nito (Gen
12:3). Sa pagdating naman ng Espiritu Santo sa puso
ng mga mananampalataya sa araw ng Pentekostes
(Mga Gawa 2), bibigyang-kakayahang silang magkain-
tindihan sa iisang lengguwahe ng pag-ibig. Iinisilang
ang Iglesya at binubuo ng mga taong mula sa iba't ibang
bansa at wika. Samantalang mag-isang nagtatrabaho
ang makasalanang at isang mapang-api at baog na
kulturang lalaki ang pinahalalagahan, ang nananam-
palataya nama'y payag na lumikhang kasama ng Diyos
at nagmamalasakit na mapabuti ng tao ang sarili sa
pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isa't isa at
pagkakabuklod sa iisang Espiritu (Ef 2:14-22).

Nakapukaw ng interes noon ang pagkakaiba ng mga
lengguwahe, pati ng mga kultura. Pinaniniwalaan
ngayon na nagsimulang magsalita ang tao laksa-
laksang taon na ang nakalilipas; pero patuloy ang
ebolusyon ng lengguwahe, lalo na kung hindi ito
isinusulat para gawing permanente ito. Sa panahong
iyon na walang komunikasyon ang maliili na grupo ng
tao na nakakalat sa mga kontinente, ilang henerasyon
lamang ang kinakailangan para dumami nang husto
ang mga lengguwahe.

⁸ Kaya ikinalat sila ni Yawe sa daigdig at itinigil nila ang pagtatayo sa siyudad. ⁹ Ito ang dahilan kung bakit tinawag iyong Babel sapagkat doon nabulod ang mga tao dahil kay Yawe at ikinalat niya ang mga tao sa buong daigdig.

¹⁰ Ito ang mga lipi ni Sem:

Isandaang taon si Sem nang maging ama siya ni Arfaxad, dalawang taon matapos ang baha. ¹¹ Pagkapanganak kay Arfaxad, nabuhay si Sem nang limandaang taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

¹² Tatlumpu't limang taon si Arfaxad nang maging ama siya ni Shela. ¹³ Pagkapanganak kay Shela, nabuhay si Arfaxad nang apatnaraa't tatlong taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

¹⁴ Tatlumpu't tatlong taon si Shela nang maging ama siya ni Heber. ¹⁵ Pagkapanganak kay Heber, nabuhay si Shela nang apatnaraa't tatlong taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

¹⁶ Tatlumpu't apat na taon si Heber nang maging ama siya ni Peleg. ¹⁷ Pagkapanganak kay Peleg, nabuhay si Heber nang apatnaraa't tatlumpung taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

¹⁸ Tatlumpung taon si Peleg nang maging ama siya ni Reu. ¹⁹ Pagkapanganak kay Reu, nabuhay si Peleg nang dalawandaa't siyam na taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

²⁰ Tatlumpu't dalawang taon si Reu nang

maging ama siya ni Serug. ²¹ Pagkapanganak kay Serug, nabuhay si Reu nang dalawandaa't pitong taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.


²² Tatlumpung taong gulang si Serug nang maging ama siya ni Nahor. ²³ Pagkapanganak kay Nahor, nabuhay si Serug nang dalawandaang taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

²⁴ Dalawampu't siyam na taon si Nahor nang maging ama siya ni Tera. ²⁵ Pagkapanganak kay Tera, nabuhay si Nahor nang isandaa't labinsiyam na taon at nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki at babae.

²⁶ Pitumpung taong gulang si Tera nang maging ama siya nina Abram, Nahor at Haran. ²⁷ Ito naman ang lipi ni Tera, si Terang ama nina Abram, Nahor at Haran.

Si Haran ang ama ni Lot. ²⁸ Unang namatay si Haran kaysa kanyang amang si Tera, sa sariling bayan ng Ur sa Kaldea. ²⁹ Nag-asawa kapwa sina Abram at Nahor. Si Saray ang naging asawa ni Abram. Si Milca naman na anak ni Haran ang naging asawa ni Nahor. Si Haran ang ama nina Milca at Yisca. ³⁰ Pero baog si Saray at hindi magkaanak.

³¹ Kasamang umalis ni Tera sa Ur ng Kaldea ang kanyang anak na si Abram, ang kanyang apog si Lot na anak ni Haran at ang manugang na maybahay ni Abram. At nagpunta sila sa lupain ng Kanaan. Ngunit sa Haran sila nanirahan pagdating nila roon. ³² Nabuhay si Tera nang dalawandaa't limang taon, at sa Haran siya namatay.



Ang daang tinandaan ng mga palaso ay ang dinaanan ni Abraham paglaisan niya sa Ur sa Caldea pa-Ehipto.

• 26. Si Tera ang ama ni Abraham. Ano ang alam ng mga Israelita sa kanilang amang si Abraham?

Dapat nating maunawaan na ang istorya ni Abraham ay di tunay na nangyari sa kasaysayan sa lahat ng nasasaad dito. Para itong isang aklat ng pananampalataya kung saan inilalahad sa atin ang mga yugto at mga karaniwang pagsubok na dinaranas ng bawat mananampalataya sa kanyang buhay. Makikita natin ito na ginagampanan ni Abraham.

Humigit-kumulang, may kung anong pinaniniwalaan tayong lahat. Nagbibigay-kapanatagan ito sa atin pero malimit ay hindi natin ito pinangangatwanaan. Kaya naman sinasabi ng mga ateo na opyum ang relihiyon. Ngunit ang pananampalataya ayon sa Biblia ay nasa paniniwala sa Kanya na tumatawag sa atin para pumasok sa isang kasaysayan, sa isang patuloy na pagsulong. At ang ganitong pananampalataya mismo ang makikita kay Abraham.

Ang Tatlong Sabi ng Diyos

Sa unang kabanata ng Genesis, *sinabi ng Diyos*, at nagkaroon ng Paglikha.

Muli sa kabanata 9, *sinabi ng Diyos*, at nagkaloob iyon ng kanyang pagpapala sa sangkatauhan.

Sa kabanata 12, *sinabi ng Diyos* sa ikatlong pagkakataon, at iyon naman ang simula ng bayan ng Diyos.

Iba't ibang hakbangin sa Biblia ang mga ito dahil ang pagbubunyag ng Diyos sa kanyang bayan ang nilalaman ng kabuuan ng banal na Aklat. Mula sa bahaging ito, anumang mababasa nati'y may kinalaman sa sangkatauhan: kung ano ang sinabi at ginawa ng Diyos sa kanyang bayan.

Sa lubos na pagpasok natin sa diwa ng Biblia, madiskubre natin na iisang kabuuan lamang pala at talagang magkakaugnay ang paggawa, paglikha at pagpapala ng Diyos sa sangkatauhan at sa kanyang bayan. Ngunit lubos nating intindiin ang kahulugan ng tatlong hakbanging ito na namumutawi sa bibig ng Diyos pagkat kung hindi'y sasapit ang panahon na hindi na natin matatanggap ang patotoo ng Biblia at mawawalang-kabuluhan din sa atin maging si Jesus. Sapagkat taliwas sa ilang pag-aakala ng ating panahon ang tatlong "sinabing" ito ng Diyos.

"Sinabi ng Diyos" at nilikha ng kanyang salita ang sanlibutan at mga batas-kalikasan nito. Inilalahad ng Biblia na di nagbabago ang mga batas na ito. Idadagdag din nito na paglilingkod sa Diyos ang layunin ng sanlibutan at sumusunod ito sa salita ng Diyos. Masasabing hinahayaan ng Diyos na tumakbo ang mundo sa ganang sarili nito: hindi nga laging nasa manibela ang Diyos. Ngunit malayo pa sa pagbubunyag ng Biblia kung sasabihin nating inayos na ng Diyos ang lahat sa simula at hindi na niya pinapangyayari ang sarili sa mga batas na ito, ayon sa kanyang kagustuhan, o kung mangyari ma'y nagkataon lamang (ayon sa ating palagay). Sa ikapitong araw, sinasabing nagpahinga ang Diyos sa kanyang paggawa (Gen 2:4) pero totoo rin ang kabaligtaran nito: "kumikilos pa rin ang Ama" (Jn 5:17). Pagpapakilala ng Diyos ang kanyang mga gawa, at sa Diyos patuloy na nabubuhay at umiiral ang sangnilikha. Anino lamang ng mas mataas na katarungang nasa Diyos ang mga batas ng kalikasan ngunit higit pa sa mga batas na pangmateryal na bagay ang ating matatagpuan sa kalikasan, mula sa yaman at ganda nito. Salamin ng kalayaan ng Diyos sa paglikha na kailanma'y di maigagapos ang patuloy na pagkamalikhain ng kalikasan na isa sa mga mahiwaga nitong kakayahan.

Sapat na ito para magtaka ang lahat ng nagpapalagay na may mga di-mababaling katotohanan gaya ng sumusunod: *ang mga batas ay hindi mababago at walang umiiral bukod sa puwedeng sukatin*. Hindi nga magkakaroon ng siyentipikong pananaliksik kung wala ang ganitong mga teoriya pero hindi naman ito nangangahulugan na ito na ang buong katotohanan ng mundo, o kaya'y ito ang pinakapuso ng lahat. Ngunit ang pag-aakalang ito ang siyang hadlang para matanggap ng maraming Kristiyano na gumagawa pa rin ang Diyos sa likas na kaayusan ng mundo. Sa Ebanghelyo, una nilang tinatanggihan ang pagpaparami ng tinapay, ang pagkabirhen ni Maria, ang pagbabagong-anyo... o kaya nama'y babaligtarin nila ang talagang sinasabi ng mga teksto. Tinatanggihan nila ang anumang patotoo sa kasalukuyan ng mga dumanas ng parehong paggawa ng Diyos sa kanilang buhay. Tatanggihan din nila ang anumang deretsahang paggawa ng Diyos sa ating sarili, at bunga nito'y sasabihin din nilang walang saysay ang panalangin. Maraming aklat at talakayan ang bunga ng pangangatwirang ito pero wala naman talagang ibinubunga sa bandang huli. Hindi ito makapaghahatid ng pananam-palataya ni tuwa sa sinuman.

Makabuluhan din ang "sabi ng Diyos" sa istorya ni Noe. Sa pakikipagtipan sa lahat ng bansa at relihiyon sinisimulan ng Diyos ang panahon pagkatapos ng baha dahil mga anak ni Noe ang

lahat. Pag-aalok ng daan ng kaligtasan ang pagpapala sa kanila ng Diyos sa marami at iba't iba nilang kultura at relihiyon (Gawa 17:27).

Sa paghahanap nila ng karunungan sa mga salita ng kanilang mga sagradong aklat, sa sandaling malahad ang Salita o Karunungan ng Diyos, ipinagpapatuloy lamang nito ang gawang paglikha: sa pamamagitan nito isinaayos ng Diyos ang mga yugto ng paglikha (Heb 1:2). Kayat ipagpapatuloy ng takbo ng kasaysayan ang plano ng Diyos na Maylalang, at lagi namang mauugnay ang mga relihiyon sa pagkadiskubre sa Diyos o sa "makadiyos" sa kalikasan (Rom 1:20; Gawa 17:27).

Ano pa ang ating kailangan? Di ba't nasa sangkatauhan na ang lahat ng kailangan nito para makumpleto ang paglikha at marating ang hantungan nito? Ngunit paglimot ito na "mga anak pa rin ni Adan ang mga anak ni Noe." Mula sa ating mga pangarap, ginigising tayo ng mga kaguluhan sa ating daigdig at iminumulat sa isang katotohanang hindi maganda.

Ngunit huwag ang mga kabiguan at limitasyon ng karunungan ng tao ang pagtuunan natin ng pansin dahil sa ibang lugar matatagpuan ang tunay na mahalaga. Sa paglikha ipinakilala ng Diyos ang sarili. Ibigay man ng Diyos ang yaman ng sanlibutan sa sangkatauhang naging parang mas makatwiran, hindi pa rin makikita ang talagang ekstraordinaryo sa Diyos: ang nag-aapoy at malabis na pagmamahal ng Diyos na tanging siya lamang ang makauunawa. At hindi makagagawa ang Diyos nang labas sa lahat ng paraan ng pagpapakita ng kagandahang-loob na karaniwan nating tinatawag na Kalinga nang hindi sinisira ang kaayusan ng waring napakaligayang daigdig. Hindi pa rin akma sa kabanalan ng Diyos ang ganitong relasyon ng Diyos sa kanyang gawa. Kayat may mga tao at mga grupong tinatawag ang Diyos na makibahagi sa kanya sa isang bukod-tanging kasaysayan. Maglalakbay sila sa mga bago at di pa natatahak na landas na kalimita'y taliwas sa karaniwang karanasan. Ang pagtawag kay Abraham ang unang pagpasanga ng daan.

Ang ikatlong "sabi ng Diyos" ang tanda ng simula ng bayan ng Diyos, na naiiba sa lahat ng mga bayan. Ang pagkakaibang ito o pagkakaroon ng mga hinirang at mga hindi ang naghahatid ng malaking pagkabalagabag ng kamalayan ng maraming Kristiyano (basahin ang paliwanag sa p. 710). Bakit may ganitong pagkakaiba? Sigurado ba nating hindi lamang isa pang relihiyon ang pagbubunyag ng Biblia? Maaaring matukso tayong itakwil ang ating yaman bunga ng huwad na pagpapakumbaba: ba't mapapasaakin ang katotohanan higit sa iba? Muli nating kailangan sa bahaging ito ang manampalataya. Ngayon natin dapat tanggapin o tanggihan ang Diyos ng Biblia, ang Diyos na "pagtatangi at katapatan." Tinatawag ng Diyos ang sinumang mapusuan niya at ibinibigay sa kanya ang di niya ibinibigay sa iba. Nagbibigay ang Diyos ng higit upang makapamunga tayo nang higit at makinabang dito ang lahat pero tiyak na ang gusto ng Diyos ang kanyang ibinibigay. Hindi man natin aminin, kalimita'y itinuturing nating isang di-makatarungang boss ang Diyos sa harap ng lahat niyang trabahador at hindi pantay-pantay ang pagtrato niya sa kanila. Napakalayo nito sa katotohanan. Walang mga trabahador kung walang boss. Pero kabaligtaran pag dating sa Diyos: hindi tayo mga gawa sa molde na naghihintay sa kung anong ibibigay sa atin ng Diyos. Sa halip, tayong lahat ay ginawa ng Diyos na iba't iba at galing sa wala. At sa paggawa sa atin ng Diyos kung ano tayo, inilalagay rin niya tayo sa landas na tumutugon sa ating mga pangangailangan, mga inaasam at sa ating pananabik sa kaligayahan.

Mula sa simula, kailangang tanggapin ng mga Kristiyano ang natatanging aspekto ng kanilang bokasyon: kapwa ito yaman nila at paglilingkod sa mundo. Mawawalang-saysay sa kanila kung babalikan nila ang dati nilang mga puwesto dahil wala namang may gusto sa mga ito. Tanging takot lamang ang puwedeng maging dahil nito: ang takot na mapaiba o marahil ay ang takot na sa totoo'y kawalan ng sampalataya: hindi kaya ilusyon lang ang mga dakilang pangako ng Diyos?

IKALAWANG BAHAGI NG GENESIS ANG MGA UNANG NINUNO NG BAYAN NG DIYOS

Tinawag ng Diyos si Abram

12 • ¹Sinabi ni Yawe kay Abram: “Umalis ka sa iyong bayan, sa iyong lahi, sa sambahayan ng iyong ama, at magpunta ka sa lupang ituturo ko sa iyo. ²Gagawin kitang isang malaking bayan. Pagpapalain kita at gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at magiging pagpapala ka sa iba. ³Pagpapalain ko ang magpapala sa iyo, at susumpain ko ang sinumang susumpa sa iyo. At sa pama-

• **12.1** Madaling makikita sa mapa ang arkong binubuo ng matatabang lambak ng Mesopotamia at ng mga kapatagan ng Kanaan. Sa loob ng arkong ito’y may mga talampas at mga disyerto na nilalabay ng tribung nomad na salat sa pagkain at laging naghahanap ng pastulan para sa kanilang mga tupa at mga asno.

Kinainggitan ng mga nomad na ito ang natatanaw nilang mga tagabukid at mga tagasiyudad sa kapatagan. Kung minsa’y tinatangka nilang agawin ang lupain ng mga ito ngunit karaniwa’y sa negosyo sila naghaharap o kung kinakailangan ang kanilang serbisyo.

Kabilang ang mga nomad na ito sa lahi ng mga Amorroo, at isa sa kanila si Abraham. Lumipat sa Haran si Abraham at ang kanyang pamilya pati na ang kanyang mga kawan mula sa Ur (11:31), at doon sila nanirahan.

Matanda na si Abraham: *Pitumpu’t limang taong gulang si Abram* (b. 4), at maraming grupo sa paligid niya ang nagpatimog sa paghanap ng mas matabang lupa. Pero bakit siya susunod sa kanila? Lipas na ang panahon niya, at ang masama pa nito’y wala siyang mga anak. Masisimulan bang muli ng taong ito ang kanyang buhay?

Ngunit tinatawag siya ng Diyos: “Lumakad ka, pati ikaw, pagkat may naghihintay sa iyo.” At umalis nga si Abraham, gaya ng maraming kababayan nating nangingibang-bayan ngayon, na napipiliang lisanin ang sariling bayan para maghanapbuhay, hindi alam kung saan pupunta at kung ano ang mangyayari sa kanilang buhay. Ang tanging alam ni Abraham ay ito ang hinihingi sa kanya ng Diyos para maibigay sa kanya ang matagal na niyang pinakamimithi sa buong buhay niya.

Magpunta ka sa lupang ituturo ko sa iyo. Pinangkaan ng Diyos si Abraham ng lupa at mga anak, at tinanggap ni Abraham ang pangakong ito. Kahit na matanda na siya, may pag-asa pa rin sa kanyang puso para sa imposible at ang pagiging bukas-loob niyang ito o ang kakayahang ito para mabago, ang nakalugod sa Diyos nang higit sa anumang mabuting gawa.

Sa pamamagitan mo’y pagpapalain ang lahat ng

magitan mo’y pagpapalain ang lahat ng bayan sa daigdig.

⁴Kaya umalis si Abram ayon sa sinabi ni Yawe, at sumama sa kanya si Lot.

Pitumpu’t limang taong gulang si Abram nang lisanin niya ang Haran. ⁵*Isinama ni Abram si Saray na kanyang asawa, ang pamangking si Lot, lahat ng ari-ariang naipon nila, at ang mga nakuha nilang alipin sa Haran. At umalis sila patungong Kanaan.*

bayan sa daigdig. Sa isang mundong hati, isang taong walang sariling lupa ang pinili ng Diyos para umpisahan ang Kahariang titipon sa lahat. Mula noo’y mga dukha na at mga walang pinanghahawakan sa buhay ang pipiliin ng Diyos para iligtas ang mundo. Sa kanila, at kay Abraham, ipinangako ng Diyos ang Siyudad na walang hanggan (Heb 11:8).

Gagawin kong dakila ang iyong pangalan. Sa totoo’y bale-wala si Abraham at maglalaho rin ang kanyang pangalan at di maaalaala ninuman. Ngunit ang pagtawag sa kanya ng Diyos ang magpapalitan sa kanya mula sa wala. Magsisimula siyang magkaroon ng pangalan at mabuhay sa ilalim ng kalinga ng Diyos na buhay (Mc 12:26).

ANG PANANAMPALATAYA

Nagsisimula sa pag-alis ni Abraham ang tunay na pananampalataya, ang pananampalataya ng bayan ng Diyos.

1) Isinisilang ang pananampalataya mula sa pagtawag ng Diyos. Hindi utang ninuman sa kanyang sarili ang kanyang pananampalataya at pagbabagong-loob. Hindi si Abraham ang nagkusang umalis o kaya’y umimbento ng bagong paraan ng paglilingkod sa Diyos. Ni hindi rin siya inimbita ng Diyos na puwede niyang oohan o hindian. Pautos ang tawag sa kanya ng Diyos, at ganito rin ang nangyari sa mga dakilang propeta at mga santo. Ganito sila pinalaya ng Diyos. Sapagkat dahil sa kasalanan, isinisilang at nabubuhay na parang nasa banyagang lupain ang isang mundong ginawa para bumagay sa kanila. Para mamulat sila sa kanilang bokasyon, kailangan silang tawagin ng Diyos at kailangan namang loobin nilang lumabas mula sa walang-saysay na takbo ng mga pangyayari.

2) Inilalagay tayo ng pananampalataya sa paglilingkod sa Gawa ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan. *Sa pamamagitan mo’y pagpapalain ang lahat ng bayan sa daigdig.* Maaaring sa umpisa’y inakit tayo ng

Pagdating nila sa Kanaan, ⁶nilakbay ni Abram ang lupain hanggang Sikem, sa may Sagradong Puno ng More. Nang panahong iyon, naroon pa ang mga Kananeo. ⁷Napakita si Yawe kay Abram at sinabi, "Ibibigay ko ang lupaing ito sa iyong inapo." Kaya gumawa roon si Abram ng altar kay Yawe na napakita sa kanya.

⁸Mula roon ay nagtuloy siya sa kabundukan sa silangan ng Betel at nagtayo ng kanyang tolda, sa pagitan ng Betel sa dakong kanluran at ng Hay sa dakong silangan. Doon ay nagtayo rin siya ng altar kay Yawe, at tinawag ang kanyang Pangalan. ⁹Pagkatapos ay nagpunta siya patungong Negeb.

¹⁰Nagkaroon ng taggutom sa lupain, kaya lumusong si Abram sa Ehipto para doon pansamantalang tumira, sapagkat malubha ang taggutom sa lupain. ¹¹Nang papasok na sila sa Ehipto, sinabi ni Abram sa kanyang asawang si Saray: "Alam kong ikaw ay isang napakagandang babae. ¹²Kapag nakita ka ng mga taga-Ehipto, sasabihin nila: Ito ang kanyang asawa. Pagkatapos ay papatayin nila ako, ngunit babayaan ka nilang mabuhay. ¹³Kaya sabihin mong magkapatid tayo para tratuhin nila akong mabuti, at

nang hindi nila ako patayin alang-alang sa iyo."

¹⁴Nang dumating nga si Abram sa Ehipto, nakita ng mga Ehipsiyo na ang babae'y napakaganda. ¹⁵Nakita ng mga opisyal ni Paraon ang babae at pinuri ito sa harap ni Paraon. Kaya dinala ang babae sa palasyo ni Paraon, ¹⁶at dahil sa kanya ay naging mabuti rin ang pakikitungo nila kay Abram: binigyan siya ng mga tupa, mga baka, mga asno, mga alipin, at mga kamelyo.

¹⁷Ngunit nilapatan ni Yawe ng malulubhang karamdaman si Paraon at ang sambahayan niya dahil kay Saray na asawa ni Abram. ¹⁸Kaya ipinatawag ni Paraon si Abram at sinabi: "Ano ang ginawa mo sa akin? Bakit mo ipinagkaila na asawa mo pala siya?" ¹⁹Bakit mo sinabing 'Kapatid ko siya,' kaya naman kinuha ko siya bilang asawa. Sige, ayan na ang asawa mo, kunin mo at umalis na kayo!" ²⁰At inutusan ni Paraon ang kanyang mga tauhan na paalisin si Abram, kasama ang asawa nito at lahat ng kanyang ari-arian.

13 ¹Umahon sa Negeb si Abram mula sa Ehipto, kasama ang kanyang asawa at lahat ng kanyang ari-arian. Sumama sa kanya si Lot. ²Mayaman na si Abram sa mga hayop, pilak at ginto. ³Naglakad siya mula sa Negeb

Diyos sa pamamagitan ng kung anong personal na pagpapala. At saka naman niya ibinabahagi sa atin ang kanyang mga plano sa pagliligtas sa daigdig. Para makasundo kay Kristo at maging bahagi ng kanyang Bayan, kailangang maniwala tayo sa mga pangakong binitiwang ng Diyos sa bayang ito: itinalaga tayo ng Diyos na maging lebadura at liwanag ng mundo.

3) Isang pakikipagsira ang hinihingi ng pananampalataya. Inoobliga tayo nitong tumingin sa hinaharap na hindi pinanghihinayangang ang anumang nawala sa init at ginhawa sa sinapupunan ng ina. Lumalaki ang tao sa paglampas niya sa mga "krisis" ng buhay: pag-alis sa kanyang pamilya, pagpasok sa trabaho, pag-aasawa... Sa pamamagitan ng pananampalataya, nagagawa nating tingnan nang may pag-asang ang mga "pakikipagsirang" ito. At inihatid din tayo na harapin ang mas masakit pang mga "pakikipagsira" na higit na nagtatagala sa atin sa paglilingkod sa Diyos. Ang pananampalataya ang dakilang pamamaraan upang marating ng tao ang paglago at pagiging mabunga.

4) Kaiba sa taong "makalupa" na nagtatayo ng kanyang buhay ayon sa panukat ng karunungan ng tao at naniniwalang alam niya kung saan siya pupunta, ang mananampalataya nama'y naghahanap ng mga palatandaan ng Diyos para makita kung saan siya gustong dalhin ng Diyos. Magpapagala-gala siya hanggang sa huling araw ng kanyang buhay sa paghahanap ng ibang katarungan at ibang kaganapang higit pa sa makatao (Mt 5:20; Lc 12:32; Heb 11:13).

Ang inapo ni Abraham: tingnan Mt 3:7; Jn 8:33; Mga Gawa 3:25; 13:26; Rom 4:13; Gal 3:8.

Abram at Abraham: Gen 17:5.

• 10. *Sabihin mong magkapatid tayo para tratuhin nila akong mabuti... alang-alang sa iyo.* Marami ang naeeskandalo sa mababang antas ng moralidad nang panahong iyon at maging kay Abraham man. Nang tawagin siya ng Diyos para maging kabiglan niya, hindi siya nagbagong bigla. Dahan-dahang mangyayari ang pagbabagong ito sa moralidad ng kanyang bayan sa loob ng maraming

hanggang Betel, sa lugar na una niyang pinagtayuan ng kanyang tolda, sa pagitan ng Betel at Hay, ⁴sa pook na ginawan niya ng altar, at doon tinawag ang Pangalan ni Yawe.

Ang paghiwalay nina Abram at Lot

⁵Si Lot na kasama ni Abram ay mayroon ding mga tupa, mga baka at mga tolda. ⁶Masikip na ang lupa sa kanila at sa napakalaki nilang kawan kaya hindi na sila makapagsasama-sama.

⁷Sumiklab ang kagalitan sa mga pastol ng mga kawan ni Abram at ni Lot. Nang panahong iyon ay doon din nakatira ang mga Kananeo at Perezeo. ⁸Sinabi ni Abram kay Lot: "Huwag tayong mag-away, ni ang ating mga pastol, sapagkat magkapatid tayo! ⁹Hindi ba't nasa harap mo ang buong lupain? Maghiwalay tayo. Kung sa kaliwa ka pupunta, pupunta naman ako sa kanan. At kung sa kanan ka pupunta, sa kaliwa naman ako.

¹⁰Iginala ni Lot ang paningin at nakita

niya ang buong kapatagan ng Jordan na sagana sa tubig, dahil bago ginunaw ni Yawe ang Sodom at Gomorra, katulad ito ng hardin ni Yawe, tulad ng lupain ng Ehipto hanggang Soar. ¹¹Pinili ni Lot para sa kanya ang buong kapatagan ng Jordan, at naglakad pasilangan.

Sa ganitong paraan, naghiwalay silang dalawa. ¹²Nanirahan si Abram sa lupain ng Kanaan samantalang si Lot ay namuhay sa mga siyudad sa kapatagan at dinala ang kanyang tolda sa Sodom. ¹³Nang mga panahong iyon, napakasama ng mga taga-Sodom at nagkakasala silang lubha kay Yawe.

¹⁴Sinabi ni Yawe kay Abram pagkapos humiwalay sa kanya si Lot: "Tumingnala ka at mula sa iyong kinaroroona'y igala ang iyong tingin sa hilaga, sa timog, sa silangan at sa kanluran.

¹⁵Ibibigay ko sa iyo at sa iyong mga inapo magpakailanman ang buong lupaina ng iyong nakikita mo. ¹⁶Gagawin kong

dantaon: matiyaga ang Diyos. May panahon ang sinasabi ng mga kuwento. Pinangkakuan ng Diyos si Abraham ng lupa. Hindi niya alam kung saan o paano ito ibibigay: hindi nagbibigay ng maraming paliwanag ang Diyos. Ang una niyang naisip ay pumunta at tumingin sa direksiyon ng Ehipto, isang mayamang lupain na may mga tubigang lambak na ibang-iba sa mga tuyot na burol ng Palestina. Doon niya ibinigay pati ang kanyang asawa kay Paraon para iligtas ang kanyang buhay. Pero ang pagbibigay ng kanyang asawa ay parang paggawa ng tipan sa Paraon, sa Ehipto — at sa mga susunod na panahon malalaman ng mga Israellita sa kanilang kapinsalaan na hindi maganda ang takbo ng mga pangyayari pag sa Ehipto sila umaasa sa halip na sa kanilang tipan sa Diyos.

Bukod dito, si Sara ang kanyang asawang tunay, ang "malayang babae" na magsisilang sa tagapagmana ni Abraham ayon sa plano ng Diyos. Sa kagustuhan niyang kumilos sa sarili niyang pasya sa halip na maghintay sa oras ng Diyos, muntik nang mawala kay Abraham ang lahat. Hindi sa lupain ng mayayaman darating ang mga biyaya ng Diyos kay Abraham: para sa kanyang mga inapo, ang Ehipto ay lupain lamang ng pagkaalipin ng mga tao.

• **13.5** Nagkaroon ng alitan ang mga lingkod ni Abraham at ni Lot. Higit na pinahalalagahan ni

Abraham ang kapayapaan kaysa personal na kapakanan niya kaya si Lot ang pinapili niya ng lupa nito.

Kung sa kaliwa ka pupunta, pupunta naman ako sa kanan. May mga kutob na si Abraham sa pananampalataya. Hindi pa niya alam na ang lupang pipiliin niya ay isa lamang larawan ng mahiwagang lupa na siyang kaharian ng Diyos sa atin. Subalit sa halip na siya ang pumili, si Lot ang una niyang pinapili. Hindi niya namamalayan ngunit ginagawa niya ito dahil sa pag-ibig. Hindi niya hinahangad ngunit natagpuan niya ang tunay na lupa, na walang iba kundi ang puso ng tao, kung saan nagkakatotoo ang Kaharian ng Diyos. Sa panlabas ay mas mainam ang napili ni Lot pero sa totoo'y siya ang nawalan nito.

Ibibigay ko sa iyo ang buong lupaina ng iyong nakikita mo. Ito ang lupain ng Kanaan na ngayo'y tinatawag na Palestina. Ito ang "lupang dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan" (Bilg 13:27), o lupang pinagpala para maging mabunga. Pero wala pa sa pag-aari ni Abraham ang lupang iyon; ipinangangako lamang sa kanya ng Diyos na magiging kanya ang lupain. Nang panahong iyon, mga Kananeo pa ang naroon.

Mahalagang makita kung bakit sa loob ng mga dantaon ay hinubog ng Diyos ang mga tao sa pangako ng isang lupaina kailangan nilang sakupin. Dahil hindi madidiskubre ng tao ang kanyang dignidad bilang anak ng Diyos kung wala siyang kongkretong inaasahan tulad ng lupa at bahay. Hindi mapauunlad ng tao ang kanyang pagkatao kung wala siyang pagmamalalaksakit at ipagtatanggol, at kanyang ipaglalaban.

sindami ng alikabok sa daigdig ang iyong mga inapo; kayat kung mabilalang ang alikabok, mabilalang din ang iyong mga inapo. ¹⁷ Tumindig ka, at lakarin mo ang haba at luwang ng lupain sapagkat ibinigay ko ito sa iyo.”

¹⁸ At inilipat ni Abram ang kanyang mga tolda at tumira sa tabi ng Puno ng Mambre sa Hebron. Doon siya nagtayo ng alat kay Yawe.

14 ¹ Nang panahong iyon, sina Haring Amrafel ng Senaar, Haring Ariok ng Ponto, Haring Codorlamor ng Elam, at Haring Tadal ng mga Bansa – ² ay nakipagdigma laban kina Bara, ang hari ng Sodom; Bersa, hari ng Gomorra; Sineab, hari ng Adama; Semeber, hari ng Seboim; at sa hari ng Bela o Soar. ³ Pinaganib ng lahat ng mga haring ito ang kanilang puwersa sa lambak ng Sidim, na ngayon ay Dagat ng Asin. ⁴ Labindalawang taon silang naglingkod kay Codorlamor, ngunit naghimagsik sila sa ikalabintanglong taon.

⁵ Sa ikalabing-apat na taon, dumating si Codorlamor at ang mga haring kakampi niya at nilupig ang mga Rapaíta sa Astarot-Carnaim, ang mga Zuzita sa Ham, ang mga Emita sa Save-Cariatim, ⁶ at ang mga Horeo sa kabundukan ng Seir hanggang sa El Paran, malapit sa disyerto.

⁷ Pagkatapos ay bumalik sila at nagtungo sa Bukal ng Paghuhukom, iyon ay ang Kades, at sinakop ang buong lupain ng Amalekita, at ng mga Amorreo na naninirahan sa Asasantamar.

⁸ Nagtipon ang mga hari ng Sodom, Go-

morra, Adama, Seboim, at Bela o Soar, at pumusyoson sa lambak ng Sidim ⁹ laban kina Codorlamor, hari ng Elam; Tadal, hari ng mga Bansa; Amrafel, hari ng Sanaar; at Ariok, hari ng Ponto: apat na hari laban sa lima.

¹⁰ Noo’y maraming balon ng alkitran sa lambak ng Sidim, kaya sa pagtakas ng mga hari ng Sodom at Gomorra, nahulog sa balon ang ilan sa mga tauhan nila, at ang iba’y nagtago sa kabundukan. ¹¹ Kinamkam ng apat na hari ang lahat ng ari-arian ng Sodom at Gomorra, pati ang lahat ng kanilang pagkain, at saka umalis. ¹² Binihag din nila si Lot, ang pamangkin ni Abram, na naninirahan sa Sodom, at kinuha ang mga ari-arian nito.

¹³ May isang nakatakas na pumunta kay Abram na Hebreo, at ibinalita ang nangyari. Nakatira ito sa malapit sa mga malalaking puno ni Mambreng Amorreo na kapatid nina Eskol at Aner: mga kakampi ni Abram.

Sina Abraham at Melkisedek

¹⁴ Nang mabalitaan ni Abram na nabihag ang kanyang kamag-anak, pumili siya ng tatlunda’t labingwalong tauhan niya, at hinabol nila ang mga ito hanggang Dan. ¹⁵ Hinati niya ang kanyang hukbo at sumalakay kinagabihan, tinalo niya at hinabol ang mga iyon hanggang Hobá, sa hilaga ng Damasco. ¹⁶ Nabawi niya ang lahat ng ari-arian, ang kanyang kamag-anak na si Lot, at ang mga ari-arian nito, kasama ang mga kababaihan at iba pang mga tao.

¹⁷ Sa pagbalik ni Abram, pagkatapos

• **14.14** Saan naman galing ang alamat na nababasa natin sa kabanatang ito at saka na lamang isinigintig sa kasaysayan ni Abraham? Mula kaya ito sa kasugutuhang dagdagan ang kanyang kadakilaan sa pagkasabing magaling din siya sa pakikipagdigma?

Gayunman, gusto ng Diyos na may-akda ng Biblia na maglamang ng dalawang aral ang salaysay na ito na parang walang halaga:

Pari ng Kataas-taasang Diyos si Melkisedek. Hindi niya tinanggap ang salita ng Diyos tulad ni Abraham. Subalit sa kanyang karanasa y kilala niya ang tumawag kay Abraham at nakilala rin niya si Abraham. Hinding-hindi nananatiling magkakahiwalay ang mga taong tinatawag ng Diyos kundi lagi nilang nakakakilala ang iba pang kaibigan ng Diyos. Binayaran ni Abraham ang *ikapu*, ngunit umalis siyang mas mayaman sa tuwa dahil narinig niya mula sa bibig ng dayuhang ito ang mga salitang nagpapatotoo sa pagpapala ng Diyos (tingnan Lc 1:39).

‘Hindi ako kukuha ng anumang sa iyo.’ Walang kukunin si Abraham sa mga nakatira sa Kanaan kundi ang pagpapala lamang na ibinigay ni Melkisedek sa kanya na, ayon sa kuwento, ay hari ng Salem, ang Jerusalem ng hinaharap, ang banal na lungsod.

Nagdala ng tinapay at alak si Melkisedek. Nakapagtata kang tao si Melkisedek! Sa bayang Israel, ang mga hari ay hindi pari, at hindi rin nag-aalay ng tinapay at alak bilang handog. Ngunit nakikita ng Salmó 110 at ng Sulat sa mga Hebreo (5:6 at kab. 7) sa taong ito ang larawan ni Kristong Tanging Pari. Sa kabila ng kadakilaan ni Abraham, ang pagdating lamang ng magkakamit ng pagpapalang ipinangako ng Diyos sa lahat ng bansa ang kanyang pinaghandaan. Ipinahiwatig lamang dito ang pagkapari at pagkahari ni Kristo na nagkokonsagra sa tinapay at alak.

• **15.1** *Yaweng Panginoon ko... Mamamatay akong walang anak.* Pagsapit sa kung anong edad, nag-aalala ang tao kung ano ang maiiwan sa kanyang

magapi si Codorlamor at ang mga haring kakampi nito, lumabas ang hari ng Sodom upang salubungin siya sa lambak ng Save (na ngayo'y Lambak ng mga Hari).

¹⁸Pagkatapos ay nagdala ng tinapay at alak si Melkisedek, ang hari ng Salem at pari ng Kataas-taasang Diyos. ¹⁹Pinagpala niya si Abram sa pagasabing, "Pagpalain si Abram ng Kataas-taasang Diyos, Maylalang ng langit at lupa!" ²⁰At dakilain ang Kataas-taasang Diyos sa-pagkat inilagay niya sa iyong mga kamay ang mga kaaway mo." At ibinigay sa kanya ni Abram ang ikasampung bahagi ng lahat.

²¹Sinabi ng hari ng Sodom kay Abram: "Ibigay mo sa akin ang mga tao at iyo na ang lahat mong nasamsam." ²²Sinabi ni Abram sa hari ng Sodom: "Itinaas ko ang aking kamay kay Yawe, ang Kataas-taasang Diyos, Maylalang ng langit at lupa, at isinumpa kong ²³hindi ako kukuha ni isang hibla man ng sinulid o tali ng sandalya o anumang bagay sa iyo. Sa gayon ay hindi mo masasabing 'Dahil sa

buhay: sa kanyang pag-aasawa, mga anak, mga taon ng trabaho. Sa mismong sandaling ito pinatutunayan ni Abraham ang kanyang pananampalataya sa pamilya sa mga pangakong parang malayong mangyari. Ang pakikipagtang ng Diyos ang simula ng kanilang pakikipagkaibigan sa isa't isa.

Kinilala siya ni Yawe na matuwid. Hindi dahil napakabuti mong tao, o dahil marami kang naitulong sa iyong kapwa o dahil naglingkod ka sa akin nang maraming taon... kundi dahil sinabi ko sa iyo: "Huwag kang matakot" at inilagay mo sa aking mga kamay ang lahat mong pangamba.

Nang araw na iyon, nakipagtang si Yawe kay Abram (18). Sa buong Biblia marami ang nasusulat tungkol sa *Pagtitiang*. Ngunit ano ang kahulugan ng pakikipagtang ito ng Diyos sa mga tao?

Mahal ng Diyos ang lahat ng tao at gusto niyang iligtas ang lahat kahit na hindi nila siya kilala. Pero gusto rin niyang ihatid ang sangkatauhan sa paglago at pagiging mabunga nito. At para magkatotoo ito, kailangang kahit na isang maliit na grupo ng mga tao sa mundo ang personal na makatagpo ang Diyos dahil ang pagtatagpong ito ang simula ng napakahalagang mga karanasan.

Sa buong kasaysayan, ganito tinatawag ng Diyos ang mga taong kanyang pinili ayon sa kanyang plano at walang hanggang predestinasyon. Sa pakikipag-

akin kaya yumaman si Abram'. ²⁴Wala akong tatanggapin kahit ano, liban sa kinain ng mga tauhan ko, at sa kaparte ng mga kasama ko – sina Aner, Eškol at Mambre – ipaubaya mo sa kanila ang kaparte nila.

Pakikipagtang ng Diyos kay Abraham

15 • ¹Isang salita ni Yawe ang dumating kay Abram sa pangitain: "Huwag kang matakot, Abram. Ako ang iyong kalasag; kay laki ng magiging gan-timpala mo!" ²Sinabi ni Abram: "Yaweng Panginoon ko, ano ang maibibigay mo sa akin? Mamamatay akong walang anak, kaya mapupunta lamang kay Eliezer ng Damasco ang lahat ng aking ari-arian. ³Hindi mo ako binigyan ng anak, kaya isa sa mga alipin ko ang aking magiging tagapagmana." ⁴At sa mga sandaling iyon, isang salita ni Yawe ang muling dumating kay Abram: "Hindi si Eliezer ang magiging tagapagmana mo, kundi ang isang anak na lalaki na isisilang mula sa iyo." ⁵Kaya inilabas siya ni Yawe at sinabi sa kanya: "Tumingala ka sa langit,

kasunduan o *pakikipagtang* sa kanila, binibigyan niya sila ng pagkakataong pumasok sa buhay ng katapatan. Makikilala nila ang Diyos bilang isang buhay na persona at pakikitunguhan siya bilang gayon nga.

Kaya sa simula ng kanyang gawang pagliligtas sa kasaysayan ng tao, gusto ng Diyos na ibahagi kahit sa isang tao man lamang ang kanyang lihim at maabot nito ang taas ng kanyang mga plano: *Naniwala si Abram kay Yawe.*

Sa pamamagitan ng gayong pananampalataya, nananahan sa puso at isipan ng sumampalataya ang walang-hanggang kalooban ng Diyos at mas mahalaga ito kaysa isang tambak na mabubuting gawa. Mula noo'y pagbubuklurin ng mahiwagang pagkososyo si Abraham at ang Diyos magpakailanman: ito ang *Pagtitiang*.

Nakipagtang ang Diyos kay Abraham ayon sa mga kaugalian ng panahong iyon. Kapag pinagtitiang ng mga tao ang isang kasunduan, kapwa sila lumalagak sa pagitan ng magkabitang na hating hayop na inihandog (tingnan Jer 34:18). Tinutapad ni Abraham ang sere-monyang ito at sa parte naman ng Diyos, isang apoy ang dumaraan, na kumatawan sa kanya. Ang Diyos ang siyang nagtatalaga ng sarili at nangangako.

Ingagawa tayong kaibigan ng Diyos ng pananampalataya: Hab 2:4; Rom 4:2; Gal 3:6; Heb 11:11.

at bilangin ang mga bituin kung kaya mo. Ganyan din ang magiging mga inapo mo.”

⁶Naniwala si Abram kay Yawe at dahil dito kinilala siya ni Yawe na matuwid.

⁷At sinabi pa sa kanya: “Ako si Yawe na naglabas sa iyo mula sa Ur ng Kaldea upang ibigay sa iyo ang lupaing ito bilang ari-arian mo.”

⁸Pagkatapos ay nagtanong si Abram: “Panginoon ko, paano ko malalaman na ito nga ay magiging akin?” ⁹Sumagot si Yawe: “Dalhan mo ako ng tig-isang tatlong-taong-gulang na dumalagang baka at kambing at tupa, ng kalapati at batubato.”

¹⁰Dinala ni Abram sa kanya ang lahat ng mga hayop at biniyak sa gitna ang mga iyon, at inilagay na magkakarap ang bawat magkabayak na hiwa. Ngunit hindi niya hiniwa ang mga ibon. ¹¹Umali-aligid ang mga buwitre sa mga karne, ngunit binugaw ni Abram ang mga iyon.

¹²Samantalang palubog ang araw, nakatulong nang mahimbing si Abram, at nilukuban siya ng isang nakatatok na kadiliman.

¹³Pagkatapos ay sinabi ni Yawe kay Abram: “Alamin mong mandarayuhan ang iyong mga inapo sa bayan ng mga aalipin at hahamak sa kanila sa loob ng apatnaraang taon. ¹⁴Ngunit parurusahan ko ang bansang aalipin sa kanila, at pagkatapos niyon ay aalis silang may dalang maraming kayamanan. ¹⁵At ikaw naman, mapayapa mong makakapiling ang iyong mga ninuno at ililibing na matanda na. ¹⁶Ang iyong mga inapo sa ikapat na salinlahi ang babalik dito, sapagkat hindi pa umaabot sa sukdulan

ang kasamaan ng mga Amorreo upang palayasin ko sila sa lupain.”

¹⁷Pagkalubog ng araw at laganap na ang karimlan, may lumitaw na kalang umuusok at naglalagablab na sulo, at dumaan sa pagitan ng hinatag mga hayop. ¹⁸Nang araw na iyon, nakipagtipan si Yawe kay Abram at sinabi: “Ibibigay ko sa iyong lahi ang lupaing ito, mula sa ilog ng Ehipto hanggang sa Malaking Ilog, ang Eufrates.

¹⁹Ang lupain ng mga Sineo, Sineseo, Edumeo, ²⁰Heteo, Perezeo, Rapaita, ²¹Amorreo, Kananeo, Gergeseo at Yebuseo.”

Ang pagsilang ni Ismael

16 ¹Hindi pa nagkakaanak kay Abram si Saray na asawa niya, ngunit mayroon itong aliping taga-Ehipto na nagngangalang Agar. ²Kay sinabi ni Saray kay Abram: “Dahil ginawa akong baog ni Yawe, makipagtalik ka sa aking alipin at baka magkaroon ako ng anak sa pamamagitan niya.” Sumang-ayon si Abram sa sinabi ni Saray.

³Sampung taon na sa Kanaan si Abram, at noon kinuha ni Saray ang kanyang aliping si Agar na taga-Ehipto at ibinigay sa kanyang asawang si Abram bilang maybahay nito. ⁴Nakipagtalik si Abram kay Agar at nabuntis ito.

Nang malaman ni Agar na buntis siya, sinimulan niyang hamakin si Saray. ⁵Kaya sinabi ni Saray kay Abram: “Ikaw ang dahilan ng paghamak na ito sa akin! Ibinigay ko sa iyo ang aking alipin at nayong nakita niyang buntis siya, hinahamak na niya ako. Alam ni Yawe na ikaw ang may gawa nito.”

• **16.1** Nababahala si Abraham at hindi pa natutupad ang pangako ng Diyos. Tungkol sa anak na ipinangako ng Diyos sa matandang lalaki, hindi kaya kay Agar na isa pa niyang asawa iyon magkakatotoo? At para naman maituring iyong anak ni Saray, di ba't sapat nang ampuin iyon ayon sa kaugalian ng panahong iyon? Walang imik ang Diyos at si Abraham

ang pinalulutas niya sa mga problemang ito ayon sa sinasabi ng napakaprimtibong pangkonsensya.

Pero “palpak” ang plano ni Abraham: ang tagapagmanang ipinangako sa kanya ng Diyos ay hindi anak na ipinaglithi at ipinanganak “ayon sa laman”, o sa pamamaraan ng tao kundi anak ng himala. Mapapansin dito ang kalayaan ng Diyos na mas

⁶ Sinabi naman ni Abram: “Nasa mga kamay mo ang iyong alipin; gawin mo sa kanya ang gusto mo.” At minaltrato ni Saray si Agar kaya lumayas iyon.

• ⁷ Natagpuan si Agar ng Anghel ni Yawe, malapit sa isang bukal sa disyerto (ito ang bukal na nasa tabi ng daang papuntang Sur), ⁸ at sinabi sa kanya: “Agar, alipin ni Saray, saan ka galing at saan ka pupunta?” Sumagot ito: “Lumayas ako sa aking among si Saray.” ⁹ Sumagot ang Anghel ni Yawe: “Bumalik ka sa iyong amo at sumunod ka sa kanya.” ¹⁰ Sinabi pa ng Anghel ni Yawe sa kanya: “Pararamihin ko ang iyong mga inapo

hanggang hindi na sila mabilang.” ¹¹ At sinabi pa rin ng Anghel ni Yawe sa kanya: “Nagdadalantao ka ngayon, at magkakanak at pangangalanan mo siyang Ismael sapagkat dininig ni Yawe ang iyong dalamhati. ¹² Matutulad siya sa mailap na asno. Siya laban sa lahat, at lahat laban sa kanya. Hahamunin niya ang lahat niyang kapwa.”

¹³ Si Yaweng nakipag-usap kay Agar ay tinawag niya sa pangalang ito: “Ikaw si El-roi,” na ibig sabihin’y “Nakita ko siya na nakakakita sa akin.” ¹⁴ Kaya tinawag na “Balon ni Lahay-Roi” ang balong iyon; nasa pagitan pa rin iyon ng Kades at Bered hanggang ngayon.

ginugustong isakatuparan ang kanyang mga pangako sa panahong parang imposibleng mangyari ang mga iyon.

MGA PANGITAIN AT MGA ANGHEL

Ano ang masasabi natin tungkol sa pagpapakita ng mga anghel? Totoo kaya ang mga iyon o paraan lamang ng pagsasalita? Linawin natin ang mga sumusunod:

– Huwag nating ipagkamali ang *mga anghel* sa *Anghel ni Yawe*. Sa mga hulig aklat lamang ng Matandang Tipan (at ng Bagong Tipan siyempre) binabanggit ang *mga anghel* ayon sa pakahulugan natin ngayon: mga espirituwal na nilikha na may kanilang lugar sa pagkakaayos ng mundo at sa kaligtasan ng mga tao, tulad halimbawa sa Zac 1 at 2 at pati sa Dn 9:21 at 10:12-21. Ngunit ang *Anghel ni Yawe* naman ang sinasabi ng mga Israelita noong unang panahon, o Mensahero ni Yawe para ipahayag ang maraming bagay na hindi nila maipaliwanag ngunit naglalalahad ng pakikisangkot ng Diyos. Nang wasakin ng isang epidemia ang hukbo ng Asiria, sinasabing gawa ito ng *anghel ni Yawe*: tingnan Is 37:36 at 2 Sam 24:16. Alam nila na walang makakakita sa Diyos, kaya pag nagkakaroon ng pangitain ang isang tao, ang Anghel ni Yawe ang sinasabi nila: tingnan Flkm 6:11.

– Ipinakikita ng buong Biblia na nagpapakilala ang Diyos sa di-mabilang na mga pamamaraan sa mga naghahanap sa kanya. Nagsasalita siya sa mga pangyayari; tinataglawan niya ang puso ng nagbabasa ng Salita; nangungusap siya sa ating mga kutob at mga pangarap; nagsasalita sa mga pangitain o mga salita, at kung minsa’y mas deretsahan, sa mataalik at espirituwal na paraan, tulad sa mga propeta.

– Ngunit hindi natin matatagpuan nang literal ang lahat ng sinasabi tungkol sa mga pangitain o mga salitang tinanggap mula sa Diyos dahil iba ang pamamaraan ng paghahayag ng mga tao noong unang panahon kaysa atin. Kapag kinakausap ng isa ang kanyang sarili o kaya’y tinutukso ng masama, may

pagkakaatong ipinahahayag nila ang panloob na paginilay na ito bilang pag-usap ng iba’t ibang tauhan o kaya’y sinasabing ang demonyo o ang Diyos ay nakikipag-usap sa taong iyon: tingnan Jos 7:10 at 1 Hari 3:4.

– Malamang na hindi pareho ang pagkilos ng Diyos sa mga naunang tao ng Biblia gaya ng pagkilos niya sa ating panahon. Sa ngayon, matapos dumating si Kristo, nasa atin na ang lahat sa kanya at sa kanyang Iglesya at hindi na natin kailangan pa ang mga pangitain at mga aparisyon. Karaniwan ay inilalala ng Diyos ang mga ito para sa mga inaakay niya sa isang espesyal na daan. Subalit sa mga unang dantaon ng Biblia, higit na nagpakilala ang Diyos sa ganitong mas nakikita ngunit mas mababang paraan.

• **7. Bumalik ka sa iyong amo.** Ito ang salita ng Panginoon sa maraming taong dumaranas ng kaapihan, sa mga babae sa isang klasistang lipunan na kailangang tumanggap ng nakahihiyang mga trabaho upang di mamatay sa gutom kasama ng kanilang mga magulang, sa mga kabataan na matapos mag-aral sa kolehiyo ay saka nauunawaan na liban sa ilang piling tao, mga kaminero lamang pala at mga piyon ang kailangan.

Sumunod ka sa kanya. Hindi dahil makatarungan ang kanyang pagmamalabis kundi dahil kailangang lumaya ka rin sa iyong pagmamataas. May katwiran kang isipin na mas mahalaga ka kaysa iniaalok sa iyo ng lipunan, pero kung sa mga pangyayari’y hinihiya ka ng Panginoon, magtiwala ka sa kanya at isipin na inihanda ka ng nakahihiyang ito para sa isang misyong mas dakila pa kaysa iniisip mo. Kapag lagi mong isasaisip na tinatawag ka ng Diyos na maging malayang tao at magpalaya sa iba, bibigyan ka niya ng pagkakaatun para magawa ito.

Lahay-Roi na puwedeng isalin bilang: Ang nabu-buhay at nakakakita. Siyempre, bukamibing ang pinanggagalangin nito, pero ginagamit ito ng teksto para bigyang-diin ang mahalagang karanasan ni Agar: Sa-pat nang makitang buhay ang Diyos at tinitingnan tayo para mabigyan tayo ng mga pakpak.

¹⁵ Nagsilang si Agar ng isang lalaki at pinangalanan ni Abram ang sanggol na kaloob sa kanya ni Agar ng Ismael. ¹⁶ Walumpu't anim na taon si Abram nang ipanganak ni Agar si Ismael.

Naging Abraham m si Abram

17 • ¹ Nang siyamnapu't siyam na taon na si Abram, napakita sa kanya si Yawe at sinabi: Ako ang Diyos na Makapangyarihan. Sikapin mong ako'y bigyang-kasiyahan at pagsikapang magiging ganap. ² Pagtitibayin ko sa iyo ang aking pakikipagtipan, at higit pa kitang paramihin."

³ Nagpatirapa si Abram at sinabi sa kanya ng Diyos: ⁴ "Ito ang aking tipan sa iyo: magiging ama ka ng maraming bansa. ⁵ Hindi ka na tatawaging Abram kundi Abraham, sapagkat gagawin kitang ama ng maraming bansa. ⁶ Pabubungahan kita nang maraming-marami; gagawin kitang mga bansa; mga hari'y lilitaw mula sa iyo. ⁷ At pagtitibayin ko ang aking tipan sa ating dalawa at sa iyong inapo, isang tipang panghabang panahon, sa lahat ng salinlahing susunod

sa iyo: mula ngayon at magpakailanman, ako ang magiging Diyos mo at ng iyong mga inapong susunod sa iyo.

⁸ Ibibigay ko sa iyo at sa iyong inapong susunod sa iyo ang lupang iyong tinutuntungan. Magiging iyo ang buong lupain ng Kanaan habang panahon. At ako ang magiging Diyos nila."

Ang pagtutuli

⁹ Sinabi ng Diyos kay Abraham: "Sa panig mo naman, magiging tapat ka sa aking tipan, ikaw at ang iyong mga inapong kasunod mo sa sali't salinlahi. ¹⁰ Ito ang aking pakikipagtipan sa iyo na dapat ninyong tuparin, ikaw at ang iyong mga inapong kasunod mo: tutuliin ang lahat ng lalaki sa inyo. ¹¹ Puptulihin ninyo ang du-long balat ng inyong ari at ito ang magiging tatak ng aking pakikipagtipan. ¹² Sa sali't salinlahing darating, dapat ninyong tulliin ang lahat ng lalaki sa inyo na walong araw ang edad pati ang mga isisilang sa iyong sambahayan o ang mga dayuhang binili ng salapi bilang mga alipin. ¹³ Isinilang man sila sa iyong sambahayan o binili bilang mga alipin, dapat

• **17.1** Abram na ibig sabihi'y Amang ipinagpipitagan, at Abraham na ibig sabihi'y Ama ng napakaraming tao. Sa pagpapalit sa pangalan ng kanyang lingkod, pinapagsisimula siya ng Diyos na magbagong buhay at maisabuhay ang ibig sabihin ng kanyang bagong pangalan. Ganito rin ang gagawin ni Jesus sa unang responsable sa kanyang Iglesya: Jn 1:42.

• **9.** Isang matandang kaugalian ng mga bayan sa silangan ang pagtutuli. Pag-oopera itong ginagawa sa ari ng lalaki, pinuputol ang balat na tinatawag na *supot*. Isa itong "seremonya ng inisyasyon" sa ilang sambayanan para tanggapin ang mga nagbibinata sa lipunan ng mga matatanda. Isa itong relihiyosong seremonya para matiyak ang pagkakaroon ng anak. Nagkaroon ng bagong kahulugan ang pagtutuli sa Israel: ito ang naging tanda ng pagiging kasapi nila sa bayang pinili. Sa pagtutuli lamang makapapasok ang isang dayuhan sa relihiyosong pamayanan ng Israel.

Tataglayin ninyong lahat sa inyong laman ang tatak ng aking Tipan. Suot ng babaeng may-asawa ang singsing na isinuat ng kanyang asawa sa kanyang daliri. Gayundin naman sa mga pumapasok sa samahan: gusto nilang magkaroon ng palatandaan. Kaya kailangan taglayin ng lahat ng lalaki sa lahi ni Abraham ang isang di-mapapawing tatak ng pagiging

kabilang nila sa lahing pinili: ang pagtutuli ang tandang ito.

Subalit itinuturo ng mga propeta na bale-wala ang pagtutuli sa laman kung wala ang sa puso, na ibig sabihi'y *pagputol* sa mga bisyo. Walang kuwenta ang panlabas na seremonya kung hindi naman isinasabuhay ang kahulugan ng tandang ito. Tingnan Jer 9:24; Dt 10:16; Gal 5:4; Fil 3:3; Rom 2:25.

Hindi importante para sa mga Kristiyano ke tuli man o hindi: Mga Gawa 11:3-15; 1 Cor 7:18; Gal 6:15. May bisa lamang ang obligasyong ito pati na pagdiriwang ng Araw ng Pahinga, ang di pagkain ng kameng baboy, ang mga pag-aalay at mga seremonya sa templo hanggang sa dumating si Kristo at para lamang sa bayang Judio: Col 2:11 at 2:16-22.

Ba't kaya maraming tao na wala namang interes sa kanilang pananampalataya ang nagpapabinyag ng kanilang mga anak? Ba't sila lumalapit at nagpapaspahid ng abo?

• **18.1** Para sa mga inapo ni Abraham ang mga pangako ng Diyos: hindig-hindi nga niya makikita ang katuparan ng mga iyon. Ngunit binibigyan ng Diyos ang kanyang kabigyan ng patunay ng gagawin niya: mahimalang ipinanganak si Isaac. Makatwiran ngang mangamba na baka akalain ng mga anak ni Abraham na mas magaling sila sa iba at isiping ligtas

silang tulin. Tataglayin ninyong lahat sa inyong laman ang tatak ng aking Tipan, isang tipang panghabang panahon.¹⁴ Palalayasin mula sa kanyang angkan ang sinumang supot, ang lalaking hindi tinuli sa laman: sinira niya ang aking Tipan.”

¹⁵ Sinabi ng Diyos kay Abraham: “At hindi mo na tatawaging Saray ang iyong asawang si Saray kundi Sara. ¹⁶ Pagpapalain ko siya at bibigyan kita ng anak na lalaki sa kanya. Pagpapalain ko siya at gagawin ko siyang mga bansa, mga hari’y lilitaw mula sa kanya.”

¹⁷ Nagpatirapa si Abraham, humalakhak at sinabi sa sarili: “Magkakaanak pa kaya ang isang taong isandaang taon na? At magkakaanak pa ba si Sara e siyannapung taon na siya?” ¹⁸ At sinabi ni Abraham sa Diyos: “Si Ismael na lang...” ¹⁹ Ngunit sinabi ng Diyos: “Hindi! Ang iyong asawang si Sara ang magbigay sa iyo ng anak na lalaki at pangangalanan mo siyang Isaac. Pagtitibayin ko ang aking tipan sa kanya bilang isang walang hanggang pakikipagtipan sa kanya at sa kanyang mga inapong kasunod niya. ²⁰ Tungkol naman kay Ismael, narinig kita. Pinagpala ko siya at pabubungahin at pararamihin ko siya – maraming-marami. Magiging ama siya ng labin-dalawang prinsipe, at gagawin ko siyang isang malaking bansa. ²¹ Ngunit kay Isaac na isisilang sa iyo ni Sara sa panahong ito sa isang taon ako makikipagtipan.” ²² At umalis ang Diyos matapos makipag-usap kay Abraham.

²³ At tinuli ni Abraham si Ismael na kanyang anak at ang lahat ng isinilang sa kanyang sambahayan at lahat ng binili niya, ang lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan gaya ng sinabi sa kanya ng Diyos. ²⁴ Siyannapu’t siyam na taon si Abraham nang siya ay tulin, ²⁵ at

na dahil lamang kabilang sila sa kanyang lahi (Lc 3:8). Sa totoo’y ang mga talagang inapo lamang ni Isaac na anak ng himala na anak ni Sara ang kinilala ng Diyos na mga tagapagmana ni Abraham. at hindi ang iba pa niyang mga anak sa mga babaeng alipin. Itinuturo nito sa atin na walang sinumang may karapatan sa Diyos dahil lamang sa isinilang siya sa ganito o gayong pamilya. Magiging atin ang kanyang mga pangako kung tinutulan natin si Abraham sa kanyang panampalataya (Gal 4:21-31; Rom 4:13-17).

Kahanga-hanga ang simpleng istoryang ito: dumaring ang Diyos na anyong-tao para patuluyin ng kanyang kaibigan bago niya ito puspusin ng mga pagpapala. Hindi pangangahasang sabihin ng mga komentariista kung talaga ngang nangyari ito o paraan

labintatlong taon naman ang kanyang anak na si Ismael. ²⁶ Tinuli si Abraham at ang kanyang anak na si Ismael sa iisang araw.

²⁷ At tinuli ring kasama niya ang lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan, maging isinilang sa kanyang sambahayan o mga aliping binili ng salapi sa mga dayuhan.

Dinalaw ni Yawe si Abraham

18 • ¹ Napakita si Yawe kay Abraham malapit sa sagradong puno ng Mambre. Nakaupo si Abraham sa pasukan ng kanyang tolda sa kainitan ng araw. ² Nang tumingin siya, nakita niya ang tatlong lalaking nakatayong malapit sa kanya. Kaagad siyang tumakbo mula sa bungad ng tolda para salubungin sila. Yumuko siya sa lupa, ³ at sinabing “Aking Panginoon, kung mamarapatin ninyo, huwag ninyong lampasan ang aking tolda. ⁴ Hayaan ninyong dalhan ko kayo ng kaunting tubig upang mahugasan ang inyong mga paa at magpahinga kayo sa lilim ng mga punong ito. ⁵ At yamang narito na rin lamang kayo, ikukuha ko kayo ng kaunting tinapay para manumbalik ang inyong lakas, bago kayo magpatuloy sa paglalakbay, sapagkat pumartalo kayo sa inyong lingkod.” Sinabi naman nila: “Gawin mo ang iyong sinabi.”

⁶ Nagmamadaling pumasok si Abraham sa tolda at sinabi kay Sara: “Dali ka, kumuha ka ng tatlong takal ng harina, masahin iyon at gumawa ng tinapay.” ⁷ At tumakbo si Abraham sa kawan, kumuha ng isang piling guyang malambot ang

lamang ng pagsasalita, ngunit alam ng sumasampalataya na ganito kumikilos ang kanyang Diyos.

Hindi napakikitang mag-isa ang Diyos kundi may kasamang dalawang anghel para burahin ang larawan ng isang Diyos na nag-iisa na siyang iniisip ng mga hindi pa nakaalam sa misteryo ng Tatlong Persona ng Diyos.

Bakit humalakhak si Sara? Ang halakhak ni Sara ay isa pa sa mga popular na paliwanag na ibinibigay ng Biblia tungkol sa mga pangalan o mga lugar at mga tao: kaya tatawaging Isaac ang kanyang anak, isang pangalang kasintunog ng “humalakhak” sa wikang Hebreo.

May imposible ba kay Yawe? Tingnan Lc 1:37. 18:27; Mc 11:22.

laman, ibinigay iyon sa alipin na nagmamadaling inihanda iyon. ⁸At kumuha siya ng mantekilya at kinortang gatas, at inihang kasama ng nilutong guya para sa mga panauhin. Nagsikain ang mga iyon samantalang nanatili siyang nakatayong malapit sa kanila sa lilim ng puno. ⁹Tina-nong nila siya: “Nasaan ang asawa mong si Sara?” Sumagot siya: “Nasa loob siya ng tolda.” ¹⁰At sinabi naman niya: “Balik ako sa ganito ring panahon sa isang taon. Sa araw na iyon, may anak nang lalaki si Sara.”

Nakikinig noon si Sara sa may bungad ng tolda sa likuran ng panauhin. ¹¹Matanda na sina Abraham at Sara, at hindi na dinaratnan si Sara ng kanyang buwanang panahon. ¹²Kaya napahalakhak si Sara sa kanyang sarili at naisip: “Ngayong matanda na ako at lanta na, at hukluban na ang aking asawa, ngayon ko pa ba malalaspang ang kaligayahang ito?” ¹³Pero sinabi ni Yawe kay Abraham: “Bakit humalakhak si Sara at sinabing – Totoo bang magkakaanak pa ako ngayong matanda na ako? – ¹⁴May imposible ba kay Yawe? Sa pagbabalik ko sa takdang panahon, mayroon nang anak na lalaki si Sara.”

¹⁵Natakot si Sara kaya ikinaila niya iyon at sinabing “Hindi ako humalakhak.” Ngunit sinabi ni Yawe: “Totoo namang humalakhak ka, a.”

• **16. Ilihim ko ba kay Abraham ang aking gagawin?** Sa oras na maging kaibigan tayong ng Diyos, ipinagkakatiwala niya sa atin ang isang responsabilidad sa mundo. Tulad ng pakikipagkaibigan ng mga tao, nangangahulugan din ng pagbabahaginan sa lahat ng bagay ang pakikipagkaibigan sa Diyos. Tinuturuan tayong ng Diyos na mag-isip tulad niya at kumilos na kasama niya at inaanyayahan tayong humingi sa kanya.

Huwag nating isipin na sa lubos na pagtitiyaga lamang sa panalangin ay makukuha natin ang anumang hinihingi natin. Kung hindi para sa ating kabutihan ang ating hinihingi, hindi iyon ibibigay ng Diyos. Ngunit gusto ng Diyos na matuto tayong makipaglaban at maging “makulit” para makuha ang gusto niya mismong ibigay sa atin ayon sa kanyang kagandahang-loob. Ayaw niya na basta na lamang ito ipagpilitan kundi ibigay ito sa mga nakapaghahangad nito tulad niya. *Ayaw kong mamatay ang di-makadiyos kundi*

Namagitan si Abraham para sa Sodom

• ¹⁶Tumindig ang mga lalaki at nag-simulang maglakad pa-Sodom. Inihatid sila ni Abraham para ituro ang daan.

¹⁷At sinabi ni Yawe: “Ilihim ko ba kay Abraham ang aking gagawin?” ¹⁸Kay Abraham nga magmumula ang isang malaki at makapangyarihang bansa. Sa kanya pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig.

¹⁹Pinili ko siya at siya ang mag-uutos sa kanyang mga anak at sambahayang kasunod niya na tahakin ang daan ni Yawe sa paggawa ng matuwid at makatarungan. Sa gayon, tutuparin ni Yawe ang pangako kay Abraham.”

²⁰Kaya sinabi ni Yawe: “Sobra na ang eskandalo ng Sodom at Gomorra! At grabe na ang kanilang kasalanan! ²¹Punpantasan ko iyon para patunayan kung totoo nga ang mga sumbong na dumating sa akin. At malalaman kung hindi man gayon.”

²²Lumakad na ang mga lalaki patungong Sodom, ngunit nanatiling nakatayo si Yawe sa harap ni Abraham. ²³Lumapit si Abraham at sinabi: “Totoo bang lilipulin mo ang mga matuwid kasama ng masasama? ²⁴Paano kung may limampung taong matuwid sa lunsod? Totoo bang lilipulin mo ang lahat at hindi patatawarin ang lugar na iyon alang-alang sa limampung matuwid? ²⁵Hindi mo

magbago siya sa kanyang kasamaan at mabuhay (Ez 33:11).

Ngayo’y talagang nagiging pangahas ako sa pakikipag-usap sa aking panginoon. Patunay ng kanyang pananampalataya ang kapangahasang ito ni Abraham na nagsimulang makipagtawaran sa Diyos nang buong-ingat at katatagan. Nakipagtagalo ang matandang Abraham sa Diyos na parang nakikipag-usap sa isang kaibigan tungkol sa kung anong negosyo. Bigyang-pansin na nananatiling nakaupo si Abraham habang nakatayo naman sa harap niya ang Panginoon. At para sa mga susunod na babasa ng Biblia, para bang kulang ng respeto ang ganito kasimpleng pagtrato sa Diyos kaya pinalitan nila ang pangungusap: “Tumindig si Abraham para makipag-usap kay Yawe na nakaupo.” Ngunit sinabi ni Jesus na pagsilbihan niya ang kanyang mga tapat na lingkod tulad ng isang utusan sa kanyang mga amo (Lc 12:37).

magagawa ang gayon na pabayaang mamatay ang matuwid kasama ng masasama, at isa ang gawingtrato sa matuwid na masama. Hindi ba magiging makatarungan ang Hukom ng buong sanlibutan?”

²⁶ Sinabi ni Yawe: “Kung makatatagpo ako ng limampung mabuting tao sa Sodom, patatawarin ko ang buong lugar dahil sa kanila.” ²⁷ Muling nagsalita si Abraham: “Alam kong naging pangahas ako sa pakikipag-usap sa aking Panginoon, ako na alabok lamang at abo! ²⁸ Ngunit kung sakaling maging kulang ng lima sa limampung ang bilang ng mga matuwid, wawasakin mo ba ang lunsod dahil sa lima?”

Sumagot si Yawe: “Hindi ko wawasakin ang lunsod kung makatatagpo ako roon ng apatnapu’t limang matuwid na tao.” ²⁹ Muli na namang nagsalita si Abraham: “E kung apatnapu lamang?” Sumagot siya: “Hindi ko iyon jagawin alang-alang sa apatnapu.” ³⁰ Nagpatuloy si Abraham: “Huwag sanang magagalit ang aking Panginoon, ngunit pahintulutan mo akong makapagsalita. Paano kung tatlung matuwid na tao lamang ang nasa lunsod?” Sumagot si Yawe: “Hindi ko iyon wawasakin kung makatatagpo ako roon ng tatlung.” ³¹ Sinabi ni Abraham: “Ngayo’y talagang nagiging pangahas ako sa pakikipag-usap sa aking Panginoon, pero kung dalawampu na lamang ang matagpuan doon?” Sinabi niya:

“Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa dalawampu.”

³² Ngunit iginiit ni Abraham: “Huwag naman sanang magagalit ang aking Panginoon, ngunit pahintulutan mo akong magsalita minsan pa. Paano kung sampu na lamang ang matagpuan?” At sumagot si Yawe: “Alang-alang sa sampu, hindi ko wawasakin ang lunsod.”

³³ Umalis si Yawe matapos makipag-usap kay Abraham, at umuwi naman si Abraham.

Nagunaw ang Sodom

19 • ¹ Nakaupo si Lot sa may pintuan ng lunsod nang gabing dumating sa Sodom ang dalawang anghel. Pagkita niya sa kanila, tumindig siya para salubungin sila. Yumuko siya na halos sayad ang mukha sa lupa, ² at sinabing “Mga panginoon ko, sa bahay ko na sana kayo tumuloy at magpahinga. Hugasan ninyo ang inyong mga paa at doon magparaan ng gabi, at kinaumagahan na magpatuloy sa inyong paglakad.” Sumagot sila: “Hindi, sa plasa na lamang kami magpapalipas ng gabi.” ³ Ngunit gayon na lamang ang pamimilit niya kaya sumama ang mga ito sa kanya sa bahay niya. At ipinaghanda niya sila ng makakain. Gumawa siya ng tinapay na walang lebadura, at kumain sila. ⁴ Hindi pa sila nakahihiga para matulog nang paligiran ng lahat ng lalaking taga-Sodom – bata at matanda – ang bahay. ⁵ Tinawag

• **19.1** Isang pagkakataon marahil para magnilay ang ibinibigay ng ala’t ng Dagat na Patay at ng guho ng dalawang lunsod na winasak ng lindol – ang Sodom at Gomorra. Alalahanin natin na noong panahong iyo’y parusa ng Diyos ang tingin ng mga tao sa matitinding kapahamakan at pagpapala naman niya ang kasaganaan. Ganito nagsimula ang salaysay na ito na isang paraan ng pagtuturo ng ilang katotohanan:

- respeto sa mga bisita na kailangang laging patuluyin na parang mga anghel ng Diyos;
- pagkasuklam sa homosexualidad.

Mananatiling kalunus-lunos na mga pangalan ang Sodom at Gomorra sa banal na kasaysayan at mag-sisilbing patunay na di dapat pagtawanan o ipag-walang-bahala ang mga hatol ng Diyos. Aalalahanin ng

mga propeta ang matinding kapahamakanang ito sa pagbababala nila sa mga ayaw magbalik-loob (tingnan Isaias 1:9; Ez 16:49) at gayon din si Jesus sa Ebanghelyo (Mt 10:15; Lc 17:29).

Hindi nagkukulang ang salaysay na ito na bigyang-diin sa pamamagitan ni Lot na hindi kailanman kinailimitan ng Diyos ni isa man sa kanyang mga anak kahit na nag-iisa ito sa piling ng mga masama.

Parang di kapani-paniwala ang sagot ni Lot (b. 8). Ngunit ganito ang pag-iisip noong mga panahong iyon. Hindi itinuturing na tao ang mga babae, kayat parang normal lamang na isakripisyo ang isang anak na babae para iligtas ang kaibigan. Tingnan ang medyo katulad nito sa Mga Hukom 19.

nila si Lot at sinabing “Nasaan ang mga lalaking bisita mo ngayong gabi? Palabasin mo sila at makikipagtalik kami sa kanila!”

⁶Lumabas si Lot at sinalubong ang mga lalaki. Inilapat niya ang pinto sa kanyang paglabas ⁷at sinabi niya: “Ipinakikiusap ko sa inyo, mga kapatid, huwag ninyong gawin ang ganyang kasamaan. ⁸May dalawa akong anak na dalaga. Sila ang palalabasin ko rito sa inyo at gawin ninyo sa kanila ang anumang gusto ninyo. Ngunit utang na loob, huwag ninyong galawin ang mga lalaking narito sapagkat nakikisilong sila sa lilim ng aking bubong.” ⁹Ngunit sumagot sila: “Umalis ka riyan! Huwag kang makialam! Dayuhan ka lamang at gusto mo pang maging hukom! Mas masasaktan ka ngayon kaysa kanila!” Itinulak nila si Lot at lumapit sa pinto para wasakin iyon. ¹⁰Ngunit iniunat ng mga lalaki sa loob ang kanilang mga braso at hinila si Lot pasapok, at isinara ang pinto. ¹¹At bigla nilang binulag ang mga nasa bungad ng pinto, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda, at hindi nila natagpuan ang pintuan.

¹²Sinabi ng dalawang lalaki kay Lot: “Sino pa ang nariritong kasama mo? Ang mga manugang mong lalaki? Paalisin mo na sila sa lugar na ito kasama ang mga anak mong lalaki at babae, at sinumang kamag-anak mo sa lunsod na ito. ¹³Gugunawin namin ang lugar na ito. Sobra na ang eskandalo nito sa harap ni Yawe kaya niya kami pinaparito para gunawin ito.”

¹⁴Lumabas si Lot at kinausap ang mga lalaking mamanugangin niya, at sinabi: “Madali, magsialis na kayo sapagkat gugunawin ni Yawe ang lunsod!” Ngunit inakala ng mga ito na nagbibiro lamang siya. ¹⁵Nang sumisikat na ang araw, inapura ng mga anghel si Lot: “Madali ka, ialis mo na ang iyong asawa at dalawang anak na babaeng narito, kung hindi’y malilipol ka dahil sa kasalanan ng lunsod

na ito.” ¹⁶Nag-aatubili siya kaya hinawakan siya ng mga lalaki sa kamay at halos kaladkarin kasama ang kanyang asawa at dalawang anak, dahil kinahabagan sila ni Yawe. At inilabas sila sa lunsod.

¹⁷Nang nasa labas na sila, sinabi ng mga lalaki kay Lot: “Tumakas kayo at iligtas ang inyong buhay. Huwag kayong lilingon ni titigil saanman sa kapatagan. Tumakas kayo sa kabundukan, kung hindi’y mamamatay kayo.”

¹⁸Ngunit sumagot si Lot: “Huwag na, mga panginoon ko, ¹⁹malaki na ang utang na loob ko sa inyo. Ipinakita mo sa iyong lingkod ang malaking kabutihang-loob nang iligtas mo ang aking buhay. Ngunit hindi ako makatatakas sa kabundukan nang hindi ako aabutan ng sakuna at mamamatay ako. ²⁰Tingnan ninyo, may isang maliit na bayan na malapit lamang at maaari akong tumakas doon. Bayan ninyong doon na lamang ako tumakas: napakaliit niyon (kaya tinawag na Soar ang bayan). At maliligtas ako.” ²¹At sumagot ang anghel: “Pagbibigyan kita, at hindi ko wawasakin ang lunsod na bina-banggit mo. ²²Ngunit tumakas ka na agad sapagkat wala akong ibang magagawa hanggang hindi ka nakararating doon.”

²³Nakasikat na ang araw sa lupa nang dumating si Lot sa Soar. ²⁴Saka pa lamang nagpaulan si Yawe sa Sodom at Gomorra ng apoy at asupre buhat sa langit, ²⁵at ginunaw niya ang mga lunsod na iyon at ang buong kapatagan at lahat ng naninirahan sa mga lunsod at lahat ng halaman doon.

Iba't ibang kuwento

• ²⁶Pero lumingon ang asawa ni Lot at naging estatuwang asin.

²⁷Maagang gumising si Abraham kinabukasan at nagbalik sa lugar na pinagtagpuan nila ni Yawe. ²⁸Tumanaw siya sa dako ng Sodom at Gomorra at sa buong lupain ng kapatagan, at nakita niya ang makapal na usok na nagmumula sa lupa na parang usok na galing sa pugon.

²⁹*Nang gunawin ng Diyos ang mga lunsod ng kapatagan, nag-alala siya kay Abraham kaya pinatakas niya si Lot mula sa malaking*

kapahamakan samantalang winasak niya ang mga lunsod na tinirhan ni Lot.

³⁰Umalis si Lot sa Soar kasama ang dala-wang anak na babae, at nanirahan sa kaburulan sapagkat natatakot siyang tumigil doon. Tumira siya at ang dalawa niyang anak na babae sa isang kuweba. ³¹Isang araw, sinabi ng panganay sa bunso: "Matanda na ang ating ama at wala ni isa mang lalaki rito para makipagtalik sa atin, ayon sa kaugalian sa buong mundo. ³²Halika, lasingin natin sa alak ang ating ama. Makipagtalik tayo sa kanya upang maipagpatuloy ang ating lahi sa pamamagitan ng ating ama."

³³Pinainom nga nila ng alak ang kanilang ama nang gabing iyon at nakipagtalik ang panganay na anak sa kanyang ama. Walang kamalay-malay ang ama sa nangyari, maging nang mahiga siya sa tabi nito at nang siya ay bumangon.

³⁴Kinabukasan, sinabi ng panganay na anak sa bunso: "Nakipagtalik ako kabagi sa ating ama. Painumin uli natin siya ng alak mamayang gabi at ikaw naman ang makipagtalik sa kanya. At maipagpatuloy natin ang ating lahi sa pamamagitan ng ating ama." ³⁵Kaya nang gabing iyon, pinainom uli nila ng alak ang kanilang ama. At nakipagtalik naman dito ang bunsong anak. Walang namalayan ang ama, maging nang mahiga siya sa tabi nito o nang bumangon siya. ³⁶At ang dalawang anak na babae ni Lot ay nabuntis ng kanilang ama. ³⁷Lalaki ang naging anak ng panganay at pinangalanang Moab (o Mo-Ama), siya ang ama ng mga Moabita na nabuhay ngayon. ³⁸Lalaki rin ang naging anak ng bunso at pinangalanang namang Ben-Ammi (o Anak-ni-Ama), siya ang ama ng mga Amonita ngayon.

Sina Abraham at Sara sa Gerar

20 ¹Umalis si Abraham sa Mamre patungo sa lupain ng Negeb at nanirahan sa pagitan ng Kades at Sur. Ilang panahon din siyang nanatili sa Gerar, ²doon ipinakilala ni Abraham ang kanyang asawa na "Kapatid ko siya." Kaya ipinatawag si Sara ni Abimelek na hari ng Gerar, at inutos na iharap sa kanya.

³Ngunit pinuntahan ng Diyos si Abimelek sa

panaginip isang gabi, at sinabi sa kanyang "Isa ka nang patay dahil sa babaeng kinuha mo, sapagkat may asawa na siya." ⁴Ngunit hindi pa nagagalaw ni Abimelek ang babae kayat sinabi niya: "Panginoon, papatayin mo ba ang isang paganong walang malay?" ⁵Di ba't sinabi niya sa aking – Kapatid ko siya? At sinabi rin ng babae sa aking – Kapatid ko siya. Wala akong masamang hangarin nang gawin ko ito." ⁶At sinabi ng Diyos sa kanyang panaginip: "Alam ko na ginawa mo iyan nang may malinis na budhi kaya hinadlangan ko na magkasala ka sa akin. Kaya nga hindi kita pinabayaang galawin siya. ⁷Ngayon, ibalik mo ang babae sa asawa niya sapagkat siya ay propeta. Ipagdarasal ka niya at mabubuhay ka. Ngunit kung hindi mo siya isasauli, tiyak na mamamatay ka, ikaw at ang buo mong sambahayan."

⁸Kaya maagang gumising si Abimelek kinabukasan at tinawag ang lahat niyang opisyal. Ikinuwento niya ang lahat ng nangyari at natatakot ang mga ito. ⁹At tinawag ni Abimelek si Abraham at sinabi: "Ano ang ginawa mo sa amin? At anong masama naman ang ginawa ko sa 'yo para isubo ako at ang aking kaharian sa ganito kabigat na pagkakasala? Ginawa mo sa akin ang mga bagay na hindi nararapat gawin." ¹⁰At itinanong pa ni Abimelek kay Abraham: "Bakit ganito ang ginawa mo?" ¹¹Sinabi ni Abraham: "Akala ko'y walang takot sa Diyos ang lahat ng tagarito at papatayin nila ako dahil sa aking asawa. ¹²Ngunit totoo namang kapatid ko siya na anak ng aking ama ngunit hindi ng aking ina, at naging asawa ko siya. ¹³Kayat nang pagalain ako ng mga diyos mula sa sambahayan ng aking ama, sinabi ko sa aking asawa – Ngayon kung talagang mahal mo ako, sabihin mong kapatid mo ako saanman tayo pumunta."

¹⁴Nagdala si Abimelek ng mga tupa at mga baka at mga alipin, at ibinigay ang mga ito kay Abraham, at isinauli ang kanyang asawang si Sara. ¹⁵At sinabi niya kay Abraham: "Nasa harap mo ang aking lupain; tumira ka saan mo man gusto." ¹⁶At sinabi naman niya kay Sara: "Binibigyan ko ang iyong kapatid ng isang

• 26. Alalahanin natin na mga tradisyong-alamat ng mga Israelita ang mga ito upang maipaliwanag ang pinagmulan ng iba't ibang bayan at ang kaugnyan nila sa mga ito. Dahil sa napakatanda nang galit na naghihiwalay sa mga Israelita sa mga Amonita at mga Moabita, ang paliwanag na ito ay hindi para dakilain sila.

• **20.1** Iningatan ng mga Israelita ang mga alaala ng mga alitang namagitan sa kanilang mga ninunong

pagala-gala at sa mga bayang nakapaligid sa kanila. Matutunghayan natin sa tatlong lugar sa Genesis ang pangyayaring ito na pinangungunahan ng iba't ibang mga tauhan sa iba't ibang mga kalagayan (tingnan 12:24 at 26:7). Ngunit may mapapansing pag-unlad sa mga salaysay na ito kung sunud-sunod na babasahin: sa isang banda, ang higit na pagiging maingat sa pagsasalita tungkol sa ugali ng kanilang ninuno; at sa kabila nama'y ang mas malinaw na pagkaunawa sa kasalanan.

libong pirasong pilak. Katibayan ito ng walang nangyaring anumang sa iyo, bilang pagpapatu-nay sa lahat ng kasama mo rito, nang hindi bumaba ang tingin nila sa iyo.”¹⁷ At nanalangin si Abraham sa Diyos at pinagaling ng Diyos si Abimelek, at ang asawa nito at mga aliping babae para magkaanak silang muli.¹⁸ Sapagkat ginawang baog ni Yawe ang lahat ng babae sa sambahayan ni Abimelek dahil kay Sarang asawa ni Abraham.

Ipinanganak si Isaac

21 ¹ Nagmagandang-loob si Yawe kay Sara gaya ng kanyang sinabi at tinupad niya ang kanyang pangako.

² Nagdalantao si Sara at nagkaanak ng isang lalaki kay Abraham sa katandaan nito, sa petsang ipinangako ng Diyos.³ Isaac ang ipinangalan ni Abraham sa kanyang anak na isinilang ni Sara, ⁴ at tinuli iyon nang walong araw na, ayon sa inuutos ng Diyos.⁵ Isandaang taon si Abraham nang ipanganak ang kanyang anak na si Isaac.

• **21.1** Nagmagandang-loob si Yawe kay Sara gaya ng kanyang sinabi. Kaya pagkatapos ng maraming taon, tinupad ng Diyos ang kanyang pangako kay Abraham. Si Isaac ang anak ng pangako dahil isinilang siya laban sa tanang pag-asa ng tao para matupad ang pangako ng Diyos (tingnan Gal 4:22 at Rom 9:7).

Nagkaanak siya ng isang lalaki kay Abraham sa katandaan nito. May ilang kapanganakan sa Biblia na di labas sa batas ng kalikasan: sina Samuel, Samson, Juan Bautista... mga tagapagligtas silang lahat. Ipinahihiwatig at ibinabalita ng mga pagsilang na ito ang pagsisilang ng isang birhen kay Jesus na Tagapagligtas. Ipinagpapauna rin ng mga ito ang ikalawang pagsilang ng mga ipinanganakan ng Iglesia sa binayag.

Kaya ipinanganak ang anak ng pangako: tingnan ang kabanata 18.

Madaling mahulaang ibang bersiyon ang salaysay na ito kaysa 'yung nasa kabanata 16, kung saan tinatawag na Yawe ang Diyos, at binabanggit ang balon sa katimugang disyerto, na nagpapahiwatig na galing sa mga tribu ng timog (territoryo ng Juda) ang kuwento. 'Yung nasa kabanata 21 naman ay galing sa mga tribu ng Israel, sa hilaga.

May mga problema sa pamilya ni Abraham tulad din ng ibang mga pamilya, at ginagamit ng Diyos ang mga iyon para isakatuparan ang kanyang plano. Mabuti ang pag-alis ni Agar kasama ang kanyang anak na lalaki upang matanggap ni Isaac ang buong paglingap ng kanyang ama. Matatag na isinasagawa ng Diyos ang kanyang mga plano, pero wala siyang sinasaga-

⁶ Sinabi ni Sara: “Pinahalakhak ako ng Diyos at hahalakhak na kasama ko ang sinumang makaririnig nito.”

⁷ Idinugtong pa niya: “Sino ang maka-pagsasabi kay Abraham na magpapasuso pa ng mga anak si Sara? Ngunit nagkaanak ako ng isang lalaki kay Abraham sa kanyang katandaan.”

Pinalayas ni Abraham si Agar

• ⁸ Lumaki ang bata at sa araw na inawat si Isaac, naghanda nang malaki si Abraham. ⁹ Nakita ni Sara na ang kanyang anak ay pinagtatawanan ng anak ng Ehipsiyong si Agar kay Abraham ¹⁰ at sinabi niya kay Abraham: “Palayasin mo ang aliping iyan at ang kanyang anak; hindi dapat makihati sa mamanahin ng anak kong si Isaac ang kanyang anak.” ¹¹ Nakabagbag ito kay Abraham sapagkat anak din niya si Ismael. ¹² Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos: “Huwag kang mag-alala tungkol sa bata at sa iyong alipin. Makinig

saang sinuman: masdan kung gaano ang pagmamalasakit niya kay Agar.

Maraming asawa si Abraham, na pangkaraniwan para sa mga importanteng lalaki sa kanyang komunidad. Itinuring na normal ng mga Israelita ang kaugaliang ito sa loob ng mga maraming taon. Unti-unti lamang ang pag-akay ng Diyos sa kanila para madiskubre ang mga pangangailangan ng kasal.

¹³ Hindi magmamana ang anak ng aliping babae kasama ng anak na lalaki ng malayang babae.” (Gal 4:28; 2 Cor 6:14)

• **8.** May mga problema sa pamilya ni Abraham tulad ng anumang pamilya, at ginagamit ng Diyos ang mga iyon para isakatuparan ang kanyang mga plano. Mabuti at umalis si Agar at ang kanyang anak para mapunta kay Isaac ang lahat ng aruga ng kanyang ama. Hindi materyal na bagay para sa kanyang sarili ang mamanahin ni Isaac, kundi ang mga pangako ng Diyos para sa kanyang mga inapo. Matatag na isinasakatuparan ng Diyos ang kanyang mga plano nang walang tinatapakang sinuman: tingnan ang pagkahabag niya kay Agar.

Maraming asawa si Abraham, tulad ng iba pang mga importanteng lalaki sa kanyang bayan. Sa loob ng maraming taon, itinuring ng mga Israelita na normal ang kostumbeng ito. Sa paglipas lamang ng panahon ipinadiskubre sa kanila ng Diyos ang mga kinakailangan sa pag-aasawa.

Ang anak ng aliping babae ay hindi magmamana kasama ng anak ng malayang babae: (Gal 4:28; 2 Cor 6:14.)

ka kay Sara at gawin ang lahat ng sinasabi niya sapagkat magiging lahi mo ang may pangalan ni Isaac. ¹³Ngunit gagawin ko ring isang bansa ang anak mo sa iyong alipin sapagkat anak mo rin siya.”

¹⁴Maagang gumising kinabukasan si Abraham at binigyan si Agar ng tinapay at isang supot na katad na puno ng tubig. Ipinapasan niya kay Agar ang bata at pinaalis na sila. Umalis si Agar at gumala sa disyerto ng Berseba. ¹⁵Nang maubos na ang tubig sa katad, iniwan niya ang bata sa lilim ng maliit na puno, ¹⁶at naupo siya sa layong abot ng pukol ng bato, sapagkat naiisip niyang “Hindi ko matitiis makitang mamatay ang aking anak.” Samantalang nakaupo siya roon, nagsimulang umiyak ang bata.

¹⁷Narinig ng Diyos ang iyak ng bata, at tinawag si Agar ng Anghel ng Diyos buhat sa langit at sinabi: “Ano ang nangyayari, Agar? Huwag kang matakot. Narinig ng Diyos ang iyak ng bata. ¹⁸Kunin mo’t kargahin ang bata sapagkat gagawin ko siyang isang malaking bansa.”

¹⁹Binuksan ng Diyos ang mga mata ni Agar at nakita niya ang isang balon ng tubig. Pumunta siya roon at pinuno ng tubig ang katad, at pinainom ang bata. ²⁰Kasama ng bata sa kanyang paglaki ang Diyos. Nanirahan ito sa disyerto at naging magaling na mamamana.

²¹Nang ikuha siya ng kanyang ina ng asawa mula sa Ehipto, nanirahan siya sa Disyerto ng Paran. ²²Nang panahon ding iyon, sinabi kay

Abraham ni Abimelek na kasama si Pikol na heneral ng kanyang hukbo: “Kasama mo ang Diyos sa lahat mong gawin, ²³kaya isumpa mo sa akin ngayon sa harap ng Diyos na ako at ang aking mga anak at mga inapo ay hindi mo lilinlangin, kundi ipapakita mo sa akin at sa bansang tinitirhan mo ang kabutihang-loob na ipinakitika ko rin sa iyo.”

²⁴At sinabi ni Abraham: “Oo, isinusumpa ko.” ²⁵Inireklamo naman ni Abraham kay Abimelek ang tungkol sa balong inagaw ng mga alipin nito. ²⁶Sinabi ni Abimelek: “Hindi ko alam kung sino ang may gawa nito; hindi mo pa ito nasasabi sa akin, at ngayon ko lang ito narinig.” ²⁷Kumuha ng mga tupa at mga baka si Abraham at ibinigay kay Abimelek, at gumawa ng kasunduan ang dalawa. ²⁸Ibinukod ni Abraham ang pitong dumalagang tupa mula sa kawan, ²⁹kaya itinanong ni Abimelek sa kanya: “Bakit mo ibinukod ang pitong dumalagang tupa?” ³⁰Sumagot si Abraham: “Tanggapin mo ang pitong dumalagang tupa mula sa aking kamay bilang patotoo na ako ang humukay ng balong ito.” ³¹Kaya tinawag na Berseba o Balon ng Pangako ang nasabing lugar sapagkat doon sila kapwa nangako.

³²At gumawa sila ng kasunduan sa Berseba. At bumalik na sa lupain ng mga Pilisteo sina Abimelek at Pikol na heneral ng hukbo. ³³Nag-tanim naman si Abraham ng isang puno sa Berseba at doon tumawag sa Ngalan ni Yaweng Diyos Magpakailanman. ³⁴At nanirahan si Abraham nang maraming araw sa lupain ng mga Pilisteo.

Ang pag-aalay kay Isaac

22 ¹Makalipas ang ilang panahon, sinubok ng Diyos si Abraham at sinabi sa kanya: “Abraham!” At sumagot siya: “Narito ako.” ²At sinabi ng Diyos: “Kunin ang iyong anak na lalaki, ang

handog pero malinaw na ipinahahayag sa huling bahagi ng salaysay na pinigil siya ng Diyos na maisagawa ito. Sa unang pagbasa, binibigyang-katwiran ng teksto ang pagtubos sa mga panganay. Ang mga unang bunga naman ay sa Diyos; pero ditulad ng mga panganay na hayop na sinusunog bilang handog, tinutubos ang mga anak (Ex 13:13).

Gayunpaman, inaanyayahan tayo ng teksto ng Genesis na matutunan sa tekstong ito ang halimbawa ng walang-pagkasirang pananampalataya ng patriyarka: sinusubok ng Diyos ang mga kaibigan niya para palakihin ang kaniyang pananampalataya. Inilalaan ng Diyos ang pinakamaganda niyang mga kaloo para sa mga nananatiling matatag sa oras na alisin niya sa

• **22.1** Nasisindak tayo ng salaysay ng pag-aalay kay Isaac: paano nahingi ng Diyos kay Abraham na ilalay ang anak nito? Para maunawaan ang tekstong ito, kailangang intindihin ito mula sa dalawang pananaw. Una, ang teksto ay pormal na pagbabawal sa pag-aalay sa mga tao. Huwag nating kalimutang nang panahong binubuo ang salaysay na ito, kasalukuyang isinasagawa ng mga Kananeo ang pag-aalay ng mga anak: maraming Israelita ang sumunod sa halimbawa ng mga Kananeo sa pag-aakalang kalugud-lugod sa Diyos ang ganitong pag-aalay (tingnan ang Jer 19).

Noong una, ipinalagay ni Abraham na kalooban ng Diyos ang pagsunog sa kanyang anak na si Isaac bilang

kaisa-isa mong anak na si Isaac na iyong minamahal, at magpunta kayo sa lupain ng Moriah. lalay mo siya bilang sinunog na handog sa isa sa mga bundok doon na ituturo ko sa iyo.”

³Gumising nang maaga si Abraham kinabukasan, at nilagyan niya ng upuan ang kanyang asno, at isinama ang dalawa sa kanyang batang alipin at ang kanyang anak na si Isaac. Nagsibak siya ng kahoy na gagamiting gatong sa alay at umalis papunta sa lugar na itinuro ng Diyos. ⁴Sa iktatlong araw, natanaw ni Abraham ang lugar sa malayo, ⁵at sinabi niya sa mga kabataang alipin: “Bantayan ninyo rito ang asno. Aahon kami ng anak ko sa dakong iyon para sumamba, at babalikan namin kayo.”

⁶Kinuha ni Abraham ang kahoy na panggatong sa alay at ipinapasan kay Isaac na kanyang anak. Dala naman niya ang apoy at patalim. Samantalang magkasamang naglalakad ang dalawa, ⁷sinabi ni Isaac kay Abraham na kanyang ama: “Ama ko!” At sumagot si Abraham: “Narito ako, anak ko.” Sinabi ni Isaac: “May dala tayong apoy at kahoy, pero nasaan ang susununging handog na kordero?” ⁸Suma-

got si Abraham: “Ang Diyos ang magbibigay ng susununging handog na kordero, anak ko.” Nagpatuloy na magkasama ang dalawa ⁹hanggang dumating sila sa lugar na itinuro ng Diyos. Matapos magawa ni Abraham ang altar at maiayos ang kahoy na panggatong, iginapos niya ang kanyang anak na si Isaac at inilagay sa altar sa ibabaw ng mga kahoy. ¹⁰At iniunat ni Abraham ang kanyang kamay at kinuha ang patalim upang saksakin ang kanyang anak.

¹¹Ngunit tinawag siya ng Anghel ni Yawe mula sa langit: “Abraham! Abraham!” At sinabi niya: “Narito ako.” ¹²Sinabi ng Anghel: “Huwag mong pagbuhatan ng kamay ang bata, huwag mo siyang saktan. Alam ko na ngayon na may takot ka sa Diyos sapagkat hindi mo ipinagkait para sa akin ang buytong mong anak.” ¹³Tumingin si Abraham at nakita niya ang isang barakong kambing na napasabit ang mga sungay sa mga sanga ng isang palumpong. Kinuha niya iyon at inilalay bilang sinunog na handog na kapalit ng kanyang anak. ¹⁴Tinawag ni Abraham na “Si Yawe ang Titingin” ang lugar na iyon kaya sinasabi ngayon na sa bundok na ito, si Yawe ang titingin.

kanila ang lahat ng pag-asa. Nabuhay si Abraham na nananalig sa mga pangako ng Diyos para sa kanyang anak. Handa kaya siya ngayong isakripsiyong ang kanyang anak at ang mga pangako? Inilagay siya ng Diyos sa isang daan, ano kaya ang gagawin niya sa araw na maging waring sarado ang daan?

Pagkatapos ng pagsubok, malalaman ni Abraham na mahal niya ang kanyang anak tulad ng pagmamahal ng Diyos, dahil pinili niya ang Diyos kaysa kanyang anak. Alam natin nang may katiyangan na sinasang-ayunan ng Diyos ang dedikasyon natin sa anumang gawain kung may pagkakataong naipakita natin na handa nating iwan maging ang gawaing iyon sapagkat ito ang gusto niya.

Gayundin naman kung parang gumuguhong ang lahat ng pangakong binitiwang sa atin ng Diyos, tanging pag-ibig na tunay ang makapagpapanatili sa ating tapat sa kanya.

Ngunit walang anumang paliwanag na makapagpapaginhawa sa ating pang-unawa’t damdaming nasugatan sa pagkakita sa pag-uutos ng Diyos kay Abraham ng napakabigat na sakripsiyong para sa iyang ama. Wala na bang ibang paraan para maihatid tayo sa

ganap na pag-ibig? Bagamat sumasampalataya si Abraham at kaibigan ng Diyos, tao pa rin siyang makasalanan at isang operasyong lamang ang makapagpapadalisay sa kanyang puso. Kayat si Abraham ang namamatay at hindi si Isaac; at sa sakripsiyong niyang ito nakakamit ang Buhay (tingnan Lc 17:33; Rom 4:17; Heb 11:19).

Sa salaysay na ito ng pag-aalay ni Abraham ng kanyang anak, nakikita ng Kristiyanong tradisyong ang paglalarawan ng Diyos Amang nagbibigay ng kanyang sariling anak para iligtas ang mga makasalanan. Bagamat iba ang pakahulugan ng Diyos sa mga salitang sakripsiyong, pagdurusa, pag-ibig, kaysa pakahulugan natin, huwag nating isiping walang-pakaliam at walang-awa ang Diyos para hingan tayong ng mga sakripsiyong wala siyang kinalaman (Rom 5; 8: 8:31).

• **23.1** Nilakbay ni Abraham ang buong Palestina nang wala man lamang matututungan ng kanyang mga paa (Mga Gawa 7:5). Pangako lamang ang kanyang pinanghahawakan kaya siya ang modelo nating mga sumasampalataya na hanggang kamataya’y nabubuhay na umaasa sa mga pangako ng Diyos. Subalit sa pagkamatay ni Sara, nagkaroon ng

¹⁵ At muling tinawag ng Anghel ni Yawe mula sa langit si Abraham, ¹⁶ at sinabi: "Sabi ni Yawe – dahil ginawa mo ito at hindi mo ipinagkait ang kaisa-isa mong anak, ¹⁷ isinusumpa ko mismo sa aking sarili na pagpapalain kita at pararamihin kong sindami ng mga bituin sa langit at ng buhangin sa dalampasigan ang iyong lipi. At lulupigin ng iyong mga inapo ang kanilang mga kaaway. ¹⁸ At makikita ng lahat ng bansa ng sanlibutan ang aking pagpapala sa pamamagitan ng iyong inapo sapagkat sumunod ka sa akin."

¹⁹ Binalikan ni Abraham ang kanyang mga alipin, at magkakasama silang umuwi sa Berseba kung saan siya tumigil.

²⁰ Pagkalipas ng ilang panahon, nabalitaan ni Abraham na nagkaroon na ng mga anak na lalaki si Milca kay Nahor na kapatid ni Abraham: ²¹ si Us ang panganay, si Buz na kapatid nito at si Camuel na ama ng mga Sirio, ²² at sina Cased, Azau, Feldas, Yedlaf at Batuel ²³ (na ama ni Rebeca). Naging anak ni Milca ang walong ito kay Nahor na kapatid ni Abraham. ²⁴ Nagkaanak din ang kanyang asawang-alipin na nagngangalang Roma: sina Tebaj, Gajam, Tajas at Maaca.

Ang libingan nina Abraham at Sara

23 ¹ Nabuhay si Sara nang isandaa't dalawampu't pitong taon. ² Namatay siya sa siyudad ng Arbe – iyon ang Hebron – sa lupain ng Kanaan, at nanangis si Abraham at ipinagluksa si Sara. ³ Iniwan ni Abraham ang bangkay at kinausap niya ang mga Heteo:

⁴ "Dayuhan lamang ako sa lupang ito. Hayaan ninyong magkaroon ako ng lote na magagawa kong libingan." ⁵ Sumagot kay Abraham ang mga Heteo: ⁶ "Makinig ka, ginoo, ikaw ang prinsipal ng Diyos para sa amin; ilibing mo ang iyong patay sa pinakamahusay na libingan. Walang sinuman sa amin na magkakat sa iyo ng kanyang libingan para paglibingan mo ng iyong patay."

pagkakataon si Abraham para bumili man lang ng mapaglibingan sa kanya.

• **24.1** Hindi mo ikukuha ng asawa ang aking anak sa mga dalaga ng Kanaan. Sapagkat si Isaac ang "anak ng Pangako" at ang katapatan sa pangako ng ito ang mabigat na pinoproblema ni Abraham. Ang pag-aasawa ng kanyang anak sa isang Kananea na nasanay na sa paganong pagsamba ay makapaglalagay sa panganib sa katapatang ito.

⁷ Tumindig si Abraham at yumuko sa mga Heteong tagaroon, ⁸ at sinabi sa kanila: "Kung payag kayong ilibing ko ang aking patay, pakinggan ninyo ako at ipakiusap kay Efrong anak ni Seor ⁹ na ibigay sa akin ang yungib niya sa Makpela na nasa may hangganan ng kanyang lupain. Ibigay niya iyon sa akin at babayaran ko iyon ng pilak bilang libingan."

¹⁰ Nang mga sandaling iyon, naroon si Efron at nakaupong kasama ng mga Heteo, at sinabi nito kay Abraham na naririnig ng lahat ng labas-masok sa pintuan ng kanyang lunsod: ¹¹ "Hindi, ginoo, makinig ka! Ibinibigay ko sa iyo ang lote, pati ang yungib na naroon. Sa pagsaksi ng lahat kong kababayan, ibinibigay ko iyon sa iyo. Ilibing mo roon ang iyong patay." ¹² Muling yumuko si Abraham sa mga Heteo ¹³ at sinabi kay Efron nang naririnig nila: "Kung makikinig ka lamang sa akin, babayaran ko ang halaga ng lote. Tanggapin mo ito upang mailibing ko roon ang aking patay." ¹⁴ Sumagot si Efron kay Abraham: ¹⁵ "Ginoo, pakinggan mo ako. Apatnaraang pirasong pilak ang halaga ng lote, palagay ko'y tama na ang halagang iyon, pero ano ba naman sa atin iyon? Ilibing mo na ang iyong patay." ¹⁶ Sumang-ayon si Abraham kay Efron at tumimbang siya ng pilak sa harap ng mga Heteo: apatnaraang piraso ng pilak na umiiral noon sa pamilihan.

¹⁷ Sa gayon, ang lote ni Efron sa Makpela na katapat ng Mambre – ang lote at ang yungib pati ang lahat ng punong naroon, ang kabuuan niyon ay naging ¹⁸ ari-arian ni Abraham sa harap ng mga Heteong nasa pintuan ng lunsod.

¹⁹ Pagkatapos nito, inilibing ni Abraham ang asawang si Sara sa yungib na nasa lupain ng Makpela na malapit sa Mambre (na Hebron) sa lupain ng Kanaan. ²⁰ Ang lupa at ang yungib na naroon ay ipinagbili nga ng mga Heteo kay Abraham para gawing libingan.

Humanap si Elizer ng mapapangasawa ni Isaac

24 ¹ Matandang-matanda na si Abraham at pinagpala siya ni

At para mapabilang sa pamilya ni Abraham at maging ina ng hinirang na bayan, kailangan din lisarin ni Rebeca ang kanyang sambahayan at lupain.

Siya ang ituturing kong pinili mo para sa iyang lingkod na si Isaac. Pinapatnubayan ng Diyos ang mga nag-aasawa na ang pinakahangang ay maisagawa ang kanyang kalooban. Tutulungan niya silang matagpuan ang taong makatutulong sa kanilang mas maisagawa ang hangaring ito. Ito rin ang magiging aral sa libro ni Tobias.

Yawe sa lahat ng bagay. ²Sinabi ni Abraham sa pinakamatanda niyang lingkod na kanyang mayordomo: “Ilagay mo ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita ³at sumumpa ka sa akin sa ngalan ni Yaweng Diyos ng langit at Diyos ng lupa na hindi mo ikukuha ng asawa ang aking anak sa mga dalaga ng Kanaan. ⁴Sa halip, magpunta ka sa aking bayan para kumuha sa aking mga kamag-anak ng mapapangasawa ng aking anak na si Isaac.”

⁵Sinabi ng lingkod sa kanya: “Paano kung ayaw sumama sa akin ng babae pabalik dito? Maisasama ko ba ang iyong anak sa bayang pinagmulan mo?” ⁶Sinabi ni Abraham: “Hindi mo isasama roon ang aking anak sa anumang paraan. ⁷Sapagkat si Yaweng Diyos ng langit na naglabas sa akin sa bahay ng aking ama at sa bayan kong sinilangan ang kumausap sa akin at sumumpang ibibigay niya ang lupaing ito sa aking inapo.

Iusugo niya ang kanyang anghel para umuna sa iyo, at doon ka kukuha ng asawa ng aking anak. ⁸Kung ayaw sumunod sa iyo ng babae, magiging malaya ka na sa sumpang ito. Sa anu't anumang, hindi mo dadalhin doon ang aking anak.” ⁹Inilagay ng mayordomo ang kanyang kamay sa ilalim ng hita ng kanyang among si Abraham at sumumpang gagawin ang iniutos sa kanya.

¹⁰Kumuha ang lingkod ng sampu sa mga kamelyo ng kanyang amo at kinaraghan ng lahat ng pinakamabuti sa mga ari-arian ng kanyang amo. Tuminding siya at naglakbay patungong siyudad ng Nahor sa bayan ng Aram. ¹¹Pinaluhod niya ang mga kamelyo malapit sa balon sa labas ng lunsod. Hapon na at paigib ng tubig ang mga babae.

¹²At nanalangin ang mayordomo: “Yaweng Diyos ng aking panginoong si Abraham, sumaakin ka at magmangandang-loob kay Abraham na aking amo. ¹³Tingnan mo, nakatayo ako rito sa tabi

ng bukal at parating na ngayon ang mga babae para umigib ng tubig. ¹⁴Sasabihin ko sa kanilang – Ibhuhos mo ang iyong banga upang makainom ako. Ang unang dalagang magsasabing – Sige, uminom ka at paiinum ko rin ang iyong mga kamelyo – ang ituturing kong pinili mo para sa iyong lingkod na si Isaac. Kaya malalaman kong nagmangandang-loob ka sa aking panginoon.”

¹⁵Hindi pa siya tapos manalangin nang lumabas si Rebecang anak na dalaga ni Betuel na anak ni Milca na maybahay ni Nahor na kapatid naman ni Abraham. May pasang banga sa balik. ¹⁶Napakaganda ng dalaga at wala pang nakasisiping na lalaki. Lumusong siya sa bukal, pinuno ang banga at saka umahon. ¹⁷Tumakbo ang alipin at sinalubong siya at sinabi: “Mawalang-galang na, makikiinom sana ako ng kaunting tubig sa iyong banga.” ¹⁸Sumagot si Rebeca: “Uminom ka, ginoo.” Kapagdaka’y ibinaba niya ang pasang banga at paininom siya. ¹⁹Pagkatapos siyang painumin, sinabi niya: “Iligib ko rin ng tubig ang mga kamelyo mo hanggang mapawi ang kanilang uhaw.” ²⁰Nagmamadaling isinalin ni Rebeca ang laman ng banga sa labangan, at nagpabalik-balik para painumin ang lahat ng kamelyo.

²¹Tahimik naman siyang pinagmasdan ng lalaki para malaman kung pagtatagumpayin nga ni Yawe o hindi ang kanyang paglalakbay. ²²Nang makainom na ang mga kamelyo, inilabas ng lalaki ang gintong singsing para sa ilong at dalawang gintong pulseras at ibinigay sa dalaga. ²³At kanyang itinanong: “Kanino kang anak? Mangyaring sabihin mo sa akin. May silid ba sa tahanan ng iyong ama na maaari naming pagpalipasan ng gabi?” ²⁴Sumagot ang dalaga: “Anak ako ni Betuel na anak naman ni Milca kay Nahor.” ²⁵Ipinagpatuloy niya: “Marami kaming dayami at damo para sa mga kamelyo, at may silid din na mapagpalipasan ninyo ng gabi.”

²⁶ Lumuhod ang lalaki at dumapa sa harap ni Yawe, ²⁷ at sinabi: “Dakilain si Yaweng Diyos ng aking panginoong si Abraham, na hindi ipinagkakait ang kanyang kabutihang-loob at katapatan sa aking amo. Pinatnubayan ako ni Yawe upang makarating sa bahay ng mga kapatid ng aking amo.” ²⁸ Patakibong umuwi ang dalaga sa bahay ng kanyang ina at isinalaysay ang lahat.

²⁹ May kapatid na lalaki si Rebeca na nagngangalang Laban, at patakbo nitong nilapitan ang lalaking malapit sa bukal. ³⁰ Pagkakita niya sa singsing sa ilong at mga pulseras sa braso ng kanyang kapatid na dalaga, at nang marinig niya ang sinabi ni Rebeca na “Ito ang sinabi sa akin ng lalaki...” nilapitan niya ang lalaking nakatayo sa tabi ng mga kamelyo, malapit sa bukal. ³¹ Sinabi niya: “Tumuloy ka, ikaw na pinagpala ni Yawe. Ba’t di ka pumasok? Naihanda ko na ang bahay at may lugar para sa iyong mga kamelyo.” ³² Kaya pumasok naman ang lalaki sa bahay at ibinaba ang mga dala ng mga kamelyo. Binigyan ng dayami at damo ang mga kamelyo. At binigyan naman siya ng tubig at ang kanyang mga kasama upang hugasan ang kanilang mga paa. ³³ Hinainan din siya ng pagkain pero sinabi niya: “Hindi ako kakain hanggang hindi ko nasasabi ang aking pakay.” Sinabi ni Laban: “Magsalita ka.”

³⁴ At sinabi niya: “Ako ay lingkod ni Abraham. ³⁵ Lubos na pinagpala ni Yawe ang aking amo at yumaman siya. Binigyan siya ni Yawe ng mga tupa, at mga baka, pilak at ginto, mga alipng lalaki at babae, mga kamelyo at asno. ³⁶ At nagsilang ng isang anak na lalaki sa kanyang katandaan si Sarang asawa ng aking amo. Kaya sa kanya ibinigay ng aking amo ang lahat niyang ari-arian. ³⁷ At pinasumpa niya ako at sinabing – Hindi mo ikukuha ng asawa ang aking anak sa mga dalaga ng Kanaanang tinitirhan ko. ³⁸ Sa halip, pupunta ka sa angkan ng aking ama, sa aking mga kamag-anak, at doon ka kukuha ng magiging asawa ng aking anak. ³⁹ At sinabi ko naman sa aking amo – Paano kung ayaw sumama sa akin ng babae? ⁴⁰ Sumagot siya –

Isusugo ni Yaweng lagi kong pinaglingkuran ang kanyang anghel para samahan ka at gawing matagumpay ang iyong paglalakbay. Makakukuha ka ng magiging asawa ng aking anak mula sa sarili kong angkan at sa tahanan ng aking ama. ⁴¹ At pagkarating mo sa aking angkan, malaya ka na sa aking sumpa – tumanggi man silang ibigay siya sa iyo o hindi, wala ka nang pananagutan sa akin.

⁴² Kaya nanalangin ako pagdating sa bukal – Yaweng Diyos ng aking panginoong Abraham, kung gusto mong magtagumpay ang aking paglalakbay, ⁴³ ganito sana ang mangyari: tatayo ako sa tabi ng bukal at kapag may dumating na dalaga para umigib ng tubig, sasabihin ko sa kanyang: Painom naman nang kaunti sa iyong banga. ⁴⁴ Kapag sumagot siya ng – Uminom ka, at iiigib ko rin ang iyong mga kamelyo – siya nawa ang babaeng pinili ni Yawe para sa anak ng aking amo. ⁴⁵ Iniisip ko pa lamang ito nang lumabas si Rebeca na may pasang banga. Lumusong siya sa bukal para umigib ng tubig. Sinabi ko sa kanyang – Painom naman. ⁴⁶ Mabilis niyang ibinaba ang banga at sinabing – Uminom ka! At paiinum ko rin ang iyong mga kamelyo. – Uminom ako at paininom din niya ang aking mga kamelyo. ⁴⁷ Tinanong ko siya – Kanino kang anak? At sinabi niyang – Anak ako ni Betuel na anak ni Nahor kay Milca. At isinuot ko ang singsing na ito sa kanyang ilong at ang mga pulseras sa kanyang braso. ⁴⁸ Lumuhod ako pagkatapos at dumapa para sambahin at dakilain si Yaweng Diyos ng aking among si Abraham, na umakay sa akin sa tamang daan para kunin ang apo ng kapatid na lalaki ng aking amo para sa kanyang anak. ⁴⁹ Sabihin ninyo sa akin ngayon kung magma-magandang-loob kayo at magiging tapat sa aking amo; kung hindi naman, sabihin ninyo sa akin nang malaman ko kung ano ang dapat kong gawin.”

⁵⁰ Sumagot sina Laban at Betuel: “Talaga ito ni Yawe. Hindi kami makatututol. ⁵¹ Heto si Rebeca, isama mo siya para maging asawa ng anak ng iyong amo, gaya ng sinabi ni Yawe.” ⁵² Nang marinig iyon ng lingkod ni Abraham, dumapa siya sa lupa sa harap ni Yawe. ⁵³ Kinuha niya pagkatapos ang mga alahas na ginto at pilak at ang mga damit, at ibinigay kay Rebeca. Binigyan din niya ng mamahaling mga regalo ang kapatid na lalaki at ina at mga kamag-anak nito. ⁵⁴ At

siya at ang kanyang mga kasama ay kumain at nag-inuman, at doon nagpalipas ng gabi.

Nang magising sila kinabukasan, sinabi niya: “Pauwiin na ninyo ako sa aking amo.”⁵⁵ Sinabi ng kapatid at ina ni Rebeca: “Hayaan mong makapiling pa namin ang aming dalaga nang mga sampung araw. At makalalakad na siya.”⁵⁶ Sinabi niya: “Huwag na ninyo akong abalihin dahil pinapagtagumpay na ni Yawe ang aking paglalakbay. Pauwiin na sana ninyo ako sa aking amo.”⁵⁷ At sinabi nila: “Tawagin natin si Rebeca at tanungin siya tungkol dito.”⁵⁸ Tinawag nila si Rebeca at tinanong: “Gusto mo bang sumama sa lalaking ito?” Sumagot siya: “Sasama ako.”⁵⁹ Kaya pinasama nila si Rebecang kapatid nila at ang yaya nito sa lingkod ni Abraham at sa mga tauhan niyon.⁶⁰ Binasbasan nila si Rebeca at sinabi sa kanya: “Aming kapatid, dumami ka nawa nang libu-libo, at malupig nawa ng iyong lahi ang mga namumuhi sa kanila.”

⁶¹ Naghanda si Rebeca at ang kanyang mga utusan, sumakay sa mga kamelyo at sumunod sa mayordomo ni Abraham. Sa gayon, isinama ng lingkod si Rebeca at umalis.

⁶² Kagagaling pa lamang ni Isaac sa balon ng Lahay-Roi sapagkat sa Negeb siya nakatira.⁶³ Nang gumagabi na, lumabas siya para mamasyal sa bukid, at natanaw niya sa malayo ang ilang kamelyong papalapit.⁶⁴ At nang makita siya ni Rebeca, bumaba ito sa kamelyo⁶⁵ at tinanong ang mayordomo: “Sino ang lalaking iyon sa bukid na palapit sa atin?” Sumagot ito: “Siya ang amo ko.” Kayat kinuha ni Rebeca ang kanyang belo at tinakpan ang mukha.

⁶⁶ Isinalaysay ng mayordomo kay Isaac

ang lahat niyang ginawa.⁶⁷ Dinala ni Isaac si Rebeca sa tolda ng kanyang inang si Sara. At siya ay naging kanya at naging asawa niya. Minahal niya ito at si Isaac ay naaliw pagkamatay ng kanyang ina.

Si Abraham at ang kanyang mga inapo

25 • ¹ Kumuha ng isa pang asawa si Abraham, na nagngangalang Ketura. ² Naging ina siya nina Zamram, Yeccan, Madan, Madian, Yesboc at Suraj.

³ Si Yeccan ang ama nina Saba at Dedan, at ang mga Asureo, Latuseo, Leomeo ang mga anak ni Dedan. ⁴ Mga anak naman ni Madian sina Efa, Ofer, Enoc, Abida at Eldaa. Mga inapo silang lahat ni Ketura. ⁵ Pero kay Isaac ipinamana ni Abraham ang lahat. ⁶ Binigyan naman ni Abraham ng mga regalo ang mga anak niya sa ibang babae; at habang nabubuhay pa siya, pinalayo niya ang mga iyon kay Isaac sa lupain sa silangan.

⁷ Nabuhay si Abraham nang isandaa't pitumpu't limang taon. Nalagutan ng hininga si Abraham. ⁸ At pagkatapos ng kanyang masyang katandaan, namatay siyang matanda at mayaman sa taon at sumama siya sa kanyang mga ninuno. ⁹ Inilibing siya ng kanyang mga anak na sina Isaac at Ismael sa yungib sa Makpela na malapit sa Mambre, sa bukid ni Efrong anak ni Seor na Heteo. Inilibing si Abraham kasama ng kanyang asawang si Sara sa ¹⁰ loteng binili niya sa mga Heteo. ¹¹ Pagkamatay ni Abraham, pinagpala ng Diyos ang kanyang anak na si Isaac na nakatira noon malapit sa balon ng Lahay-Roi.

¹² Ito ang mga inapo ni Ismael na anak ni Abraham kay Agar na aliping taga-Ehipto ni Sara. ¹³ Ito ang kanilang mga pangalan ayon sa pagkasilang: si Nabaiot ang panganay ni Ismael, at sumunod sina Cedar, Abdeel at Mabsam, ¹⁴ Misma, Duma at Massa, ¹⁵ Hadad, Tema, Yetur, Nafis at Cedma. ¹⁶ Ito ang mga anak ni Ismael, ang kanilang mga bayan at kampo. Labindalawa silang mga pinuno ng kani-kanilang mga tribu. ¹⁷ Nabuhay si Ismael nang isandaa't tatumpu't pitong taon. Nang namatay siya, inilibing siyang kasama ng kanyang mga ninuno.

¹⁸ Nanirahan ang kanyang mga inapo sa

• **25.1** Madan, Madian, Seba, Dedan: mga pangalan ito ng mga tribu at mga bayan sa Arabia. Itinuturing sila ng mga Israelita bilang mga kamag-anak nila sa lahi at wika kaya gusto rin nilang maging mga inapo sila ni Abraham.

lupaing sumasakop sa Evila haggang Sur, mapalit sa hangganan ng Ehipto patungong Asiria. At lumaganap siya sa harap ng kanyang kapwa.

¹⁹ Dito nagsisimula ang kasaysayan ni Isaac na anak ni Abraham. ²⁰ Apatnapung taon si Isaac nang maging asawa niya si Rebecang anak na dalaga ni Betuel, ang Arameong taga-Mesopotamia, at kapatid ni Laban.

Ipinanganak sina Esau at Jacob

• ²¹ Nanalangin si Isaac kay Yawe para sa kanyang asawa sapagkat baog ito. Dininig siya ni Yawe at naglihi si Rebecang asawa niya. ²² Sa tiyan pa lamang ay nagtutulakan na ang mga bata; isinama ito ng loob ni Rebeca at sinabi niya: “Ba’t pa ako patuloy na nabubuhay kung ganito rin lamang?” Kayat sumangguni siya kay Yawe.

²³ Sinabi sa kanya ni Yawe: “Dalawang bansa ang nasa iyong sinapupunan, at dalawang bayan mula sa iyo ang maghihiwalay. Magiging mas malakas ang isa at maglilingkod ang panganay sa bunso.”

²⁴ Nang sumapit ang araw ng kanyang panganganak, kambal pala ang nasa kanyang sinapupunan. ²⁵ Ang unang lumabas ay mapula at balbon ang buong katawan, kaya tinawag siyang Esau.

• 21. Sa simula ng kabanata 12, nakita natin kung paano inilarawan ng mga sumulat ng Genesis ang kanilang ninunong si Abraham bilang ama at halimbawa ng mga sumasampalataya. Subalit mas gusto ng mga Israelita na matawag silang “mga anak ni Jacob”. Pinalitaw nilang may mas makatao at di gaanong ulirang mga katangian si Jacob. Kayat kung itinuring nilang huwaran si Abraham, mas nakita naman nila ang kanilang sarili kay Jacob: matalino at medyo mapanlinlang, pero matatag sa kanyang panampalataya.

Ipinangako ng Diyos ang kanyang sarili sa mga inapo ni Abraham, ngunit malaya siyang makapipili kung sino sa mga inapong iyon ang makikinabang sa kanyang mga pangako. Hindi ito mapupunta sa panganay na anak ni Isaac na siyang dapat magmana sa halos lahat ng meron ang kanyang ama ayon sa kaugalian.

Dalawang bansa ang nasa iyong sinapupunan (23). Alalahanin natin na sa istoryang ito, bawat tauhan ay kumakatawan sa bayang may katulad na pangalan. Si Jacob-Israel ang itinuturing na ninuno ng bayang Israel, kaya si Esau o *Edom* (25:31) naman ang itinuturing na ninuno ng bayang Edom na kalapit-bansa at kaagang ng mga Israelita.

Ipinakikita ng mga kabanatang ito ang kalayaan ng Diyos na pumipili sa bayang ito kaysa iba para maging

²⁶ Kasunod niyang lumabas ang kanyang kapatid, nakahawak ito sa sakong ni Esau at pinangalanang Jacob. *Animnapung taon noon si Isaac.*

²⁷ Lumaki ang mga bata, naging maging na mangangaso si Esau na mahilig magpagala-gala. Si Jacob naman ay simpleng tao na naninirahan sa tolda. ²⁸ Mahal ni Isaac si Esau dahil gusto nito ang karne ng mailal na hayop, pero mahal naman ni Rebeca si Jacob.

²⁹ Minsan, nang nagluluto ng nilaga si Jacob, dumating si Esau mula sa paggagala at pagod na pagod, ³⁰ at sinabi niya kay Jacob: “Palamunin mo nga ako ng pulang nilaga mo dahil gutom na gutom ako.” (Mula noon, tinawag na siyang Edom – ang Pula.) ³¹ Sinabi ni Jacob: “Ipagbili mo sa akin ngayon din ang karapatan ng pagiging panganay.” ³² Sinabi ni Esau: “Malapit na rin lang akong mamatay sa gutom, ano pa ang kabuluhan ng pagiging panganay?” ³³ Sinabi naman ni Jacob: “Sumumpa ka ngayon din.” At sumumpa si Esau at ipinagbili ang karapatan ng pagiging panganay kay Jacob.

instrumento ng kanyang kaligtasan. Ngunit sa mga Israelita ma’y pumipili ang Diyos ng gusto niyang pagkatiwalaan ng medyo naiibang misyon.

Tatlong dahilan ang ibinibigay sa mga kabanatang ito kung bakit tinanggihan si Esau:

– Sa teksto (kab. 25), ipinapakitang may kasalanan si Esau: siya mismo ang bumale-wala sa kanyang sagradong karapatan bilang panganay na anak.

– Sa ikalawa (26:34) nama’y binabanggit ang tungkol sa pag-aasawa niya ng mga babaeng dayuhan.

– Sa ikatlo (kab. 27), inilalahad kung paano ginamit ng Diyos ang isang panlinlang ni Jacob para makamit ang kanyang gusto. Hindi gaanong mahigpit ang mga Israelita tungkol sa pagsisinungaling. Para sa kanila, ipinakita lamang ng panlinlang ni Jacob na desidido siyang kunin ang mga pangako ng Diyos sa anumang paraan, kaya naman siya ang naging karapat-dapat sa mga pangakong iyon.

Sa Hebreo 12:16, ilalahad si Esau bilang halimbawa ng isang di-makadiyos na ipinagbibili ang pagpapala ng Diyos para sa isang platong pagkain. Madali nating maiisip ang maraming tao na dahil lamang sa isang basong alak o ilang pribilehiyo ay ipinagbibili ang kanilang karapatan o isinusuko, halimbawa, ang karapatan ng kanilang unyon bilang mga manggagawa, o isinasakripisyo ang kinabukasan ng kanilang mga anak.

³⁴ At saka siya binigyan ni Jacob ng tinapay at nilagang beans. Kumain at uminom si Esau at tumindig pagkatapos at umalis. At binale-wala ni Esau ang pagiging panganay niya.

Mga pangyayari sa buhay ni Isaac

26 • ¹ Nagkaroon ng taggutom sa lupain – ang ikalawa pagkatapos ng taggutom sa panahon ni Abraham – at nagpunta si Isaac sa Gerar na lupain ni Abimelek na hari ng mga Piliesto. ² Sapagkat napakita sa kanya si Yawe at sinabi: “Huwag kang bababa sa Ehipto; tumigil ka sa lupaing sasabihin ko sa iyo. ³ Manatili ka sa lupaing ito, at ako’y sasaiyo at pagpapalain kita. Ibigbig ko sa iyo at sa iyong mga inapo ang buong lupaing ito, at tutuparin ko ang pangakong sinumpaan ko sa iyong amang si Abraham. ⁴ Pararamihin ko ang iyong lipi tulad ng mga bituin sa langit, at ibigbig ko sa iyong lahi ang buong lupaing ito. At makikita ng lahat ng bansa sa daigdig ang aking pagpapala sa pamamagitan ng iyong inapo ⁵ sapagkat sinu-nod ako ni Abraham at tinupad ang mga iniuutos ko at ang aking mga batas at tuntunin.” ⁶ Kaya nanatili sa Gerar si Isaac. ⁷ Nang tanungin siya ng mga tao sa nasabing lupain tungkol sa kanyang asawa, sinabi niyang “Kapatid ko siya.” Natatakot siyang sabihing “Asawa ko siya” sapagkat inakala niyang “Baka patayin ako ng mga lalaking ito dahil kay Rebecca na napakaganda.” ⁸ Nang matagal na roon si Isaac, min-sang nakadungaw si Abimelek sa bintana, nakita nito si Isaac na nakikipaglambing kay Rebecca. ⁹ Ipinatawag ni Abimelek si Isaac at sinabing “Asawa mo pala siya! Bakit mo sinabing kapatid mo siya?” Sinabi naman ni Isaac: “Inisip ko kasing baka patayin nila ako dahil sa

kanya.” ¹⁰ Kaya sinabi ni Abimelek: “Ano itong ginawa mo sa amin? Kung nangyaring nakipag-talik sa asawa mo ang isa sa aking mga tauhan, isusuong mo kami sa pagkakasala.” ¹¹ Kaya nagpalabas ng utos si Abimelek sa lahat niyang nasasakupan: “Mamamatay ang sinumang gumalaw sa lalaking ito o sa kanyang asawa.”

¹² Nagtanim si Isaac sa lupaing iyon at umani nang makasandaang ibayo nang taon ding iyon. Pinagpala siya ni Yawe ¹³ at siya ay yumaman. Patuloy na lumago ang kanyang kabuhatan hanggang maging napakayaman niya. ¹⁴ Nagkaroon siya ng napakaraming kawan ng mga tupa at mga baka, at mga alipin kaya nainggit sa kanya ang mga Piliesto. ¹⁵ Tinabunan ng lupa ng mga Piliesto ang lahat ng balong hinukay ng mga alipin ng kanyang amang si Abraham sa kapanahunan nito. ¹⁶ Sinabi ni Abimelek kay Isaac: “Lumayo ka sa amin sapagkat mas makapangyarihan ka pa ngayon kaysa amin.” ¹⁷ Kaya umalis sina Isaac sa lupaing iyon at nagpunta sa Lambak ng Gerar at nanirahan doon.

¹⁸ Muling ipinahukay ni Isaac ang mga balong hinukay sa kapanahunan ng kanyang amang si Abraham, na tinabunan naman ng mga Piliesto pagkamatay ni Abraham. Dati ring pangalan ang itinawag niya sa mga balon ayon sa ibinigay ng kanyang ama. ¹⁹ Naghukay ang mga alipin ni Isaac sa lambak at natuklasan ang isang buhay na bukal. ²⁰ Ngunit inaway ng mga pastol ng Gerar ang mga pastol ni Isaac at sinabing: “Amin ang tubig na iyan!” Kaya tinawag niyang Esek (Balon ng Away) ang balon sapagkat pinag-awayan nila iyon. ²¹ Humukay sila ng iba pang balon pero muli na naman nila iyon pinag-awayan, kaya tinawag niya iyon Sitna (Balon ng Pagtatalo). ²² Lumayo na siya roon at humukay ng isa pang balon, at sapagkat walang

• **26.1** Tungkol sa talata 7-11, tingnan ang 20:2. Sa mga kabanata 12-33, natutuguhan natin ang dalawang karaniwang kalagayan sa buhay ng mga patriyarka: mga nomad sila na sa mga tolda nakatira; pagala-gala sila sa paghahanap ng tubig at naghuhukay ng mga balon (tingnan 21:21-34).

Sa mga tolda sila nakatira, ibig sabihin’y pansaman-tala at walang pirmihang tirahan. Pinahalalagahan ng Biblia ang paggawa ng tao para makapagtayo ng bagay na nananatili sa mundong ito. Pinupuri nito ang pagpupundar ng isang tirahan, pagtatanim ng ubasan, at pagtatayo ng bahay (Dt 20:5-7) dahil kaugnay ang lahat ng ito sa mapanlikhang misyon ng tao. Ngunit inaalaala rin ng Biblia ang pagala-galang pamumuhay ng mga ninuno ng Israel bilang isang huwarang di dapat mawala (Jer 35). Hindi natatala sa anumang sa mundong ito ang sumasampalataya maging sa pamilya, sariling bayan o pamumuhay. Itinatayo niya ang

kanyang tolda saan man puwedeng lumawak ang kanyang karanasan ngunit hindi nananatili sa alinman. Sa pamumuhay bilang dayuhan sa mundong ito, magiging mas madali para sa kanya na matagpuan ang Diyos na dumaraan ding isang dayuhan sa ating piling (sa Jn 1:14, ganito ang eksaktong salin: *Itinayo ng Wika ang kanyang Tolda sa ating piling*). Tingnan Ex 33:7, 40:34; 2 Sam 7:7; Sir 24:11; 2 Cor 5:1-4; 1 P 2:11.

Humukay ng mga balon ang mga patriyarka. Wala silang natagpuang mga bukal ng tubig sa disyerto, kundi kailangang maghirap sa paghukay ng mga balon na magpapabunga sa disyerto at magbibigay ng maiinon sa kanilang mga kawan. May mga panahong natutuyo ang tubig; kung minsan nama’y tinabunan ng mga Piliesto ang mga iyon. Inilalarawan ng lahat ng ito ang paggisikap ng tao para matagpuan ang karunungan.

nakipagkagalit dahil doon, tinawag niya iyong Rejobot (Balon ng Ginhawa). At sinabi niya: “Sa wakas, binigyang-ginhawa rin tayo ni Yawe kaya uunlad na tayo ngayon sa lupaing ito.”

²³Mula roon, umahon si Isaac sa Berseba. ²⁴Napakita sa kanya si Yawe kinagabihan at sinabi: “Ako ang Diyos ni Abraham na iyong ama. Huwag kang matakot sapagkat ako’y sumasaiyo. Pagpapalain kita at pararamihin ang iyong lipi alang-alang kay Abraham na aking lingkod.” ²⁵Gumawa ng altar si Isaac doon at tumawag sa Ngalan ni Yawe. Doon niya itinayo ang kanyang tolda, at humukay naman ng balon ang kanyang mga alipin.

²⁶Pinuntahan siya ni Abimelek mula sa Gerar kasama ang kaibigan nitong si Ajuzat at si Pikol na pinuno ng kanyang hukbo. ²⁷Sinabi sa kanya ni Isaac: “Bakit ka napatiro? Di ba’t namumuhi ka sa akin kaya mo ako pinalayas?” ²⁸Sumagot ang mga ito: “Maliwanag naming nakita na sumasaiyo si Yawe kaya sinabi naming – Ipa-ngako natin ang kapayapaan sa isa’t isa at gumawa tayo ng kasunduan: ²⁹hindi mo kami pipinsalin kung paanong hindi ka namin ginulo kundi naging laging mabuti ang pakikitungo namin sa iyo at mapayapa kang pinaalis. Ikaw ang pinagpala ni Yawe.” ³⁰At pinagtibay ni Isaac ang kasunduan sa banal na piging at kumain sila at nag-inuman. ³¹Kinabukasan, maaga silang gumising at nangako sa isa’t isa. Pinaalis sila ni Isaac at iniwan naman siya sa kapayapaan. ³²Nang araw ding iyon, dumating ang mga alipin ni Isaac at ibinalita sa kanya ang tungkol sa balong hinukay ng mga ito: “Nakatuklas kami ng tubig!” ³³Tinawag niyang Seba ang balon kaya Berseba ang pangalan ng lunsod hanggang ngayon.

³⁴*Nang apatnapung taon na si Esau, pinakasalanan niya si Judit na anak ni Bering Heteo at si Besemat na anak naman ni Elon na isa ring Heteo.* ³⁵*At nakakainis sila kina Isaac at Rebeca.*

Ninakaw ni Jacob ang bendisyon

27 ¹Matanda na si Isaac at malabo na ang mga mata at hindi na makakita. Tinawag niya ang kanyang pangamay na si Esau at sinabi: “Anak ko.” Sumagot ito: “Narito ako.” ²Nagpatuloy si Isaac: “Matanda na ako at hindi ko alam kung kailan ako mamamatay. ³Kaya kunin mo ang iyong mga sandata, ang

iyong pana at sisidlan ng mga palaso. Lumabas ka sa kaburulan at mangaso. ⁴At ipagluto mo ako ng paborito ko at ihain sa akin. At saka ko ibibigay sa iyo ang aking bendisyon bago ako mamatay.”

⁵Nakikinig si Rebeca habang kinaka-usap ni Isaac ang anak na si Esau. Pagkaalis ni Esau para mangaso sa kaburulan, ⁶tinawag ni Rebeca ang kanyang anak na si Jacob at sinabi: “Narinig kong sinabi ng iyong ama sa kuya mong si Esau – ⁷Mangaso ka at ipagluto ako ng iyong huli para makakain ako at babas-basan kita sa harap ni Yawe bago ako mamatay. ⁸Ngayon, anak ko, makinig ka at gawin mo ang sasabihin ko sa iyo. ⁹Pumunta ka sa mga kawan at dalhan mo ako ng dalawang matabang batang kambing para maipagluto ko ng paboritong pagkain ang iyong ama. ¹⁰Ihahain mo iyon sa iyong ama at kakain siya, at ikaw ang babas-basan niya bago siya mamatay.”

¹¹Sinabi naman ni Jacob kay Rebeca: “Balbon ang aking kuyang si Esau, samantalang makinis naman ang balat ko. ¹²Kapag hinipo ako ng aking ama, malalaman niyang nilililang ko siya at sumpa ang tatanggapin ko sa halip na pagpapalapagpapala.” ¹³Ngunit sinabi ng kanyang ina: “Anak ko, sa akin na sana bumagsak ang sumpa! Gawin mo basta ang sinabi ko; lumakad ka na at kunin iyon para sa akin.” ¹⁴Kaya umalis si Jacob at kinuha ang mga iyon at dinala sa kanyang ina para ihanda ang paboritong pagkain ng kanyang ama. ¹⁵At kinuha ni Rebeca ang nasa bahay na pinakamagandang damit ni Esau na kuya ni Jacob, at isinuot ito sa kanyang bunso. ¹⁶Binalutan niya ng balat ng kambing ang mga kamay ni Jacob at ang makinis na bahagi ng leeg, ¹⁷at iniabot dito ang tinapay at ulam na kanyang inihanda.

Kadalasa’y nananatiling uhaw ang mga tao, at laging may kumakalawkaw sa mga bukal ng karunungan. Kaya magpapalipat-lipat ang mga tao sa iba’t ibang

balon hanggang ibigay sa kanila ni Jesus ang tubig ng buhay na bumubukal sa Bato na siya mismo. Tingnan ang Ex 17:1; Jn 4:5-10, 7:38; 1 Cor 10:4; Jer 2:13.

¹⁸Pinuntahan ni Jacob ang kanyang ama at sinabing “Ama ko.” Sumagot si Isaac: “Oo, anak ko, sino ka?” ¹⁹Sumagot si Jacob: “Ako si Esau, ang inyong panganay. Nagawa ko na ang inyong bilin. Maupo kayo at kainin ang aking napangaso, at ibigay sa akin ang inyong bendisyon.”

²⁰Sinabi naman ni Isaac: “Ang bilis mong nakakuha, anak ko!” Sumagot si Jacob: “Tinulungan po ako ni Yaweng inyong Diyos.”

²¹Sinabi ni Isaac kay Jacob: “Lumapit ka sa akin, anak, para mahawakan kita para malaman ko kung ikaw nga o hindi ang anak kong si Esau.” ²²Nang lumapit si Jacob kay Isaac na kanyang ama, sinalat siya nito at sinabi: “Ang boses ay boses ni Jacob pero ang kamay ay kamay ni Esau.” ²³Hindi siya nakilala ni Isaac sapagkat mabalahibo ang kanyang mga kamay tulad sa mga kamay ng kanyang kapatid na si Esau kayat binasbasan siya ni Isaac. ²⁴Nagtanong si Isaac: “Ikaw bang talaga ang anak kong si Esau?” At sumagot si Jacob: “Ako nga.” ²⁵Sinabi ni Isaac: “Dalhan mo ako ng iyong napangaso, anak ko, para makakain ako at nang mabasbasan kita.”

Kaya hinainan ni Jacob si Isaac para kumain. Nagdala rin siya ng alak at uminom si Isaac.

²⁶At sinabi pagkatapos ng kanyang amang si Isaac: “Halika, anak ko, lumapit ka sa akin, at halikan mo ako.” ²⁷Kaya lumapit siya at hinalikan ang ama. Namoy ni Isaac ang kanyang suot kaya binasbasan siya, at sinabi:

“Tulad sa halimuyak ng kabukirang pinagpala ni Yawe

ang samyo ng aking anak.

²⁸Ipagkaloob nawa sa iyo ng Diyos ang hamog ng langit at matabang lupa, ang masaganang trigo at katas ng ubas.

²⁹Paglingkuran ka nawa ng mga bayan at mangayupapa sa iyo ang mga bansa.

Maging panginoon ka ng iyong mga kapatid,

at yumuko sa iyo ang mga anak ng iyong ina.

Sumpain ang sinumang susumpa sa iyo,

at pagpalain ang sinumang magpapala sa iyo.”

³⁰Katatapos pa lamang basbasan ni Isaac si Jacob at kaaalis-alis pa lamang ni Jacob nang dumating ang kapatid nitong si Esau galing sa pangangaso. ³¹Nagluto rin si Esau at dinala sa kanyang ama at sinabi: “Ama, maupo kayo at kanin ang inihandang napangaso ng inyong anak para mabasbasan ninyo ako.”

³²Sinabi ni Isaac: “Sino ka?” “Ako ang inyong panganay, si Esau.” ³³Gayon na lamang ang panginingin ni Isaac at sinabi: “Kung gayo’y sino ang nangaso at nagdala nito sa akin? Kakakain ko pa lamang bago ka dumating, at binasbasan ko siya at siya nga ang pagpapalain.”

³⁴Nang marinig ni Esau ang sinabi ng kanyang ama, napaiyak ito nang malakas at buong-kapaitan, at sinabi sa kanyang ama: “Basbasan din ninyo ’ko, Ama ko.”

³⁵Ngunit sinabi ni Isaac: “Pinuntahan ako’t nilinlang ng iyong kapatid, at kinuha niya ang bendisyon ko sa iyo.” ³⁶Sinabi ni Esau: “Talaga ngang Jacob ang pangalan niya. Dalawang beses na niya akong napaglalarangan. Una’y kinuha niya ang karapatan ko sa pagiging panganay, at ngayo’y kinuha naman niya ang pagbabasbas sa akin.” At itinanong niya: “Wala na ba kayong inilalaang bendisyon sa akin?”

³⁷Sumagot si Isaac: “Nagawa ko na siyang panginoon mo. Naibigay ko na sa kanya ang lahat niyang kaanak bilang alipin; naipagkaloob ko na sa kanya ang masaganang trigo at katas ng ubas. Ano pa ang magagawa ko para sa iyo, anak ko?” ³⁸Sinabi ni Esau sa kanyang ama: “Lisa lamang ba ang inyong bendisyon?”

Ama, basbasan din ninyo ako.” At humagulgol si Esau.

³⁹Kaya sumagot si Isaac na kanyang ama: “Titira mag malayo sa kasaganaan ng lupa, malayo sa hamog ng langit. ⁴⁰Mabubuhay ka sa patalim at paglilingkuran mo ang iyong kapatid. Ngunit kapag ninais mo, maaalis mo ang kanyang pamatok sa batok mo.”

Tumago si Jacob sa bahay ni Laban

⁴¹Nagalit si Esau kay Jacob dahil sa bendisyong ipinagkaloob dito ng kanyang ama, at naisaloob niyang “Malapit na ang pagluksa para sa aking ama. Saka ko papatayin ang aking kapatid na si Jacob.” ⁴²Nang malaman ni Rebeca ang banta ni Esau na kanyang panganaay, ipinatawag niya si Jacob na kanyang bunso at sinabi rito: “Gustong gumanti sa iyo ng iyong Kuya Esau, at papatayin ka niya. ⁴³Kaya pakinggan mo ako, anak ko, tumakas ka ngayon din at pumunta kay Labang kapatid kong nasa Haran. ⁴⁴Ilang panahon ka munang tumira sa kanya hanggang humupa ang poot ng iyong kuya. ⁴⁵At kapag hindi na siya galit at nalimutan na ang ginawa mo sa kanya, ipasusundo kita para makabalik dito. Bakit kailangang mawala kayong dalawa sa akin sa iisang araw?”

⁴⁶*Sinabi naman ni Rebeca kay Isaac: “Naka-kaaburido na ang mga Heteang iyan! Ano pa’ng halaga ng buhay kung isa rin lang Heteang tulad nila ang mapapangasawa ni Jacob sa lupaing ito!”*

28 ¹*Ipinatawag ni Isaac si Jacob at binasbasan siya at iniutos: “Huwag kang mag-aasawa ng isang Kananea. ²Magpunta ka*

• **28.10** *Umalis si Jacob sa Berseba patungong Haran.* Umalis si Jacob para maghanap ng trabaho at asawa sa lupain ng kanyang mga ninuno. Nagkaroon siya sa daan ng isang pangitain sa pagpapanibagongtipan sa kanya ng Diyos.

Kaiba kay Abraham na tinawag ng Diyos nang siya’y matanda na’t alam na ang kahalagahan ng buhay, si Jacob ang taong unti-unting namumulat sa kanyang bokasyon. Una, binili niya kay Esau ang karapatan nito ng pagkapanganay sapagkat hinusgahan niya ito at itinuring na irresponsible. Ngunit hindi pa rin niya alam ang presyo ng pagpapala ng Diyos sa kanyang mga ninuno. Pagkatapos ay kailangang palakasin ng kanyang ina ang loob niya para makipagsapalaran siyang nakawin ang bendisyong. Nagpakumbinsi siya at sa huli na lamang niya naunawan ang resulta ng kanyang ginawa: kailangang tumakas siya para mailigtas ang kanyang buhay.

sa Padan-Aram, sa bahay ni Batuel na ama ng iyong ina, at doon ka humanap ng mapapangasawa mula sa mga anak ni Laban na kapatid ng iyong ina. ³Pagpalain ka nawa ng Makapangyarihang Diyos, gawin kang mabunga at paramihin ang iyong lipi upang ikaw ay maging pagtitipon ng mga bansa. ⁴Ipagkaloob nawa niya sa iyo at sa iyong mga inapo ang pagpapala ni Abraham upang masakop mo ang lupaing tinitirhan mo ngayon na ibinigay ng Diyos kay Abraham.”

⁵Pinaalis na ni Isaac si Jacob, at nagpunta nga ito sa Padan-Aram, kay Labang anak ng Arameong si Batuel at kapatid ni Rebecang ina nina Jacob at Esau.

⁶Nakita ni Esau na binasbasan ni Isaac si Jacob at pinapunta sa Padan-Aram upang doon humanap ng mapapangasawa, at sa pagbabasbas sa kanya ay iniutos na “Huwag kang mag-aasawa ng Kananea.” ⁷At sa pagsunod sa kanyang ama at ina, nagpunta nga si Jacob sa Padan-Aram. ⁸Naunawaan ni Esau na hindi kasiya-siya sa kanyang amang si Isaac ang mga babaeng Kananea. ⁹Kaya pinuntahan niya si Ismael at kinuhang asawa – bukod sa kanyang mga asawa na – si Majalat na anak ni Ismael na anak ni Abraham at kapatid ni Nebaiot.

Panaginip ni Jacob

• ¹⁰Umalis si Jacob sa Berseba patungong Haran. ¹¹Pagdating niya sa isang lugar, tumigil siya roon dahil lubog na ang araw, at doon pinalipas ang gabi. Kinuha niya ang isa sa mga bato roon at inunan, at nahiga siya para matulog.

¹²Nang natutulog na si Jacob, nana-ginip siya na may nakatindig na hagdang

Subalit kung kailan kailangang harapin ni Jacob ang mapanganib na buhay ng isang dayuhan at takas, saka niya nakatagpo ang Diyos at sa unang pagkakataon’y nagising siya sa kanyang responsabilidad: sa mundo’y siya ang nag-iisang tagapagdala ng mga pangako ng Diyos. Responsable ang taong alam na may pananagutan siya at kayang panagutan ang kanyang mga kilos. Naitintindihan ni Jacob na dapat siyang managot sa Diyos na humirang sa kanya.

Talaga palang nasa lugar na ito si Yawe. Nag-iisa at walang kalaban-laban si Jacob sa pagtulog niya, malapit sa isang lunsod ng mga banyaga. Ngunit muling pinagtittibay ng Diyos sa kanya ang mga pangakong binititwan nito sa kanyang mga ninuno at tinitiyak ang kanyang pangangalaga: mapapasaiyo balang araw ang lupang ito.

Itong Pinto ng Langit. Nakita ni Jacob na bukas ang langit at bumubuo ng buhay na tulay ang mga

sa lupa na abot-langit ang tuktok, at akyat-panaog doon ang mga anghel ng Diyos.¹³ At nakatayo sa tabi niya si Yawe at sinabi sa kanyang “Ako si Yaweng Diyos ni Abraham na iyong ama at Diyos ni Isaac. Ibibigay ko sa iyo at sa iyong mga inapo ang lupang tinutulugan mo.¹⁴ Matutulad sa alabok ng lupa ang iyong mga inapo at kakalat ka sa kanluran at sa silangan, sa hilaga at sa timog. At makikita ng lahat ng bansa sa lupa ang aking pagpapala sa pamamagitan mo at ng iyong inapo.¹⁵ Tingnan mo, ako’y sumasaiyo at lagi kitang iingatan saan ka man pumunta. Ibabalik kita sa lupaing ito at hindi kita iwan hanggang hindi ko natupad ang aking ipinangako.”

¹⁶Nagising si Jacob at kanyang sinabi: “Talaga palang nasa lugar na ito si Yawe pero hindi ko alam.”¹⁷ Natakot siya at sinabi: “Nakakatakot ang lugar na ito!

anghel ng Diyos sa gitna ng langit at lupa: ito ang larawan ng pakikipagniig sa Diyos na bigong hinahanap ng mga tao sa iba’t iba nilang relihiyon. Makapagbibigay sa atin ang mga ito ng ilang panlabas na kaalaman tungkol sa Diyos at mabibigyang-kasiyahan ang ating likas na damdaming relihiyoso. Subalit gaano man isalob ng taong makasalanang paghahanap niya sa Diyos, hindi pa rin siya mataagpuan sa kaibuturan ng kanyang sarili sa tuwiran at personal na pagtatagpo.

Si Kristo ang tanging tulay sa pagitan ng Diyos at ng mga tao: ang Anak ng Diyos na naging tao, parehong Diyos at tao. At sa pagtukoy sa tekstong ito (Jn 1:15), ipahahayag ni Jesus na siya mismo ang Pinto ng Langit, dahil sa kanya nyayakap ng Diyos ang sangkatauhan.

Pinangalanan niyang Betel ang lugar na iyon. Matutunghayan natin dito tulad sa naunang mga kabanata ang mga popular na alamat. Bahay ng Diyos ang ibig sabihin ng Betel at pinalalabas ng sumulat ng Biblia na si Jacob ang nagpangalan sa lugar na ito pati na ang kaugalian ng pagbabayad ng ikapu sa templo ng Betel.

MGA PANAGINIP

Nakatatawag-pansin sa ating lahat ang mga panaginip at sinisikap nating bigyan-kahulugan ang mga iyon. At mas madalas e wala namang ipinahahayag na anumang ang mga ito kundi nagpapahiwatig lamang ng nangyayari sa kalooban natin, sa ating “subconscious”, ng hindi natin nalalaman nang malinaw tungkol sa ating espiritu. Magagamit ng sikolohiya ang mga panaginip para

Itu’y walang iba kundi ang Bahay ng Diyos at Pinto ng Langit!”

¹⁸Maagang gumising si Jacob at kinuha niya ang batong kanyang inunan at itinayo iyon bilang haligi at binusan ito ng langis.¹⁹ Pinangalanan niyang Betel ang lugar na iyon na dating tinatawag na Luz.²⁰ At sumumpa si Jacob: “Kung sasaakin si Yawe at pangangalagaan niya ako sa paglalakbay kong ito, at bibigyan ako ng tinapay na makakain at damit na maisu-suot,²¹ at pabalikkin akong maluwalhati sa bahay ng aking ama, at magpapakadiyos para sa akin si Yawe,²² magiging bahay ng Diyos ang batong ito na itinayo ko bilang haligi at ibabalik ko ang ikapu ng lahat ng ibinibigay mo sa akin.”

Si Jacob sa bahay ni Laban

29 • ¹Nagpatuloy si Jacob at dumating sa lupain sa silangan. ²Nakita niya roon ang

madiskubre ang mga bakas o mga sugat na hatid ng kahanop.

Maaari ring magpahiwatig o maghayag ng mga kutob at sapatatha ang mga panaginip. Ipinakikita sa atin ng Biblia na ginagamit ng Diyos (o ng kanyang mga anghel) ang mga panaginip para makipag-usap sa atin. Dito tinatanggap ng Diyos ang tao kung ano siya at isinasaalang-alang ang kanyang pag-iisip. Sa resulta malalaman kung ang Diyos nga ang nakikipag-usap sa panaginip. Sinabi ni Jesus: “Sa bunga nakikilala ang puno.” Sa gayong mga pagkakaaton, ang Diyos mismo ang nagbibigay ng paliwanag: hindi natin kailangang maghanap pa o pumunta kaninuman at iniuwan niya tayong may ganap na kapanatagan.

Para sa mga taong may dinalisay at malalim na pananampalataya, hindi nila masyadong pinahahalagaan ang mga panaginip tulad ng pagpapahalaga ng mga sambayanan noong unang panahon sa Biblia. Alam din natin na ang Espiritu ng Kadiliman ay makapagpapanggap bilang anghel (2 Cor 11:14). Kung ngayo’y malaking bahagi ng sangkatauhan ang parang umaasa sa mga panaginip para sa kanilang direksyon sa buhay, wala itong kinalaman sa pananampalataya. Sa Biblia, bukod sa mga pagtatakuil at pagtuligsa sa Dt 18:10, mababasa rin natin sa Jer 29:8 ang pagbatikos sa mga nakapanaginip sa gusto nilang mapanaginipan. Tingnan din sa Sir 34:1.

• **29.1** Inilalahad ng mga kabanata 29-31 si Jacob bilang masipag at tusong trabahador na nagtiwala sa mga pangako ng Diyos. Nagtagumpay siya sa wakas, hindi talaga dahil sa sariling pagsisikap kundi sa pagpapala ng Diyos ng kanyang mga ninuno.

isang balon na may tatlong kawan ng mga tupa sa malapit. Sa balong ito pinaiinom ang mga kawan, at may isang malaking tipak ng bato na nakaharang sa balon. ³Kapag naroon na ang buong kawan, pagugulungin ng mga pastol ang batong nakaharang sa balon, painumin ang mga kawan at saka muling iharang ang bato sa bunganga ng balon.

⁴Nagtanong si Jacob sa mga pastol: "Mga kapatid, taga-saan kayo?" Sumagot ang mga ito: "Taga-Haran kami." ⁵At sinabi naman niya: "Kilala ba ninyo si Labang apo ni Nahor?" Sumagot ang mga pastol: "Oo, kilala namin siya." ⁶At itinanong ni Jacob: "Mabuti ba naman ang lagay niya?" Sumagot ang mga ito: "Oo, mabuti naman. At hayan si Raquel na anak niya, kasama ang mga tupa!"

⁷At sinabi ni Jacob: "Tingnan ninyo, mataas pa ang araw, hindi pa oras para tipunin ang mga kawan. Painumin na ninyo ang mga tupa at dalhin sila sa pastulan." ⁸Ngunit sinabi ng mga pastol: "Hindi namin magagawa 'yon hanggang hindi natipon dito ang buong kawan at napagulong na ang batong nasa bunganga ng balon. Saka pa lamang namin mapaiinom ang mga tupa."

⁹Nakikipag-usap pa si Jacob sa kanila nang dumating si Raquel kasama ang mga tupa ng kanyang ama sapagkat siya ay isang pastol. ¹⁰Pagkakita ni Jacob kay Raquel na anak ni Labang kapatid ng kanyang ina, lumapit siya sa balon at pinagulong ang bato mula sa bunganga ng balon at pinainom ang mga tupa ni Labang tiyo niya. ¹¹At hinalikan ni Jacob si Raquel at umiyak nang malakas.

¹²Sinabi ni Jacob kay Raquel na kamag-anak siya ng ama nito at anak ni Rebeca, at tumakbo naman ito para ipagbigay-alam sa kanyang ama. ¹³Nang malaman ni Laban ang tungkol kay Jacob na anak ng kanyang kapatid, patakbo niyang sinalubong iyon. Pagkatapos niyang yakapin at halikan si Jacob, pinatuloy niya ito sa kanyang bahay. Inalaysay ni Jacob sa kanya ang lahat ng nangyari. ¹⁴At sinabi ni Laban: "Talaga ngang ikaw ay aking laman at dugo!" At tumigil doon si Jacob nang isang buwan.

Dalawang pag-aasawa ni Jacob

¹⁵Sinabi ni Laban kay Jacob: "Huwag mong sabihin maglilingkod ka sa akin nang libre dahil kamag-anak kita. Sabihin mo, magkano ang suweldong gusto mo?"

¹⁶May dalawang anak na dalaga si Laban: Lea ang pangalan ng panganay at Raquel naman ang pangalan ng bunso. ¹⁷Walang

ningning ang mga mata ni Lea, ngunit maganda ang katawan at mukha ni Raquel at kaakit-akit. ¹⁸Nagkagusto si Jacob kay Raquel at sinabi niya: "Maglilingkod ako sa inyo nang pitong taon bilang kapalit ng bunso ninyong anak na si Raquel." ¹⁹Sumagot si Laban: "Mas mabuti ngang sa iyo ko siya ibigay kaysa iba; manatili ka ritong kasama ko."

²⁰Kaya pitong taong nagtrabaho si Jacob para mapasakanya si Raquel ngunit parang ilang araw lamang iyon sa kanya dahil mahal niya si Raquel. ²¹At sinabi ni Jacob kay Laban: "Ibigay na ninyo sa akin ang aking asawa sapagkat tapos ko na ang aking taong ako na siyang makasama." ²²Kaya inanyayahan ni Laban ang lahat ng tagaroon at naghanda nang malaki. ²³Ngunit kinagabihan, ang anak niyang si Lea ang pinasok niya kay Jacob, at nakipagtalik naman dito si Jacob.

²⁴*Ibinigay ni Laban kay Lea ang kanyang aliping si Zelfa bilang utusan.*

²⁵Kinaumagahan – siya pala si Lea! Kaya sinabi niya kay Laban: "Ang ano ginawa ninyo sa 'kin? Hindi ba't naglingkod ako dahil kay Raquel? Ba't ninyo 'ko nililang?" ²⁶Sinabi ni Laban: "Hindi namin kaulanian na ipakasal ang bunso nang una sa panganay. ²⁷Tapusin mo muna ang pagdiriwang ng kasal, at ibigbigay ko rin sa iyo ang aking bunsong anak. Ngunit kailangang maglilingkod ka sa akin nang pitong taon pa." ²⁸Sumang-ayon si Jacob, at pagkatapos ng isang linggo sa piling ni Lea, ibinigay sa kanya ni Laban ang anak na si Raquel upang maging asawa niya.

²⁹*Ibinigay naman ni Laban kay Raquel ang aliping si Bila bilang utusan niya.* ³⁰Nakipagtalik din si Jacob kay Raquel, at mas minahal niya si Raquel kaysa kay Lea. At nagpatuloy siyang magtrabaho para kay Laban nang pitong taon pa.

Mga anak ni Jacob

³¹Nang makita ni Yawe na hindi minamahal si Lea, pinapanganak niya ito; ngunit baog naman si Raquel. ³²Nabuntis si Lea at nagka-anak ng isang lalaki na pinangalanan niyang Ruben dahil sinabi niyang "Nakita nga ni Yawe ang aking kahihyan. Tiyak na *mamahalin* na ako ngayon ng aking asawa." ³³Muli siyang naglihi at nagkaanak ng isa pang lalaki, at sinabi niyang "*Narinig* ni Yawe na ako'y binabale-wala, kaya ipinagkalob din niya sa akin ang anak na ito." At pinangalanan niya iyon ng Simeon. ³⁴Naglihi na naman siya at nanganak ng isa pang lalaki, at kanyang sinabi: "*Mas magu-gustuhan* na ako ngayon ng aking asawa

sapagkat nabigyan ko siya ng tatlong anak na lalaki." Kaya pinangalanan niyang Levi ang sanggol. ³⁵Muli siyang naglihi at nagkaanak na naman ng isang lalaki, at sinabi niya: "*Pupurihin ko si Yawe sa pagkakaang ito.*" Kaya pinangalanan niyang Juda ang bata. Pagkatapos ay hindi na siya nagkaanak.

30 ¹Nanaghili si Raquel sa kanyang kapatid dahil hindi niya mabigyan ng anak si Jacob, at sinabi niya: "Bigyan mo ako ng anak, o mamamatay ako." ²Nagalit si Jacob sa kanya at sinabi: "Ako ba ang Diyos na nagkait sa iyo ng mga anak?" ³At sinabi niya: "Hayan ang aking aliping si Bila; makipagtalik ka sa kanya upang manganak siya sa aking mga tuhod at maging akin ang anak." ⁴At ibinigay niya ang kanyang aliping si Bila kay Jacob bilang asawa. At nakipagtalik si Jacob sa kanya. ⁵Nabuntis si Bila at nagkaanak kay Jacob ng isang lalaki. ⁶At sinabi ni Raquel: "*Biniguang-katarungan din ako ng Diyos! At pinakinggan niya ang aking tinig at binigyan ako ng anak na lalaki.*" Kaya pinangalanan niyang Dan ang sanggol. ⁷Naglihi na naman si Bilang alipin ni Raquel at nagkaanak ng ikalawang lalaki kay Jacob, ⁸at sinabi ni Raquel: "*Nakipaglaban ako nang mahigpit sa aking kapatid at nagtagumpay ako!*" Kaya pinangalanan niya itong Neftali.

⁹Nang hindi na nanganganak si Lea, ibinigay niya ang kanyang aliping si Zelfa kay Jacob bilang asawa. ¹⁰Nagkaanak ng lalaki si Zelfa kay Jacob. ¹¹Sinabi ni Lea: "*Napakasuwerte ko!*" kaya pinangalanan niya siyang Gad. ¹²Nag-anak ng isa pang lalaki kay Jacob si Zelfang alipin ni Lea. ¹³At sinabi ni Lea: "Napakasaya ko! Tatawagin akong *masaya* ng mga babae," kaya pinangalanan niyang Aser ang sanggol.

¹⁴Panahon ng anihan ng trigo, at lumabas sa kaburulan si Ruben at nakakita siya ng mga mansanitas na ligaw na dinala niya sa kanyang inang si Lea. Sinabi ni Raquel kay Lea: "Bigyan mo naman ako ng kaunting mansanitas na ligaw na dala ng iyong anak!" ¹⁵Ngunit sumagot si Lea: "Hindi pa ba sapat na agawin mo ang aking asawa at gusto mo pang kunin ngayon ang dalang mansanitas ng aking anak?" Kaya sinabi ni Raquel: "Sige, sa iyo sipping si Jacob mamayang gabi bilang kapalit ng mga mansanitas ng iyong anak." ¹⁶Kinahapunan, pag-uwi ni Jacob mula sa bukid, sinalubong siya ni Lea at sinabi: "Matutulog kang kasiping ko ngayon gabi sapagkat inarkila kita ng mga mansanitas ng aking anak!"

Kaya nakipagtalik si Jacob sa kanya nang gabing iyon. ¹⁷Dininig ng Diyos si Lea at nabuntis siya at nagkaanak ng ikalimang lalaki kay Jacob. ¹⁸Sinabi ni Lea: "*Ginaintimpalaan ako ng Diyos sapagkat ibinigay ko sa aking asawa ang aking alipin.*" Pinangalanan niyang Isacar ang sanggol. ¹⁹Nagkaanak ng isa pang lalaki si Lea kay Jacob. ²⁰At sinabi niyang: "Napakagandang regalo ng Diyos! Tiyak na sa akin na *pipisan* ngayon ang aking asawa sapagkat nabigyan ko siya ng anim na anak." Pinangalanan niya itong Zabulon. ²¹Nang lumaman, nanganak siya ng isang babae at pinangalanan niyang Dina.

²²At inalala rin ng Diyos ni Raquel na nanalangin na siya'y maging ina. ²³Nabuntis siya at nagsilang ng isang lalaki. Sinabi niya: "Inalis ng Diyos ang aking kahihayan." ²⁴Pinangalanan niyang Jose ang sanggol, at sinabing "*Dagdagan pa sana ako ni Yawe ng isa pang anak na lalaki.*"

Iba pang mga kuwento

²⁵Pagkapanganak ni Raquel kay Jose, sinabi ni Jacob kay Laban: "Pauwiin na ninyo ako sa aking sariling bayan. ²⁶Ibigay ninyo sa akin ang aking mga asawa at mga anak na dahilan ng paglilingkod ko sa inyo. Alam naman ninyo kung paano ako nagtrabaho para sa inyo." ²⁷Sinabi ni Laban: "Pagbigyan mo pa ako, huwag ka munang umalis. Sapagkat nalaman kong pinagpala ako ni Yawe dahil sa iyo." ²⁸At idinugtong niya: ²⁹"Sabihin mo kung magkano ang gusto mo at ibinigay ko sa iyo." Sinabi ni Jacob: "Alam ninyo kung paano ko kayo pinaglingkuran at kung paanong dumami ang inyong mga tupa sa pag-aalaga ko. ³⁰Napakalaki na ang inilago ng kaunti ninyong ari-arian bago ako dumating, at pinagpala kayo ni Yawe. Kailan pa ako makapagtrabaho sa aking sambahayan?" ³¹Itinanong ni Laban: "Ano ang maibigay ko sa iyo?"

Sumagot si Jacob: "Wala kayong dapat ibigay sa akin. Ngunit kung gagawin ninyo ang sasabihin ko, patuloy kong aalagaan ang inyong kawan. ³²Pipilian ko ngayon ang inyong kawan at ibubukod ko ang lahat ng tupa at kambing na itim, guhitan at may batik. Ang mga iyon ang magiging upa ninyo sa akin. ³³Mapapatunayan ninyo ang katapatan ko bukas kung susuriin ninyo ang aking upa. At maituturing ninyong nakaw ang lahat ng kambing na walang batik o tagpi at ang hindi itim na tupa na makikita ninyo sa aking pag-aari." ³⁴Sinabi ni Laban: "Sang-ayon ako. Gawin natin ang iyong sinabi."

³⁵Nang araw ding iyon, ibinukod ni Laban ang mga barako at inahing kambing na may tagpi o guhit, lahat ng may batik na puti at lahat ng itim na tupa. Ibinigay niya ang mga iyon sa kanyang mga anak. ³⁶At pinapunta niya sa malayo si Jacob – mga tatlong araw na lakad ang layo. Patuloy na ipinastol ni Jacob ang natira sa mga kawan ni Laban. ³⁷Nang magkagayo'y pumutol si Jacob ng mga sariwang sanga ng mga puno ng almond, kakawate at estorake. Kinayasan niya ang mga ito para magkaguhit ng puti. ³⁸At inilagay niya ang mga sanga sa inuman ng mga hayop upang makita ng mga iyon tuwing iinom. ³⁹Sa pag-aasawahan ng mga hayop sa harap ng mga sanga, nagkakaanak ang mga iyon ng mga may guhit, batik o tagpi. ⁴⁰At ibinukod niya ang mga batang tupa ngunit ang iba'y pinaharap niya sa mga hayop na may guhit, batik o tagpi na pag-aari ni Laban, kaya nakabuo siya ng sariling kawang inihihalay niya sa mga kawan ni Laban. ⁴¹Sa tuwing mag-aasawahan ang malulusog na hayop, inilagay ni Jacob ang mga kinayasang sanga sa inuman para makita iyon ng mga ito. ⁴²Ngunit kapag mahihina, hindi niya inilagay roon ang mga sanga, kaya mahihina ang napupunta kay Laban samantalang kay Jacob ang malalakas. ⁴³Kaya naging napakayaman niya – mayamang-mayaman – at nagkaroon siya ng napakaraming inahang tupa, maraming aliping babae at lalaki, at mga kamelyo at mga asno.

Umuwi si Jacob sa sariling bayan

31 ¹Napag-alaman ni Jacob na sinasabi ng mga anak ni Laban: “Kinamkam ni Jacob ang lahat ng ari-arian ng ating ama, at nakapagpayaman siya.” ²At napansin ni Jacob na hindi na tulad nang dati ang pagtingin sa kanya ni Laban.

³At sinabi ni Yawe kay Jacob: “Umuwi ka na sa bayan mo, sa lupain ng inyong mga ninuno. Ako ay sasaiyo.” ⁴Ipinatawag ni Jacob sina Raquel at Lea sa bukid na kinaroroonan ng kanyang mga kawan. ⁵Sinabi ni Jacob sa kanila: “Nakikita kong nagbago na ang pagtingin sa akin ng inyong ama, ngunit sumasaakin ang Diyos ng aking ama. ⁶Alam ninyong ubos-lakas kong pinaglingkuran ang inyong ama. ⁷Ngunit dinaya niya ako at makasampung ulit na pinalitan ang aking sahod. Subalit hindi ipinahintulot ng Diyos na pinsalain niya ako. ⁸Kapag sinasabi niyang – Ang mga may tagpi ang magiging sahod mo – nag-aanak naman ng mga tupang may batik ang buong kawan. At kung sabihin naman niyang – Ang mga guhitan

ang magiging sahod mo – nagkakaanak din ng mga guhitang tupa ang mga kawan.

⁹Ang Diyos ang kumuha sa kawan ng inyong ama at ibinigay sa akin ang mga ito. ¹⁰Sapagkat sa panahon ng pag-aasawahan ng mga hayop, napanaginipan kong guhitan, may batik o tagpi ang mga barakong kambing na nakababa sa mga inahin.

¹¹At sinabi sa akin ng Anghel ng Diyos sa panaginip – Jacob! – at sumagot naman ako – Narito ako. ¹²At sinabi niya – Tingnan mong mabuti at guhitan o may batik o tagpi ang lahat ng barakong nakababa sa mga inahin. Nakita ko ang lahat ng ginagawa sa iyo ni Laban. ¹³Ako ang Diyos na napakita sa iyo sa Betel kung saan mo binusan ng langis ang isang haligi at sumumpa sa akin. Umalis ka ngayon din sa lupain ito at umuwi sa bayang sinilangan mo.”

¹⁴Sumagot sina Raquel at Lea: “May kaparte pa ba kami sa ari-arian ng aming ama? ¹⁵Hindi ba't mga dayuhan na ang turing niya sa amin mula nang ipagbili kami at lustayin ang pinagbilhan sa amin? ¹⁶Pero kinuha ng Diyos ang lahat ng kayamanan ng aming ama at ibinigay sa amin at sa aming mga anak. Kaya gawin mo ngayon ang lahat ng sinabi sa iyo ng Diyos.”

¹⁷Kaya isinakay ni Jacob sa mga kamelyo ang kanyang mga anak at mga asawa, ¹⁸at dinala ang buo niyang kawan at lahat ng natipon niya sa Padan-Aram para umuwi sa kanyang amang si Isaac sa lupain ng Kanaan. ¹⁹Sina-mantala naman ni Raquel ang paggugupit ni Laban sa balahibo ng mga tupa, at ninakaw ang mga sagradong rebulto ni Laban. ²⁰Sa ganitong paraan nilinlang ni Jacob si Labang Arameo sa hindi niya pagpapaalam sa kanyang pag-alis. ²¹Tumakas siyang dala ang lahat niyang ari-arian, tumawid sa Ilog Eufrates patungong kabundukan ng Galaad.

²²Makaraan ang tatlong araw, nabalitaan ni Laban na tumakas si Jacob. ²³Isinama niya ang kanyang mga tauhan at hinabol si Jacob, at inabutan sa kabundukan ng Galaad makaraan ang pitong araw. ²⁴Ngunit napakita ang Diyos kay Labang Arameo sa panaginip at sinabi sa kanyang “Mag-ingat ka sa pakikipagtalos kay Jacob.” ²⁵Nakapagpatayo na ng kanyang tolda si Jacob sa kabundukan ng Galaad ng abutan siya ni Laban. At doon na rin tumigil si Laban at ang kanyang mga tauhan. ²⁶At sinabi ni Laban kay Jacob: “Ano ang ginawa mo at nilinlang mo ako at dala mo pa ang aking mga anak na parang mga bilanggo sa digma? ²⁷Ba't ka palihim na umalis at nilinlang ako? Bakit hindi

ka nagsabi sa akin? Inihatid ko sana kayo sa gitna ng tuwa at awitan, sa saliw ng tamborin at alpa. ²⁸Hindi mo man lang pinahalikan sa akin ang aking mga apo at mga anak para makapagpaalam sa kanila. Isang kahangalan ang ginawa mo. ²⁹Puwede kitang saktan ngunit binalaan ako kagabi ng Diyos ng iyong ama at sinabing – Mag-ingat ka sa pakikipagtalalo kay Jacob. ³⁰Kung umalis ka dahil nananabik kang makauwi sa bahay ng iyong ama, bakit naman ninakaw mo pati ang aking mga sagradong rebulto?”

³¹Sumagot si Jacob kay Laban: “Natatakot kasi ako na baka bawiin ninyo sa akin ang inyong mga anak! ³²Ngunit dapat mamatay ang sinumang makita ninyong may dala sa inyong mga sagradong rebulto. Sa harap ng ating mga kapatid, tingnan ninyo kung mayroong nasa akin na inyong ari-arian, at kunin ninyo.” Hindi alam ni Jacob na ninakaw ni Raquel ang mga sagradong rebulto. ³³Kaya pumasok si Laban sa tolda ni Jacob, at saka sa tolda ni Lea at sa tolda ng dalawang alipin babae. Ngunit wala siyang nakita. Pagkalabas ni Laban sa tolda ni Lea, pumasok naman siya sa tolda ni Raquel. ³⁴Ngunit dinala ni Raquel ang sagradong rebulto at inilagay sa ilalim ng inuupuan niya sa kamelyo. Hinalughog ni Laban ang buong tolda ngunit wala siyang nakita. ³⁵Sinabi ni Raquel sa kanyang ama: “Huwag kayong magalit sa akin, aking panginoon, at hindi ako tumitindig sa inyong harap sapagkat ngayon ang panahon ko.” Kaya kahit na naghanap si Laban ay hindi niya nakita ang mga sagradong rebulto.

³⁶Kaya nagalit si Jacob at sinumbatan si Laban, at nag-usig: “Ano ang aking pagkaka-sala? Anong kasalanan ang nagawa ko para ako’y sundan ninyo? ³⁷Ngayong nahalughog na ninyo ang lahat kong ari-arian, may nakita ba kayong pag-aari ninyo? Kung mayroon, ipakita ninyo sa harap ng inyong pamilya at ng aking pamilya, at papayaang sila ang humatol sa ating dalawa.

³⁸Dalawampung taon ninyo akong kasama, at hindi nakunan ang inyong mga inahing kambing at tupa. Ni hindi ako kumain kahit isa man sa mga barako ng inyong kawan. ³⁹Wala akong dinala sa inyong hayop na nasila ng mababangis na hayop sapagkat pinalitan ko mismo ang mga iyon. At siningil ninyo sa akin ang anumang ninakaw sa araw o sa gabi. ⁴⁰Hindi ako makahinga kung araw dahil sa init at nag-titiis ako ng lamig sa gabi, at halos hindi ako makatulog.

⁴¹Dalawampung taon ninyo akong kasama. Labing-apat na taon akong naglingkod sa iyon para sa dalawa ninyong anak at anim na taon para sa inyong mga kawan, at sampung ulit ninyong binago ang aking sahod. ⁴²Kung hindi sumaaakin ang Diyos ng aking ama, ang Diyos ni Abraham at ang Kinatatatukang Diyos ni Isaac, siguradong pinalayas na ninyo ako nang walang dala kahit ano. Ngunit nakita ng Diyos ang aking paghihirap at ang pagtatrabaho ng aking mga kamay, at ibinaba niya kagabi ang kanyang hatol.”

⁴³Sumagot si Laban kay Jacob: “Mga anak ko ang mga babae, mga apo ko ang mga bata, kawan ko ang mga kawang ito. Akin ang lahat ng nakikita mo. Masasaktan ko ba ngayon ang aking mga anak o ang kanilang mga anak? ⁴⁴Halika, gumawa tayo ng kasunduan, ikaw at ako, at iyon ang gawin nating saksi.” ⁴⁵Kumuha si Jacob ng bato at itinayo iyon bilang haligi.

⁴⁶At sinabi niya sa kanyang mga kapatid: “Mamulot kayo ng mga bato.” Kaya namulot sila ng mga bato at pinagpatung-patung ang mga iyon, at kumain sila sa tabi nito. ⁴⁷Tinawag iyon ni Laban ng Yagar-Saaduta pero Galed ang itinawag dito ni Jacob. ⁴⁸Sinabi ni Laban: “Saksi natin sa araw na ito ang buntong ito ng mga bato.” Iyon ay tinawag namang Galed ⁴⁹at kilala rin bilang Mispá dahil sinabi niyang “Bantayang nawa tayo ni Yawé kapag malayo na tayo sa isa’t isa. ⁵⁰Kapag hiniya mo ang aking mga anak at kumuha ka ng ibang asawa bukod sa kanila, hindi tao ang bahatol sa ‘yo kundi ang Diyos na saksi sa ating kasunduan.” ⁵¹At sinabi pa ni Laban kay Jacob: “Narito ang buntong ito ng bato at ang haliging itinayo ko sa pagitan nating dalawa. ⁵²Ang mg ito ang sasaksi na hindi ako lalampas sa buntong ito para saktan ka at hindi ka rin lalampas sa haliging ito para saktan ako. ⁵³Ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Nahor, ang Diyos nawa ng kanilang ama ang humatol sa atin.”

At sumumpa si Jacob sa Ngalan ng Kinatatatukang Diyos ng kanyang amang si Isaac. ⁵⁴Nag-alay siya ng mga hain sa bundok at inanyayahang kumain ang kanyang mga kapatid. Doon sila nagpalipas ng gabi pagkakain.

32 * ¹ Kinaumagahan, maagang gumising si Laban, hinalikan ang kanyang mga apo at mga anak, at binasbasan ang iyon at saka umuwi.

• **32.1** Nasa tumatakas na Jacob ang mga pagpapala ng Diyos. Walang pagod siyang

nagtrabaho, at pagkatapos ng labinlimang tao’y may dalawa na siyang asawa, maraming anak at di-

²Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglakbay at sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos. ³Pagkakita ni Jacob sa kanila, naibulalas niyang "Dito nananahan ang Diyos," at tinawag niyang Majanaim ang lugar na iyon.

Nakipaglaban si Jacob sa Diyos

⁴Nagpadala ng mga paunang sugo si Jacob sa kanyang kapatid na si Esau sa lupain ng Seir, sa rehiyon ng Edom ⁵at inutusan ang mga ito: "Ibigay ninyo ang pahatid na ito sa aking panginoong si Esau mula kay Jacob na kanyang lingkod – Nabuhay ako ritong kasama ni Laban hanggang ngayon. ⁶Mayroon akong mga baka at mga asno at mga tupa, mga aliping lalaki at babae. Ginusto kong magpasabi sa iyo, aking panginoon, upang hindi mo naman ako masamain." ⁷Nagbalik ang mga sugo at sinabi kay Jacob: "Nakipagkita kami sa inyong kapatid na si Esau at paparito na siya upang makipagtagpo sa inyo, kasama ang apatnaraang tauhan."

⁸Lubhang natakot si Jacob at pinanghinaan ng loob. Kaya hinati niya sa dalawang grupo ang mga taong kasama niya, pati ang mga baka, mga tupa, mga kambing at mga kamelyo.

⁹Naisip niyang "Kapag dumating si Esau at sinalakay ang isang kampo, makatatakas naman ang isa pa." ¹⁰At nanalangin si Jacob: "Yaweng Diyos ni Abraham, Diyos ng aking amang si Isaac, ikaw ang nagsabi sa akin – Umuwi ka sa iyong bayan, sa iyong angkan at pasasaganain kita. ¹¹Hindi ako karapat-dapat sa kabutihang-loob at kapatatag ipinakita mo sa akin. Wala akong dala kundi ang aking tungkod nang tumawid ako sa Jordan, at ngayo'y may dalawang kampo na ako.

¹²Iligtas mo ako sa kamay ng aking kapatid na si Esau sapagkat natatakot ako na baka pagdating niya'y patayin kaming lahat, maging ang mga ina at mga bata.

¹³Ngunit ikaw rin ang nagsabing – Pasasaganain kita at gagawin kong tulad ng buhangin sa dalampasigan ang iyong lahi, na hindi kayang bilangan." ¹⁴At doon nagpalipas-gabi si Jacob.

Mula sa kanyang mga ari-arian, pumili siya ng maireregalo niya sa kanyang kapatid na si Esau: ¹⁵dalawandaang inahing kambing at dalawampung barakong kambing, dalawandaang inahing tupa at dalawampung barakong tupa, ¹⁶tatlumpung kamelyong ginagatasan at ang mga bisiro niyon, apatnapung inahing baka at sampung toro, dalawampung inahing asno at sampung barakong asno. ¹⁷Inilagay niya ang mga iyon sa pangangalaga ng kanyang mga alipin, isa sa bawat kawan, at sinabi niya sa kanyang mga alipin: "Umuna kayo sa akin, at lagyan ninyo ng pagitan ang bawat kawan." ¹⁸Tinagubilinan niya ang nasa unahan: "Kapag sinalubong ka ng aking kapatid na si Esau at itanong – Sino ang may-ari sa iyo? – at – Saan ka pupunta? – at – Kanin ang mga hayop na ipinapastol ninyo? ¹⁹Sumagot kayo – Kay Jacob na inyong lingkod ang mga ito. Regalo niya ang mga ito na ipinadala niya sa aking panginoong si Esau. Kasunod namin si Jacob na paparito." ²⁰Inutusan din ni Jacob ang ikalawa at ikatlong alipin at lahat ng sumusunod sa mga kawan: "Ganito rin ang sasabihin ninyo kay Esau kapag nasalubong ninyo siya – ²¹Kasunod namin ang inyong lingkod na si Jacob!" – sapagkat napag-isip-isip niyang "Mapaglububag ko ang loob niya sa mga regalong una kong ipinadadala. At itutunghay na niya ang aking mukha sa paghaharap namin." ²²Kaya ipinauna niya ang mga regalo pero sa kampo pa rin siya nagpalipas ng gabi.

• ²³Nang gabing iyon, bumangon si Jacob at tinipon ang dalawa niyang

mabilang na ari-arian. Sa panahong iyon siya bumalik sa sariling bayan at naghahanda para harapin si Esau na kanyang kapatid at kalaban.

Lubhang natakot si Jacob at pinanghinaan ng loob. Sa kanyang kabalishan, nanalangin si Jacob sa Diyos para ipaalaala sa kanya ang Pangako niya at ang kanyang "katapatan", o ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa kanya at sa kanyang mga ninuno. At su-

masagot naman ang Diyos ayon sa pamamaraan nito, medyo mahiwagang paraan, sa isang pangitain sa gabi.

• *23. Isang lalaki ang nakipagbuno sa kanya hanggang sa madaling-araw.* Paghaharap ito ng Diyos at ni Jacob. Tinatanggap ng Diyos ang pagkatalo at ipinagkakaloob ang kanyang pagbabasbas.

asawa, ang dalawang aliping babae at labing-isang anak para tumawid sa Ilog Yabok. ²⁴Pinatawid niya sila at ipinadala rin sa kabilang ibayo ang lahat niyang ari-arian. ²⁵At naiwang mag-isa si Jacob.

At isang lalaki ang nakipagbuno sa kanya hanggang madaling-araw. ²⁶Nang makita ng lalaki na hindi niya kaya si Jacob, hinampas niya ito sa singit at nalinsad iyon. ²⁷Sinabi ng lalaki: “Pakawalan mo ako sapagkat sumisikat na ang araw.” Ngunit sinabi ni Jacob: “Hindi kita bibitawan hanggang hindi mo ako binabasbasan.”

²⁸Tinanong siya ng lalaki: “Ano ang pangalan mo?” Sumagot siya: “Jacob.”

²⁹At sinabi ng lalaki: “Mula ngayo’y hindi ka na tatawaging Jacob kundi Israel (na ang kahuluga’y *Lakas ng Diyos*) sapagkat nakipaglaban ka sa Diyos at sa mga tao, at ikaw ang nangibabaw.” ³⁰At sinabi naman ni Jacob: “Sabihin mo sa akin ang

pangalan mo?” Sumagot ito: “Bakit mo itinatamong ang pangalan ko?” At binasbasan niya roon si Jacob.

³¹Kaya Panuel ang itinawag ni Jacob sa lugar na iyon, (ibig sabih’y Mukha ng Diyos) sapagkat sinabi niya: “Harap-harapan kong nakita ang Diyos at buhay pa rin ako.” ³²Sumikat ang araw habang nagdaraan sa Panuel si Jacob na pipilay-pilay dahil sa kanyang balakang.

³³Kaya hanggang sa araw na ito, hindi kumakain ng litid sa hita ng hayop ang mga Israelita, sapagkat iyon ang bahaging hinipo kay Jacob.

Pagkikita nina Esau at Jacob

33 ¹Natanaw ni Jacob na dumarating si Esau kasama ang apatnaraang tauhan. Kaya pinaghati niya ang mga bata kina Lea at Raquel at sa dalawang aliping babae. ²Pinapuwesto niya sa harap ang mga aliping babae at ang

May mga pagkakataong mas nakikilala natin ang sarili sa pagtulog kaysa kung tayo’y gising. Ganito ang nangyari kay Jacob. Sa pakikipagbuno niya sa Diyos nang gabing iyon, naunawaan niya na ang kanyang mga pagpapagod at mga pagsubok ay higit pa pala sa pakikipagharap sa lipunan at sa *mga tao*; isa itong pakikipagbuno sa *Diyos*. Pinangakuan siya ng tagumpay ng Diyos ngunit hindi niya ito ibibigay hanggang di nauubusan ng lakas si Jacob.

Sapagkat mas nauunawaan ni Jacob ang dahilan ng napakaraming pagsubok at pagkabalang, kinakausap niya mismo ang humaharag sa kanya ngayon sa daan at siya lamang makapagpapabago sa kalooban ni Esau. Naging malakas si Jacob laban sa Diyos, hindi siya humingi ng pabor o kaunting tulong, kundi sinabali niyang kailangan nitong tuparin ang *kanyang mga pangako*: *Hindi kita bibitawan hanggang hindi mo ako binabasbasan*.

Ang panalangin ni Jacob ay hindi pagiging sunud-sunuran na ayon sa ilan ay katangian ng magalang na mananampalataya. Hindi lamang pagtanggap sa kalooban ng Diyos ang panalangin, na para bang matagal na iyong nakasulat sa langit, o kaya’y paghingi ng lakas para matanggap ito: pamimilit din sa Diyos ang panalangin, taglay ang pananalig sa kanyang mga pangako at kaalamang pinakikinggan niya tayo. Kung hindi tayo magkakaroon ng bahagi sa mga pagpapasya ng Diyos na may kinalaman sa atin at sa pamamahala sa mundo, magiging huwad ang Tipan.

Sa mga krus na daan ng buhay, sa gitna ng posibilidad na manatiling walang pagbabago o mahigant ang sarili, alam ng sumasampalataya na ibibigay sa

kanya ng Diyos itong huli kung hihingin niya iyon nang may pananampalataya.

Hinampas niya ito sa singit at nalinsad iyon. Matapos ang matagal na pagkatapon, nakikipagharap si Jacob sa Diyos nang gusto na niyang puwersahang pumasok sa Lupang Pangako. Sa katunaya’y walang iba kundi pagpapaloob sa misteryo ng Diyos ang pagpasok sa Lupang ito. Gustong ibahagi sa atin ng Diyos ang kanyang buhay ngunit malayo itong mangyari para sa taong malakas, at nakasisiguro sa kanyang sarili at sa kanyang mga daan. Kaya nga sa pagpasok natin, dumarating ang Diyos para subukin tayo. Anumang dagok o kasawiampalad o krisis ang danasin natin, naiiwan tayong sugatán at para nang mga dayuhan sa daigdig na ito. Pumasok si Jacob na *pipilay-pilay* sa Lupang Pangako dahil inilalaan din iyon ni Jesus sa mga umiiyak, sa mga nauuhaw sa katarungan, sa mga di-marahas.

Mula ngayo’y tatawagin kang Israel. Hindi nawawala ang pangalang Jacob o ang kahulugan nito: ang Aktibista, ang Manloloko. Ngunit magiging Israel din siya: Malakas-laban-sa-Diyos. Jacob-Israel ang pangalang tataglayin ng bayan ng Diyos. Sa buo nilang kasaysaya’y walang-tigil sa pagkakasala ang Israel at maraming beses silang paluluhrin ng Diyos. Subalit lagi pa ring magpapatalo ang Jacob at magpapatawad sa kanyang bayan sa oras na ipaalala nila sa kanya ang kanyang mga pangako.

Pagkatapos ng pagwawagi ni Jacob kailangang mapasailalim ng mga plano ng Diyos ang mga pangyayari. Hindi hinahadlangan ni Esau ang pagbabalik ni Jacob sa lupain ng kanyang mga ninuno.

mga anak nila, kasunod si Lea at ang mga anak nito at nasa hulihan sina Raquel at Jose.³ Ngunit siya mismo ang tumayo sa unahan at pitong ulit na yumuko sa lupa bago lumapit sa kanyang kapatid.

⁴Tumakbo si Esau para salubungin siya, niyakap sa leeg at hinalikan. At kapwa sila umiyak.⁵ Nang makita ni Esau ang mga babae at ang mga bata, sinabi nito: “Ano mo ba ang mga ito?” Sumagot si Jacob: “Sila ang mga anak na bigay ng Diyos sa iyang lingkod.”

⁶At lumapit ang mga alipin kasama ang kanilang mga anak at yumuko.⁷ Lumapit din si Lea at ang kanyang mga anak at yumuko, at pagkatapos ay lumapit sina Jose at Raquel at yumuko din.

⁸Itinanong ni Esau: “Ano mo ang mga grupong nasalubong ko?” Sumagot si Jacob: “Pasalubong ko sa iyo upang makuha ko ang iyang loob.”⁹ Sumagot si Esau: “Kapatid ko, marami na ako niyan. Huwag na, sa iyo na ang mga iyan.”¹⁰ Ngunit sinabi ni Jacob: “Huwag mo namang tanggihan. Utang na loob, tanggapin mo na ang regalo ko sapagkat narapito ako para humarap sa iyo tulad ng pagharap sa Diyos, at buong kagandahang-loob mo naman akong tinanggap.¹¹ Kaya tanggapin mo na ang pasalubong ko sa iyo sapagkat nagmagandang-loob sa akin ang Diyos at mayroon ako ng lahat.” At napilit din ni Jacob si Esau.

¹²At sinabi ni Esau: “Tayo na at ituturo ko ang daan.”¹³ Pero sinabi ni Jacob: “Alam ng aking panginoon na hindi makapagmamadali ang mga bata at isa pa’y inaalala ko ang mga inahing tupa at ang mga bakang may guya. Kung mapagpagod ang mga iyon kahit sa loob ng isang araw lamang, maaaring mangamatay ang buong kawan.”¹⁴ Kung ikasisiya ng aking panginoon na magpauna na sa akin, mabagal akong lalakad kasunod ng mga baka at ng mga bata hanggang abutan ko ang aking panginoon sa Seir.”

¹⁵Sinabi ni Esau: “Kung gayon, bayaan mong iwan ko sa iyo ang ilan sa aking mga tauhan.” Sumagot naman si Jacob: “Bakit? Sapat na sa akin na wala ka nang sama ng loob.”

¹⁶At bumalik si Esau sa Seir nang araw ding iyon.¹⁷ Ngunit nagtuloy si Jacob sa Sukot. Doon siya nagtayo ng kanyang bahay at ng silungan ng kanyang mga hayop. Kaya tinawag na Sukot ang nasa-bing lugar.

¹⁸Sa kanyang pagbabalik mula sa Padan-Aram, maluwahating nakarating si Jacob sa siyudad ng Sikem sa Kanaan, at nanirahan sa tapat ng lunsod.¹⁹ Binili niya ng isandang pira-song pilak mula sa mga anak ni Hamor na ama ni Sikem ang lupang kinatitirikan ng kanyang tolda.²⁰ Doon siya nagtayo ng altar at tinawag niyang Diyos na El, Diyos ng Israel, ang lugar na iyon.”

Ginahasa sa Dinang anak ni Jacob

34 ¹Minsan, bumisita si Dinang anak ni Jacob kay Lea sa kababaihan ng bayang iyon. ²Pagkakita sa kanya ni Sikem na anak ni Hamor na Heveo na siyang prinsipal ng nangangit na lupain, hinila niya ito at ginahasa. ³Naakit siya kay Dinang anak ni Jacob, at nagustuhan niya ang dalaga at sinuyo ito nang buong-giliw. ⁴Sinabi ni Sikem sa kanyang amang si Hamor: “Kunin mo ang dalagang ito para maging asawa ko.”

⁵Nabalitaan ni Jacob kung paanong nadungisan ang dangal ng kanyang anak na si Dina, ngunit hindi siya kumbiyo hanggang makauwi ang kanyang mga anak na lalaki buhat sa pag-aalaga ng kanyang mga kawan sa parang. ⁶Nakipagkita kay Jacob si Hamor na ama ni Sikem at nakipag-usap sa kanya. ⁷Nang makauwi na ang mga anak na lalaki ni Jacob galing sa parang, at nalaman ang nangyari, gayon na lamang ang galit nila sa ginawa ni Sikem na kahihayan sa Israel sa pang-aabuso niya sa anak ni Jacob – isang bagay na hindi dapat gawin. ⁸Ngunit kinausap sila ni Hamor at sinabi: “Labis na umiibig ang aking anak na si Sikem sa inyong anak na babae. Pahintulutan ninyong maging asawa siya ng anak ko. ⁹Maging magkakamag-anak tayo; ibigay ninyo sa amin ang inyong mga dalaga, at kunin naman ninyo ang mga dalaga namin. ¹⁰Sa aming piling na kayo tumira, makukuha ninyo ang lupain at

makapupunta kayo kahit saan, at angkinin iyon.”¹¹ Kinausap naman ni Sikem ang ama at mga kapatid na lalaki ni Dina: “Patawarin sana ninyo ako; ibibigay ko sa inyo ang anumang hingin ninyo sa akin.”¹² Itakda ninyo ang halagang babayaran ko at anumang regalong gusto ninyo, at babayaran ko anuman ang hingin ninyo, ibigay ninyo lamang siya sa akin bilang asawa.”

¹³ Dahil sa pagkalapastangan kay Dina, naging matalino at luso ang mga anak na lalaki ni Jacob sa pagsagot kina Sikem at Hamor na ama nito: ¹⁴ “Hindi namin maibibigay ang aming kapatid sa isang lalaking supot – isang kahihyan ito para sa amin.” ¹⁵ Papayag lamang kami sa kundisyong ito: na ikaw at ang lahat ng lalaki sa inyo ay magiging tulad namin – magpatuli kayo. ¹⁶ At ibibigay namin sa inyo ang aming anak na babae at kukunin naman namin ang inyo, makikipamahay kami sa inyo at tayo’y magiging isang bayan. ¹⁷ Pero kung ayaw ninyong magpatuli, kukunin namin ang aming kapatid at aalis na kami.” ¹⁸ Naging kasiya-siya kay Hamor at kay Sikem na anak nito ang kanilang sinabi. ¹⁹ Hindi nag-aksaya ng panahon si Sikem para gawin ang hinihingi sa kanya sapagkat gusto niya ang anak na dalaga ni Jacob. Siya ang pinakamalakas sa sambahayan ng kanyang ama.

²⁰ Kaya nagpunta sa pintuan ng kanilang lunsod si Hamor at si Sikem na kanyang anak, at kinausap ang kanilang mga kababayan ²¹ at sinabing “Hindi dapat katakutan ang mga lalaking ito. Bayan nating makapamahay sila rito at makagala nang malaya. Sapat ang lawak ng lupain para sa kanila. Magiging asawa natin ang kanilang mga anak na dalaga, at ipakasal naman natin ang ating mga anak na dalaga sa kanila.” ²² Ngunit may isang kundisyon ang mga lalaking ito para makipamahay sa piling natin bilang isang bayan, at liyan ay kung magpapatuli tayong gaya nila. ²³ Kung papayag tayo, magiging atin din ang kanilang mga kawain, ang kanilang mga ari-arian at lahat ng iba pa nilang hayop. Kaya gawin natin ang kanilang hinihingi at dito na sila maninirahan.”

²⁴ Sumang-ayon kina Hamor at Sikem ang lahat ng nagtipon sa may pintuan ng lunsod, at nagpatuli ang lahat ng lalaki.

²⁵ Pagkalipas ng tatlong araw, nang naramdaman pa ng mga nagpatuli ang kirot, kinuha ng dalawa sa mga anak na lalaki ni Jacob na sina Simeon at Levi na mga kapatid ni Dina ang kanilang mga tabak at biglang pinasok ang lunsod. ²⁶ Pinatay nila sina Hamor at Sikem at lahat ng lalaki, at kinuha si Dina mula sa bahay ni Sikem at saka tumakas. ²⁷ Tinuntungan naman ng ibang mga anak ni Jacob ang mga patay, at sinamsam ang mga ari-arian ng lunsod dahil sa pagkalapastangan sa kanilang kapatid. ²⁸ Sinamsam din nila ang mga baka ng mga ito, ang mga tupa, ang mga asno, ang lahat ng nasa lunsod at lahat ng nasa parang, ²⁹ lahat ng kayamanan ng mga ito, pati ang kababaihan at mga bata. Sinamsam nila ang lahat ng nasa mga bahay.

³⁰ At sinabi ni Jacob kina Simeon at Levi: “Binigyan ninyo ako ng malaking problema, kamuhi-muhi ako ngayon sa mga taga-lupaing ito ng mga Kanaan at Perezeo. Kaunti lamang ang aking mga tauhan at kung magkaisa sila laban sa akin at salakayin tayo, malilipol ako at ang buo kong sambahayan.” ³¹ Ngunit sumagot sila: “Papayagan ba nating ituring nilang ba-baeng bayaran ang aming kapatid?”

Si Jacob sa Betel

35 ¹ Sinabi ng Diyos kay Jacob: “Umahon ka sa Betel at doon ka manirahan. Magtayo ka roon ng altar sa Diyos na napakita sa iyo nang tumatakas ka sa iyong kapatid na si Esau.” ² Kaya sinabi ni Jacob sa kanyang pamilya at sa lahat ng kasama niya: “Itapon ninyo ang lahat ng banyagang diyos na nasa inyo. Magpakalinis kayo ng inyong mga sarili at magpalit ng damit.” ³ Ahon tayo sa Betel. Doon ako magtatayo ng altar sa Diyos na nakinig sa akin nang nasa panganib ako at sumaakin sa aking paglalakbay.”

⁴ Kaya ibinigay nila kay Jacob ang lahat ng banyagang diyos na nasa kanila pati ang kanilang mga hikaw, at ibinaon ni Jacob ang mga iyon sa ilalim ng sagradong punong malapit sa Sikem. ⁵ At umalis sila at nangibabaw ang takot sa lahat ng karatig-lunsod kaya walang nangahas humabol sa kanila.

⁶ Si Jacob at ang lahat ng kasama niya ay dumating sa Luz – na siya ring Betel – sa lupain ng Kanaan. ⁷ Nagtayo siya ng altar doon at

• **35.1** Hindi maisasabuhay sa pag-iisa ang panampalataya. Kayat sinisimulan ni Jacob na bumuo ng isang komunidad sa pag-uutos sa lahat ng kanyang mga tao na alisin ang kanilang mga diyus-diyusan. Nang gawin nila ang kongkreto at nakikitang hakbang

na ito na isang malaking sakripisyo para sa kanila, sila ang naging unang sambayanang may kakayahang magbigay-saksi sa mundo sa kanilang panampalataya sa isang Diyos.

tinawag na El-Betel ang lugar sapagkat doon napakita sa kanya ang Diyos nang tumatakas siya sa kanyang kapatid.⁸ Nang panahong iyon, namatay si Deborang ina sa suso ni Rebeca, at inilibing siya sa may sagradong puno sa ibaba ng Betel. Kaya tinawag iyong Punongkahoy ng Luha.

⁹ *Muling napakita ang Diyos kay Jacob pag-kagaling niya sa Padan-Aram at pinagpala siya,*¹⁰ *at sinabi sa kanya: "Jacob ang pangalan mo pero hindi ka na tatawaging Jacob sapagkat Israel na ang magiging pangalan mo."* *Kaya pinangalanan niya siyang Israel.*¹¹ *At sinabi sa kanya ng Diyos: "Ako ang Diyos ng Kailaanan! Maging mabunga ka at magparami. Hindi lamang isang bansa, kundi pagtitipon ng mga bansa ang magmumula sa iyo. Isisilang mula sa iyo ang mga hari."*¹² *Ibibigay ko rin sa iyo at sa iyong lahi ang lupaing ibinigay ko kina Abraham at Isaac.*¹³ *At pagkatapos makipag-usap sa kanya sa lugar na iyon, iniwan siya ng Diyos.*¹⁴ *Nagtayo si Jacob ng isang haliging bato sa lugar kung saan nakipag-usap sa kanya ang Diyos, at binusan ng handog na inumin at ng langis.*¹⁵ *Tinawag ni Jacob na Betel ang lugar na iyon kung saan nakipag-usap sa kanya ang Diyos.*

¹⁶ *Umalis sila sa Betel, at nang malapit na sila sa Efrata, nanganak si Raquel.*¹⁷ *Nahirapan siya at sinabi sa kanya ng hilot sa kanyang panganganak: "Lakasan mo ang iyong loob, huwag kang matakot! Lalaki na naman ang anak mo."*¹⁸ *At bago siya nalagutan ng hininga, pinangalanan niyang Ben-Oni ang kanyang anak*

(o anak ng aking paghithrap) ngunit tinawag naman siyang Benjamin (anak ng aking kamay) ng kanyang ama.¹⁹ *Kaya namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Efrata, iyon ang Betlehem,*²⁰ *at nagtayo si Jacob ng haliging bato sa libingan na siya pa ring palatandaan hanggang sa panahong ito.*

²¹ *Nagpatuloy si Israel at itinayo ang kanyang tolda pagkalampas sa Migdal-Eder.*²² *Nang naninirahan na si Israel sa lupaing iyon, nakipagtalik si Ruben kay Bilang asawang-alipin ng kanyang ama, at nalaman iyon ni Israel.*

Ang labindalawang anak ni Jacob

• *Nagkaroon ng labindalawang anak si Jacob.*

²³ *Kay Lea: si Ruben na panganay niyang anak, sina Simeon, Levi, Juda, Isacar at Zabulon.*

²⁴ *Kay Raquel: Jose at Benjamin.*

²⁵ *Kay Bilang alipin ni Raquel: Dan at Neftali.*

²⁶ *Kay Zelfang alipin ni Lea: Gad at Aser.*

Ang mga ito ang mga anak na isinilang kay Jacob sa Padan-Aram.

²⁷ *Umuwi si Jacob sa kanyang amang si Isaac sa Mambre na malapit sa Kiryat-Arbe (iyon ang Hebron) na pinamayanan nina Abraham at Isaac bilang mga dayuhan.*²⁸ *Isandaa't walumpung taon si Isaac²⁵ nang siya ay mamatay at yumaog sa piling ng kanyang mga ninuno – matanda at mayaman sa taon. Inilibing siya ng kanyang mga anak na sina Esau at Jacob.*

• 22. MGA ANAK NI JACOB

Nabanggit na natin na iniingatan ng Biblia ang ilang alaala tungkol kina Abraham, Isaac, at Jacob sa mga alamat (tingnan sa 11-26). Liban sa tatlong ito, napatunayan na ang ibang pangalan tulad ng Ruben, Simeon, Juda... ay hindi talagang tumutukoy sa mga tunay na tao. May sariling paraan ng pag-alaala sa mga lumipas na mga pangyayari ang mga tribung pagalaga. Lumikha sila ng mga kuwento na bawat tribu ay kinakatawan ng isang taong may gayon ding pangalan. Halimbawa, labindalawang tribu ang nagkabuklod sa iisang bayan: ipinahahayag nila ito sa pagsasabang may labindalawang ninuno na may gayong mga pangalan ang mga tribung iyon, at mga anak sila ng iisang ama, si Jacob-Israel. At dahil apat sa mga tribung ito, na mga tribu nina Ruben, Simeon, Levi at Juda ay bumubuo ng ibang grupo sa simula kaysa kinabibilangan ng mga tribu nina Jose at Benjamin, ang mga nasa unang grupo ay itinuring na mga anak ng nag-iisang ina, si Lea na asawa ni Jacob at ang iba nama'y mga anak ng isa pang asawa ni Jacob, si Raquel.

Isang marahas na pangyayari ang tinutukoy ng salaysay sa kabanata 34. May alitan noon ang mga tribu ng Simeon at ng Levi sa sambayanang ng Sikem (isang lunsod ang Sikem at hindi isang tao). Ganito rin ang dapat maintindihan tungkol kay "Laban, ang Arameo" (kabanata 31) at kay Juda at sa kanyang mga anak (38), kay Esau na larawan ng bayan ng Edom, na karatig-bayan at kalaban ng Israel (26:30 at 36:1).

Ipinaliliwanag nito sa atin kung bakit mula pa noong una'y binigyang-interpretasyon na ng mga eksperto sa Biblia ang maraming bagay-bagay tungkol sa kasaysayan ng mga Patriyarka ayon sa mga simbolo.

Labindalawang tribu ang bumubuo sa bayan ng Israel at lagi nilang gustong alalahanin ang bilang na ito na itinuturing nilang sagrado (tingnan kab. 48). Aalalahanin din ni Jesus ang matandang istrukturang ito ng bayan ng Diyos sa pagtatatag niya sa kanyang Iglesia'y bilang bagong bayan ng Diyos at sa pagpili niya ng labindalawang apostol para pamunuan ito.

Si Esau, ang ama ng mga Edomita

36 ¹Ito ang salaysay ng lahi ni Esau (na si Edom din). ²Nag-asawa si Esau ng mga Kananea: si Ada na anak ni Elong Heteo, si Olibama na anak ni Ana at apo ni Sebeong Heveo, ³si Besemat na anak naman ni Ismael at kapatid ni Nebaiot. ⁴Naging anak ni Ada kay Esau si Elifaz, naging anak naman ni Besemat si Rahuel, ⁵naging anak ni Olibama sina Yeus, Ihelon at Kore. Ito ang mga naging anak ni Esau na isinilang sa Kanaan. ⁶Nagpunta si Esau sa lupain ng Seir at dinala niya ang kanyang mga asawa at mga anak, lahat ng bumubuo sa kanyang sambayanan, pati mga kawan at mga hayop at lahat ng ari-arian niya sa Kanaan para lumayo sa kanyang kapatid na si Jacob. ⁷Kapwa sila napakayaman kayat hindi sila makapamumuhay nang magkasama dahil masikip ang lupa para sa kanilang mga kawan. ⁸At si Esau na si Edom din ay nanirahan sa kaburulan ng Seir.

⁹Ito ang salaysay ng lahi ni Esau, ang ama ng mga Edomita sa kaburulan ng Seir. ¹⁰Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Esau: Elifaz na anak ni Adang asawa ni Esau, Rahuel na anak ni Besemat na asawa rin ni Esau.

¹¹Ang mga anak ni Elifaz: Teman, Omar, Sefo, Gatam at Cenez. ¹²Asawang-alipin naman ni Elifaz si Timna, at ipinanganak nito si Amalek. Ito ang mga apo ni Adang asawa ni Esau.

¹³Ang mga anak ni Rahuel: Najat, Zaraj, Samma at Meza. Sila ang mga apo ni Besemat na asawa ni Esau. ¹⁴Ang mga anak ni Olibamang asawa ni Esau at anak ni Ana at apo ni Sebeong: Yehus, Ihelon at Kore.

¹⁵Ito ang mga pinuno sa lahi ni Esau. Ang mga anak ni Elifaz na panganay ni Esau: Teman, Omar, Sefo, Cenez, ¹⁶Kore, Gatam, Amalek. Sila ang mga pinunong galing kay Elifaz na mga apo ni Ada sa lupain ng Edom. ¹⁷Ang mga anak ni Rahuel na anak ni Esau: Majat, Zara, Samma, Meza. Sila ang mga pinunong galing kay Rahuel na mga apo ni Besemat na asawa ni Esau sa lupain ng Edom. ¹⁸Ang mga anak ni Olibamang asawa ni Esau: Yehus, Ihelon, Kore. Sila ang mga pinunong galing kay Olibamang asawa ni Esau at anak ni Ana. ¹⁹Ito ang mga anak ni Esau, na si Edom din, at sila ang kanilang mga pinuno.

²⁰Ito ang anak ni Seir, ang Horritang nakatira sa lupaing iyon: Lotan, Sebal, Zebeon at Ana, ²¹Dison, Eser at Disan. Sila ang mga pinunong

Horrita na mga anak ni Seir sa lupain ng Edom. ²²Ang mga anak ni Lotan: Hori at Hemam, at si Tamna na kapatid na babae ni Lotan. ²³Ang mga anak ni Sebal: Alvan, Manahat, Ebal, Sefe at Onam. ²⁴Ang mga anak ni Zebeon: Aia at Ana. Si Ana ang nakatuklas ng mainit na bukal sa disyerto nang ipinapastol niya ang mga asno ng kanyang amang si Zebeon. ²⁵Ang mga anak ni Ana: Dison at si Olibamang anak na babae ni Ana. ²⁶Ang mga anak ni Dison: Hamdan, Eser, Yetram at Karam. ²⁷Ang mga anak ni Eser: Balaan, Zavan at Akan. ²⁸Mga anak ni Disan: Hus at Aram.

²⁹Ito ang mga pinunong Horrita: Lotan, Sebal, Zebeon, Ana, ³⁰Dison, Eser, Disan. Sila ang mga pinuno ng mga Horrita ayon sa kanilang tribu sa lupain ng Seir.

³¹Ito ang mga naghari sa lupain ng Edom bago naghari ang isang haring Israelita. ³²Naghari sa Edom si Bela na anak ni Beor, at tinawag na Dinaba ang kanyang siyudad. ³³Namatay si Bela at humalili sa kanya si Yobab na anak ni Zerang taga-Bosra. ³⁴Namatay si Yobab at humalili si Husam na Temanita. ³⁵Namatay si Husam at humalili si Hadad na anak ni Bedad. Nilupig niya ang mga Madianita sa lupain ng Moab, at tinawag na Avit ang kanyang lunsod. ³⁶Namatay si Hadad at humalili si Semla ng Masreka. ³⁷Namatay si Semla at humalili si Saul ng Rejobot sa Ilog. ³⁸Namatay si Saul at humalili si Balanan na anak ni Akbor. ³⁹Namatay si Balanan at humalili si Adar at tinawag na Fau ang kanyang lunsod. Si Metable ang kanyang asawa na anak na babae ni Matred na anak na babae naman ni Mezaab. ⁴⁰Ito ang mga pangalan ng mga pinunong galing kay Esau ayon sa kanilang angkan at nasasakupan: Tamna, Alva, Yefet, ⁴¹Olibama, Ela, Finon, ⁴²Cenez, Teman, Mabaar, ⁴³Magdiel, Iram. Ito ang mga pinuno ng Edom ayon sa kanilang mga tirahan sa lupaing kanilang sinakop. Ito si Esau, ang ama ng mga Edomita.

37 ¹Namuhay naman si Jacob sa Kanaan, ang lupaing tinarhan ng kanyang ama. ²Ito ang salaysay ng lahi ni Jacob.

Si Jose at ang kanyang mga kapatid

• Si Jose ay isang binatang labimpitong taong gulang. Nagpapastol siya ng mga kawan, kasama ang kanyang mga kapatid na mga anak nina Bila at Zelfa

• **37.2** Dito nagsisimula ang istorya ni Jose at nagpapatuloy hanggang sa wakas ng Genesis bilang

tulay mula sa mga Patriyarka at sa mga susunod na pangyayari ng Exodo.

na mga asawa ng kanyang ama. At isinumbong niya ang mga ito sa kanyang ama. ³Mas mahal ni Israel si Jose sa lahat niyang anak sapagkat isinilang si Jose sa kanyang katandaan. Kayat ipinagpatahi pa niya ito ng damit na mahaba ang manggas. ⁴Kinamuhian naman si Jose ng kanyang mga kapatid sa pagkakita nilang mas mahal siya ng kaniyang ama, at hindi na nila siya kinausap nang maayos.

⁵Nanaginip si Jose, at nang ikuwento niya iyon sa kanyang mga kapatid, lalo lamang silang namuhi. ⁶Sinabi niya: “Pakinggan ninyo ang aking panaginip. ⁷Nagbibigkis daw tayo ng mga uhay ng trigo sa bukid nang biglang nanatiling nakatayo ang aking bigkis, at pumaligid naman at yumuko ang inyong mga bigkis sa aking bigkis.” ⁸Sinabi ng kanyang mga kapatid: “Ikaw pa yata ang maghahari sa amin. O baka naman ikaw ang makapangyayari sa amin?” At lalo siyang kinamuhian dahil sa kanyang panaginip at sa kanyang sinabi.

⁹Nanaginip na naman si Jose at ikinuwento din niya iyon sa kanyang mga kapatid: “Makinig kayo. Napanaginipan ko na yumuyuko sa akin ang araw, ang buwan at ang labing-isang bituin.” ¹⁰At pinagsabihan din siya ng kanyang ama: “Ano itong panaginip mo? Kami bang

lahat – ako, ang iyong ina at mga kapatid – ay yuyuko sa harap mo?”

¹¹Nagselos sa kanya ang kanyang mga kapatid ngunit tinandaan ito ng kanyang ama.

Ipinagbili si Jose ng mga kapatid niya

¹²Ipinastol ng kanyang mga kapatid ang kawan ng kanilang ama sa Sikem, ¹³at sinabi ni Israel kay Jose: “Ipinapastol ng iyong mga kapatid ang mga kawan sa Sikem. Halika at papupuntahin kita sa kanila.” Sumagot si Jose: “Narito ako.” ¹⁴At sinabi ni Israel: “Pumunta ka at tingnan mo kung maayos ang lagay ng iyong mga kapatid at ng mga kawan. At bumalik ka rito para ibalita sa akin.” Pinaalis siya ni Jacob mula sa Lambak ng Hebron at dumating si Jose sa Sikem. ¹⁵Nakita siya ng isang lalaki nang mawala siya sa kaparangan, at tinanong siya: “Ano ang hinahanap mo?” ¹⁶Sumagot siya: “Hinahanap ko ang aking mga kapatid. Pakituro mo naman kung saan nila ipinapastol ang kanilang mga kawan.”

¹⁷Sumagot ang lalaki: “Umalis na sila rito. Narinig kong sinabi nilang – Tayo na sa Dotan.” Kayat sinundan ni Jose ang kanyang mga kapatid at nakita ang mga iyon sa Dotan. ¹⁸Malayo pa si Jose ay natanaw na siya nila at napagkaisahan nilang patayin siya bago pa siya maka-

Ipinakikita na si Jose na pangalawa sa bunsong anak ni Jacob ang pinakaimportante sa labindalawang magkakapatid. Sinasabi sa atin ng mga panaginip ng batang si Jose na hindi nagkataon lamang ang lahat ng mangyayari sa kanya, kundi may silbi sa mga plano ng Diyos: sa pamamagitan niya ililigtas ng Diyos ang buong pamilya sa pagkagutom.

Ang mahaba at madamdaming istorya ni Jose na ipinagbili ng kanyang mga kapatid at naging tagapagligtas nila.

Mas mahal ni Israel si Jose sapagkat isinilang si Jose sa kanyang katandaan. Siya ang pinakamahal at siya rin ang pinakapino. Sa piling ng kanyang mga kapatid na may kagaspangan at walang pakundangan, nagpapakita si Jose ng kadakilaan: mula pa sa kanyang pagkabata, ipinapakita na ang anak na ito ng mga pastol na may magandang kinabukasan ng hiintay sa kanya.

Dalawa sa labindalawang tribu ang namumukod-

tangi: ang tribu ng Juda at ng Jose. Tingnan ang paliwanag sa Josue 13 tungkol dito. Kaya laging binabanggit ng mga tradisyon tungkol sa “mga patriyarka” o mga ama ang dalawang anak na ito ni Jacob.

• 12. Umabot sa kabaliwan at krimen ang inggit sa magkakapatid. Hinayaan ng Diyos na magkakasalungat na mga daan ang tahakin ng magkakapatid, ang ilan tungo sa kabutihan, ang iba nama y sa kasamaan. Ngunit hindi ito nangangahulugan na pinababayaan at kinailalimutan ng “mabubuti” ang “masasama”. Ililigtas ni Jose ang kanyang mga kapatid.

Inaanyayahan tayo ng istoryang ito na makitang ang mga pagsubok ay naghahatid sa atin sa mas espirituwal na buhay. At dinadala naman tayo ng mas malalim na buhay-espirituwal na ito sa mas mabungang buhay-pamilya at panlipunan.

lapit sa kanila. ¹⁹Sinabi nila sa isa't isa: "Narito na ang eksperto sa panaginip! ²⁰Patayin na natin siya at itapon sa alin-mang balon. Sabihin nating nilapa siya ng isang mabangis na hayop. At tingnan natin kung may mangyari sa kanyang mga panaginip!" ²¹Nang marinig ito ni Ruben, sinikap niyang mailigtas si Jose sa kamay ng mga kapatid ²²at sinabing "Huwag natin siyang patayin, huwag nating padanakin ang kanyang dugo! Ihulog na lamang natin siya sa patay na balong ito sa ilang pero huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay." Sinabi niya ito para mailigtas si Jose at maibalik sa kanilang ama.

²³Pagdating na pagdating ni Jose, hinubad sa kanya ng kanyang mga kapatid ang damit na may mahabang manggas, ²⁴at dinala siya at inihagis sa balong walang tubig.

²⁵At nang maupo sila para kumain, natanaw nila ang pulutong ng mga Ismaelitang galing sa Galaad. May dalang maraming panimpla, balsamo at mira para dalhin sa Ehipto.

²⁶At sinabi ni Juda sa kanyang mga kapatid: "Ano ang mapapala natin sa pagpatay sa ating kapatid at pagtatago sa kanyang dugo?" ²⁷Mabuti pang ipagbili na lang natin siya sa mga Ismaelita at huwag siyang pagbuhatan ng kamay sapagkat kapatid natin siya at sarili nating laman!" At sumang-ayon ang kanyang mga kapatid.

²⁸Kaya nang dumaan ang mga manga-

ngalakal na Madianita, iniahon nila si Jose mula sa balon. Ipinagbili nila siya sa halagang dalawampung pirasong pilak. At dinala ng mga Ismaelita si Jose sa Ehipto. ²⁹Nang bumalik si Ruben sa balon, wala na roon si Jose. Winarak niya ang kanyang damit ³⁰at bumalik sa kanyang mga kapatid at sinabi: "Wala na roon ang bata. Ano ang gagawin ko ngayon?" ³¹Kinuha nila ang damit ni Jose, pumatay ng isang kambing at inilubog ang damit sa dugo niyon. ³²Dinala nila ang damit na may mahabang manggas sa kanilang ama at sinabi: "Napulot namin ito; tingnan ninyo kung ito nga ang damit ng inyong anak o hindi."

³³Nakilala ng ama ang damit at sinabing "Ito ang damit ng aking anak! Nilapa siya ng mabangis na hayop at niluray." ³⁴Winarak ni Jacob ang kanyang damit, nagsuot ng sako at matagal na ipinagluksa ang anak. ³⁵Dumating ang lahat niyang anak na lalaki at babae para aliwin siya ngunit tumanggi siyang paaliw at sinabi: "Hindi, nagluluksa akong yayao sa lugar ng mga patay, sa piling ng aking anak." At nanangis siya para sa kanyang anak. ³⁶Samantala, ipinagbili ng mga Madianita si Jose sa Ehipto, kay Putifar na isang opisyal ni Paraon at kapitan ng mga guwardiya.

Kuwento tungkol kina Juda at Tamar

38 • ¹Nang panahong iyon, humiwalay si Juda sa kanyang mga kapatid at tumuloy sa bahay ni Hira na isang Adulamita. ²Doon nakilala ni Juda ang anak na dalaga ng

• **38.1** Sa sumusunod na pangyayari, hindi lumilitaw na marangal ang papel na ginagampanan ng patriyarkang si Juda ayon sa mga palagay nating bilang mga Kristiyano. Ngunit sa panahong iyon ng napaka-primitibo pang mga kaugalian at moralidad, walang masyadong iginigiit ang Biblia tungkol sa moralidad sa sex, kundi ang tungkulin sa pagkakaanak upang maging mabisa ang mga pangako ng Diyos sa kanilang mga ninuno.

Ang kasalanan ni Onan ay nasa pagtanggap magkaroon ng anak na hindi naman magiging kanya (tingnan ang Ruth 3:7 tungkol sa obligasyong ito na bigyan ng anak ang biyuda ng kapatid).

Ang kadakilaan naman ni Tamar ay nasa kanyang determinasyon na magkaanak sa anumang paraan na siyang magdadala sa pangalan ng una niyang asawang si Er, at magiging tagapagmana ni Juda. Bihirang natatampok ang mga babae sa Biblia. Ngunit sa pagkakaroon nila ng papel, kadalasa'y para turuan ng leksyon sa pagpapakatao ang mga lalaki. Dito, pagkaraang pumasok si Tamar sa kanyang buhay, nagsimulang mag-isip si Juda, na ngayon lamang nag-isip ng ganito.

Kasama si Tamar sa listahan ng mga ninuno ni Jesus (Mt 1:3).

Kananeong si Sua. Pinakasalan niya ang dalaga at nakipagtalik sa kanya.³ Naglihi ito at nagsilang ng isang lalaking pinangalanang Er.⁴ Nagkaanak siya ng isa pang lalaki na pinangalanan naman niyang Onan.⁵ At sa Kuzib, nagkaroon siya ng pangatlong anak na lalaki na pinangalanan niyang Sela.

⁶Ikinuha ni Juda ng asawa si Er na kanyang panganay. Tamar ang pangalan ng babae.⁷ Ngunit masama si Er na panganay ni Juda sa paningin ni Yawe, kaya binawian niya ito ng buhay.⁸ At sinabi ni Juda kay Onan: “Makipagtalik ka sa biyuda ng iyong kapatid at tuparin ang tungkulin ng isang bayaw na bigyan ng anak ang kapatid mo.”⁹ Alam ni Onan na hindi magiging kanya ang sanggol kaya tuwing maki-kipagtalik siya sa kanyang hipag, itinatapon niya sa lupa ang kanyang semilya para hindi bigyan ng anak ang kanyang kapatid.¹⁰ Masama sa paningin ni Yawe ang kanyang ginawa kaya binawian din ito ng buhay.

¹¹Kaya sinabi ni Juda kay Tamar na kanyang manugang: “Umuwi ka munang biyuda sa bahay ng iyong ama hanggang sumapit na sa gulang ang anak kong si Sela.” Dahil natatakot si Juda na baka mamatay rin si Sela tulad ng kanyang mga kapatid.

At umuwi nga si Tamar sa bahay ng kanyang ama at doon nanirahan.

¹²Mahabang panahon ang lumipas at namatay ang asawa ni Juda, ang anak ni Sua. Matapos ang kanyang pagluluksa, umahon si Juda sa Timna, kasama ang kanyang kaibigang si Hira na taga-Adulam para tingnan ang paggugupit sa kanyang mga tupa.¹³ May nakapagsabi naman kay Tamar na “Papunta ang biyenman mo sa Timna para gupitan ang kanyang mga tupa.”

¹⁴Agad niyang hinubad ang luksa niyang damit, nagbalabal ng belo at naupo sa pasukan ng Enaim sa daang papunta sa Timna. Sapagkat nakita niyang kahit nasa kasibulan na si Sela ay hindi pa rin ito ibinibigay sa kanya bilang asawa niya.

¹⁵Nakita ni Juda si Tamar, at dahil nataktapan ang mukha, napagkamalan niya itong isang babaeng bayaran.¹⁶ Nilapitan siya ni Juda sa tabing-daan at sinabi: “Puwede ka ba?” sapagkat hindi niya alam na ito ang kanyang manugang. Itinanong naman ni Tamar: “Ano ang ibigay mo sa akin kung papayag ako?”

¹⁷Sinabi ni Juda: “Padadalhan kita ng isang batang kambing mula sa aking kawan.” Sumagot ang babae: “Ayos, pero puwede ka bang

magbigay ng garantiya hanggang maipadala mo iyon sa akin?”¹⁸ Itinanong ni Juda: “Anong garantiya ang gusto mong ibigay ko sa iyo?” Sumagot si Tamar: “Ang iyong pantatak at ang tali nito at ang tungkod na hawak mo.” Kaya ibinigay ni Juda ang mga iyon at nakipagtalik siya kay Tamar, at nabuntis niya ito.¹⁹ Umuwi na pagkatapos si Tamar, at inalis niya ang kanyang belo at isinuot ang kanyang damit-panluksa.²⁰ Ipinadala ni Juda ang kambing sa pamamagitan ng kanyang kaibigang taga-Adulam para mabawi ang kanyang iginarantiya sa babae pero hindi niya iyon natagpuan.²¹ Kayat nagtanong siya sa mga tagaroon: “Nasaan ang babaeng bayaran na nasa tabi ng daan sa Enaim?” Sumagot sila: “Kailanma’y walang babaeng bayaran dito.”²² Nagbalik siya kay Juda at sinabi: “Hindi ko nakita ang babae at maging ang mga tagaroon ay nagsabing walang babaeng bayaran doon.”²³ At sinabi ni Juda: “Pabayaan mo na sa kanya ang lahat, at baka pagtawanan pa tayo ng mga tao. At saka, ipinadala ko sa kanya ang kambing pero hindi mo naman siya nakita.”

²⁴Makalipas ang tatlong buwan, nabalitaan ni Juda: “Nagpabayaw sa lalaki si Tamar na iyon manugang at buntis siya ngayon.” Sinabi ni Juda: “Ilabas ninyo siya at sunugin nang buhay.”²⁵ Nang kinakaladkad nang palabas si Tamar, nagpasabi siya sa kanyang biyenman: “Buntis ako dahil sa lalaking may-ari ng mga ito. Hanapin ninyo kung kanino ang pantatak, tali at tungkod na ito!”²⁶ Nakilala ni Juda ang mga iyon at sinabi: “Mas matuwid siya kaysa akin sapagkat ayaw kong ibigay sa kanya ang aking anak na si Sela.” At hindi na siya muling nakipagtalik dito.

²⁷Nang sumapit ang kabuwanan ni Tamar, kambal ang nasa sinapupunan niya.²⁸ At sa kanyang panganganak, inilabas ng isa sa kambal ang kanyang kamay, at tinalian iyon ng hilot ng pulang sinulid sa pulso at sinabing “Ang isang ito ang unang lumabas.”²⁹ Ngunit nang iurong ng sanggol ang kamay, naunang lumabas ang kanyang kakambal, at sinabi ng hilot: “Anong bitak ang binitak mo!” At pinangalanan siyang Fares (*Bitak*).³⁰ At lumabas ang kanyang kakambal na may sinulid na pula sa pulso at pinangalanan itong Zarah.

39 * ¹ At dinala si Jose sa Ehipto, at binili siya sa mga Ismaelitang nagdala roon sa kanya ni Putifar na isang Ehipsiyong

• **39.1** Pagkaraan ng kanyang kasawiampalad, naging halimbawa naman ng karangalan, katapatan at

tiyaga si Jose. Sa Biblia, siya ang una sa mga hinamak na sa Diyos umaasa para sa kanilang gantimpala.

opisyal ni Paroon at kapitan ng mga guwardiya. ²Pinaggala ni Yawe si Jose samantalang nakatira siya sa bahay ng kanyang among Ehipsiyo.

³Nakita ng kanyang amo na sumasakanya si Yawe at pinagtatagumpay ni Yawe ang lahat ng ipagkatiwala sa kanya. ⁴Kaya naging kasiya-siya si Jose sa kanyang amo ⁵at ginawa siyang mayordomo ng kanyang bahay at ipinagkatiwala sa kanya ang lahat ng ari-arian nito. Mula noon, pinaggala ni Yawe ang buong sambahayan ng Ehipsiyo dahil kay Jose. Pinaggala niya ang lahat ng ari-arian ni Putifar, ang sambahayan at bukirin nito. ⁶Kaya iniwan ng Ehipsiyo ang lahat niyang ari-arian sa pangangalaga ni Jose, at tanging ang pagkain lamang niya ang kanyang inasikaso.

Makisig na lalaki si Jose at matipuno ang pangangatawan. ⁷Kaya di nagtagal at napusuan si Jose ng asawa ng kanyang amo at sinabi sa kanya: “Sumiping ka sa akin.” ⁸Ngunit tumanggi siya at sinabing “Ipinagkatiwala sa akin ng aking panginnoon ang lahat ng kanya, at hindi niya ako pinakikialaman tungkol sa bahay niya. ⁹Ginawa niya akong halos kapantay niya sa bahay na ito at wala siyang ipinagkait sa akin liban sa iyo sapagkat asawa ka niya. Paano ko magagawa ang ganito kasamang bagay na isang pagkakasala sa Diyos?” ¹⁰At kahit na araw-araw na pinipilit ng babae si Jose, tumanggi siyang sumiping dito o makasama man lang nito.

¹¹Ngunit isang araw, pagpasok niya sa bahay para asikasuhin ang kanyang mga gawain, wala isa mang alipin ang nasa tahanan. ¹²At hinawakan ng maybahay ni Putifar si Jose sa damit nito at sinabi: “Halika na, mahiga na tayo.” Subalit tumakbong palabas si Jose, at iniwan sa

kamay ng babae ang kanyang suot. ¹³Nakita ng babae ang damit ni Jose na hawak niya at siya’y tumakbong palabas.

¹⁴Tinawag niya ang mga alipin at sinabi: “Tingnan ninyo, dinala rito ang Hebreong ito para paglaruan tayo. Naparito siya para sumiping sa akin pero sumigaw ako. ¹⁵At nang marinig niyang sumigaw ako para humingi ng tulong, nagtatakbo siyang palabas ng bahay at naiwan niya ang kanyang damit sa akin.

¹⁶Itinabi ng asawa ni Putifar ang damit hanggang makauwi ang kanyang panginnoon. ¹⁷At isinalaysay niya ang kanyang kuwento: “Tinangka akong paglaruan ng aliping Hebreong iyan na dinala mo rito. ¹⁸Ngunit nang sumigaw ako, nagtatakbo siyang palabas ng bahay at naiwan niya sa akin ang kanyang damit.” ¹⁹Pagkarinig ni Putifar sa sinabi ng asawang “Tingnan mo ang ginawa sa akin ng iyong alipin,” nag-apoy ang kanyang galit. ²⁰Dinala niya si Jose sa Bilangguan sa Soar kasama ng mga bilanggo ng hari.

Ngunit habang nasa bilangguan ng Soar si Jose, ²¹sumakanya si Yawe at nagmagandang-loob sa kanya kaya naging mabait sa kanya ang warden ng bilangguan. ²²Ginawa niya itong tagapamahala sa lahat ng bilanggo at siya ang pinapagpapasya kung ano ang gagawin doon. ²³Hindi pinakikialaman ng warden ang lahat ng nasa ilalim ng kanyang pangangasiwa sapagkat sumasakanya si Yawe at pinagtatagumpay ni Yawe ang lahat niyang gawain.

Binigyang-kahulugan ni Joseang mga panaginip

40 ¹Makaraan ang ilang panahon, nagkasala sa kanilang panginnoon ang tagapangasiwa sa inumin ni Paraong hari ng Ehipto, gayundin ang punong-panadero. ²Nagalit si Paroon sa dalawa niyang opisyal ³at ipinakulong

Maraming tagapagpalaya at tagapagligtas sa Biblia bago dumating ang Tagapagligtas na Anak ng Diyos. Sinubok silang lahat bago nagtagumpay at marami sa kanila ang hinamak ng kanilang mga kababayan.

Ang kuwento tungkol kay Jose at sa asawa ni Putifar ay isang aral sa tunay na pagkatalaki. Para sa Biblia, isa sa mga katangian ng tunay na lalaki ang katapatan at respeto sa pag-aasawa.

sa bahay ng kapitan ng mga guwardiya, sa mismong bilangguan pinagpiitan din kay Jose. ⁴Kaya ipinagkatiwala ng kapitan kay Jose ang dalawang bilango at pinaglingkuran naman niya sila. At matagal-tagal din sila roon.

⁵Isang gabi, kapwa nanaginip ang kasama ni Jose sa Soar na tagapangasiwa ng inumin at ang punong-panadero ng hari ng Ehipto, at may sariling kahulugan ang bawat isa. ⁶Pagkakita ni Jose sa dalawa kinaumagahan, napansin niya ang pagkabahala ng mga ito, ⁷kaya itinanong niya: “Ba’t kayo mukhang malungkot ngayon?”

⁸Sumagot ang dalawa: “Pareho kaming nanaginip pero walang makapagpaliwanag nito.” At sinabi ni Jose: “Di ba’t Diyos lamang ang makapagbibigay-kahulugan sa mga panaginip? Sabihin niyo sa ‘kin ang inyong panaginip.”

⁹Kaya ikinuwento ng tagapangasiwa ng inumin kay Jose ang kanyang napanaginipan: “Sa aking panaginip, ¹⁰may puno ng ubas na may tatlong sanga sa harap ko. Habang lumalaki ang puno ng ubas, namulaklak ito at nahinog ang mga kumpol. ¹¹Hawak ko noon ang kopa ni Paraon, at pinitas ko ang mga ubas at piniga sa kopa ni Paraon. At pagkatapos, iniabot ko ang kopa kay Paraon.”

¹²Sinabi ni Jose sa kanya: “Ito ang kahulugan niyan. Ang tatlong sanga ay tatlong araw. ¹³Sa loob ng tatlong araw, palalayain ka ni Paraon at ibalik sa iyong puwesto at muli mong iaabot ang kopa kay Paraon gaya noong ikaw ang kanyang tagapaghanda ng inumin. ¹⁴Kaya pag nabalik ka na sa dati mong puwesto, alalahanin mo naman sana ako at magmagandang-loob ka sa akin at banggitin ako kay Paraon para palabasin ako sa bilanguang ito. ¹⁵Ang totoo’y kinidnap ako mula sa lupain ng mga Hebreo, at kahit dito ay wala akong nagagawang pagkaka-sala para mabilanggo.”

¹⁶Nang makita ng punong-panadero na maganda ang ibinigay na paliwanag ni Jose sa panaginip, sinabi niya kay Jose: “Nanaginip din ako: may sunong akong tatlong bakol ng tinapay. ¹⁷Puno ng iba’t ibang hinurnong pagkain para kay Paraon ang bakol na nasa ibabaw, at kinain iyon ng mga ibon sa bakol na sunong ko.” ¹⁸Sinabi ni Jose: “Ang tatlong bakol ay tatlong araw. ¹⁹At sa loob ng tatlong araw, papupugutan ka ng ulo ni Paraon, at ibibitin ang

iyong bangkay sa isang puno at tutukain ng mga ibon ang iyong laman.” ²⁰Ang ikatlong araw ay kaarawan ni Paraon, at naghanda siya ng malaking salu-salo para sa kanyang mga opisyal. Ipinatawag niya ang kanyang tagapangasiwa ng inumin at ang kanyang punong-panadero. ²¹Ibinalik niya sa tungkulin ang tagapangasiwa ng inumin kayat muli nitong iniabot ang kopa kay Paraon, ²²ngunit ipinabitay niya ang punong-panadero. At nangyari ang pagbibigay-kahulugan ni Jose.

²³Ngunit hindi na naalaala ng tagapangasiwa ng inumin si Jose: nalimutan na siya.

Ang mga panaginip ni Paraon

41 ¹Pagkaraan ng dalawang taon, nanaginip si Paraon na nakatayo siya sa tabi ng Ilog Nilo ²nang may pitong maganda at matabang baka ang umahon mula sa ilog at nagsimulang manginain sa tabing-ilog. ³Kasunod nilang umahon mula sa Nilo ang pito pang baka, mga payat at nangangalirang at tumabi ang mga ito sa mga bakang nasa tabing-ilog. ⁴Kinain ng payat at nangangalirang na mga baka ang maganda at matabang mga baka. Pagkatapos ay nagising si Paraon. ⁵Muling nakatuglo si Paraon at nanaginip uli. Nakita niyang tumutubo sa isang tangkay ang pitong uhay, malaman at mabuti. ⁶At may sumibol namang pitong uhay pa, maliliit at tinuyo ng hanging silangan. ⁷At nilamon ng maliliit na uhay ang malalaman at mabubuti. At nagising si Paraon – panaginip lang pala iyon!

⁸Nabalisa siya kinaumagahan at ipinatawag ang lahat ng may lihim na karunungan at pantas sa Ehipto. Ikinuwento niya sa mga ito ang kanyang mga panaginip pero walang makapagpaliwanag ng mga ito sa kanya. ⁹Kaya sinabi ng punong-tagapangasiwa ng inumin kay Paraon: “Naalaala ko ngayon ang aking pagkukulang. ¹⁰Nagalit si

• **41.1** Buhay na larawan ng dramang dinaranas ng Ehipto sa gitna ng ulan, iragayon at tagtuyot ang ibinibigay ng mga panaginip na ito at ng mga pangyayaring kasama nito. Ayon sa tradisyong Hebreo, si Jose ang nag-organisa ng mga bodega ng mga sobrang ani sa Ehipto bilang paghahanda sa darating na tag-

tuyot. Binibigyang-diin ang katapatan ni Jose at ang hindi pagpapabaya sa kanya ng Diyos kailanman. Hindi pa alam ng mga mananampalataya nang panahong iyon ang kabilang-buhay. Kaya mahalagang maipakita nila kung paanong ginantimpalaan sa buhay na ito ang matuwid na si Jose para sa kanyang pagtitiyaga.

Paraon sa kanyang alipin at ipinakulong niya ako at ang punong-panadero sa bahay ng kapitan ng mga guwardiya. ¹¹ Nagaginip kami sa iisang gabi na bawat panaginip ay may kanya-kanyang kahulugan. ¹² Kasama namin noon ang isang kabataang Hebreong alipin ng kapitan ng mga guwardiya. Nang sabihin namin sa kanya ang aming panaginip, binigyang-kahulugan niya ang bawat isa sa aming panaginip. ¹³ At nagkatotoo ang kanyang sinabi. Nabalik nga ako sa aking tungkulin, at binitay naman ang punong-panadero.”

¹⁴ Kaya ipinatawag ni Paraon si Jose. Agad siyang kinuha sa bilangguan, inahitan, at pinalitan ang kanyang damit para humarap kay Paraon.

¹⁵ At sinabi ni Paraon kay Jose: “Naginip ako at walang makapagpaliwanag nito. Nabalitaan kong nabibigyang-kahulugan mo ang anumang panaginip.”

¹⁶ Sumagot si Jose: “Hindi ako kundi ang Diyos ang siyang magbibigay kay Paraon ng kasiya-siyang kasagutan.” ¹⁷ Kaya isinalaysay ni Paraon ang kanyang panaginip:

“Nasa tabi ako ng Ilog Nilo ¹⁸ nang pitong maganda at matabang baka ang umahon sa ilog at nagsimulang manginain sa tabing-ilog. ¹⁹ At pagkatapos, pitong baka pa ang umahon – mga bakang pangit at buto’t balat at payat. Hindi pa ako nakakita ng gayon kapangit na baka sa buong lupain ng Ehipto. ²⁰ Kinain ng pangit at buto’t balat na mga baka ang pitong matabang baka, ²¹ pero hindi halata na nasa tiyan nila ang mga iyon sapagkat pangit at buto’t balat pa rin sila tulad ng dati. At nagising ako. ²² Nakita ko rin sa aking panaginip ang pitong uhay na tumutubo sa iisang tangkay, malaman at mabuti. ²³ At pagkatapos, sumibol naman ang pito pang uhay – tuyot at maliliit at nilanta ng hanging silangan. ²⁴ Nilulon ng mga lantang uhay ang pitong magagandang uhay. Isinalaysay ko ito sa mga may lihim na karunungan pero walang makapagpaliwanag nito sa akin.”

²⁵ At sinabi ni Jose kay Paraon: “Iisa at

pareho ang panaginip ni Paraon. Ipinahayag ng Diyos kay Paraon ang kanyang gagawin. ²⁶ Ang pitong matabang baka ay pitong taon, at ang pitong magagandang uhay ay pitong taon din. Lisang panaginip! ²⁷ Ang pitong payat at pangit na bakang sumunod ay pitong taon din, pati ang pitong lanta at ipang uhay na tinuyo ng hanging silangan – magkakaroon ng pitong taong taggutom. ²⁸ Tulad ng sinabi ko kay Paraon, ipinahayag ng Diyos ang kanyang gagawin. ²⁹ Magkakaroon ng pitong taon ng lubos na kasaganaan sa buong lupain ng Ehipto, ³⁰ ngunit susundan iyon ng pitong taong taggutom. At malilimutan na ang panahon ng kasaganaan sapagkat magiging grabe ang taggutom sa lupain. ³¹ Napakatindi ng taggutom kaya hindi na magugunita ang panahon ng kasaganaan.

³² Dalawang ulit na nangyari kay Paraon ang panaginip sapagkat buo na ang pasya ng Diyos at gagawin niya ito kaagad. ³³ Kaya pumili ngayon si Paraon ng taong matalino at may-kakayahang mamahala sa Ehipto. ³⁴ At kailangan ding maglagay si Paraon ng mga tagapangasiwa sa buong lupain na siyang lilikom ng buwis na ikalimang bahagi ng lahat ng ani sa lupain sa loob ng pitong taong kasaganaan. ³⁵ Kailangang tipunin nila ang lahat ng pagkain sa pitong taong iyon ng kasaganaan, at iimbak ang mga trigo sa mga siyudad sa ilalim ng kapangyarihan ni Paraon. ³⁶ Ilalaan ang pagkaing ito upang hindi mamatay sa gutom ang bayan sa pitong taong taggutom na darating sa Ehipto.”

Jose, punong opisyal

³⁷ Nasiyahan si Paraon at ang kanyang mga opisyal sa sinabi ni Jose, ³⁸ at nagtanong si Paraon: “Saan tayo makakakita ng lalaking tulad niya na sumasakanya ang espiritu ng Diyos?” ³⁹ At sinabi niya kay Jose: “Dahil sa iyo ipinalam ng Diyos ang lahat ng ito, wala nang

magiging higit pang matalino at may-kakayahan kaysa iyo. ⁴⁰Ikaw ang mamamahala sa aking administrasyon, at su-sundin ng lahat kong mamamayan ang iyong mga utos. Lahat ng akin ay iyo, maliban lamang sa aking trono.” ⁴¹At sinabi pa ni Paraon kay Jose: “Itinatalaga kita para mamahala sa buong lupain ng Ehipto.”

⁴²At hinubad niya mula sa kanyang daliri ang kanyang singsing na pantatak at sinuot sa daliri ni Jose. Binihisan niya ito ng pitong linen at sinabitan ng gintong kuwintan. ⁴³Pinasakay niya si Jose sa pangalawang karwahe ng palasyo at in-utos na may manguna sa kanya para sumigaw nang “Magsitabi kayo!” At si Jose ang naging tagapamahala sa buong lupain ng Ehipto.

⁴⁴At sinabi ni Paraon kay Jose: “Ako si Paraon! Kung wala kang pahintulot, wala makapagtataas ng kamay o makahahakbang sa buong lupain ng Ehipto.” ⁴⁵Pinangalanang Safenat-Paneaj ni Paraon si Jose at ibinigay sa kanya bilang asawa si Asenat na anak ni Putifera na pari ng diyos na si On. At naglakbay si Jose sa buong lupain ng Ehipto. ⁴⁶Tat-lumpung taon si Jose nang humarap siya kay Paraong hari ng Ehipto. At pagkaalis niya sa harap ni Paraon, naglakbay siya sa buong lupain ng Ehipto.

⁴⁷Sa panahon ng pitong taong kasaga-naan, nag-ani nang sagana ang lupain. ⁴⁸Tinipon ni Jose ang lahat ng pagkaing inani sa panahong iyon ng kasaganaan sa Ehipto at inimbak sa bawat siyudad ang ani buhat sa paligid na bukirin niyon. ⁴⁹Nakatipon si Jose ng trigong sindami ng buhangin sa dagat, at hindi na matakal dahil sa dami.

⁵⁰Bago sumapit ang taon ng taggutom,

nagkaroon ng dalawang anak na lalaki kay Jose si Asenat na anak ni Putiferang pari ni On. ⁵¹Pinangalanang Manases ni Jose ang panganay sapagkat sinabi niyang “Ipinalimat sa akin ng Diyos ang lahat kong hirap at ang bahay ng aking ama.” ⁵²Pinangalanan naman niyang Efraim ang pangalawa sapagkat sinabi niya: “Ginawa akong mabunga ng Diyos sa lupain ng aking paghihirap.”

⁵³Pagkatapos ng pitong taong kasaga-naan sa buong Ehipto, ⁵⁴nagsimula naman ang pitong taong taggutom gaya ng sinabi ni Jose. Nagkaroon ng taggutom sa lahat ng bansa ngunit may pagkain sa lahat ng dako sa Ehipto. ⁵⁵Nang magsimulang magdanas ng taggutom ang Ehipto, dumaing ang mga tao kay Paraon para humingi ng pagkain. Ngunit sinabi ni Paraon sa mga Ehipsiyo: “Pumunta kayo kay Jose at gawin ang kanyang sasabihin.” ⁵⁶Sinalanta ng taggutom ang buong lupain, binuksan ni Jose ang lahat ng bodega at nagbenta ng trigo sa mga Ehipsiyo sapagkat malubha ang taggutom sa buong lupain.

⁵⁷Lalo pang lumubha ang taggutom sa buong daigdig kaya ang lahat ay pumunta sa Ehipto para bumili ng trigo kay Jose.

Bumaba sa Ehipto ang mga anak ni Jacob

42 ¹Nang mabalitaan ni Jacob na may trigo sa Ehipto, sinabi niya sa kanyang mga anak: “Ba’t kayo nakatayo riyon at nagtitinginan?” ²Nabalitaan kong may trigo sa Ehipto kaya pumunta kayo roon at bumili ng kaunti para hindi tayo mamatay sa gutom.” ³Nagpunta sa Ehipto ang mga kapatid ni Jose para bumili ng trigo – sampu silang lahat ⁴sapagkat hindi pinasama ni Jacob si Benjamin na kapatid ni Jose dahil na-

• **42.1** Ito ang simula ng mahabang salaysay tungkol sa pagkikita ni Jose at ng kanyang mga kapatid.

Pansinin kung paanong inoobliga ni Joseng tagapagligtas ang kanyang mga kapatid na pagbayaran

ang krimeng kanilang ginawa. Isa sa kanila ang dapat mag-alay sa sarili para sa kanyang kapatid bago magpakilala si Jose. Hindi inaalis ng kapatawaran ang pangangailangang pagbayaran ang ginawang kasamaan.

tatakot itong baka may mangyari sa kanya.

⁵Kaya umalis ang mga anak ni Israel kasama ng iba pang mga Kananeo para bumili ng trigo sapagkat taggutom din sa Kanaan. ⁶Si Jose bilang gobernador ng Ehipto ay nagbibili ng trigo sa buong bayan. Nang dumating ang kanyang mga kapatid, yumuko sa kanya ang mga ito na abot sa lupa ang mga mukha. ⁷Agad na nakilala ni Jose ang kanyang mga kapatid pero hindi siya nagpahalata sa mga ito, sa halip ay naging mabalasit siya: "Saan kayo galing?" At sumagot ang mga ito: "Galing kami sa lupain ng Kanaan para bumili ng trigo." ⁸Nakilala nga ni Jose ang kanyang mga kapatid pero hindi siya nakilala ng mga ito.

⁹At naalala niya ang mga panaginip niya tungkol sa kanila. Sinabi niya: "Mga espiya kayo at naparito kayo para tiktikan ang mga kahinaan ng lupain." ¹⁰Sumagot sila: "Hindi, aming panginoon, naparito ang inyong mga alipin para bumili lamang ng trigo. ¹¹Mga anak kami ng iisang lalaki. Matapat kaming mga tao, hindi espiya ang inyong mga alipin." ¹²Pero sinabi ni Jose: "Hindi, naparito kayo para tiktikan ang kahinaan ng lupain." ¹³At sinabi nila: "Labindalawang magkakapatid na lalaki ang inyong mga alipin, mga anak ng isang lalaki sa lupain ng Kanaan. Kasama ngayon ng aming ama ang bunso, at wala na ang isa." ¹⁴At iginiit ni Jose: "Tama nga ang sabi ko – mga espiya kayo!" ¹⁵At mapatutunayan ito. Isinusumpa ko sa buhay ni Paraon na hindi kayo makaaalis dito hanggang hindi napaparito ang inyong bunsong kapatid. ¹⁶Isa sa inyo ang aalis para sunduin ang inyong kapatid at ibibilanggo naman ang iba. Kaya malalaman ko kung nagsasabi nga kayo ng totoo. At kung hindi, mga espiya nga kayo." ¹⁷Kaya tatlong araw niyang ipinabilanggo ang lahat.

¹⁸Sinabi ni Jose sa kanila sa ikatlong araw: "Tutulungan ko kayong iligtas ang

inyong sarili sapagkat may takot ako sa Diyos. ¹⁹Kung mga tapat nga kayo, magkapatid sa bahay ng guwardiya na tinutuluyan ninyo ngayon at iwi ninyo ang trigong kailangan ng inyong pamilya. ²⁰Ngunit kailangang dalhin ninyo sa akin ang inyong bunsong kapatid para mapatunayan ko ang inyong sinabi at maligtas ang inyong buhay." Gayon nga ang kaniyang ginawa, ²¹at sinabi nila sa isa't isa: "Parusa ito dahil sa ginawa natin sa ating kapatid. Nakita natin ang kanyang paghihirap at narinig ang kanyang pagmamakaawa pero hindi natin siya pinagbigyan. Kaya dumating sa atin ang paghihirap na ito." ²²Sinabi sa kanila ni Ruben: "Sabi ko na nga ba't huwag gawan ng masama ang bata! Pero ayaw ninyong makinig, kaya pinagbabayaran tuloy natin ngayon ang kanyang pagkamatay."

²³Hindi nila alam na naiintindihan sila ni Jose sapagkat mayroon pa itong interpreter. ²⁴Kaya umalis muna si Jose at umiyak. Nang magbalik ito, kinausap sila nito at ipinakuha si Simeon at ipinagapos sa harap nila.

²⁵Ipinag-utos ni Jose na punuin ng trigo ang kanilang mga sako at ipinabalik sa sako ng bawat isa ang kanilang salapi at pinabigyan ang bawat isa ng pagkain para sa paglalakbay. Matapos gawin ito, ²⁶ikinarga nila ang trigo sa kanilang mga asno at lumakad na sila. ²⁷Ngunit kinagabihan, sa lugar na kaniyang tinigilan, nang buksan ng isa sa kanila ang kanyang sako para pakainin ang kanyang asno, nakita niya ang kanyang pilak na nakapaibabaw sa mga trigo sa bungad ng sako. ²⁸Kaya sinabi niya sa kanyang mga kapatid: "Ibanalick ang aking salapi, narito sa aking sako!" Nabigla sila at nangatal at sinabing "Anc itong ginawa sa atin ng Diyos?"

²⁹Pagkauwi nila sa kanilang amang si Jacob sa lupain ng Kanaan, isinalaysay nila ang lahat ng nangyari sa kanila:

³⁰“Naging mabalasik sa amin ang lalaking panginoon sa lupaing iyon at itinuring kaming mga espiya ³¹pero sinabi naming – Mabuting tao kami at hindi mga espiya. ³²Labindalawa kaming magkakapatid, anak ng iisang ama. Wala na ang isa at kasama naman ng aming ama sa lupain ng Kanaan ang pinakabunso. ³³At sinabi ng panginoon ng lupain – Malalaman ko kung nagsasabi nga kayo ng totoo sa pamamagitan nito: iwan ninyo rito ang isa sa inyong mga kapatid, kumuha kayo ng kailangan ng inyong mga sambahayan at lumakad, ³⁴pero dalhin n’yo sa akin ang inyong bunsong kapatid para masiguro kong hindi nga kayo mga espiya kundi mabubuting tao. At palalayain ko ang inyong kapatid at maaari na kayong makipagkalakalan sa lupain.”

³⁵Nang isalin nila ang mga sako, nakita ng bawat isa ang kanilang sisidlan ng salapi na nasa sako. Natakot sila pati ang kanilang ama nang makita nila ito. ³⁶Sinabi ng kanilang amang si Jacob: “Ini-lalayo ninyo sa akin ang aking mga anak. Wala na si Jose, wala na rin si Simeon at ngayo’y kukunin pa rin ninyo sa akin si Benjamin! At papasalin ko ang lahat ng ito!” ³⁷Ngunit sinabi ni Ruben sa kanyang ama: “Patayin na ninyo ang dalawa kong anak kung hindi ko maibabalik sa inyo si Benjamin. Ipagkatiwala ninyo siya sa akin at ibabalik ko siya.” ³⁸Ngunit sinabi ni Jacob: “Hindi sasama sa inyo ang aking anak, patay na ang kanyang kapatid at siya na lamang ang naiwan sa akin. Kung may masamang mangyari sa kanya sa daan, mamamatay ako sa lungkot sa aking katandaan.”

Pangalawang pagpunta sa Ehipto

43 ¹Palubha pa rin nang palubha ang kakulangan ng pagkain sa lupain. ²At nang maubos na nila ang trigong uwi nila mula sa Ehipto, sinabi sa kanila ng kanilang ama: “Bumalik kayo at ibili kami ng kaunting makakain.” ³Ngunit sinabi ni Juda: “Mahigpit ang babala sa amin ng lalaki na kailangang isama namin ang aming kapatid. ⁴Kung pasasamahin ninyo sa amin ang aming kapatid, babalik

kami para ibili kayo ng pagkain, ⁵ngunit kung hindi’y hindi kami babalik sapagkat sinabi ng lalaki na – Hindi kayo makaha-harap sa akin kung hindi ninyo kasama ang inyong kapatid.” ⁶Kaya sinabi ni Israel: “Bakit ninyo ako binigyan ng ganitong problema sa pagsasabi sa lalaki na may isa pa kayong kapatid?” ⁷At sumagot sila: “Mangat kaming inimbestiga ng lalaki at tinanong tungkol sa aming sarili at mga kaanak – Buhay pa ba ang inyong ama? May iba pa ba kayong kapatid? – at sinagot lamang namin ang kanyang mga tanong. Alam ba naming iuutos niyang dalhin sa kanya ang aming kapatid?”

⁸At sinabi ni Juda sa kanyang amang si Jacob: “Pasamahin ninyo sa akin ang bata, at nang makalakad kami agad upang kami, kayo at ang aming mga anak ay mabuhay at hindi mamatay. ⁹Panangutan ko ang kanyang kaligtasan. Kapag hindi ko siya naibalik at naiharap sa inyo rito, tatanggapin ko ang bigat ng kasalanan habang panahon. ¹⁰Kung hindi tayo nagbantulot nang napakatagal, dalawang ulit na sana kaming nakapunta roon at nakabalik dito.” ¹¹Sinabi naman sa kanila ni Israel na kanilang ama: “Kung kailangang mangyari ang gayon, ganito ang inyong gawin: magdala kayo sa inyong mga sako ng mga piling produkto ng lupain at iregalo sa lalaki – kaunting balsamo at pulot-pukyutan, almond at pista-chio. ¹²At doblehin ninyo ang dalang pera dahil dapat ninyong isauli ang salaping nakita ninyo sa inyong mga sako; baka nagkamali lamang sila.

¹³Isama ninyo ang inyong kapatid at bumalik kayo sa lalaki. ¹⁴Loobin nawa ng Diyos ng Kataas-taasan na kahabagan kayo ng lalaki para pauwiin niyang kasama ninyo ang isa pa ninyong kapatid at si Benjamin. At tungkol sa aking sarili, kung dapat akong mawalan ng mga anak, sige, mawalan ako ng mga ito.”

¹⁵Kinuha ng magkakapatid ang mga regalo at dinoble ang dalang pera. At

isinama nila si Benjamin at lumakad pauptang Ehipto at humarap kay Jose. ¹⁶Nang makita ni Jose na kasama na nila si Benjamin, sinabi niya sa kanyang mayordomo: “Dalhin mo ang mga taong ito sa bahay ko. Magkatay ng hayop at maghanda ng pagkain, sapagkat makikisalo sa akin sa tanghalian ang mga taong ito.”

¹⁷Ginawa ng mayordomo ang iniutos ni Jose at dinala ang magkakapatid sa bahay ni Jose. ¹⁸Natakot ang magkakapatid nang dalhin sila sa bahay ni Jose at nag-usap-usap sila: “Dinala tayo rito dahil sa perang isinauli sa ating mga sako nang pumarito tayo noon. Ibig niyang makaganti at malupig tayo upang gawin tayong alipin at agawin ang ating mga asno.” ¹⁹Kaya nilapitan nila ang mayordomo ni Jose at kinausap iyon sa may pintuan ng bahay: ²⁰“Ipagpatawad ninyo, ginoo, pumarito kami noon para bumili ng trigo, ²¹ngunit nang makarating kami sa isang matutuluyan, binuksan namin ang aming mga sako at nakita namin sa bungad ng sako ang perang bawat isa sa amin na hindi nagagalaw. Dala namin iyon ngayon para ibalik ²²at may dala pa rin kami para bumili pa ng pagkain. Hindi namin alam kung sino ang naglagay ng salapi sa aming mga sako.” ²³Sinabi ng mayordomo: “Huwag kayong mabahala, huwag kayong matakot. Ang inyong Diyos, ang Diyos ng inyong ama ang naglagay ng kayamanan sa inyong mga sako. Natanggap ko ang inyong salapi.” At iniharap niya sa kanila si Simeon.

²⁴Pinapasok ng mayordomo ang magkakapatid sa bahay ni Jose, binigyan sila ng tubig para mahugasan ang kanilang mga paa at ng damo para sa kanilang mga asno. ²⁵Inihanda nila ang kanilang regalo at hinintay ang pagdating ni Jose sa katanghalian sapagkat nalaman nilang doon sila manananghalian. ²⁶Nang dumating si Jose sa bahay, inihandog nila ang mga regalang dala nila at yumuko sa lupa. ²⁷Kinumusta sila ni Jose at sinabi:

“Mabuti ba ang lagay ng matanda nin-yong ama na ibinalita ninyo noon? Buhay pa ba siya?” ²⁸At sumagot sila: “Mabuti naman ang inyong lingkod, ang aming ama, at buhay pa.” At yumuko sila sa lupa.

²⁹Tumunghay siya at nakita ang kanyang kapatid na si Benjamin na anak ng kanyang ina, at sinabi: “Ito ba ang inyong bunsong kapatid na ibinalita ninyo noon sa akin?” At kanyang idinugtong: “Pagpalain ka ng Diyos, anak ko.” ³⁰Gayon na lamang ang naging damdamin ni Jose nang makita ang kanyang kapatid kaya mabilis siyang lumabas at umiyak sa kanyang silid. ³¹Matapos siyang maghilingos at muling lumabas, na sinusupil ang damdamin, sinabi niya: “Ihain na ang tanghalian.” ³²Ipinaghaing bukod si Jose, gayundin ang magkakapatid at nakabukod din ang mga Ehipsiyo sapagkat hindi maaaring sumalo ang mga Ehipsiyo sa mga Hebreo – isang malaking kahihiyang ang gayon sa mga Ehipsiyo.

³³Pinaupo ang magkakapatid na kaharap ni Jose ayon sa kanilang edad, mula sa pinakapanganay hanggang pinakabunso. At nagkatinginan sila nang buong pagtataka. ³⁴Nang ihain kay Jose ang lahat ng pagkain, ikinuha niya ang kanyang mga kapatid at ipinasilbi ito sa kanila. At limang ibayo ang dami ng ibinigay kay Benjamin kaysa kanyang mga kapatid. At nakipag-inuman sila sa kanya at nagsaya.

Ang kopa ni Jose sa sako ni Benjamin

44 ¹At nag-utos si Jose sa kanyang mayordomo: “Punuin mo ng pagkain ang mga sako nila, hanggang makakaya nila. At ilagay mo ang pera ng bawat isa sa bungad ng sako, ²at ilagay mo naman ang aking kopang pilak kasama ng perang para sa kanyang trigo sa sako ng pinakabunso.” Sinunod ng mayordomo ang sinabi ni Jose.

³Nang nagliliwanag na kinaumagahan, pinalakad na ang magkakapatid, kasama ang kanilang mga asno. ⁴Hindi pa sila nakalalayo sa siyudad nang sabihin ni Jose sa kanyang mayordomo: "Habulin mo sa kanila pag inabutan mo na sila – Bakit ninyo ginantihan ng masama ang mabuti?" ⁵Hindi ba ito ang iniinuman ng aking amo at ginagamit sa panghuhula? Masama ang inyong ginawa!" ⁶Nang abutan sila ng mayordomo, inulit nga niya ang mga katagang ito.

⁷At sinabi ng magkakapatid: "Bakit naman ganyan magsalita ang aking panginoon? Kailanma'y hindi magagawa ng inyong mga lingkod ang gayon." ⁸Isinauli pa nga namin mula sa lupain ng Kanaan ang perang nakuha namin sa aming mga sako. Kaya bakit kami magnanakaw ngayon ng pilak o ginto sa bahay ng inyong panginoon? ⁹Kung makita ninyo sa isa sa inyong mga alipin ang sinasabi ninyo, dapat siyang mamatay at kami nama'y magiging alipin ng inyong panginoon." ¹⁰Sinabi ng mayordomo: "Sige, ayon sa sabi ninyo, magiging alipin ko ang sinumang kakitaan ng kopa at makakalaya na ang iba." ¹¹Ibinaba ng bawat isa ang kanyang sako sa lupa at binuksan iyon. ¹²Nagsaliksik ang mayordomo mula sa panganay at nagtapos sa pinakabunso. At natagpuan ang kopa sa sako ni Benjamin. ¹³Kaya winarak ng magkakapatid ang kanilang mga damit at muling ikinarga ang mga sako sa mga asno, at bumalik sa lunsod.

¹⁴Nasa bahay pa si Jose nang makabalik si Juda at ang kanyang mga kapatid at nagpatirapa sa harap niya. ¹⁵Sinabi ni Jose sa kanila: "Ano ang inyong ginawa? Hindi ba ninyo alam na may kakayahang manghula ang isang tulad ko?" ¹⁶At sinabi naman ni Juda: "Ano ang masasabi namin sa aking panginoon? Paano namin mapatutunayan ang aming kawalang-sala? Ang Diyos ang naglantad sa aming

pagkakasala: mga alipin na kami ngayon ng aming panginoon, kami at ang kinatagpuan ng kopa." ¹⁷Ngunit sinabi ni Jose: "Hindi ko magagawa iyon. Kung sino lamang ang kinatagpuan ng kopa ang siya kong magiging alipin. At makabalik nang mapayapa ang lahat sa inyo sa inyong ama."

¹⁸Lumapit si Juda kay Jose at sinabi: "Panginoon ko, hayaan ninyong makapagsalita ang inyong lingkod. Huwag sana kayong magalit bagamat kapantay kayo ni Paraon." ¹⁹Nang tanungin ninyo, panginoon ko, ang inyong mga lingkod kung – May ama pa ba kayo o kapatid na lalaki? – ²⁰sinabi naming – May ama kaming matanda na na may anak na batang lalaki sa kanyang katandaan. Patay na ang kapatid na lalaki niyon at siya na lamang ang naiwang anak ng kanyang ina. At mahal na mahal siya ng kanyang ama. ²¹At sinabi ninyo sa amin – Isama ninyo siya rito para makita ko. ²²Sinabi naman namin sa aming panginoon na hindi maaaring iwan ng batang lalaki ang kanyang ama sapagkat kung iiwan niya iyon, mamamatay ang kanyang ama.

²³At sinabi ninyo na kung hindi namin maisasama ang aming bunsong kapatid, hindi kami makahaharap sa inyo. ²⁴Sinabi namin ang lahat ng ito sa aming ama pag-uwi namin. ²⁵Kayat nang sabihin niyang bumalik kami rito at bumili ng kaunting pagkain, ²⁶sinabi namin – Hindi kami makapupuntang muli roon kung hindi ninyo pasasamahin ang aming bunsong kapatid. Hindi kami haharapin ng lalaking iyon malibang kasama namin ang aming kapatid. ²⁷At sinabi ng aming ama – Alam ninyong binigyan ako ng dalawang anak ng aking asawa. ²⁸Nawala na ang isa at tiyak na nagkaluray-luray siya at hindi ko na nakita pang muli. ²⁹Kung ilalayo ninyo pa sa akin ang isang ito at may mangyari sa kanya, mamamatay ako sa lungkot sa aking katandaan.

³⁰Ngayon, hindi ako makabalik sa aking ama na hindi kasama ang bata sapagkat mahal na mahal siya ng aking ama. ³¹Ikamamatay niya ang makitang wala ang bata, mamamatay siya sa lungkot sa kanyang katandaan.

³² Ako ang nanagot sa kaligtasan ng bata sa harap ng aking ama, sinabi kong – Kung hindi siya maibabalik, ama ko, ako ang may kasalanan sa habang panahon.

³³ Kaya payagan ninyong ako na ang manatili bilang alipin kapalit ng bata at pasamahin siya sa kanyang mga kapatid.

³⁴ Paano pa akong makauwi sa aming ama kung hindi rin lang kasama ang bata? Ayaw kong makita ang paghihirap ng aking ama!”

Nagpakilala si Jose

45 ¹ Hindi na mapigil ni Jose ang kanyang damdamin sa harap ng lahat niyang tauhan at iniutos niyang “Iwan ninyo ako, lahat kayo!” kayat walang sinuman ang naroon nang magpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid. ² Napakalakas ng kanyang iyak kaya narinig ito ng mga Ehipsiyo at kumalat ang balita sa buong sambahayan ni Paraon.

³ Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid: “Ako si Jose. Buhay pa ba ang aking ama?” Hindi nakasagot ang kanyang mga kapatid, lubha nga silang nabigla sa harap niya. ⁴ Sinabi ni Jose: “Lumapit kayo.” At nagsilapit sila. “Ako si Jose, ang inyong kapatid, ang ipinagbili ninyo sa mga Ehipsiyo. ⁵ Huwag kayong malungkot ni sisihin ang inyong sarili. Ipinagbili nga ninyo ako pero ang Diyos ang nagsugo sa akin, una sa inyo, para bumuhay. ⁶ Dalawang taon nang may taggutom sa lupain at limang taon pa na hindi makapag-aararo at hindi makapag-aani. ⁷ Isinugo ako ng Diyos nang una sa inyo upang makatiyak na hindi malilipol ang inyong lahi sa lupa at buhayin kayo: ito ang malaking pagliligtas. ⁸ Kayat hindi kayo kundi ang Diyos ang nagdala sa akin dito, at ginawa niya akong ama kay Paraon at panginoon sa kanyang sambahayan at tagapamahala ng buong Ehipto.

⁹ Bumalik agad kayo sa aking ama at

sabihin sa kanyang – Ito ang ipinasasabi sa inyo ni Jose na inyong anak: Ginawa ako ng Diyos na panginoon ng buong Ehipto. Pumarito kayo agad. ¹⁰ Sa rehiong ng Gosen kayo titira – malapit sa akin – kayo, ang inyong mga anak at mga apo, ang inyong mga tupa at mga baka at lahat ng inyong ari-arian. ¹¹ Ako ang bahala sa lahat (sapagkat limang taon pang tatagal ang taggutom) at kayo at ang inyong sambahayan at lahat ng inyo ay hindi magdarahop. ¹² Alam na ninyo ngayon at maging ng kapatid kong si Benjamin na ako nga ang nakikipag-usap sa inyo. ¹³ Ibalita ninyo sa aking ama ang natamo kong kapangyarihan sa Ehipto at ang lahat ng inyong nakita. Umalis na kayo agad at isama rito ang aking ama.” ¹⁴ Pagkasabi nito, niyakap ni Jose si Benjamin at umiyak.

¹⁵ At lumuluhang hinalikan at niyakap ang kanyang mga kapatid, at nagsimula silang makipag-usap na kay Jose. ¹⁶ Nakarating ang balita sa buong sambahayan ni Paraon na dumating ang mga kapatid ni Jose. Naging kasiyansi naman ang balita kay Paraon at sa kanyang mga opisyal.

¹⁷ Sinabi ni Paraon kay Jose: “Sabihin mo ito sa iyong mga kapatid – Kargahan ninyo ang inyong mga hayop, umuwi sa lupain ng Kanaan ¹⁸ at isama pabalik dito sa akin ang inyong ama at ang inyong mga pamilya; ibibigay ko sa inyo ang pinakamabuti sa Ehipto at kakanin ninyo ang pinakamasarap na bunga ng lupa. ¹⁹ At sa ganang sarili mo naman, ipag-utos mo ito – Magdala kayo ng mga karwahe mula sa lupain ng Ehipto para sa inyong mga anak at mga asawa; sunduin ninyo ang inyong ama at bumalik dito! ²⁰ Huwag ninyong panghinayangan ang mga bagay na maiiwan doon sapagkat inyo ang pinakamabuti sa buong Ehipto!”

²¹ Gayon nga ang ginawa ng mga anak ni Israel. Binigyan sila ni Jose ng mga karwahe gaya ng ipinag-utos ni Paraon at ng baong pagkain para sa paglalakbay. ²² Binigyan niya bawat isa ng tig-isang bagong damit pero para kay Benjamin, tatlundaang pirasong pilak at limang bagong damit ang kanyang iniregalo. ²³ Nagpadala siya sa kanyang ama ng sampung asno na may karga ng pinakamabubuting produkto ng Ehipto at sampung babaeng asno

na may kargang trigo, tinapay at iba pang baon para sa paglalakbay ng kanyang ama. ²⁴Pinaalis na ni Jose ang kanyang mga kapatid at pinagsabihang "Huwag kayong mag-aaway sa daan."

²⁵Umuwi sila mula sa Ehipto at bumalik sa kanilang amang si Jacob sa Kanaan. ²⁶Sinabi nilang "Buhay pa si Jose at siya ang panginoo ng buong Ehipto!" Hindi kumibo si Jacob sa pagkat hindi siya naniniwala. ²⁷Ngunit sinabi ng magkakapatid ang lahat ng sinabi ni Jose. At nang makita ni Jacob ang mga karwaheng padala ni Jose para sakyan ng ama, muli siyang nabuhayan ng loob ²⁸at sinabi ni Israel: "Tama na sa akin ang malamang buhay ang anak kong si Jose. Lalakad ako para makita siya bago ako mamatay."

Bumaba sa Ehipto si Jacob

46 ¹Umalis si Israel na dala ang laha niyang ari-arian. Pagdating niya sa Berseba, nag-alay siya ng mga handog sa Diyos ng kanyang amang si Isaac. ²Sinabi ng Diyos kay Israel sa isang panaginip: "Jacob! Jacob!" At sumagot siya: "Narito ako." ³Sinabi sa kanya: "Ako ang Diyos, ang Diyos ng iyong ama. Huwag kang matakot na lumusong sa Ehipto sapagkat gagawin kitang isang malaking bansa roon. ⁴Sasamang kita sa Ehipto at ibabalik na muli rito, at mga kamay ni Jose ang magpipikit sa iyong mga mata."

⁵Umalis si Jacob sa Berseba at dinala ng mga anak ni Israel ang kanilang amang si Jacob kasama ang kanilang mga anak at mga asawa sa mga karwaheng padala ni Paraon para sunduin sila. ⁶Dinala rin nila ang kanilang mga kawan at lahat ng naging ari-arian nila sa Kanaan.

⁷Nagpunta nga si Jacob sa Ehipto kasama ang buo niyang angkan, ang kanyang mga anak at mga apo – ang lahat niyang anak.

⁸Ito ang mga pangalan ng mga anak ng Israel na nagpunta sa Ehipto, si Jacob at ang kanyang mga anak. Si Rubeng panganay ni Jacob ⁹at ang mga anak ni Ruben na sina Enoc, Falu, Hesron at Carmi.

¹⁰Ang mga anak ni Simeon: Yamuel, Yamin, Ahod, Yuakin, Sohar at Saul na anak sa Kaneana.

¹¹Ang mga anak ni Levi: Gerson, Kehat at Merari.

• **46.1** Naririto ang mahalagang resulta ng pakikipagpapalaran ni Jose. Pumunta si Jacob sa Ehipto kasama ang buo niyang pamilya. Nanirahan ang mga Hebreo sa Ehipto at parang nalimutan na nila ang lupain ng Kanaan na nilakbay nina Abraham at Jacob

¹²Ang mga anak ni Juda: Er, Onan, Sela, Fares at Zaraj (pero namatay sa lupain ng Kanaan sina Er, Onan at Sela) Ang mga anak ni Fares: Hesron at Hamul.

¹³Ang mga anak ni Isacar: Tola, Fua, Job at Sumron.

¹⁴Ang mga anak ni Zabulon: Sared, Elon at Yahelel.

¹⁵Ito ang mga anak ni Lea kay Jacob sa Padan-Aram bukod sa kanyang anak na babaeng si Dina. Tatumpu't tatlong lahat ang kanyang mga anak na babae at lalaki.

¹⁶Ang mga anak ni Gad: Sefton, Haggi, Suni, Esebon, Heri, Arodi at Areli.

¹⁷Ang mga anak ni Aser: Yamne, Yesua, Yesui, Beria at ang kanilang kapatid na babaeng si Sara. Ang mga anak ni Beria: Hebel at Malquiel. ¹⁸Ito ang mga anak kay Jacob ni Zelfang bigay ni Laban sa kanyang anak na si Lea – labing-anim na lahat.

¹⁹Ang mga anak ni Raquel na asawa ni Jacob: Jose at Benjamin. ²⁰Naging anak ni Jose sa Ehipto sina Manases at Efraim na ipinanganak ni Asenat na anak ni Putiferang pari ni On.

²¹Ang mga anak ni Benjamin: Bela, Beher, Asbel, Gera, Naaman, Equi, Ros, Mofin, Ofin at Ared. ²²Ito ang mga anak ni Raquel kay Jacob – labing-apat na lahat.

²³Ang anak ni Dan: Husim.

²⁴Ang mga anak ni Neftali: Yasiel, Guni, Yeze at Sallem.

²⁵Ito ang mga anak ni Jacob kay Bilang bigay ni Laban kay Raquel na kanyang anak – pitong lahat.

²⁶Animnapu't anim ang bilang ng mga taong kasama ni Jacob na pumunta sa Ehipto, lahat ng kanyang kadugo, hindi pa kabilang ang mga asawa ng kanyang mga anak. ²⁷Kasama ang dalawang anak ni Jose sa Ehipto, pitumpung lahat ang kabuuang bilang ng sambahayan ni Jacob na pumunta sa Ehipto.

Pagkikita nina Jacob at Jose

²⁸Pinauna ni Jacob si Juda upang ipagbigay-alam kay Jose na parating na siya at malapit na sa lupain ng Gosen. ²⁹Ipinahanda ni Jose ang kanyang karwahe para salubugin ang kanyang amang si Israel sa Gosen. Pagkikita niya sa kanya, niyakap niya ang kanyang ama at matagal na umiyak sa balikat nito. ³⁰Sinabi ni Israel kay Jose: "Puwede na akong mamatay

kasama ng kanilang mga kawan at ipinangako ng Diyos sa kanila. Ilang dantaon silang mananatili sa Ehipto hanggang pamunuan sila ni Moises pabalik sa lupain ng mga Pangako. Bahagi ng plano ng Diyos ang matagal na pagkaantalang ito.

ngayon sapagkat nakita ko na ang iyong mukha at nalamang buhay ka.”

³¹ At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid at sa buong angkan ng kanyang ama: “Aalis ako ngayon din para ibalita kay Paraon na dumating na ang aking mga kapatid at ang sambahayan ng aking ama buhat sa lupain ng Kanaan.” ³² Sasabihin ko rin sa kanya na kayo ay mga pastol ng mga kawan na nag-aalaga ng mga hayop, at dinala ninyo ang inyong mga tupa at mga baka at lahat ng inyong ari-arian. ³³ Kayat kapag ipinatawag kayo ni Paraon at sinabi niyang – “Ano ang inyong trabaho?” – ³⁴ sasabihin ninyong – “Sapul pagkabata hanggang ngayon, kami’y nagpapasalot na ng mga kawan tulad ng aming mga ninuno. Kaya sa lupain ng Gosen kayo maninirahan sapagkat namumuhi ang mga Ehipsiyo sa lahat ng pastol.”

47 ¹ Pinuntahan ni Jose si Paraon at sinabi: “Dumating na sa Gosen buhat sa lupain ng Kanaan ang aking ama at mga kapatid, kasama ang kanilang mga tupa at mga baka at lahat nilang ari-arian.”

² At pinili niya ang lima sa kanyang mga kapatid at iniharap kay Paraon. ³ Itinanyo ni Paraon: “Ano ang inyong trabaho?” At sumagot sila: “Mga pastol ang inyong mga lingkod tulad ng aming ninuno.” ⁴ Napatit kami upang pansamantalang manirahan sa lupain sapagkat wala nang pastulan ang aming tupa dahil sa malubhang taggutom sa Kanaan. Kayat hinihiling namin na kung maaari’y patirahin ninyo kami sa lupain ng Gosen.”

⁵ At sinabi ni Paraon kay Jose: “Pinuntahan ka ng iyong ama at mga kapatid. ⁶ Ikaw ang panginoon ng buong lupain ng Ehipto; itira mo ang iyong ama at mga kapatid sa pinakamainam na lugar. Patirahin mo sila sa Gosen at kung may kilala ka sa kanila na may-kakayahang, paalagaan mo sa kanila ang aking mga kawan.”

Ang mga anak ni Jacob sa Ehipto

⁷⁻⁸ Sinamahan ni Jose ang kanyang amang si Jacob at iniharap kay Paraon na nagtanong pagkatapos batiin ni Jacob: “Ilang taon na kayo?” ⁹ Sumagot si Jacob: “Isandaat’t tatlumpung taon na ang mga taon ng aking paggagala. Maikli at mahirap ang mga taon ng aking buhay, at di sindami ng sa aming mga ninuno.” ¹⁰ At binasbasan ni Jacob si Paraon at saka umalis.

¹¹ At pinatira ni Jose ang kanyang ama at mga kapatid sa pinakamagandang lugar sa Ehipto, sa lupain ng Rameses gaya ng ipinag-utos ni Paraon.

¹² Binigyan ni Jose ng pagkain ang kanyang ama at mga kapatid at ang buong sambahayan ng kanyang ama batay sa bilang ng kanilang mga anak.

¹³ Naging napakatindi ng taggutom kayat nawalan ng pagkain ang buong lupain. Nasalanta ang Ehipto at Kanaan dahil sa taggutom.

¹⁴ Tinipon ni Jose ang lahat ng napagbilhan sa trigo sa mga lupain ng Ehipto at Kanaan. Dinala ni Jose ang lahat ng salapi sa bahay ni Paraon.

¹⁵ Nang maubos na ang pera ng mga tao sa Ehipto at Kanaan, lumapit ang lahat ng Ehipsiyo kay Jose at sinabing “Bigyan mo kami ng pagkain! Ba’t kami kailangang mamatay sa harap mo dahil wala na kaming pera?” ¹⁶ Sinabi naman sa kanila ni Jose: “Ibigay ninyo sa akin ang inyong mga hayop bilang bayad sa pagkain dahil wala na kayong pera.” ¹⁷ At dinala nga nila kay Jose ang kanilang mga alagang hayop, at binigyan sila ni Jose ng pagkain bilang kapalit ng kanilang mga kabayo, tupa, kambing, baka, at asno. Sa gayon binigyan ni Jose ng pagkain ang mga tao nang taong iyon. ¹⁸ Nang sumunod na taon, dumating na naman sila at sinabi sa kanya: “Hindi namin maikakaila sa aming panginoon na ubos na ang aming pera at nasa inyo na ang aming mga alagang hayop. Wala nang naiwan sa amin kundi ang aming sarili at ang aming lupa.” ¹⁹ Ba’t kami kailangang mamatay sa harap ninyo – kami pati na ang aming lupa? Bilhin ninyo kami at ang aming lupa bilang kapalit sa pagkain, at kami at ang aming mga lupa ay magiging alipin ni Paraon. Bigyan ninyo kami ng trigo upang hindi kami mamatay, at huwag mapabayaang ang aming lupa.”

²⁰ At nakuhang lahat ni Jose ang lupain ng Ehipto para kay Paraon. Ipinagbili ng lahat ng Ehipsiyo ang kanilang mga lupa sapagkat labis ang kanilang paghihirap dahil sa taggutom. Naging may-ari ng buong lupain si Paraon, ²¹ at pinalipat ni Jose sa mga siyudad ang mga tao mula sa kanilang lupa sa buong Ehipto. ²² Ang mga lupain lamang ng mga pari ang hindi niya kinuha dahil may kautusan si Paraon para sa kanila. At nabuhay ang mga ito sa pamamagitan ng bigay ni Paraon, kaya hindi nila ipinagbili ang kanilang mga lupain.

• **47.13** Sa Ehipto, ang lupa ay pag-aari ng Paraon: dahil sa napakahigpit na pamamalakad, naitatka niyang magkaroon ng kaparte sa ani ng lahat ng

magasaka. Sinasabi sa kabanatang ito na si Jose ang namahala nito.

²³ At sinabi ni Jose sa mga tao: "Ngayong nabili ko na kayo at ang inyong lupain para kay Paraon, narito ang binhi para ihasik sa lupa. ²⁴ Sa panahon ng anihan, ibibigay ninyo kay Paraon ang ikalimang bahagi at maliwan naman sa inyo ang apat na limang bahagi bilang binhi sa paghahasik at pagkain ninyo at ng inyong mga pamilya." ²⁵ Sinabi nila: "Sinagip ninyo ang aming buhay. Mabuti sa amin ang maging alipin ni Paraon." ²⁶ Kaya nagpalabas ng isang batas si Jose na umiiral hanggang ngayon – na para kay Paraon ang ikalimang bahagi ng ani. Ang lupain lamang ng mga pari ang hindi naging ari-arian ni Paraon.

²⁷ At namuhay sa Ehipto ang Israel, sa lupain ng Gosen.

Naging may-ari sila ng lupaing ito, naging mabunga sila at dumami ang kanilang mga anak, maraming-marami. ²⁸ Labimpitong taon si Jacob sa Ehipto. At nabuhay siya nang isandaa't apatnapung taon. ²⁹ Nang malapit na siyang mamatay, ipinatawag niya ang kanyang anak na si Jose at sinabing: "Pakilagay mo nga ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita at patungay sa amin ang iyong katapatan at kagandahang-loob na hindi mo ako iilibing sa Ehipto. ³⁰ Ngunit sa paghimlay ko sa piling ng aking mga ninuno, ilabas mo ako sa Ehipto at iilibing sa kanilang libingan." Sinabi ni Jose: "Gagawin ko ang inyong bilin." ³¹ Iginit ni Jacob: "Sumumpa ka!" Sumumpa nga si Jose habang sumasamba naman si Israel na nakayuko sa kanyang highaan.

Inampon ni Jacob ang mga anak ni Jose

48 ¹ Pagkalipas ng ilang panahon, pinasabihan si Jose na malubha ang kanyang ama. Isinama niya ang dalawa niyang anak na sina Manases at Efraim. ² At sinabi nila kay Jacob na dumating na ang kanyang anak na si Jose. At ubos-lakas na pinilit ni Israel na maupo sa kanyang highaan.

³ At sinabi niya kay Jose: "Napakita sa akin sa Luz sa lupain ng Kanaan ang Diyos ng Ka-taas-taasan at pinagpala ako ⁴ sa pagsasabing – Gagawin kitang mabunga at pararamihin. Gagawin kitang isang pagtitipon ng mga bansa, at ibibigay ko ang lupaing ito sa iyo at sa iyong mga inapo bilang panghabang-panahong ari-arian. ⁵ Mula ngayon, akin na ang dalawa mong anak na isinilang sa Ehipto bago ako dumating

dito. Magiging akin sina Manases at Efraim kung paanong akin sina Ruben at Simeon. ⁶ Subalit magiging iyo naman ang mga anak na isinilang kasunod nila, at makikilala sa pangalang Manases at Efraim ang lupaing mamanahin nila. ⁷ Nang pabalik na ako sa Padan, namatay si Raquel sa lupain ng Kanaan nang malapit na kami sa Efrata. At inilibing ko siya roon sa labing-daang patungong Efrata (na Betlehem din)."

⁸ Nang makita ni Israel ang mga anak na lalaki ni Jose, sinabi niya: "Sino ang mga ito?" ⁹ Sinabi ni Jose sa kanyang ama: "Sila ang mga anak na ibinigay sa akin dito ng Diyos." Sinabi ni Jacob: "Ilapit mo sila sa akin at babasbasan ko sila." ¹⁰ Malabo na ang mga mata ni Israel dahil sa katandaan at hindi na siya makakita. Nang ilapit ni Jose kay Jacob ang kanyang mga anak, hinalikan niya ang mga ito at niyakap. ¹¹ At sinabi kay Jose: "Hindi ko na inaasahang makikita pa kitang muli at ngayo'y ipinahintulot pa ng Diyos na makita ko pati ang iyong mga anak!" ¹² Kinuha ni Jose ang mga bata mula sa mga tuhod ni Israel at yumuko naman siya na abot sa lupa ang mukha. ¹³ Inilapit ni Jose ang dalawa, hawak ng kanang kamay si Efraim sa kaliwa ni Israel, at si Manases ng kanyang kaliwang kamay sa kanan ni Israel. ¹⁴ Iniunat ni Israel ang kanyang kanang kamay at ipinatong sa ulo ni Efraim bagamat ito ang bunso, at ipinatong naman ang kaliwang kamay sa ulo ni Manases bagamat si Manases ang panganay.

¹⁵ At binasaban niya si Jose at sinabi: "Ang Diyos nawang pinaglingkuran ng aking mga ninunong sina Abraham at Isaac, ang Diyos na aking Pastol mula nang ako'y isilang, ¹⁶ ang Anghel na nagligtas sa akin sa lahat ng masama – pagpalain nawa niya ang mga batang ito. Maalaala nawa sa pamamagitan nila ang aking pangalan at ang pangalan ng aking mga ninunong sina Abraham at Isaac. At dumami nawa sila sa lupain!" ¹⁷ Hindi nasiyahan si Jose nang makita niyang ipinatong ng kanyang ama ang kanang kamay sa ulo ni Efraim. Kaya hinawakan niya ang kamay ng kanyang ama, inalis sa ulo ni Efraim at ipinatong sa ulo ni Manases ¹⁸ at sinabing "Hindi, Ama, sapagkat ang isang ito ang panganay. Ipatong ninyo ang inyong kanang kamay sa ulo niya." ¹⁹ Ngunit tumanggi ang kanyang ama at sinabi: "Alam ko, anak ko, alam ko. Siya man ay magiging bayan din,

• **48.1** Sa totooy labintatlo ang labindalawang tribu ng Israel. Ngunit ang mga tribu nina Efraim at Manases ay tinatawag na mga tribu ni Jose. Kaya labindalawa lamang ang bilang. Ipinaliliwanag sa ka-

banatang ito kung bakit nagkagayon. Ituturing na dalawang anak ni Jacob sina Efraim at Manases bilang kapalit kay Jose. At hindi sa panganay kundi sa mas nakababata sa magkakapatid mapupunta ang

magiging malaki rin siya pero mas malaki kaysa kanya ang kanyang bunsong kapatid at magiging maraming bansa ang lahi nito.”²⁰ Binasaban niya sila nang araw na iyon sa mga katagang ito: “Gagamitin ng Israel ang iyong pangalan sa pagbabasbas sa pagsasabing – Loobin nawa ng Diyos na ikaw ay matulad kina Efraim at Manases!”

Ngunit iniuna niya si Efraim kay Manases.²¹ At sinabi ni Israel kay Jose: “Malapit na akong mamatay, pero sasainyo ang Diyos at ibabalik niya kayo sa lupain ng inyong mga ninuno.”²² At sa iyo, sa iyo ko mismo ibinibigay, higit sa iyong mga kapatid, ang burol na nalupig ko sa mga Amorreo sa pamamagitan ng aking tabak at pana.”

Ang pagbabasbas ni Jacob

49 *¹ At tinawag ni Jacob ang kanyang mga anak at sinabi:

“Lumapit kayo nang masabi ko sa inyo ang mangyayari sa inyo sa mga darating na araw.² Magtipon kayo, mga anak ni Jacob at pakinggan ang inyong amang si Israel!

³ Ruben, ikaw ang aking panganay, ang aking lakas at ang unang bunga ng aking pagkalalaki, masyadong mayabang at masyadong mapusok!

⁴ Bagamat gaya ka ng mga uban sa dagat, hindi ka na mangunguna sapagkat pinanhik mo ang highaan ng iyong ama,

ang aking highaan at dinungisan ang puri.

⁵ Magkapatid sina Simeon at Levi, sandata ng karahasan ang kanilang tabak.

⁶ Hindi ako makikiisa sa kanilang usapan! Puso ko'y lalaging malayo sa kanila, pagkat pumatay sila sa kanilang galit at pinutol ang paa ng mga toro sa kanilang poot.

⁷ Sumpain ang kanilang galit, kay tindi!

pagbabasbas ni Jacob, tulad ng kay Isaac na kanyang ama. Pinagpapala ng Diyos ang sinumang gusto niya at hindi dahil sa karapatan ng pagkakausunod-sunod o dahil sa kagustuhan ng mga magulang.

• **49.1** Hindi sa kanyang mga anak ang *mga pagbabasbas ni Jacob* kundi sa labindalawang tribung nagtataglay ng kanilang mga pangalan. Magkakaroon ng magkakaibang kapalaran ang mga tribung ito. Parang sinasabi ng pagbabasbas ni Jacob na alam ng Diyos antemano ang mga kahihinatnang ito at bahagi ang mga ito ng kanyang plano ng kaligtasan sa kabu-

Sumpain ang kanilang poot, kay lupit! Hahatiin ko sila kay Jacob at pangangalatin ko sila sa Israel.

⁸ Juda, pupurihin ka ng iyong mga kapatid! Hahawakan mo sa leeg ang mga kaaway, at yuyuko naman sa iyo ang mga anak ng iyong ama.

⁹ Tulad ka sa batang leon, O Juda! Mula sa paninila, anak ko, ikaw ay umuwi. Tulad ng leon, nakaupo at nag-aabang; tulad ng babaeng leon – sino ang mangangahas lumapit sa kanya?

¹⁰ Setro ay di aagawin kay Juda ni baston ng kapangyarihan sa gitna ng kanyang mga hita hanggang dumating ang tunay na may-ari nito

na dapat sundin ng mga bansa.

¹¹ Sa puno ng ubas niya itatali ang bisiro ng kanyang asno, ang kanyang bisiro sa pinakapiling sanga. Lalabhan niya sa alak ang kanyang damit, ang kanyang damit sa dugo ng ubas.

¹² Pinapula ng alak ang kanyang mga mata, pinaputi ng gatas ang kanyang mga ngipin.
¹³ Sa baybay-dagat maninirahan si Zabulon! Kanlungan siya ng mga saksayang-dagat at aabot sa Sidon ang kanyang saklaw.

¹⁴ Isang malakas na asno si Isacar, pahiga-higa sa gitna ng mga kawan.

¹⁵ Makita lamang niyang kay sarap ng kanyang pahingahan

at kay ganda ng kanyang lupa, balik niya'y agad iniyuyuko sa pasanin at tinatanggap pamatok ng pagkaalipin.

¹⁶ Hahatulan ni Dan ang kanyang bayan bilang tribu ng Israel.

¹⁷ Si Dan ay ahas sa daan, isang ulupong sa daraanan na tutuklaw sa sakong ng kabayo hanggang sakay ay mahulog!

¹⁸ Sa iyong pagliligtas ako umaasa, O Yawe!
¹⁹ Lulusubin si Gad ng mga tulisan,

tihan ng lahat ngunit hindi pare-pareho ang ibinibigay niya sa lahat.

Namumukod-tangi ang mga tribu nina Juda at Jose. Para kay Juda, may propesiya na ang kanyang tribu ang mangingibabaw sa iba pa hanggang sa pagdating ng Tagapagligtas na “siyang tunay na mamumuno”. Sa totoo'y sa tribu ng Juda magmumula ang mga hari ng bayan ng Diyos at si Jose mismo pagkatapos nila. Kayat si Juda ang tumanggap ng mga pangakong binitawan ng Diyos kina Abraham at Jacob.

Kadakilanan naman at materyal na kasaganaan ang propesiya tungkol kay Jose.

ngunit sila'y lulusubin niya sa kanilang likuran.

²⁰Masarap ang pagkain ni Aser,

ihahanda niya'y pagkain ng hari!

²¹Si Neftali'y inahing usang nakaalpas, kasama ang magaganda niyang mga anak.

²²Si Jose ay mabungang puno ng ubas, mabungang puno sa tabi ng bukal na ang mga sanga'y gumagapang sa pader.

²³Nilusob siya ng mga may pana sa kamay, tinudla siya at kanilang tinugis,

²⁴ngunit hindi nababali ang kanyang pana –

mahusay pa rin ang kanyang mga kamay

dahil sa Lakas ni Jacob,

dahil sa Ngalan ng Pastol at Bato ng Israel,

²⁵dahil sa Diyos ng iyong ama na sa 'yo'y tumutulong,

dahil sa Kataas-taasan na sa 'yo'y nagpapala:

mga pagpapala ng langit sa kaitaasan,

mga pagpapala ng kailalim-ilaliman,

mga pagpapala ng dibdib at sinapupunan!

²⁶Higit na dakila ang mga pagpapala ng iyong ama

kaysa pagpapala ng matatandang kabundukan,

kaysa yaman ng panghabang-panahong kaburlan.

Igawad ang lahat ng ito sa ulo ni Jose,

ang ibinukod sa kanyang mga kapatid.

²⁷Si Benjamin ay asong-gubat na nanlalapa, sa umaga'y nilalapa ang kanyang nahuli at kinahapuna'y hinahati ang mga nasamsam!"

Pagkamatay at paglilibing kay Jacob

²⁸Ito ang labindalawang tribu ng Israel at ito ang sinabi ng kanilang ama nang basbasan sila sa pagbibigay sa bawat isa ng pagpapalang tangi at angkop sa kanya. ²⁹At pagkatapos, ibinigay niya ang mga tagubilin ito: "Malapit na akong yumao sa aking mga ninuno! Ilibing ninyo ako sa tabi ng aking mga ninuno, sa yungib sa lupa ni Efrong Heteo, ³⁰sa yungib sa lupa ng Makpela sa dakong silangan ng Mambre sa Kanaan, sa lupang binili ni Abraham kay Efrong Heteo bilang libingan. ³¹Doon inilibing si Abraham at si Sarang asawa niya. Doon din inilibing si Isaac at si Rebecang asawa niya. At doon ko rin inilibing si Lea. ³²Ang lupa at ang yungib doon ay binili sa mga Heteo."

• **50.15** Bigyang-pansin ang pagkamatay nina Jacob at Jose: hindi pa alam ng mga sumasampalataya noong unang panahon ang Pagkabuhay ng Mga

³³Matapos ibigay ni Jacob ang mga tagubilin ito sa kanyang mga anak, iniinut niya ang kanyang mga paa sa higaan, nalagutan siya ng hininga at yumao sa kanyang mga ninuno.

50 ¹Niyakap ni Jose ang kanyang ama, umiyak at hinalikan ito. ²At gaya ng iniutos ni Jose sa kanyang mga mang-gagamot, inimbalsamo nila ang kanyang amang si Israel. ³Tumagal ito nang apatnapung araw, ang panahong kailangan sa pag-eembalsamo. Pitumpung araw na nagluksa ang mga Ehipsiyo.

⁴Pagkatapos ng panahon ng pagluluksa, kinausap ni Jose ang sambahayan ni Paraon: "Kung gusto ninyong magmagandang-loob sa akin, pakisabi kay Paraon na ⁵samantalang naghihingalo ang aking ama, pinasumpa niya akong ililibing ko siya sa libingang inihanda niya sa Kanaan. Ipakiusap ninyo sa kanya na payagan akong makaalis para ilibing ang aking ama. Babalik ako." ⁶Ipinasabi naman ni Paraon: "Umalis ka at ilibing ang iyong ama ayon sa ipinangakong niya sa iyo."

⁷Umahon si Jose para ilibing ang kanyang ama at sinamahan siya ng lahat ng opisyal ni Paraon, ng mga matatanda sa sambahayan nito at lahat ng matatanda ng Ehipto. ⁸pati ang buong sambahayan ni Jose, at ang kanyang mga kapatid at ang sambahayan ng kanyang ama. Ang kanilang mga anak lamang at mga tupa at mga baka ang naiwan sa lupain ng Gosen. ⁹Umahong kasama niya ang mga karwahe at mga mangangabayoy. Napakalaking pulutong!

¹⁰Pagdating nila sa giikan ng Atad, sa kabilang-ibayo ng Jordan, tumangis sila nang malakas, at pitong araw na ipinagluksa roon ni Jose ang kanyang ama. ¹¹Nang makita ng mga Kanaan ang ganitong pagluluksa sa giikan ng Atad, kanilang sinabi: "Ito ang pagluluksa ng mga Ehipsiyo." Kaya tinawag na Abel Misraim ang lugar na iyon sa kabilang-ibayo ng Jordan. ¹²Tinupad ng mga anak ni Jacob ang kanyang iniutos. ¹³Dinala nila siya sa lupain ng Kanaan at inilibing sa yungib sa lupa ng Makpela na malapit sa Mambre – na binili ni Abraham kay Efrong Heteo bilang libingan.

¹⁴Pagkalibing ni Jose sa kanyang ama, bumalik siya sa Ehipto kasama ang kanyang mga kapatid at lahat ng nakipaglibing sa kanya.

Mga huling taon ni Jose

• ¹⁵Dahil patay na ang kanilang ama, nag-

Patay. Isinabuhay nila nang lubos ang buhay na bigay sa kanila ng Diyos sa daigdig na ito. Pinatubuhan sila ng matibay na paniwalang sa pagiging matapat nila sa

usap-usap ang mga kapatid ni Jose: “Paano ngayon kung may sama pa ng loob sa atin si Jose at gantihan tayo sa masamang ginawa natin sa kanya?”¹⁶ Kaya nagpasabi sila kay Jose: “Bago mamatay ang iyong ama, sinabi niya sa amin¹⁷ na sabihin ito sa iyo – Utang na loob, patawarin mo na ang krimen at kasalanan ng iyong mga kapatid sa paggawa nila sa iyo ng masama. Patawarin mo na ang krimen ng mga lingkod ng Diyos ng iyong ama.” Umiyak si Jose nang matanggap ang mensaheng ito.¹⁸ Pinuntahan siya ng kanyang mga kapatid at dumapa sa harap niya. Sinabi nila: “Mga alipin mo kami.”¹⁹ Ngunit sinabi sa kanila ni Jose: “Huwag kayong matakot. Ako ba ang nasa lugar ng Diyos?²⁰ Binalak ninyo akong gawan ng masama, ngunit binalak naman ng Diyos na maging mabuti ito upang isakatuparan ang nagaganap ngayon – ang iligtas ang maraming tao.²¹ Kaya huwag kayong matakot! Ako ang magpapakain sa inyo at sa inyong mga anak.”

At inalih niya sila at kinausap nang puso sa puso.

²² Nanatili sa Ehipto si Jose kasama ang buong sambahayan ng kanyang ama. Nabuhay siya nang isandaa't sampung taon,²³ at nakita niya ang mga apo sa tuhod ni Efraim. At inilagay din sa kanyang mga tuhod ang mga anak ni Makir na anak ni Manases pagkapanganak sa mga iyon.

²⁴ At sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid: “Mamamatay na ako, pero tiyak na aalalahanin kayo ng Diyos at dadalhin kayo mula sa lupaing ito papunta sa lupaing ipinangako niya kina Abraham, Isaac at Jacob.”²⁵ At pinasumpa ni Jose ang mga anak ng Israel sa pagsasabing “Sa pagdalaw ng Diyos sa inyo para ilabas kayo mula rito, dalhin ninyo ang aking mga buto.”²⁶ Isandaa't sampung taon si Jose nang mamatay; inimbalsamo nila siya at inilagay sa isang ataul sa Ehipto.

kanilang misyon ay gumagawa sila para sa isang mas mabuting daigdig na makikita ng kanilang mga inapo. Sa mahaba at maligayang mga taon na ibinigay sa kanila ng Diyos pagkatapos ng kanilang mga pagsubok, naunawaan nila na makatarungan at nagmagandang-loob ang Diyos sa lahat.

Subalit napakalaki ang kulang nila upang malubos ang kasiyahan habang wala pa silang pag-asa sa kabilang-buhay. Inisip nila na pagkamatay ng tao, may kung anong bahagi niya ang pumupunta para mabuhay sa ilalim ng lupa sa *piling ng kanyang mga ninuno*, isang lugar na wala ang Diyos pati na ang mga kabalalahanan at ingay ng buhay. Akala nila'y pababayaan na silang maglaho magpakailanman ng Diyos na kanilang kaibigan at matapat na tagapagtanggol.

Tiyak na kinailangan nilang sansalain ang kanilang mga pag-asam at patahimikin ang kanilang mga pagdududa para makumbinsi ang kanilang sarili na iyon ang mabuti at makatarungan.

Sa pagsisikap nilang tanggapin nang maluwa ang mga pangyayari, naging seryoso sila, masusi at nasa ilalim ng mahiwagang kalooban ng Diyos. Ngunit kapalit naman nito'y wala sa kanila ang kaligayahan, ang pagiging natural na bagay sa mga bata, at ang maalab na pagmamahal sa kanilang Tagapagligtas. Sa bahaging ito, wala silang gaanong ipinag-iba sa mabubuting walang-Diyos o sa mga mananampalatayang may mabuting kalooban pero walang gaanong alam, na nabubuhay ngayon nang walang pananampalataya sa muling pagkabuhay.